

ANG **BOYFRIEND** KONG ARTISTA.

[C] Ellaine Larena aka Ella/ella.ella.ella/modernongmariaclara
All Rights Reserved. 2010-2011. None of this should be redistributed without my consent.
Plagiarism is for *losers*.

Tanga daw ako.

Nagpaloko daw kasi ako sa !@#\$ kong EX. Tapos trinaydor pa ako ng isa sa bestfriend ko.
Hindi ko man lang daw *nahalata*.

Tanga daw ako.

Kinamuhian ko ang isang lalaking, hindi ko naman kilala.
Nagpahalik pa ako sa *kanya*.

Okay. Anong point ko?

Tanga na nga ako. Uto-uto *pa*.

TAPOS, MALAMAN-LAMAN KO.

Magkakaroon ako ng Boyfriend na isang *Artista*?

Naguguluhan ka na ba?

EDI BASAHIN *MO*.

PS: Sana lang hindi mabasa ni Bryan Lim 'to. Baka mamaya, pahirapan niya ako. Lagot *na*.

1.

Eya's POV

Alam niyo ba yung salitang, "**Tadhana?**"

Natural alam niyo yun e halos lahat ng love stories nagaganap dahil sa Tadhana. Kumbaga, talagang si Cupido na ang gumawa ng paraan para magtagpo ang landas niyo.

Pero, **hindi naman lahat ng tinadhana e magkakatuluyan**. Tignan mo ako. Sabi nila, tinadhana daw kami.

Pero bakit ganun, Iniwan niya pa rin ako? **Iniwan pa rin ako ng gag*ng Roderick na yun.** Pinagpalit ako sa kaaway ko. Saklap noh?

Naalala ko tuloy nung nakaraang linggo, Tinext ako ni Roderick na magkita daw kami sa Starbucks malapit samin. Alam niyo bang 6 months na kami nung araw na yun? So yun, nag-ayos pa talaga ako nun. Dala ko pa yung regalo ko sa kanya which is yung gusto niyang cap. Nung papunta na ko dun, alam niyo kung anong nadatnan ko?

Si Erick at si Allison. **Magkaholding-hands.**

Hindi ko kaya alam yung gagawin ko nung time na yun. Nabitawan ko yung regalo ko sa kanya pati rin yung cellphone ko. Syempre na-shock ako e. Sino bang hindi? Nakita nila ako at binitawan nila yung kamay nila. Ano kayang feeling kung, **Malaman mong mas malandi pa sayo yung boyfriend mo?**

Ayokong umiyak. Ayokong ipakita sa kanyang naapektuhan ako. Gusto ko siyang sigawan, awayin, paluin. Pero mapride akong tao e. Kaya nilakasan ko ang loob ko at sinabi sa kanya, "**Uy, Ano `to? HAHA. Joke ba `to? Tatawa na ba ako?**" Medyo mang-iyak-iyak nako nun, pero alam niyo ba nakatungo lang siya. Hindi ako pinapansin. Sakit sa ego. Sakit sa puso. Para matapos na `to, Sinabi ko, "**Anong palabas `to? Kayo na ba? Kung kayo na, Congrats. Naghanap ka na ng pamalit ko. Mas maganda at sexy. Enjoy mo yan. Ay, Oo nga pala. BREAK NA TAYO. Sige, aalis nako. May gagawin pa ako e. Bye.**"

Tumakbo ako nun papalabas ng Starbucks. Narinig ko ngang sinisigaw ni Erick yung pangalan ko e. Pero hindi ako lumingon. Kasi, pag lumingon ako. **Talo ako.**

Alam niyo, hindi naman kasi ako maganda. Simple lang, may itsura. Si Erick. Gwapo, Sobrang sikat sa Campus. Varsity pa. Kaya nga nagulat ako nang niligawan niya ko e. Akala ko, bet lang. Pero sabi niya sineryoso niya daw ako. Siya kaya yung unang minahal ko. Actually, Siya first/s ko. First boyfriend, first kiss, first love. Pero ano yung kanina? Hindi man lang siya nag-explain?

Hindi ko alam kung saan ako napadpad. Nalaman kong pabalik na ako sa may street namin nung nakita ko yung abandoned house malapit samin. Pero nagulat ako nang may narinig akong tumutugtog sa may house na yun.

OH MY GOD. Kinilabutan akoooooo. O.O

Pero, ang nakapagtataka, nakakatama sa puso yung tugtog. Alam niyo yun, kahit melody lang. Nakakawarm ng puso. Hindi ko napigilan, pumasok ako ng bahay (bukas yung gate) at sinundan kung saan man nanggaling yung tunog na yun. Andito na ko sa labas ng bahay, Palapit na palapit na ko ng biglang tumigil yung tugtog. Okay, That's weird. BAKA NGA MULTO! Mommy! 🙄

Dahan-dahan na kong bumaba ng stairs ng bahay ng biglang may humila sakin.

"AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA! WAG NIYO PO AKONG PATAYIN! HUHUUH!" Sigaw na ko ng sigaw, di ko makita yung mukha nung tao kasi hawak bibig ko e. Ouch.

"WAG KA NGANG MAINGAY! ANONG GINAGAWA MO BA DITO? AT SINO KA?"

Binaba na ko ng mysteryosong taong `to, Inayos ko yung bangs ko tapos humarap sa kanya. SHET. **ANG GWAPO.**
O.O Manners, Eya. Di ka pa ba natuto?

"AKO? EKASIALAMMONARINIGKOLANGNAMANYUNGMELODYE--" Hindi ko natuloy yung sinabi ko, kasi bigla niya akong hinalikan. Teka, **HINALIKAN AKO NITONG GWAPONG `TO?** 🤔

2.

Eya's POV

Hinalikan niya ako.
Hinalikan niya ako.
Hinalikan niya ako.
Hinalikan niya, AKO?

"TANGNAMOBATMOAKOHINALIKAN?" Sambit ko dun sa mamang stranger na gwapo, e kasi, hinalikan nga ako e. AMP. 🤔

Tumawa yung mamang stranger, tas nilapit niya yung mukha niya sakin, **HAHALIKAN NA NAMAN BA KO NITONG MOKONG NA `TO?**

Tinakpan ko yung bibig ko, pero tinanggal niya rin yung kamay ko na nakashield sa bibig ko. PAKSHET. Manyak `tong lalaking `to! HEEEEEEEEELP! 🤔 Pumikit na lang ako.

Bigla niyang pinitik yung ilong ko atsaka tumawa na ng tumawa. Baliw? Napapahiya ako ha. 🤔

"HOY. BAKIT KA BA TUMATAWA DYAN? MANYAK!"

"HAHAHAHA. AKO? MANYAK? BAKA IKAW! MAY NALALAMAN KA PANG PAPIKIT-PIKIT DYAN E. HAHAHAHA!"

Alam niyo, masasapak ko `tong lalaking `to. 🤔

"BAKIT MO PALA AKO HINALIKAN? HA!" Naalala ko tuloy! AMP. Pinagpapalo ko siya sa sobrang inis nang biglang pumasok siya sa may pinto ng isang kwarto. Aba, PINAGLOCKAN AKO!

"HOY BAKIT MO NGA KASI AKO HINALIKAN?!" Di pa rin ako pinagbubuksan ng pinto. FVCK. Bipolar ba `tong stranger na `to?

Napaupo na lang ako dun sa may gilid, Hawak yung lips ko. Di ko alam kung bakit sobra akong affected sa halik nung stranger na yun. Siguro kasi, *naalala ko yung first kiss ko. With Erick.*

Flashback

1st Monthsary namin nun, Napagpasyahan namin ni Erick na pumunta sa MOA para magcelebrate. Sa may seaside kami nun. Wala lang, pahangin, foodtrip. Nang bigla niya kong niyakap.

"Baby ko, Alam mo, di ko pa `to nasasabi sayo, pero, masaya ako kasi andito ka sa tabi ko. Mahal na mahal kita. Mahal mo rin ba ako?" Tinignan niya ako. Yung tingin ng isang tao na mahal ka talaga.

Tinignan ko siya tapos hinawakan yung pisngi niya, **"Mahal na mahal rin kita, Baby ko. Wag tayong maghihiwalay ha?"**

Hinawakan niya yung pisngi ko. Niyapos ko naman siya. Nilapit ko na yung mukha ko sa kanya at ayun, nagkiss kami. **My first kiss.** Sobrang halaga. Pero sinira lang nung taong yun.

End of Flashback

Bigla kong narinig yung pinto na bumukas. Medyo nagulat siya. **"Uh, Miss. Umiiyak ka? Sht. Wag kang umiyak! Hinalikan lang kita kasi ang ingay mo e."** Umiiyak na pala ako. Hindi ko napigilan, napayakap ako sakanya.

"B-bakit ganun!? Ang sakit sakit. Ang sakit... sakit..."

"Uh, Miss. I don't know what happened to you. Pero ang masasabi ko lang, kaya ka siguro nasasaktan dahil kailangan mong matuto sa pagkakamali mo. Okay?"

Nakayakap pa rin ako sa kanya ng namalayan kong hindi ko pa pala kilala `tong lalaking `to. Napatalon tuloy ako.

"Sawa ka na sa balikat ko?" Sabay ngiti nung stranger. Ang cute ng ngiti niya. Parang bata. 😊 Inabutan niya ako ng handkerchief nun after that.

"Haha.Thanks pala ha? Kahit isa ka di pala sa may kasalanan kung bakit ako umiyak. Tss."

"Nyek. Ako pa sinisi mo? Iba ka rin noh? Bakit ka ba kasi andito sa bahay ko?" Aba, naghahanap ba `to ng away?

"E kasi, may narinig ako sa bahay na `to. Dati kasi `tong abandoned house e. May nakatira na pala. Bakit ka ba kasi andito?"

"Pamilya ko nakatira rito ngayon. Actually, galing kaming States. E yung parents ko dito na ulit. So, imbes na bumili pa ng bagong bahay. Rerenovate na lang namin `tong bahay ni Lola."

"Ah. Okay."

Silence. Wala ni isa samin nagsalita after that. Nakakatakot kaya yung term, **"BAHAY NI LOLA"**. O.O

"Siya nga--"

"Ay nga pala--"

Sabay pa kami nagsalita. HAHAHA. Synchronized? LOL. 😊

"Ako na nga mauna. I'm Bryan pala. Ikaw?"

"Daniella. Eya for short."

"Bakit Eya?"

"Eh Eya nickname ko e. Paki mo ba?"

"Bakit hindi Ella?"

"Adik ka? Gusto mo tanggalin ako ng author dito?" (Naks adfee. HAHA)

"Ah oo nga noh. Pwede. HAHA. Osige, Saan ka ba uuwi?"

"Sa may kanto lang. Sige, Bye."

"Bye." Tumayo na ako at umalis sa bahay na yun.

Pauwi na ko nung narealize ko, hindi ko pa pala nabalik `tong handkerchief na bigay ni Bryan. Ay ewan. Bukas na lang.

"Mama. Andito na po ako." Nilapag ko na yung bag ko tapos kumuha ng food sa ref.

"Uy Anak, hinihintay ka pala ng kapatid mo, asa terrace siya. Puntahan mo."

"Sige po, Ma." Ano na naman kayang balita nitong Desiree na `to? Siya pala sister ko. Kung 4th Year Highschool ako. Siya, 3rd year. Pero mas mature siya sakin. LOL.

"Hi Sistaret." Umupo na ako sa tabi niya. May Nova siyang kinakain, kumuha din ako ng onti. Yum. 😊

"Okay ka lang?" Bigla naman naging worried yung face niya. Alam na niya ata e. Bilis ng balita.

"Sus. Sa tingin mo? Teka, paano mo nalaman?"

"Edi sa text. Gniem ni Allison." Kinuha ko cell ni Desi tas binasa. Hayuuuup talaga yang haliparot na babae na yan. 🙄 Pagkalat ba namang nasulot niya ~~boyfriend~~ ko? **EX NA PALA.**

"Epal talaga yang babaeng yan. KUPAAAL!" Sabay kuha ng Nova. Naks, kasama ko sa pighati ko ang Nova. ;P

"Hayaan mo na. Ang importante e kung ano na mangyayari sayo bukas. Sigurado na namang talk-of-the-town ka na naman."

"Paki ko sa kanila."

"Ikaw talaga o."

"Adik ka ba, Desi? Anong magagawa ko e sila na? Magmomove-on na lang ako." Nagulat ako nang niyakap ako ni Desi. Niyakap ko din siya. Kaya mahal ko yang kapatid ko e. 😊

"Seriously, Ate. Kaya mo yan. Andito lang ako."

"Salamat Sis."

"AY OO NGA PALA. WAAAAAAA!"

"Oh, Napano ka?"

"Sa school na pala natin mag-aaral si BRYAN LIM! Sht Sht!" Uh, Sino yun? 🙄

"Sino naman yun?"

"HALLER! The hottest singer, dancer, actor and model in US!"

"Bakit alam mo?"

"Ano ka ba, fan niya ako noh. WAAAAAAA! Sabi sa news, kaya mag-aaral yun dito dahil gusto ng parents niya na maexperience yung lifestyle niya dito sa Pinas. Gets?"

"Uh. OKAAAAY. Teka, CR lang." Tumakbo na ako sa CR dahil najejabs na ako. TROLOLOL.

Paglabas ko ng CR (Thank God. HAHA) e nakita ko yung handkerchief nung Bryan na yun. Uh, wait. *BRYAN?*

Siya ba yung Bryan na tinutukoy ni Desi na sikat na all-in-one teenager sa US? Hala. Hindi naman siguro noh?

3.

Eya's POV

"OMG. Si Bryan?"

"Really, True pala yung news!?"

"Oo nga e. 4th year na nga daw e."

"Shocks, Swerte natin!"

"Magiging akin siya."

"Hindi noh. Akin siya!"

"Letse, akin siya!"

Kakadating ko lang dito sa campus, yan na yung mga naririnig kong bulung-bulungan. Sikat ata talaga yung Bryan. So? Haha. Alam niyo, feeling ko, hindi yung nameet ko kahapon yung artista. E ampangit nun e. HAHAHA Joke. 🤔 **OO NA HOTGWAPO NA YUN.** *evil laugh*

"**Huy!**" Biglang may humawak sa braso ko.

"**Nakngteteng naman o. Nagulat ako sayo! Oy Bespren ko!**" Naghug lang kami. Namiss ko din `tong si **Andie** e. Yup, She's my bestfriend. Di obvious?

Naglakad na kami papuntang Bulletin Board ng SDC. Para icheck kung anong section namin. Nagkwentuhan lang kami about our Summer. Nang biglang *naungkat* yung topic na ayaw kong pag-usapan.

"**Bakit puffy eyes mo, girl?**"

"**Ha? Wala. Napuyat kasi ako. Hehe.**"

"**Aysuuus, magsisinungaling ka na nga, sa bestfriend mo pa. I know you, Eya. What's bothering you?**" Sinabi ko yung nangyaring break-up namin kahapon.

"What the fvck! Ginawa niya yun? For real? Why?" Nagtitimpi na siya ng galit. Alam naman niya kasing first boyfriend ko si Erick e. Siya pa nga yung nagpakilala sa amin e. Magpinsan kasi sila.

"Ewan ko sa pinsan mo. Pero ansakit e." Napaluha na naman ako ng onti. 😞

Hinug lang ako ni Andz at tinap sa likuran ko. **"Bestfriend ko, Kaya mo yan. Maghanap ka na lang ng iba. Okay?"** Tas nagsmile siya. Abnormal rin `tong babaeng `to o. Parang ang dali makahanap ng iba. Ang hirap kaya. 😬

Andito na pala kami sa tapat ng bulletin board. Andaming students na nagsisiksikan. May naririnig pa nga akong *"OMG, Si Bryan!"* e. Adik? 😊 Nung nakita ko yung sa may bandang 4th year, 3 sections. Ayun! **4-A ako!**

"Bes 4-A ako. Ikaw?!" Sigaw ni Andz, nadulo na siya kasi andami ngang nagsisiksikan.

"Ako rin!" Yes. Classmates kami. At least. HAHA. Tumingin ako ulit sa bulletin board at di ko sinasadyang napatingin ako ulit sa 4-A.

Roderick Yu - 4A.

XXXXXXXXXXXXXXXXXXXX - 4A.

XXXXXXXXXXXXXXXXXXXX - 4A.

Allison Avelino - 4A.

Tangna. **Kaklase ko yung dalawa?** Naiiyak na talaga ako. 😬 Kailangan ko munang magCR. Tumalikod na ako ng --

"ARAAAY!" Tumama ako sa isang nilalang na nakaharang sa daan. Ang sakit, unfairness. Napaupo nga ako sa lakas ng tama ko e. Tinignan ko kung sino yung nakatama sa kin. Medyo blurry pa yung eyes ko. =_=_

"HOY! Bakit ka ba paharang-harang sa daan! Di mo ba ako tutulungan? HA!?" Mukha nga akong tanga e. Sinisigawan ko di ko naman nakikita. Paano kaya kung si Principal Lopez pala `to? 😬 Tinulungan naman ako nung nilalang na tumayo. Bakit parang antahimik? Anyways, Pinunasan ko na yung mata ko gamit yung handkerchief ko. Pagkatingin ko sa bumunggo sa kin.

"Did you miss me?"

"IKAAAAAAAAAAAAAAAAAAW?!" Sht. Yung lalaki kahapon na humalik sakin yung bumangga sakin! 🤔

4.

Eya's POV

"IKAAAAAAAAAAW?!"

"Oo. Ako nga. Bakit?"

"Uh. Eh. Uh..." Naspeechless ako. 🤔 Okay, So yung lalaking stranger na humalik sakin kahapon at yung nakausap ko rin kahapon at ang pangalan ay Bryan ay nasa harapan ko at kinakausap ako na para kaming close pero habang sinasabi niya yung mga sinasabi niya ngayon e nakangiti siya na parang natutuwa na nakita ako pero alam kong feelingera na naman ako dahil sa gwapo niya ngayon e kinakausap niya ako. WHOO! Akalain niyo yun? Nasabi ko yun sa isip ko ng ganun kabilis. Epic. 🤔 **Teka, bakit parang tumahimik lahat ng andito?** Tinignan ko yung mga tao at nashock din sila, kahit si Andie e natulala e. Alam kong gwapo yung nasa harapan ko pero bakit parang kakainin nila `tong si Bryan ng buhay? 🤔

"**Bakit di ka makapagsalita? Dahil ba sa kagwapuhan ko?**" Bigla siyang nagsmile. Yung smile na nakakatunaw? Alam mo yung smile na yun? KAKAGIGIL SIYA. 😊 Pero dahil sa kahanginan niya, babarahin ko siya. HAHAHA. 🤔

"Ang kapal naman ng mukha m-- Ooomph!" Hindi ko natuloy yun sinasabi ko kasi biglang may tumulak sakin at napauupo ako sa sahig. Letse, ang sakit naman! Tinignan ko kung sino yung tumulak sakin at, Hutaena! **ANG DAMING STUDENTS NA PINAGKAKAGULUHAN SI BRYAN!** 😬 Nakakatakot ang itsura nila, promise. Alam mo yung parang nasa Zoo? Lahat ng animals, nakatakas, at nagdecide na magparty? HAHA. Well, Tumayo na ako at pinagpag ang uniform ko. Dahan-dahan akong umalis sa *"crime scene"* at hinila si Andie papuntang Classroom. Ganti ko na rin yun kay Bryan dahil sa sobrang kayabangan niya. Buti nga sa kanya. 🤐

Napansin kong tahimik pa rin `tong si Andie. Hanggang sa malapit na kami sa classroom, saka lang siya nagsalita.

"OMFG. Bes, Why did you hide this?!" Medyo galit siya. Uh, Ano bang ginawa ko sakanya? 😬

"Hide what?"

"Magkakilala kayo ni Bryan!"

"Uh. That Bryan? Yup. Nameet ko siya kahapon. Yabang, sobra." Kinwento ko sa kanya yung nangyari sakin kahapon at, guess what? Tumawa siya! 😬

"OMG. Bes. You're sofa king awesome!" HUH?

"Ah. Di kita gets, Promise."

"Duh. That Bryan is THE BRYAN."

"The what-BRYAN, Andz?"

"BRYAN LIM. B-R-Y-A-N L-I-M." Mukha siyang autistic nung iniispell niya yung Bryan Lim. Marunong ako magspell, noh. 😬

"Letse. O, edi sino siya? EX mo? Malas mo naman." Biglang ngumiti ang loka ng bonggang-bongga.

"Gagi. Swerte ako kung nangyari yun. SANA! Haha. LOL. Pero, srsly, You really don't know Bryan Lim?" Medyo familiar yung name niya. Narinig ko na `to kay... Ay, ewan. I forgot na. Ulyanin si ako?!

"Ang kulit mo rin noh? Adik ka? HINDI NGA SABI E." Papasok na kami ng classroom, ng biglang mapansin ko ang nakalagay sa blackboard namin.

WELCOME TO 4A.

Mr. Bryan Cedric Lim!

WELOVEYOU!

"HAHAHA! Excited na rin lahat o. OMG. 4A DIN SIYA BES!?" Naweweirduhan ako sa mga classmates namin at naweweirduhan rin ako dito sa Bryan na `to. Ano ba siya, Anak ng principal or something? **Sikat siya e.** Halata naman diba?

Marami-rami na kami dito sa classroom, may hinihintay pa daw pero I don't know kung sino. Siguro yung Bryan na yun. HAHAHA. Buti nga sa kanya, nastuck pa rin ata siya dun sa kaguluhan kanina. Baka nadaganan siya! SANA. 🤔
Pero, Classmates kami? What the fvck.

"Uy, Eya."

"Oh?" napatingin ako sa mga classmates ko, lahat sila nakatingin sakin. UH. Spell awkward. Tapos lumapit sila sakin. Ano `to? Alay-lakad? 🤔

"Bakit lahat kayo nakatingin sakin? May dumi ba ko sa mukha?"

"Kilala mo pala si Bryan Lim?"

"Oo nga. Close ba kayo?"

"Kanina kasi sa may bulletin board, nag-usap daw kayong dalawa?"

"Pinakita pa niya sayo yung killer smile niya na nakakatunaw?"

"Don't deny it. Nakita ka namin, diba?"

"Hindi ko siya kilala. At lalong di kami close. Why will I deny it?"

"Weh. Di ngaaa?"

"Uhuls, Sinungaling."

"We saw it with our own eyes. Ano kami, bulag?"

WTF. Tuloy-tuloy yung tanong sakin at hindi ko sila masagot kasi sobrang ingay nila. ANO BAAAA!? 😞

"Hoy ano ba kayo? Di nga niya kilala si Bryan Lim e." Bigla akong napatingin dun sa nagsalita. Kakapasok lang pala ni... Erick. **Si Erick.** Andito na siya. At tinitigan niya lang ako. Nagtitigan lang kami. Feeling ko, tutulo na yung luha ko any moment. Namiss ko siya. 😞 Tatawagin ko na sana yung name niya ng biglang may humawak sa braso niya. Pagtingin ko dun sa babae, Syet. **Si Allison.** Sulutera talaga. BV! 😞

"Hi, Babe!" Sabay halik sa lips ni Erick. Take note, Laplapan ha. LAPLAPAN! Tongno. Kailangan sa harap ko pa?! 😞

"OMG. Diba sila pa ni Eya?"

"E bakit naghahalikan sila ni Ali?"

"Break na daw sila kahapon pa."

"Talaga? WHUUUT? Why?"

"Ewan."

"So sad."

"Dahil kay Ali?"

"Baka kay Bryan."

"Hoy akin lang si Bryan no!"

Ano ba `tong mga kaklase ko. **Insant celebrity na ba ako?** Kanina ko pa naririnig yung pinag-uusapan nila ha. Kaka-BV. 😞

"Tigilan niyo nga ako!" Lumabas na ako ng classroom ng bigla akong hinila ni Allison. Problema nito? 😞

Aww. Why walk-out, Eya? Di mo kayang makita kami ni Erick na magkasama? Inggit ka noh?"

"Bakit naman ako maiinggit?"

"Kasi, naagaw ko siya sayo." tas nagsmile siya. Tangna.

Pinipigilan ko sarili ko. Ayokong magkaroon ng gulo. Pero, nakakarami na `tong bruha na `to e. Gusto niya ng eksena? pagbibigyan ko siya. Kahit maraming students na nakapalibot na samin, kahit nakatingin lang si Erick sa pintuan ng classroom, *kahit alam kong mas pipiliin at kakampihan niya pa rin `tong si Allison kapag tapos na ang away namin, wala na akong pakielam.*

"Alam mo, Allison." Tinanggal ko yung kamay niya sa braso ko. **"Sa susunod, wag mo akong hahawakan. Ayokong may kung anong mikrobyo na lang ang kumakapit sa skin ko. Naliligo kasi ako e. Ikaw?"**

"Aba, Tignan mo `tong babaeng `to kung makapagsalita! Kaya nakipagbreak sayo si Erick e! Maarte ka rin! Asa loob ang kulo mo!" Bigla niya naman akong tinulak pero tinulak ko rin siya.

"Ako?! AKO PA?! AKO PA ANG MAARTE? Kung ako maarte, anong tawag sayo? MALANDI AT MANG-AAGAW NG BOYFRIEND!"

"FYI. Ex-boyfriend mo na siya. He's mine now. EX-BESTFRIEND." Yup. Tama nabasa niyo. Can you believe it? Si Allison, bestfriend din namin siya ni Andie. Imagine mo, **bestfriend mo, inagaw boyfriend mo!** ANO FEELING? Ang sakit no? 😞

"HAHAHA. Oo nga e. Buti na lang, hindi na kita kaibigan ngayon. At EX ko na nga pala siya. Yeah, right, Salamat ha? Pero sana, sana Ali, Sinabi mo dati pa na may gusto ka rin sa EX ko nung kami pa, hindi yung lalandiin mo siya behind my back!" Sasampalin na sana niya ako ng...

"Sige, Sampalin mo siya. Padudugin ko yung labi mo." Hinila na ako ni Bryan papalayo sa lugar na yun. Teka, si Bryan?!

5.

Eya's POV

"A-aray ko!" Ang sakit ng tuhod ko. Syet. Nasa clinic kasi kami ngayon. Alam niyo kung sino yung may kasalanan kung bakit ako andito? Si Bryan! OO. Siya! Nakakainis kasi e. Ang epal!

Flashback

"Sige, Sampalin mo siya. Padudugin ko yung labi mo." Hinila na ako ni Bryan papalayo sa lugar na yun. Teka, si Bryan?! 😞

"Huy. Ano baaaaa! Bitawan mo nga ako." Tinignan lang niya ako at parang naiinis na siya.

"Wala ka ring utak noh? Buti nga tinulungan pa kitang makawala dun e. Ano ba kasing ginawa mo at sasampalin ka na nung babaeng yun?!" Inis niyang sinabi. Tuloy-tuloy pa rin siya sa paghila sakin hanggang sa makarating kami sa... Rooftop?

"Hoy. Bakit tayo andito?" Hindi pa rin siya nagsasalita.

"Huy." Wala pa ring kibo.

"Huy." Aba, Nakngteteng. Wala pa ring kibo?

"HOOOOOOY BRYAN!" Tinignan lang ako ng mokong. Abnormal ba siya? 🙄

"Ano?" Bored niyang sagot.

"Problema mo?"

"Problema mo rin?"

"Wala ka ring kwentang kausap noh? Dyan ka na nga." Aalis na sana ako ng hinila niya ako bigla...

"Dito ka na lang muna. Baka mamaya, anong mangyari sayo e." Pero dahil sa pagkalakas ng hila niya. Ayun! **Nadapa ako.** OO. Sa harapan niya. At sa kamalasan ko e nadislocate ata tuhod ko.

"HAHAHAHAHA! Tanga." Aba, tinawanan lang ako nito? Ang sakit kaya. 😞 Tinignan ko lang siya. Bigla naman siyang tumahimik.

"Ay. Masakit ba?"

"BOBO KA TALAGA BRYAN! NAKITA MONG DI NA AKO MAKATAYO. TATANUNGIN MO PA AKO NG GANYAN! ABA! DALHIN MO AKO SA CLINIC!" Galit na ko nyan.

"Sus. Ganti ko lang yan sayo noh. Iniwan mo ba naman ako dun sa mga fangirls ko." Tas sabay ngiti. ABA.

"Letse. Teka, may mga fangirls ka? HAHAHAHAHA!"

"Mang-aasar ka pa o tutulungan na kita?"

"Ay. Sige na. Tulungan mo na ako. Hehe. Ikaw rin naman may kasalanan e. BEHLAAAAAAT! 😏 "

"Buhatin kita ha." Saka ako binuhat ng parang pangkasal. OMG. Ang awkward tignan!

"WAAAAA! IBABA MO AKO!"

"Bobo ka rin noh. Mas madali na `to." Sabay smile niya. Bale nakaharap ako sa gwapo niyang mukha. LOL. Did I just say that? 😏

"Ano ba yan. Ang lapit ng mukha mo! May bad breath ka pa naman. Yuck!" Joke lang yun. Mabango amoy niya. HAHAHA. Sarap asarin e. 😊

"Halikan kita ulit, gusto mo?" Ay mahangin pala si Kuya. 😞

"Pakamatay ka muna."

"Isasama kita kapag gagawin ko yun."

"WEH. I love my life noh."

"Mine too."

"Tss. EWAN KO SAYO."

"Tumahimik ka na nga lang!" Inis na siya kaya tumahimik na lang ako. Baka halikan talaga ako nito e. Nyahahaha. Pangit niya. 😞

End Of Flashback

"Miss, Masakit pa ba?" Sabi nung nurse na naglagay ng hot compress sa tuhod ko. Mukhang kakagraduate lang ata nito e.

"Ay. Hindi na po. Onti na lang." Nagsmile naman siya sakin.

"Nako buti naman."

"Haha. Oo nga po e. Buti medyo nawawala na yung sakit."

"Ang sweet naman ng boyfriend mo, Kinikilig ako sainyo!" BOYFRIEND? 😊

"Ay Ate Nurse hindi po kami!"

"Aysos. Wag ka na magdeny. Ganyan rin ako sa ex ko kaya nagbreak kami. Dineny ko kasi siya dati. Naalala ko tuloy siya." Ay nagreminisce? TINATANONG KO BA? 😊

"Hehe. Ganun po ba? Okay lang yan. Madami pang lalaki dyan."

"Haha. Kakatuwa ka. Well, Sana. Pero, Infairness, Ang swerte mo!"

"Bakit naman po?"

"Kung hindi mo man boyfriend si Bryan Lim, at least kakilala mo siya."

"Nye. Ano naman pong meron sa kanya? Bakit ba sikat na sikat siya dito Ate Nurse? Anak ba siya ng Principal?"

"HAHAHAHAHA! Baliw ka talaga! NYAHAHAHAHAHAHA! PATAWA KA RIN! 🤪" Bakit ako tinatawanan nito? SRSLY. :|

"Ate, mukha ba kong nagjojoke? 🤪"

Tumigil siya sa kakatawa at biglang kumunot noo niya.

"You seriously don't know? 🤪"

"Hindi nga po. Who the hell is he?"

"Kasama mo pero di mo kilala?"

"Hinattid lang niya ko dito sa clinic, hindi po kami close. Okay na?"

"Siya lang naman ang pinaka-hot na teenager sa America ngayon. Kahit sa buong Asia, siya. Dahil na rin yun sa kagwapuhan niya at magaling rin sa singing, dancing and even acting! Saan ka pa? ALL-IN-ONE SIYA." HAHAHA. Yung kumag na yun? SIKAT? ARTISTA? 🤪

"OHSHTDINGAPOOOOOOOOOO?"

"Oo nga. Ang kulit. May fanbase yun, over 3 million na yung fans niya. Ang reason na andito siya, is to experience her Mom's lifestyle. Hindi pa yun nagkaka-gf! Kaya, kung madaming nakakakita sainyo kanina, panigurado, Susugurin ka lahat ng fangirls nun." NAKUPOOOOOOOOOO! 🤪

"Sige po. Alis na po ako. Bye."

Bigla akong tumayo. Lumabas na ako ng clinic. Hindi na masyadong masakit yung tuhod ko ha. Kaya nga nakalabas na ako e. Anyways, ngayon clear na sakín ang mga pangyayari.

1. Artista si Bryan. Sikat na sikat siya.
2. Siya yung humalik sakín kahapon, yung mayabang na mokong, pero siya rin yung naghatid sakín sa clinic ngayon.
3. Madami siyang fangirls. ***Ayoko pang mamatay.***

Kailangan makabalik ako sa classroom ng buhay! Although I doubt it kasi *may naghihintay sakín sa labas ng clinic.* **Kaya pala biglang tumibok ang puso ko.**

6.

Eya's POV

What is Tanga? Ako yun. Bakit pa ba ko lumabas pa sa Clinic? Tell me. Kasi, kung hindi ako lumabas, hindi ko sana madadatnan ang mga babae at lalaking `to, nakatingin sakín na akala mo kakainin ako. Eto na ata ang sinabi ni Ate Nurse na "fans" ni Bryan. Pero, bakít ganun? Parang, buong campus na ata `to e! 😊

"Uh... Sige, mauna na ako ha?" Dahan-dahan akong naglakad para bumalik na sa classroom ng bigla akong hinila nung isang girl.

"Ano bang problema mo ha?!" Uh. May problema ba ako? OO. MALAKING PROBLEMA! Kakainin ako nitong mga `to ng buhay! 😊 Pero wala akong mapapala sa kagaganito ko. Makikipagdakdakan ako noh. 😊

"Wala naman akong problema. Gusto mo bigyan kita?" Biglang sumimangot yung girl. HAHA. 😊

"Ano ba naman yan, Bakit ganyan ka? Ang angas mo ha? Mukha ka namang mabait. Tss." Sabat nung isang mukhang first year. WOW. Ang angas! 😊

"Mabait naman kasi talaga ako e. You don't know me naman. Oh, bakít niyo ako kinocorner?"

"Ate Aya. Bakít ganun ka?" Sabat pa nitong isa. Letse!

"Ano ba kasi trip niyo, ha? May ginawa ako sainyo? Wala naman diba?"

Nagulat ako kasi sabay-sabay nilang sinabi, **"Kami ang Bryanbelievers! Fans kami ni Bryan Lim. Forever and Ever. Walang makakasira non. Ayaw namin na magkaroon ng kakclose si Bryan kung hindi naman siya isa samin!"** Hutaena talaga. Lagot ka sakín Bryan `pag nakita kita! 😊 Magpapakabait na lang ako. Mapapasubo ako dito e. 😊

"Ah. Okay. Ano ba kayo, hehe. Hindi naman kami close nun e. Hehe. Alis na ko ha, Bye!" Lalakad na ko nun nung biglang hinila na naman ako sa kamay ng isang girl.

"Saan ka pupunta, ha?"

"Sa classroom. Teka, kayo, bakít di kayo pumasok sa classroom niyo! Hoy mag-aral kayo! Mga lower years talaga oh. Ano ba? Hindi niyo ba naisip na sayang rin yung panggastos ng magulang niyo sa pinang-aaral niyo?! Nagtatrabaho sila para sainyo! Dugo't-pawis ang nilalaan nila sa pagtatrabaho nila para sainyo!" Wait, sinabi ko lahat yun? 😊

Lahat sila, napa- 😊 Ang dami ko kasing sinabi. HAHA. 😊

"Ang weird mo Ate. HAHAHA. Pero, bawal kang umalis. Hanggang di dumadating yung leader ng fans club namin. Okay?" Sabi nung mukhang 2nd year. Epalogs naman nitong mga `to. Tss. 😞

"For what?"

"To make amends."

"Bakit ko kayo susundin? Ang kulit niyo! Gusto niyo isumbong ko kayo sa pagkacutting, ha?"

"First Day pa lang po ngayon. Kaya okay lang." SO? Hinaharass niyo ako e! 😞

"Whatever. Bakit ba kasi kailangang hintayin yung leader niyo? Alis nako, wala akong mapapala." Nakatalikod na ako nung...

"Sige, umalis ka, ikakalat namin yung picture niyo ni Bryan our loves habang binubuhat ka niya." Napalingon tuloy ako sa kanila at lumapit dun sa nagsalita.

"What?! Anong sinasabi niyo? 😞 "

"Ikakalat namin yun sa internet, buhay ka pa kaya bukas kapag lahat ng fans ni Bryan, susugurin ka? 😞 "

"Hahahaha. Pano niyo naman kami nakuhanan? May spy cam ba dito? Bawal gumamit ng gadgets, diba?" Dapat pala nag-Student Council ako. 😊

"Bobo. Dami kayang nakatingin sainyo kanina."

"Hoy. Wag mo akong tawagin na bobo ha. Hindi ako bobo. Wag mo kong gaganyanin." Nakakainis `to e. Kanina pa `to ha! 😞

"Kalat ko, gusto mo?" Nagsmile pa yung babae.

"Ang kapal mo naman. Teka, di ba hindi ka naman yung leader?" Nagsmile ako sa kanya. Bigla namang sumimangot si Ate. Ano ka ngayon? 😊

"Ewan ko sayo." Tinawanan ko lang siya. Srsly, what's happening here? Bakit ganun? LOL. 😊

"Ayan na yung leader!"

Pagkalingon ko, bigla akong nainis.

"Allison."

"Yes, My dear?"

"Hi Ate Allison!" Sabay-sabay na sabi ng Bryanbelievers. LOL.

"Hi guys! Kakausapin ko muna `to ha?"

"Opo! Goodluck! Sana layuan niya na ang ating Bryan!" Goodluck your face. Tss. As if gusto kong maging close si Bryan. Pero pwede rin, pang-asar lang sa kanila. 😊

"Dito tayo." Pumunta kami sa may labas. Recess na rin kasi e. Ang bilis nga e. Bigla niya akong tinignan with matching nanlilisk eyes. Nakakatawa itsura niya, swear! 😊

"HAHAHA. Nakakatawa ka. Ikaw yung leader ng fans club ni Bryan?"

Nilapitan niya ako at bigla siyang nagsmile. **"Oo. Bakit? Natatakot ka na noh?"**

"Ulul. Ako? Matatakot sayo? Uh. Pwedeng sabihing oo? Takot kasi ako sa monster e."

"Anong sabi mo?!"

"Walang ulitan sa bingi. Sige, Alis na ko ha?" Nagsmile lang ako sa kanya.

Pero bago ako tumalikod, bigla ko siyang tinignan mula ulo hanggang paa. At sinabing, **"Grabe ka, Allison. May boyfriend ka na, kumekerengkeng ka pa. Ibang klase ka rin noh? Well, Malandi ka kasi. Bye!"** Tumalikod na ko nung bigla niya akong hinila at sinampal.

"Araaaay!"

"Bakit? Masakit ba? Ha?! HAHAHA. Mang-aagaw ka kasi. Pati si Bryan! Inaagaw mo! "

"Anong inagaw ko sayo, ha? Sino? Sabihin mo! Si Bryan? Grabe. Feelingera ka! At sino pa, sige sabihin mo, Diba nga, ikaw pa yung nangsulot ng boyfriend?! ANG LAKAS NG LOOB MO!" may mga nakatingin na saming students. !@#\$.

"Oo nga pala. Mas nagustuhan kasi ako ng boyfriend mo e. Ay EX mo na pala. Nalandi ko siya. Ang sarap nga niyang halikan e." Bigla na naman akong nasaktan. Nakaramdam ako ng sakit sa dibdib ko. Naiiyak na nga ako e. 😊 ANG KAPAL NIYA!

"Tigilan mo na ako, pwede ba! Naagaw mo na si Erick diba? Wala ka ng aagawin sakin!" Aalis na sana ako ng sinabi niya...

"Anong wala na? Hindi kita titigilan, Daniella. Hanggang sa di ko naagaw sayo ang lahat!" Bigla niya akong sinabunutan at pinagsasampal. Di ako makaganti kasi ang bigat niya. Grabe, ang sakit na ng katawan ko. Masakit pa naman tuhod ko. Wala man lang tumulong sakin. Wala man lang. *Kahit si Erick man lang, o si...*

"Bryan..." bulong ko, pagkatapos bigla nang dumilim ang paningin ko.

7.

Eya's POV

Aray. Ang sakit ng ulo ko. Hindi ko mabuka yung mata ko dahil ang sakit ng ulo ko. Nakainom ba ako? Bakit ganito na lang yung sakit na nararamdaman ko?

"Aray." Asan na ba ako?

"Gising ka na pala." WAAAAAAAAAAAAA!

Napamulat ako nun at nakita ko si ... Bryan na nakangiti. Uh, wait. **WHERE AM I? WHY AM I EVEN HERE?**

"WAAAAAAAAAAAAA!"

"Huy. Nangyari sayo? Masakit pa ba ulo mo?" Bigla siyang tumabi sakin at hinawakan ang ulo ko.... SA KAMA. Oh my gosh.

"ANONG GINAWA MO SAKIN HINAYUPAK KA!" Pinagpapalo ko siya dahil baka nirape ako nito e. Pero napatingin lang ako sa damit ko at naka-uniform pa din naman ako. 🤔

"Ang kapal mo talaga. Hoy kababae mong tao kung makasigaw ka, akala mo nakalunok ng megaphone. Bakit naman kita rerapin, ha?" Ang imba ng mukha niya. Swear. 🤔

"Teka, Bakit ba ako andito? Sa... kwarto mo `to? WOW." Napanganga ako kasi ang ganda ng [room](#) niya e.

"Hoy. Eto ba yung abandoned house?"

"Oo. Nirenovate nga kahapon e. After mong umalis dito. After kitang halikan." Gagu `to. Pinaalala pa. Letse. 😞

"Tss. Oo na. Wait, bakit nga ba ako napadpad dito?"

"Di mo talaga matandaan?"

"Wait." Ayun, natandaan ko na. Bruhang Allison yun. Laking galit nun sakin e. Ewan ko sa kanya. Tss.

"Ano, tanda mo na?"

"Oo. Wait, bakit ako andito?"

"Di ba obvious, niligtas na naman kita dun."

"WHUT?! Paano ka naman napunta sa scene na yun. Aber? Teka, palagi kang sumusulpot kung nasaan ako ha..." Hind kaya?

"Hoy! anong iniisip mo na naman?!" Taranta niyang sabi.

"IKAW HA. STALKER BA KITA? WAHAHAHA!"

"ANG KAPAL NG MUKHA MO. HALIKAN KITA DYAN E."

"Ay sorry. Oo nga, ang kapal ko kapag ganun. Artista ka. DUH. Wait, salamat ha?"

"For what?"

"For saving me. Di ko man matandaan kung paano mo ako niligtas, pero thankyou." Nagsmile ako sa kanya for the first time. Sincere ako ngayon. Mabait naman pala siya e. Kaso *kissing-monster*.

"Tss. Uminom ka muna oh." Inabutan niya ako ng tubig.

"Baka may lason `to ha."

"Adik ka ba? Dinala na nga kita dito para gamutin yung sugat mo e. Tas sasabihin mo, gusto kitang lasunin?" Sabi niya ng naiinis. Ay, baka magalit `to. Makikipagbati nako. HAHAHA.

"Oo na. Sorry."

"WOW. Nagsorry ka. First time!" Umupo siya sa may beanie bag malapit sa kama at tumawa ng tumawa. Ah, Siya ata yung adik e. 😊

"Nangyari sayo? Di mo pa naman ako kilala ha? How would you know if that's the first time I've ever said sorry to anyone?" with matching taas-kilay pa yan. Oha. Nag-english pa ko. 🤪

Bigla akong kinabahan nung nilapit niya yung mukha niya sakin at bigla siyang napa-lean sakin. One inch na lang siguro yung pagitan namin. OMG. **Kissing-distance `to e.** WAAAA! 😳 Bigla siyang bumulong sakin, at ewan ko pero kinilabutan ako sa sinabi niya. 😳

"Then I want to know you more." Tapos kumindat siya. Natutulala pa rin ako sa sinabi niya. O.O

"Baba ka na lang ha? I cooked dinner." Di pa rin naprocess ng brain cells ko yung sinabi niya. Nakakagulat kasi siya e. Uh, Wait, Dinner? Syet! 😳

Napatingin ako sa watch ko and, DAFAQ. 7:30 na! Way past my curfew. Lagot ako kay Mama! 🤪 Ganun ba ako katagal nakatulog? 😳

Bumaba ako at nakita kong nakaupo na si Bryan sa mini-sala nila. Yung bag ko, nasa isang upuan. Kinuha ko na yung bag ko at nagsmile kay Bryan.

"Bry! Thank you ha? Alis na ako, Lagot ako kay Mama nito e." Di man lang kasi ako tumawag. Paano ba naman ako tatawag e knock-out nga ako diba?

"Di ka na kakain?"

"Hindi na. But thanks, anyway." Nag-bbye na ko sa kanya at lumabas ng abandoned house. Syet gabi na talaga. Nakakatakot na tuloy dito.

"WAIT UP EYA!" Napalingson ako sa sumigaw at si Bryan lang pala.

"WAAAA! Si Bryan Lim!"

"Diyen siya nakatira? OMG."

"Ang cool ng house niya kahit abandoned man yan."

"Ang hot niya."

Hanubayaaaan. Pati ba naman sa street na `to, pagkakaguluhan siya? Nakng. Lakas ng charms! 🤪

"Yup?"

"Hatid na kita. Ako na mag-eexplain sa Mommy mo kung bakit ka late dumating." Nakatingin lang ako sa kanya ng ganito --> 😳 like, Nababaliw ka na ba look?

"Seryoso ka?"

"Do I look like I'm joking right now?" tapos hinila niya na ako papasok sa car niya.

OH. MY. GULAY. Patay na talaga ako sa nanay ko nito pag-uwi ko mamaya. 😬 Lalo na at kasama ko pa `tong lalaking `to.

8.

Eya's POV

Tahimik lang kami habang papunta sa bahay. Ang kulit talaga nitong Bryan na `to. Kesyo mapapahiya lang naman daw siya kung di niya ako hahatid. Sira daw career niya dun. LOL. E ang lapit lang naman kasi talaga ng bahay namin e. 😊

After **10 minutes**(malapit nga lang kasi), nakarating na kami sa bahay ko.

"Sige, bbye na. Thanks sa paghatid." Bumaba na ako ng kotse ni Bryan. Nasa may gate na ako nung biglang may nagsalita.

"Papasukin mo siya."

Syet! **"Kuya Prince?"** Andito si Kuya?! E diba next month pa uwi niya? 😬

Bago nga pala ang lahat, 3 nga pala kaming magkapatid. Nakilala niyo na si Desiree diba? Kung 3rd year si Desi, tas ako 4th year, si Kuya Prince, nagtatrabaho na. Fresh graduate lang yan. Pero dahil sa galing niya sa Architecture, e may kumuha na sa kanyang company na based sa Japan. Kaya mukhang Japanese si Kuya. Nyahaha.

"Namiss ko kayo e. Ikaw, pababain mo yang naghatid sayo. Late ka na pala umuwi ha. Alalang-alala sayo si Mama at si Desi. Tss. Tigas ng ulo mo!" Bigla niya akong pinitik sa noo.

"Kuya naman e! Namitik pa! Wag na. Ayan na aalis na yun oh."

"Tekaaaaaaaaaaaa!" Bigla niyang hinabol yung kotse ni Bryan. Nagstop naman yung kotse niya, Syet tanga talaga nito! Mapapasubo ako nito! 😬

Lumabas si Bryan sa kotse niya at biglang nagtinginan sila ni Kuya. Uh-oh.

"Ah. Bakit?"

"OH SYET! BRYAN LIM?" Tengene kilala pala ni Kuya. 😬

"Uh. Oo. Bakit?"

"WOW. Ikaw naghatid sa little sister ko?" Bigla akong hinila ni Kuya at hinarap sa kanya.

"Kuya naman e!"

"Kapatid po pala kayo ni Eya. Opo. Ako po yung naghatid sa kanya. Sorry kung nalate siya ng uwi."

"Nako. Okay lang! Okay lang naman kahit magdate kayo e. Pwedeng-pwede! Basta hatid mo siya okay? Ako nga pala si Prince. Kuya ni Eya." Nagshake-hands naman sila. WHUUT? 😊

"Bryan Lim. Wait, di po kami nagdate..."

"Nako. Wag na kayo magsinungaling. Okay lang naman yun."

"Kuya naman e!"

"Pumasok ka na lang muna, saka na kayo magpaliwanag." Di ko na napigilan si Kuya, ayun, pumasok na kami ng bahay. Etong si Kuya, nakangiti pa rin. Letse! 😊

"Ma! Andito na si Daniella! May kasama pang lalaki! NAGDATE SILA!" Tinignan ko si Kuya ng masama. Tumatawa ang mokong! Tinignan ko naman si Bryan, napakamot lang siya ng ulo. WALA MAN LANG BA SIYANG GAGAWIN?! Strict ang nanay ko pagdating sa boys! Ugh. 😊

"Andito na pala kayo e. Maupo muna kayo." Syet. Si Mama. Nakasimangot! Patay talaga ako nito. Umupo na kami sa may sala. Letse `tong si Kuya! Pahamak! 😊

"Bakit nga pala kayo ginabi?" Nakatingin lang sakín si Mama. Yung tingin niya na sinasabing "*wag kang magsisinungaling*". WAAAAA.

"Ah... eh... kasi Mama..."

"Diba curfew mo, 6pm? 7 na oh!"

"Wag kang epal kuya!"

"NYAHAHAHA. Ikaw naman papagalitan e." Binulong sakín ni Kuya. Isip-bata pa rin talaga si Kuya. 😊

"Baliw."

"Tumigil muna kayo. May bisita pa rin tayo. Oh siya, ikaw na lang tatanungin ko iho, anong nangyari at ginabi kayo ni Daniella?"

"Maaaaaaaaa! Hinatid lang naman ako ni Bryan e!"

"Bryan pala pangalan mo. Iho, oh, ano ngang dahilan at gabi na kayo nakauwi?"

"MAMA! Andyan na ba si Ate? OHMYGOD BRYAN LIM!" Nakng. Si Desiree naman oh. :| Fan nga pala ni Bryan si Desi.

"Maupo ka na nga, Desi. Ang ingay mo rin e."

"Epal mo kuya. Kakadating mo lang naman a. Tss." Umupo na si Desi sa tabi ni Mama.

"Ate, nagdate kayo?"

"Pati ba naman ikaw, Desi! UGH!"

"Teka, ang ingay niyo naman! Tumahimik muna kayo. May bisita nga e!" Tumahimik naman kami. Nako `pag nagalit si Mama, maghanda ka na, magkakaroon ng SONA. 😊

"Sige, Bryan Lim ba pangalan mo?"

"Opo." Tinignan ko lang si Bryan, bigla niya naman akong tinignan at nagsmile sakín? Nye. Hindi man lang siya kinakabahan? Tss. Nakita kong umiinom si Kuya ng juice.

"Penge. Uhaw na ko Kuya."

Inabot niya sakín yung juice na iniinom niya. ininom ko naman. WAWAWEE. Sobrang lamig! 😊

"Ah. Nagdate ba kayo ni Daniella?" Bigla kong nabuga yung ininom ko sa sobrang gulat.

"MAMA NAMAN E! PATI BA NAMAN IKAW?!"

"Kadiri ka Ate! Talsik pa yung laway mo! Yuck!" Binatuhan niya ako ng pamunas. Nakakagulat naman kasi yung tanong ni Mama e! 😊

"Nagdate nga ba kayo?"

"Hindi po. Hinatid ko lang po talaga siya. Sorry po at natagalan siya ng uwi, nakatulog po kasi siya sa bahay ko e."

"WHAAAAT!?" Sabay-sabay nilang sabi.

"Ano ba kasi kayong tatlo! May nangyari nga kasi sa school kanina. Naclinic ako. Dahil siya yung kasama ko nun, siya na daw maghahatid sakín, on the way sa bahay, nakatulog ako. E ang tagal ko

daw matulog. So pumunta muna kami sa bahay niya. Pagkagising ko, 7PM na. Okay na?" OKAY. I LIED. Pero ayoko ng sabihin yung Allison thingey. Alam niyo naman sila, napakaprotective pagdating sa akin. Atsaka, kaibigan ni Mama yung Mama ni Allison. Ayokong magkaroon ng amat yung friendship nila dahil lang sa gulo namin. 😞

"Ah. Okay. Sige, apology accepted. Pero teka, diba ikaw yung artista?" Nakng. Si Mama rin, nakiki-showbiz? 😞

"Ay. Opo. Hehe."

"Ay ganun ba. Sige, tutal andito ka na rin. Samahan mo na kami sa Dinner ha? I'll take no for an answer. Pasalamat ko na rin sayo sa paghatid sa anak ko."

"Mama! Uuwi na yung tao e!"

"Nagmamadali ka ba iho?"

"Hindi naman po. Sige po, dito na lang ako kakain." Nagsmile lang si Bryan sa akin.

Hinila ko siya at binulungan ng: *"Dapat sinabi mo na uuwi ka na, bahala ka, tatanungin ka ng tatanungin nyan. Kulit mo rin noh?"*

Nagsmile lang siya sakín. Binulungan niya rin ako: *"Okay lang yun. You're my responsibility. Remember?"* Hutaena. Kinilabutan ako dun ha! 😞

Di ko na nga siya napigilan at ayun, dito na nga siya kumain. Nagkwentuhan lang sila nila Mama at ng mga kapatid ko. Inasar pa nga ni Mama si Bryan na bagay kami e. Nyahahaha. Sus. Puro showbiz pinag-usapan nila. LOL. Pero, close na si Bryan sa family ko ha? Kakagulat. 😞

After ng ilang minutes, nagpaalam na rin si Bryan. Tuwang-tuwa nga si Kuya e, close na daw sila ng IDOL niya. Nyek. :|

"Kapatid, Di ka pa ba matutulog?" Nasa rooftop pala ako ngayon. 9PM na. May pasok pa pala bukas. Ayoko ngang pumasok e. Anywa.ys, umupo si Kuya sa tabi ko. Inabutan niya ako ng milk. Aww. Sweet ng kuya ko. 😊

"Thanks. Matutulog na rin, kuya. Kelan balik mo sa Japan?"

"Bukas ng umaga." Mamimiss ko din `tong si Kuya kahit papaano.

"Ambilis naman."

"Sus. Okay lang yun. Pero ikaw ha, yun lang ba talaga ang rason kung bakit late ka nakauwi?"

"Ah.. eh.."

"Alam ko may problema ka. Sabihin mo sakín, di ko naman sasabihin kay Mama e."

"Baka sumama ang mukha mo dahil sa dahilan e."

"Sus. Bakit naman? Except na lang kung si Allison yung dahilan..."

"Siya nga."

"WHAAAAAT?! Anong ginawa nung bruha ng yun sayo?"

"Ayun. Insecure na naman sa akin. Tss."

"Nakng. Yun lang!? O baka dahil sa nangyari dati?"

"Sus Kuya. Ewan ko ba dun."

"Kaya ba may pasa ka sa may noo mo?" Hinawakan ko naman noo ko at ayun, may pasa nga ako. Di ko napansin. Siguro sa pagkakasabunot `to ni Allison. Tss.

"Oo Kuya. Hehe."

"Kahit kailan talaga, di pa rin ba yun nakakalimot? Sa nangyari dati? Gumanti na nga siya sakín, tapos ngayon, ikaw, dadamay ka pa niya? Teka, diba bumalik naman kayo sa dati? Yung friendship niyo? Sinira na naman niya?"

"Oo. Eto pa, inagaw niya pa si Erick sakín."

"Break na kayo?"

"Akala ko alam mo kuya? Inaasar mo pa nga ako kay Bryan kanina e."

"Nukaba. Artista kasi yun. Hehe. Teka, inagaw sayo ni Allison si Erick?"

"Yup."

"Nagpaagaw din yung tangang yun kay Allison?"

"Oo."

"Sira-ulo talaga rin pala yun. Bagay sila sa isa't-isa."

"Galit ka pa rin kay Allison, Kuya?"

"Oo. Hanggang ngayon. Wag na nating pag-usapan yung nakaraan. Sige na, matutulog na ako. Matulog ka na rin ha?" Kiniss niya ako sa noo.

"Night rin Kuya!" Nagsmile lang siya sakín saka siya bumaba. After ilang minutes ng pagmomoment, bumaba na rin ako.

Kinaumagahan, pagkagising ko, wala na si Kuya. Mamimiss ko talaga yun. Hayy. :|

"Sis, may sulat si kuya sayo oh." Kinuha ko naman kay Desi yung papel at binasa.

Little sis,

Mag-ingat ka ha? Wag kang papatalo sa babaeng yun. Okay? Wag kang bumaba sa level niya.

Anyways, Mamimiss kita. Kayo nila Mama. Mag-ingat kayo ha?

Nga pala, Si Bryan Lim. nafefeel ko na he's like me, **A GOOD GUY**. Nyahaha.

Aprub ako sa kanya! Sige, Labyu Lil' Sis!

~Kuya

Napangiti naman ako nung binasa ko yun. Nakakatuwa kasi e. 😊 Pero, lumelevel-up talaga si Bryan. Pati sa kuya ko? Naka-earn ng pogi points? Naks. 😊

Ginawa ko na yung daily routines ko. Kain. Ligo. Bihis ng pang-uniform.

"Mama! Alis na po ako." Kumiss na ko sa cheeks ni Mama.

"Anak, mag-iingat ka ha?"

"Opo. Asan si Desi?"

"Nako. Nauna na. Kasabay nung bespren niya."

"Ganun po ba, sige Alis na ko ma!"

Paglabas ko ng gate, bigla akong nagulat.

"Bryan?!" Andito si Bryan sa harap ng bahay ko, with his car, at nakauniform na rin siya.

"Lika na, malelate pa tayo sa school."

HAHANURAW?!

9.

Eya's POV

"Takte naman Bryan, ano ba kasi ginagawa mo? Hahatid mo ako sa school?"

"Oo. Bakit, may problema ba?" Ay. Galit? Di ko alam kung may sira talaga sa utak `tong si Bryan e. May split personality ata `to e. Pakibatukan nga. 😞

"Tss. Sorry ka, maglalakad ako." Nagsimula na akong maglakad ng bigla niyang hinila yung kamay ko, **take note:** dalawang kamay ko! Uh, spell awkward? Pero bigla niya akong hinihila papunta sa kotse niya! SYET AYOKO NGA MAGPAHATID E! 😞

"A-ano b-ba Bryan!" Nagpumiglas ako sa hawak niya pero ayun, nagtagumpay siya! Nasakay niya na ako sa kotse niya at kasalukuyan niyang nilalagay yung seatbelt. ANO BA TALAGA NANGYAYARI! 😞

"Epal ka! Sabing ayokong magpahatid sayo e!" Pero ayun. Ambilis ng mokong! Nasa driver's seat na pala at pinaandar na yung kotse niya! Nakng.

"Ano bang pumasok sa kukote mo, ha?! Sinong nagsabi sayong pwede mo akong ihatid? Nako gusto mo ata magkapasa na naman ako dahil sa fangirls mo?! HA?! SUMAGOT KA!?" OA BA? Nakakainis e. 😞 Makahila `to.

"Teka nga, please calm down! Kelangan ko `tong gawin kundi patay ako sa kuya mo!" Huh? 😞 Brain cells processing...

"WHAAAAT?! Si Kuya nagsabi sayo na ihatid mo ako?!" Ugh. Si Kuya talaga! Pakielamera! Tss. Pero bakit ganun, parang sumikip yung dibdib ko ng onti?

"Oo. Yung kuya mo, binalaan ako, ipagkakalat daw niya sa media na nagdedate tayo. Tss."

"Ang tanga mo! May proof ba siya? TSS."

"Oo. Meron. Picture." Nakng! Kuya talaga oh. Pati kapatid niya, ipapamedia? Huhuhu. 😞

"Kaya wag mong isipin na ihahatid kita dahil gusto ko noh. Sinave nga kita kahapon. Pero yun lang yun. No strings attached. Okay?"

"E ANTANGA MO PA RIN TALAGA! Feeling mo, iniisip ko na gusto mo akong ihatid? Hindi noh! Ugali mo kasi! Mayabang ka na, kissing-monster ka pa!" Ugh. Naiinis na ako sa mokong na `to ah. Akala ko mabait na e. Pero bakit ganun, parang yumabang? Tss.

"Andami mong satsat. Nasarapan ka naman sa halik ko ha?" Nagsmile siya ng pang-asar! Ugh! Di ko na nga `to papatulan. Walang sense `tong kausap e.

"Ewan ko sayo. Stop mo nga `tong kotse mo! Bababa ako."

"Bawal nga. Kulit mo."

"AYOKO NGA MAGPAHATID SAYO! OKAY?" Bumaba na ako ng kotse ng padabog. Tapos tumakbo na ako.

Bryan's POV

Ano bang iniisip nung babaeng yun! Nakakainis na yun ah. Tatakbo pa talaga? Tss. Pikon? Teka, naiinis rin ako sa kapatid niya e. Ugh. 😞

Flashback

ding-dong, diiiiiiiiiiing-dooooooooooooooooong

"ASDFGHJKL. Sino ba yan?!" Natutulog ako dito kasi may pasok pa bukas. Ng biglang may nagdoorbell. Tss. Istorbo. 😞

Binuksan ko na yung pinto at medyo nagulat ako sa taong nagdoorbell.

"Kuya Prince?"

"Uy. Pwede tayong mag-usap? May hihingin lang sana akong favor sayo." Favor?

"Ah. Anong favor? Pumasok ka muna Kuya." Pumasok siya at umupo muna kami sa living room ko.

"Naks. Ganda na ng abandoned house na `to ha."

"Hahaha. Oo naman."

"Anyways, ngayon na alis ko. Kaya manghihingi lang sana ako ng favor sayo."

"Ah. Sige. Ano ba yun?"

"Alagaan mo little sister ko ha? Alam ko, di pa naman kayo close. Pero feeling ko, good guy ka naman. Okay lang ba?" Eeeeh? 😊

"Ay. Okay lang. Hehe..."

"Atsaka, sana, ihatid-sundo mo rin siya. Maraming sira-ulo dyan e. Alam mo naman yung little sister ko, minsan, tinatamaan ng kadora-han. Gala ng gala."

"HAHAHA. Natawa ako dun Kuya. Mukhang dora din yun e. Haha, sige, Okay lang." Nagsmile siya sakín at inabot yung kamay niya. Nagshake-hands kami.

"Salamat, dude. Kelangan niya rin ng kaibigan e."

"Wait, diba may bestfriend naman siya?"

"Meron nga. Pero alam mo, nawala kasi sa kanya yung 2 pang importante sa buhay niya. Sinira nung dalawa yung tiwala niya." Importante? Wait. Naalala ko yung sinabi niya nung una kaming nagkita ha. *Yung sinaktan siya nung...*

"Kasama ba dun yung first boyfriend niya?"

"Ex-boyfriend. Gagu rin yun e. Pasalamat yung gagung yun at ngayon na alis ko papuntang Japan, kundi, bugbog-sarado sakín yun."

"Ganun pala yun. Gets ko na."

"Nga pala, kapag nagtanong si Eya kung bakít mo siya ihahatid-sundo, sabihin mo, blinackmail kita ha? Para maasar naman kapatid ko. Haha. Okay?"

Patawa rin `tong si Kuya Prince. Pero halata namang mahal niya kapatid niya. Nako, sige na papayag na ako. **"Sige sige. Pero, gusto mo bang kumain bago ka umalis Kuya Prince?"**

"Ay. Wag na. Okay lang ako. Sige, aasahan kita ha, Bryan? Alis na ko. Bye!" At ayun, umalis na rin si Kuya.

Naaawa ako ng onti kay Eya. Hayy. Mukhang kelangan kong gawin yung **favor** na yun. 😞

End of Flashback

"Nasaan na ba yung babaeng yun?!" Nasa may tapat na ako ng school. Wala pa rin siya! Kainis.

Pinark ko muna yung kotse ko sa may school grounds, paglabas ko, andaming nagtilian. Babae at lalaki. Srsly? 😏

"Syet si Bryan!"

"Omg! Nagddrive na siya?! WOW!"

"He's so hot!"

"Gwapo na, may kotse pa!"

"Ganda ng kotse ni Bryan oh. Porsche?"

"Oo nga, dude. Dapat maging kaibigan natin yan!"

"Libreng sakay noh? Haha!"

Wala akong panahon para sa kanila, hinanap ko na si Eya sa school grounds. May flag ceremony pa kaya natural, wala pa siya sa classroom. Mamaya ko na lang siya hanapin. Classmates naman kami, diba? Pero bakit nag-aalala na naman ako sa kanya? 😬

Di ko alam ha, pero, alam mo yung peripheral vision? Ng napatingin ako sa may right ko, ayun, nakita ko si Eya... **Umiiyak**. Anong nangyari? Tumakbo ako papunta sa kanya.

"Eya." Umiiyak pa rin siya.

Tumingin siya sakin. Pero namumugto pa rin yung mata niya. Ano bang nangyari dito?

"B-bryan." Bigla niya akong niyakap. Ano bang nangyari sa kanya? Parang andami niyang problema? Pati ako, napayakap na rin sa kanya. Kahit marami ng taong nakatingin samin. Hayaan mo na sila, dapat damayan ko `tong babaeng `to. Feeling ko, andaming dinaramdam nito e. 😞 Ayoko pa naman ng babaeng umiiyak. 😞

Daniella Alvarez, sino ka nga ba talaga?

10.

Eya's POV

"B-bryan." Bigla ko siyang niyakap. Di ko alam kung bakit. E naiiyak na talaga ako e. Sabihin natin, kailangan kong itago `tong luhang `to. *Dahil patuloy lang akong nasasaktan.* 😞

"Ssssh. Wag kang umiyak. Dali, canteen muna tayo. Wala pa namang flag ceremony e." Tinanggal ni Bryan yung pagkakayakap ko sa kanya.

"S-sorry. Mapapahiya ka pa dahil sakin..." Pinunasan lang niya yung luha ko. Lalo na naman akong naiyak...

"Tumigil ka muna. Baka sabihin nila, ako nagpaiyak sayo e. Masisira image ko niyan." Binatukan ko

siya. Kahit ba naman sa ganitong sitwasyon, nakuha niya pang magyabang? 😏

"Tss. Epal ka."

"Haha. Naasar naman kita. HAHA. Lika na sa canteen." Hinila niya na ako. Ngayon ko lang napansin na madaming taong nakapaligid samin. Huwaaat? Mga chismosa talaga oh. 😏

"Is he dating Bryan?"

"OMG. It can't be?"

"No freaking way!"

"Sa kanya pa?"

"Eww. Di sila bagay!"

"Mas bagay kami!"

"Ano ka, Mas bagay kami!"

Yan lang yung mga narinig namin hanggang makapunta kami sa canteen. And, bad news. Pagdating sa canteen. **Pinagkaguluhan rin siya.** 😏

"SI BRYAN LIM! WAAAAAA!" Sigaw nung mga girls. Ugh. 😞

Binitawan ko na kamay ni Bryan. **"Teka. Bibili lang ako ng tubig."**

"Ako na bibili."

"Tekaaaa---" Nye. Inunahan talaga ako. Andun na siya. Nakapila. Hayy. Pero thankful rin ako kasi mabait naman siya e. Haha. 😊

Naisip ko lang, parang, andami niya ng nagawa sakín na maganda in 3 days ha? Tanggalin mo yung kiss at yung pang-aasar niya. Parang, gumagaan na rin loob ko sa kanya. Mabait naman pala siya e. Nakakaasar lang talaga minsan. 😊

"Oh. Eto na tubig oh."

"Anak ka ng ina mo! Ginulat mo naman ako e!" Nagulat kaya ako! Nakaupo na siya sa harapan ko. At nakangiti ang mokong! 😏

"Oh. Bat ka nakangiti diyan?"

"Wala lang. Ang ganda mo pala kahit mugto na yang mata mo."

"Ha? May sinasabi ka?"

"Ay. Wala. Sabi ko ampagit mo umiyak."

"ANG SAMA MO!" Binatukan ko siya ulit. Nakakaasar kaya! UGH. 😞

"Makabatok ka. Kawawa naman ako nyan."

"Che!"

"Wait, bakit ka nga pala umiyak?" Syet. Pinaalala na naman niya...

"Ay. Yun? Hehe... Wala naman. Hehe..." Bigla niyang hinawakan yung baba ko at hinarap sa kanya.

"U-uy! Bitawan mo nga ako! Nakakahiya!" Napansin ko na namang madaming nakatingin samin. Particularly sa akin! **Evil stares pa talaga. Juskopo.**

"Sabihin mo muna. Bakit ka umiyak?"

"Bitawan mo muna ako."

Binitawan niya naman ako. **"Basta sabihin mo yung totoo. Friends naman tayo, diba?"**

"Teka, friends? Kelan pa?" 🤔 " Bigla niya naman akong pinitik sa noo.

"Aray!"

"Ang sama mo naman. Buti nga, kinakaibigan pa kita e. Ang hot ko na, gwapo ko pa, sikat pa ako. Odiba All-in-one?"

"Kapal mo. Ewan ko sayooo!" Ininom ko na lang yung tubig. Baka mamaya, topakin ako dito, ibuhos ko sa kanya yung tubig e.

"Tss. Pero, ano nga ba kasi ang dahilan? Bakit ka umiyak?" Hindi ata ako titigilan nito kapag di ko sinabi e. 😏

"Oo na. Sasabihin ko na."

"Ano nga?"

"TEKA NGA. Eto na... kasi..."

Flashback

Naglakad na ako nun papuntang school. Epal kasi si Bryan e! Pati na rin si Kuya! Sino ba naman kasing nagsabi na ihatid ako nun e! Ugh. Hindi pa talaga nagbabago si Kuya Prince. Syet lang. 😞

Medyo malapit na ako sa school nung bigla kong nakita... *si Erick.*

Bigla akong kinabahan. Syempre, sinong hindi? **Makita mo yung EX mo.** Na hindi mo man lang alam kung bakit ka ba niloko. Pero, diba dapat every relationship, may closure? Kailangan ko siyang makausap, kahit isang beses lang. 😏

Nakita kong may kausap siya. Barkada ata niya e. Pero I really need to talk to him. Yung wala si Allison. *Lakasan mo loob mo, Eya. Nasaktan ka na naman diba?*

"E-erick! Syet. Bigla akong kinabahan. Magtatago na lang sana ako nung bigla niya akong nakita.

"Uy. Eya." Bago siya lumapit saakin, may sinabi siya dun sa barkada niya. Nagpaalam ata siya dun e. Tapos, eto na. Lumapit na siya saakin. Syet. Yung puso ko, di mapigilan yung tibok. *Kinakabahan ako.*

"Eya. Papasok ka na rin ba sa school?"

"Uh... Oo e."

"Sabay na tayo."

"Uh... S-sige." Sabay kaming naglakad papuntang school. Tahimik lang kami. Walang nagsalita. Awkward nga e. Parang... from **bestfriends**, turned **lovers**, naging **strangers** na lang kami. 😞

"Ah..."

"Uhm..."

Napatawa kami pareho. Sabay kasi kami e. Nagsmile siya. Namiss ko yung smile niya. Ugh. Di ko alam, pero napaiyak ako. Humarap ako sa kanya.

"Bakit, Erick? Bat mo nagawa yun sakin? 😞 "

"Uhm. Eya, S-sorry." Tumigil siya sa paglalakad at humarap rin sakin.

"Di ko sinasadya. Dapat mong maintindihan yun. Minahal naman kita e."

"Sus. Minahal. Oo nga. Minahal mo ako. Pero ba't biglang nawala yun? May pagkukulang ba ako? May problema ba sakin?"

"Wala kang pagkukulang. Okay? Listen to me. Ako, ako ang mali. Ako ang may problema. It's not you. It's me." Bigla niya akong niyakap. Pero tinulak ko siya papalayo.

"NAKNGTETENG NAMAN ERICK. GASGAS NA YANG LINYA NA YAN E! IBAHIN MO NAMAN. YUNG TOTOO, MINAHAL MO BA AKO? KAHIT KATITING MAN LANG?"

"S-sorry." Sinampal ko siya.

"Your sorry wouldn't change anything. It wouldn't change the fact na niloko mo pa rin ako." Mukha na siguro akong baliw. Umiiyak na talaga ako. Di ko mapigil yung luha ko sa pag-agos e. *Ang sakit kasi... ang sakit-sakit.*

Tumakbo na lang ako... Madami ngang nakatingin sakin pagdating ko sa school e. Asan na ba si Bespren ko?

"Eya." Napatingin ako sa nagsalita. Si... Bryan.

"Bryan."

End of Flashback

"Hindi man lang niya sinabi sayo yung dahilan?"

"Hindi e."

"Nakakagagu yun a. Uupakan ko yun."

"Tanga. Pag ikaw nasaktan, ako na naman sisihin mo. Artista ka, okay?" Nagsmile naman siya.

Eeh? 😞

"Concern ka?" Nagsmile siya ng nakakaloko. Anong iniisip nito! 😞

"Baliw ka talaga! Ugh." Biglang tumunog na yung bell sa campus.

"Sus. Lika na, flag ceremony na oh."

"Hehe. Onga pala, classmates tayo noh?"

"Bakit, ayaw mo nun? Classmate mo gwapo, kaibigan mo pa! Swerte mo naman." Bigla niya akong kinindatan.

"Kapal mo. Gwapo your face!" Tumayo na ako, tumayo na rin siya. Tinignan ko lang siya. Kinindatan na naman niya ako! Ugh. Problema ng mata neto? Tusukin ko kaya mata neto! 😞

Nagulat ako kasi nilapitan na naman niya ako, pero mas nagulat ako sa binulong niya...

"Ayaw mo nun, classmates tayo. Ibig sabihin, makakasama mo ako buong araw." Saka siya umalis at papunta na sa pila ng klase namin.

"Kapal mo talaga, Bryan Lim!" Sigaw ko sa kanya. Pero, alam niyo yung ginawa niya na lalo akong naasar?

Tumingin siya sakín at... *Kinindatan niya na naman ako.*

11.

Pagkatapos ng flag ceremony, deretso na kami sa classroom. Wag muna daw kaming umupo, aayusin pa daw yung seating arrangement, sabi ni Sir Lopez, yung adviser namin. Sobrang strict nun e. Kaya nga ang tahimik naming lahat. 😊

Napatingin naman ako sa mga classmates ko, mukhang iba ata yung dahilan kung bakít sila tahimik e. **LAHAT KAYA SILA NAKATINGIN KAY BRYAN.** Eto namang si Bryan, nakasmile lang. 😞 Pero nagulat ako nung tumíngin siya sakín, at kinindatan na naman ako! Tengene. Tutusukin ko na talaga mata nito e. 😞

Iniiisip ko kung paano ko ba matutusok `tong mata ni Bryan ng biglang nagsalita si Sir Lopez.

"Okay class, since this day is considered your first day because of the said incident

yesterday..." Tumingin bigla sakín si Sir Lopez. Sisihin niyo si Allison! Siya nagsimula ah! 😞 "You could sit

wherever you want." Nag-apiran naman yung mga kaklase ko. Yes! Makakatabi ko si Bespren! 😊 Wait, asan ba yun? Napatingin ako sa right ko at andun lang pala si Andie.

"Huy. Bruha, andyan ka lang pala!" Napatingin lang siya sakín.

"Bruha na lang pala ako ha? Che." Inismidan niya ako. Ugh. Tampururut na naman `tong bestfriend ko. 😞
Aww. Uutuín ko na lang. 😞

"Sayang, manlilibre pa sana ako mamaya ng carbonara e, alam ko, madaming hinandang carbonara

yung canteen. Sarap nun." Sabay pasok sa classroom. Umupo ako sa may 3rd row. Gusto ko sana sa dulo, sa may window, pero no use naman yun kasi airconditioned `tong room namin e. Nagulat nga ako e, 3 aircon? Seriously? Siguro, para na naman kay Bryan yun. **Pa-VIP siya noh?**

"Class, I'll be back." Nako, kahit wag ka na bumalik Sir Lopez. HAHA. 😊

Nag-dadaydream lang ako rito, nung naramdaman kong may yumakap sakín. Pagtingin ko, si Andie lang pala.

"Sorry na Bes. Ikaw naman kasi e." Umupo siya sa tabi ko.

"Anong ako?"

"Di mo man lang sinabi na close kayo nung Bryan. Mukhang tanga tuloy ako kahapon. Daming nagtanong sa akin kung kayo na ba, o whatever. Nakakairita kaya. Sabi ko na lang sa kanila, "Pakielam niyo ba sa kanila?"."

"HAHAHA. Kaya kita love e. Pero, Bes. Di nga kami close, kulit mo rin." Binatukan ba naman ako.

"Aray!"

"Aysos. Di daw close. Pero nung recess time namin, hinanap kita. Tapos nakita kita, buhat-buhat ka ni Bryan. Pinag-uusapan nga kayo kahapon e."

"Ano ka ba, Bes. Si Allison kasi e. Buti na nga lang andun si Bryan."

"Anong meron kay Allison?" Seriously? Hindi niya alam?

"Di mo alam? Bestfriend pa naman kita." Ako naman magtatampururut. 😊 Tinalikuran ko siya, hinila ba naman ako.

"Gagu ka Bes. Ang alam ko lang, suspended si Allison for two weeks." Wait, Suspended si Allison? 😊

"Buti naman. HAHA."

"Wait, ano ba talagang nangyari?" Kinuwento ko sa kanya yung nangyari kahapon. Nagulat naman siya kasi, hindi naman ganun kawar-freak si Allison dati e.

"Kawawa ka naman, Bes. Sorry at wala ako nung nangyari yun ha? Kapag nagkataon at andun ako. Baka nawasak ko na mukha ni Allison. Baliw na talaga siya." 😊

"Yeah. Tss. Hayaan na lang natin siya."

"Oo nga pala. Ikaw ha. Niyakap ka ni Bryan kanina sa grounds ha. Nakita ko yun. Landi!" Tumili ang brucha!

"Baliw. E kasi, umiyak ako nun e. HAHA. Syempre, kinocomfort niya ako."

"Comfort mo mukha mo! HAHA. Ako pa niloko mo. Sus. May abs ba?" TENGENE. Mas malandi po si Andie kaysa sakin! SYET. ABS TALAGA HA? 😊

"Gagu."

"Bakit ka naman niya kailangan icomfort? Aber?" Kinuwento ko sa kanya yung pagkikita namin ni Erick kanina. Ewan ko, pero nawala na naman ako sa mood. Tae. T.T

"Grabe. Ano bang nakain ni Roderick at pumatol yan kay Allison? Grabe. Pinagkatiwalaan ko siya, na hindi ka niya sasaktan. Tapos, tangna, gaganyanin ka bigla?" Halatang inis na si Bes.

"Bes. Kumalma ka lang."

"Ginagu niya kaibigan ko e. Bestfriend ko pa!" Nakwento ko na ba sa inyo? Si Andie. **Lifesaver ko yan.** Naging magbestfriends kami nung Grade 3 ata ako, may tumulak sakin tapos kinuha lollipop ko. Iyak ako nun e. Pero, kinarate lang ni Andie yun. Kaya mahal na mahal ko `tong bestfriend ko e. 😊

"Wag mong patulan, please? Kay Allison mo na lang gawin. HAHA." Tumawa naman siya.

"Oy. Yung carbonara ko ha?" Kala ko nakalimutan na niya. HAHA.

"PG ka! Sige sige."

"Okay Class, goodmorning. I'm Mr. Ian Lopez and I'm gonna be your teacher in Math, and I'm also your adviser for the rest of the year. *evil smile*" Tengene. Natatakot ako. 😬

"Ehem... Speaking of the devil." Tinuro niya yung sa may door. Si... *Erick*. Bigla kaming nagtinginan. Pero inalis ko naman yung tingin ko.

"Sorry I'm late, Sir."

"Tss. Okay, Mr. Yu. Find a seat." Umupo siya sa may bandang likod. Bahala siya sa buhay niya. Pero pagkatingin ko sa likod ko. Napasigaw ako! 😬

"AAAAAAA!" Si Bryan, nakaupo sa likod ko. Syet! Tapos tumawa lang siya. Nakakagulat kaya! 😬

"Miss Alvarez, is there a problem?" Patay.

"No, Sir." Tinaasan lang ako ni Sir ng kilay. Tss.

"Okay. If there's no problem. Please shut up." Tumawa naman lahat ng classmates namin. Tss. Napahiya na nga ako e. Ugh. Ngayon ko lang napansin yung mga classmates ko, yung iba, classmates ko na rin dati pa. Yung iba, new faces. Pero yung nasa likod ko, new face, pero pangit yung face. LOL. Anong konek? Nasasabaw na ako e. 😊

"Lakas kasi ng tawa mo e. Napagalitan ka tuloy." Napatingin ako sa likod ko ulit, ayun, nakatawa ang

mokong! Ugh. 😞

"Ang epal mo. Tumahimik ka na nga." Tinaasan ko lang siya ng kilay at humarap na sa aming masungit na adviser.

"Okay class, since this is your first day, considered na may issue kahapon at nagkagulo kayo, e ngayon, imbes na ireresume yung "introducing-yourself-portion". e uulitin natin. Okay?" Syet lang. Ang ayoko `pag first day, e yung ganito e. Tengene. 😞

"Let's start from the back. Mr. Erick Yu? Cellphones are not allowed in class. Isurrender mo yan sa P.O.D pagkatapos mong mag-introduce, or else magagaya ka sa sinapit ng... ahem... girlfriend mo." Tumingin silang lahat sakin. Sus. If I know, hinihintay lang nila reaction ko. Alanganamang iiyak ako dahil girlfriend niya na si Allison, diba? 😞

"Hey Guys..." Biglang may nagtilian. Tss. Seriously? Oo nga pala. **Campus Heartthrob rin pala `tong si Erick.** Pero yung boses niya, namiss ko rin. Tengene ano na naman pinag-iisip ko. 😞

"I'm Roderick Yu. Erick na lang for short. 17 years old." Tapos umupo na siya. Madaming nagpalakpakan. Srsly? Tumango lang siya.

"Sikat rin pala EX mo." Napatingin ako sa likod ko. Nakangisi lang si Bryan! Tss. Badtrip talaga. Di ko na lang pinansin. Tuloy-tuloy pa rin sila sa pag-iintroduce nila. Nang si Bryan na yung mag--introduce, lahat ng classmates ko, pati na rin si Andie, e sigaw ng sigaw ng **"BRYAN! BRYAN! BRYAN!"** Srsly? Napatingin ako sa likod ko at nakasmile lang si Bryan. Tss. PLASTIC. 😞

"Uh..."

"WAAAAAA!" Syet. Ang sakit ng eardrums ko. Andaming sumigaw e. Sakit talaga sa eardrums! 😞

"Hey Guys, I'm Bryan Lim. 17. I'm from the States, actually. You know me as an actor, right? Well. From now on, please treat me as your classmate." Tapos nagbow siya. Nagtilian na naman `tong mga classmates ko. Teke, Half-american siya diba? Bakit siya nagbow? Korean siya? **HINDI NAMAN DIBA?!** Pauso `tong si Bryan. 😞

"Well, Mr. Lim. Of course, this school upholds the value of equality. Kaya walang magttreat sayo ng iba ka." Sabi ni Sir. Napatingin naman ako sa mga kaklase ko, ganyan ba ang equal? Para ngang hari si Bryan e. Nakasmile lang siya pero yung lahat, halos mapaluhod sa sobrang pagdudrool e. Except **sakin...** at kay... *Erick*. Na tututulog. LOL. Sumbong ko kaya `to kay terror teacher? Para makaganti ako sa pagpa-iyak niya sakin. Ugh. 😞

Umupo na siya. After ng iba pang pag-introduce ng mga classmates namin, ako na yung magpapakilala.

"Hey, I'm Daniella Alvarez. Eya for short. 16 years old. That's all." I suck at introductions. I know, right? 😞

Natapos na yung pag-iintroduce at **recess** na. Salamat naman.

"Bes. Yung carbonara ko ha?" Ay, Hindi kinalimutan! HAHA. LOL. Basta pagkain, si Andie talaga. 😞

"Sige. Magsave ka na ng seat PG." Patay-gutom e. HAHAHA.

Tapos pumunta na ako sa may food station namin, onti lang yung nakapila kaya nakabili naman ako kaagad. Papunta na ako sa table ng biglang... may asungot na nasa table namin ni Andie! 😞

"BRYAN! Bakit ka andito sa table namin?" Tinignan ko si Andie, yung look na patanong.

"Uh. Bes. Hehe. Gusto niya kasing makisabay satin. Wala ng seats sa ibang tables." Pagkatingin ko sa ibang tables, lahat full. Ugh. Para namang hindi siya papaupuin nung mga yun diba? Hayaan na nga lang.

Umupo ako sa tabi ni Andie. Si Bryan. Nasa tapat ko. Nakasmile.

"Anyways, Ako pala si Andie."

"Bryan." Nagshake-hands sila. SERIOUSLY? Ehem. Baka may mabuong... TAE! 🤔

"Anyways, Thanks sa pagsave mo sa bestfriend ko ha? Nako, boto na ako sayo for her."

Tinignan ko lang si Andie ng pagalit. Tinawanan lang niya ako.

"Sus. Kunwari pa kayong dalawa. Uhm, Bryan, pwede ka ng sumabay samin simula ngayon. Friends na rin naman tayong lahat e."

"Thanks. Ayokong sumabay sa iba, feeling ko, ampaplastic. Tss." Tapos ngumiti si Bryan.

"Sabagay, pashowbiz ka kasi e. HAHA."

Ayun nag-usap sila ng nag-usap. Nako, feeling ko, madedevelop `tong si Andie kay Bryan e. Ugh. Parang wala ako dito. I swear. Pero bakit parang na-bad vibes ako bigla. 😞

"Hahaha. Oo nga, napanuod ko yung movie na yun. Laughtrip!"

"Sobrang laughtrip! Haha. Lalo na yung scene na nadulas si Patrick! HAHAHA!"

Ayan. May sarili silang mundo. Di ko alam, pero, I felt robbed. Di ko alam, pero nawalan ako ng ganang kumain. Ugh. Usap pa din sila ng usap. Hello?! May tao dito! 😞

Napatigil naman sila nung napansin nilang ang tahimik ko. Ugh. Bryan kasi e, panira ng appetite! Bakit pa kasi siya sumabay! 😞

"Tahimik mo, Bes? May problema ka?"

"Wala naman."

"Uh. Okay, teka, mauna muna ako ha? May bibigay lang ako sa kapatid ko sa first year, bye! See you later, Eya and Bryan." Naiwan kami ni Bryan sa table. Di ko pa rin siya pinapansin.

"Ang nice ng bestfriend mo, Name nun? Andie diba?" Di ko siya iniimik.

"Uy. Nangyari sayo?" Wala pa rin akong imik.

"HAHAHA. Wag mong sabihing, nagseselos ka?" Napatingin ako sa kanya, nakangiti ang mokong! Binatukan ko nga! 😞

"Aray!"

"Kapal ng mukha mo, Di ka naman gwapo. Tss. Feelingero! Ako, magseselos sainyo?"

"OO. Kasi maganda bestfriend mo, at Gwapo ako. Ikaw, akala mo, maganda ka? TSS." Sakit nun sa ego ko ha!?

"ANG KAPAL MO TALAGA! Aaa-ray." Napahawak ako sa ulo ko. Syet ang sakit.

"Uy. Okay ka lang?" Hinawakan niya rin yung ulo ko.

"Ugh. Tanggalin mo kamay mo sa ulo ko. Okay lang ako." Tumayo na ako.

"Saan ka pupunta?"

"Wala ka na dun!" Tapos naglakad na ako.

Nagulat ako nung may yumakap sa akin, patalikod. 😬

"Wag kang gagalaw." Si Bryan, yung yumakap saakin! Syet. Tumingin ako sa canteen. At madaming nakatingin sa amin! Tengene! Asa gitna ba naman kami! 😬

"Ano ka ba Bryan. B-bitawan mo a-ako." Tinatangal ko yung kamay niya sa may beywang ko. Pero ayaw niya akong bitawan. 😬

"Wag ka ngang gumalaw sabi e."

"Tengene mo. Bakit ba?"

Nagulat ako sa binulong niya, "*May tagos yung palda mo. Dalaga ka na!*" Syet! Wrong-timing naman! 😬 Wala pa akong napkin. Ngayon pa ako nagkaroon! 😬

"Uh. B-bryan..."

"Ano?"

The Lord is testing me. Kalma lang Eya. **Kapalan mo na mukha mo.** Now.

"Balik tayo sa table. Takpan mo palda ko. Kahit yakapin mo pa ako papunta dun. At, Bilhan mo ako ng napkin..."

"ANOOOOOOO!?"

12.

Bryan's POV

Alam mo yung, hiyang-hiyang feeling? Yun yung nararamdaman ko. Tengene. Nakakainis talaga. Okay lang na tulungan ko siya e. Pero yung, papabilhan ako ng... ugh. Di ko masabi yung word. **LALAKI AKO NOH.** Nakakahiya yun para sa amin. Nakakainis talaga! 😞

"Hindi. ako. bibili. ng. ganun." Yes. Yakap-yakap ko pa rin siya ngayon. Buti nga yun e, tinatakpan ko yung palda niyang may red stain. Mabait pa ako nun diba? Kahit nga madaming nakatingin sa amin ngayon e.

"Please, Bryan! P-please!"

"Ayoko nga!" Akmang bibitawan ko na siya pero bigla niyang hinablot yung kamay ko at lalo niyang hinigpit yung pagkayakap ko sa kanya. Ugh.

"Wag mo akong bitawan. Bryan. Maawa ka... Nakakahiya..."

"Bakit? Sa tingin mo, di ako nahihiya? Ha!? Ang lakas pa ng loob mo na sabihin sakín na bilhan kita ng... ng napkin!" Mahina lang kami mag-usap nun ha. Syempre. Nakakahiya. Narinig ko na naman yung mga bulungan.

"OMG. She's really going overboard!"

"Napakalandi niya!"

"Isa siyang malaking F! Flirt!"

Naramdaman ko namang unti-unti siyang nagloloosen-up sa yakap ko. Hanggang sa tinanggal niya na yung yakap ko sa kanya. UGH. Ayan, naalala ko na naman yung bilin ng Kuya niya. Tapos umaandar na naman yung pagkagood-boy ko. Tanga mo talaga Bryan! 😞

Wala akong nagawa, kundi yakapin siya ulit.

"Bitawan mo na ako, ayaw mong mapahiya diba?!" Nagpumiglas na naman siya pero lalo ko siyang niyakap.

"Tutulongan na nga kita diba? Babayaran mo ako pagkatapos nito."

"Sus. Di ko kailangan ng help mo. Ul ul ka. Bitawan mo ako!" Nakakainis `tong babaeng `to! 😞 Kanina, siya yung nagmamakaawa sakin na wag ko siyang bitawan, tapos, ngayon, siya naman yung may ganang mag-inarte! 😞 Naiinis na ako ha.

"Sige. Ikaw may sabi e." Binitawan ko siya pero bigla na naman niyang kinuha yung dalawang kamay ko at pinulupot sa beywang niya. Wait, akala ko ba ayaw niya akong tulungan siya? Tss. 😏

"Sige na. Babayaran na lang kita. Magkano ba?"

"Tanga. Hindi pera noh. Mayaman ako."

"Kapal ng mukha mo."

"LOL. Basta, Mag-iisip muna ako kung ano. Pero ngayon, pagbilang ko ng 3, magkunwari kang nahimatay. Okay?"

"A-ano g--"

"Isa."

"Teka--"

"Dalawa."

"Bryan, ano na naman--"

"Tatlo." Pumikit naman siya at nagkunwaring nahimatay. Good girl. WOW. Infairness, pwede rin `tong mag-artista ha. May future! 😊

Binuhat ko naman siya yung parang pangkasal, para natakpan ko yung palda niya. Tapos, tuloy-tuloy na akong naglakad papuntang clinic. Bakit sa clinic? Baka may napkin din kasi dun e. HAHA. 😊

Habang papasok na kami sa clinic. Nakita ko yung **EX** niya. Si Erick ba yun? Palabas na siya nung clinic. Nagkatinginan pa kami. Tss. Mukha niya! Bigla naman siyang napatingin kay Eya, na buhat ko. Nagstop pa nga siya e.

"Anong nangyari sa kanya?" Tumingin siya sa akin, halatang worried siya kay Eya. Tss. Mukha niya! Mainis nga `tong Erick na `to. 😏

"Anong nangyari sa kanya? Uhm, una, ginago mo siya, pangalawa, ginago mo siya, at, pangatlo, nasabi ko na bang ginago mo siya? Nasagot ko na ba tanong mo?" Nagsmirk ako sa kanya tapos pumasok

na ako sa clinic. Bigla kong naramdamang kinurot ako ni Eya. Tss. Kahit kailan talaga martyr `tong babaeng `to. 😏

"Uhm, Nurse?" Napatingin naman sa akin yung nurse. Bigla ngang tumayo at nagsmile e. Weird. Baka may crush lang sa akin. HAHA. 😊

"Mr. Lim?"

"Opo. Hehe."

"WOW. You're here. And, OMG." Napatingin siya sa buhat-buhat ko.

"Ano na namang nangyari sa kanya? Dinala mo rin siya kahapon diba?"

"Opo. Nahimatay e."

"Ay ganun ba. Osige, Iho. Ihiga mo muna siya dyan sa bed. Tapos pumunta ka sa office at may kailangan kang sagutan."

"Sige." Pagkalapag ko kay Eya sa bed, (parang gamit lang noh? HAHA). Bigla naman napasigaw yung Nurse.

"Bakit po?" Yung tingin niya, galit na galit.

"Come to my office, right now."

Nung nasa office na ako nung nurse, binigay niya sa akin yung isang paper. Parang info sheet about sa patient. Sinagutan ko naman. Pagkabigay ko sa kanya nung form, bigla niya akong binatukan. Huh? 😏

"Bakit niyo po ako binatukan!?" Ang sakit kaya. Meron rin kaya `tong nurse na `to? Hehe. Bad Vibes siya e.

"Bakit niyo ginawa yun, ha? Hindi niyo ba alam na pwede kayong masuspend?!"

"What? Anong ginawa?" Wait, don't tell me, she's thinking about...

"Bakit NAG-ANO kayo! At sa school campus pa talaga! First time niyo kaya siya dinugo?! Tama ba ako?!" WHAT THE HELL IS HAPPENING HERE? Syet. Pulang-pula ako sa kahihyan. Nakakahiya. Tengene. 😏
No. Way.

"ANO BA KAYO NURSE! HINDI YUN YUNG NANGYARI! NAGKAROON LANG SIYA. OKAY?" Tumawa lang yung Nurse. Napapahiya na ako. Syet. 😏

"Akala ko naman kung ano na, Osha, sige, pero di pa rin ako convinced. Mga kabataan talaga oh. Wait, may napkin ba yang girlfriend mo?" Sht. Oo nga pala. Pero, GIRLFRIEND? 😏

"Yung babaeng yun? GIRLFRIEND KO? NO WAY. Hindi ko po siya girlfriend. Single ako. Okay? Atsaka, yung... napkin, wala po siya e."

"Ganun, okay. Maghintay ka dyan." Bigla niyang kinuha yung bag niya tapos may hinalungkat siya.

"Oh, eto. Napkin." Inabot sakín nung nurse...yung... *napkin*. Syet. Di ko mahawakan ng maayos.

"Sige na, pumunta ka na muna dun sa girlfriend mo, baka gising na yun e. Ano nga pala pangalan nun?"

"Di ko nga po siya girlfriend! Ang kulit niyo Nurse. Name niya, Eya." Bigla siyang nagsmile.

"Alam mo, feeling ko, magkakaroon ng loveteam dito sa campus na `to. BREYA. Bagay diba? Haha. Naalala ko tuloy yung highschool years ko..." BREYA? Like, srsly?

Iris - ayan yung Brea na ginawa mo. Ayii thanks. <3

Dakdak siya ng dakdak kaya tumakas na ako at pumunta sa may bed station. Pagkapasok ko dun, gising na gising si Eya.

"Hoy. Ikaw! Bakit mo ginawa yun kay Erick?" Tinignan niya ako ng masama.

"Yung alin?"

"Nagtatanong siya ng maayos tapos yung sagot mo, parang sinisisi mo na siya yung may kasalanan kung bakit ako andito!"

"Bakit? Totoo naman yun diba? Wag ka ngang martyr. Niloko ka na nga nung taong yun e." Inalis niya naman sa akin yung tingin niya.

"Ang tagal mo naman." Kapal talaga nitong babaeng `to noh? Kanina, sinisigawan niya lang ako, tapos ngayon, isnabera pero demanding? Mood swings nito. Tss. 😞

"Kapal mo. Ikaw na nga tinulungan e."

"Tss. Ewan ko sayo."

"Oh. Eto!" Tinapon ko sa kanya yung... napkin at tumama sa mukha niya. Tawa lang ako ng tawa! Yung mukha niya kasi e. HAHAHA!

"Tawa ka dyan? Ugh!" Lumabas naman siya at pumunta siguro sa CR. Naghintay lang ako dun sa may bed tapos nagulat ako, biglang nagbuzz yung cellphone ko.

FR: XXXXXXXXXXXXXXXXXXXX

Bryan, How are you? This is your mom, I'll talk to you later. K?

Di ko nireplyan. Bakit pa. Alam niyo namang sigurong, siya yung gusto na magstay ako dito, right? Gusto ko sa States lang ako. Pero siya, gusto niya, dito ako. Tangna. Para daw makabawi ako sa kasalanan ko... *hindi ko naman sinasadya yun ha?*

"B-bryan." Nakatingin siya sakin, nagpapaawa. Problema nito?

"Oh, problema mo?"

"Eh. Kasi... W-wala akong extra uniform. Hehe. Pati underwear..." Bigla siyang namula. Ako rin naman ha! Papahirapan na naman ako nito? 😞

"So anong gusto mong gawin ko? Bigay ko sayo uniform ko? Pati... u-underw--"

"Gagu ka! Pakitawag na nga lang si Andie. Meron siyang extra e."

"Tss. Sige."

"Thank you." Nagulat ako. Syempre, nagthankyou e. Bihira yun ha? Nakasmile siya sakin. Napasmile tuloy ako. Don't get me wrong. Pero, ewan. Magaan lang talaga loob ko sa kanya. Siguro, kasi, naalala ko sakanya si... *Bettina.*

"Okay lang yun. Pero tandaan mo, babayaran mo pa ako. May utang ka sa akin." Bigla naman siyang sumimangot.

"Eeeech. Wag na. Hehe. Ambait mo talaga Bryan! Wag na, libreng pagtulong mo na sa akin yun. Friends naman tayo diba? Hehe..."

"Ano ka, swerte? Hindi pwede."

"Anong gagawin ko para makabawi ako sa ginawa mo?"

"Uhm..." Oo nga noh? Anong papagawa ko sa kanya para mabayaran niya sa akin yung utang na loob niya?

"I'll think about it." Nagwink ako sa kanya tapos lumabas na.

Eya. Eya. Eya. Babawi ka sa akin. Tandaan mo yan. Papahirapan kita. 😞

13.

Eya's Pov

Umalis na si Bryan nun. Ugh. NAKAKAINIS! Ano na naman kaya iniisip nung mokong na yun? Nako, Lord! Baka mamaya pahirapan talaga ako nito! 😞

"Bes! Nangyari sayo?"

"Ay Butiki!" Nakakagulat naman `tong babaeng `to. Parang kabute. Susulpot na lang bigla. Kinabahan ako ha.

"Where? Wala naman ah?" Binatukan ko siya.

"Tangengot! Salamat naman at andito ka na. Ang tagal ha!"

"Kapal ha. Pumunta pa akong locker room para dito sa uniform mo na `to. Tss." Binigay niya sa akin yung palda. Yehey! 😊

"Thanks Bes! Bihis lang ako ha?" Pumasok na ako sa Cr at nagpalit. Buti na lang magkasize lang kami ni Bes. 😊

Pagkatapos kong magpalit, dumiretso na kami sa classroom. 5 minutes na lang kasi at magbebell na.

"Buti na lang at nakahabol tayo."

"Oo nga e. Bes wait ha? May bibigay lang ako kay Yoma." Um-oo naman ako at umupo na. Pagkaupo ko, maraming nakatingin ng masama sa akin. Srsly?

"Uy."

"AY PALAKA!" Nagulat ako kasi may sumundot sa tagiliran ko. Pagkatingin ko, si Bryan lang pala.

"Hoy. Hindi ako palaka!"

"Ganun? Mukha kang palaka e." Bigla ba naman akong binatukan.

"Yabang mo. Ikaw nga yun e. Palakang nagkaroon. HAHAHA!"

"Wag ka ngang maingay!" Tumawa lang siya. Ugh.

"Basta, mas mukha kang palaka."

"Anong ako? Alam ko hindi ako maganda, pero hindi naman ako mukhang palaka noh!"

"Maganda ka kaya."

Bigla akong natahimik. Natulala? Ewan. Nagulat kasi ako e. Tumalikod na lang ako.

"Hey Bryan! Andyan ka na pala. Eya? Nangyari sayo?" Si Andie pala, nakaupo na.

"Wala Bes. Ayan na si Sir." Tinuon ko na lang yung atensyon ko sa teacher. Kahit ba mukhang asungot yun. Naiilang ako, ugh. Dahil ba sinabihan niya ako ng maganda? 😊

"Okay, Since kilala niyo na naman yung isa't-isa. E pwede na akong magdiscuss?"

"Wag muna Sir!"

"Oo nga!"

"Next week na Sir!"

"HAHAHAHA!" Nangyari dito kay Sir Lopez? Nababaliw? 😬

"E-chem. Nevermind. Ang ididiscuss ko lang naman sainyo e yung rules and guidelines sa classroom e. So, ilabas niyo yug handbook niyo and turn to page 3."

Dakdak pa ng dakdak si Sir Lopez pero wala akong naintindihan. Di ako makaconcentrate. Ugh! Bakit ba?!

"Maganda ka kaya."

"Maganda ka kaya."

"Maganda ka kaya."

"UGH NAKAKAINIS!" Nagulat ako kasi napatayo pala ako. Uh-oh.

"HAHAHAHAHAHAHA!" Nakakahiya. Ugh. Tumawa yung mga classmates ko. Leshe.

"May problema ba, Ms. Alvarez? Kanina ka pa tuliro ha? Diba nagpaclinic ka na? Binuhat ka pa daw ni Mr. Lim papunta dun ha."

"Uh... Wala po. Hehe."

"Sige, sit down. 2 hours na lang at uwian niyo na. Wag kang magmadali, Ms. Alvarez. Parang may lakad ka ata e." Umupo na lang ako. May mga tumawa pa pero di ko na lang pinansin.

"Bes! Binuhat ka ni Bryan?" Bulong ni Andie. Pero nakasimangot siya.

"Ha? Ay, Oo. Tss wala yun." Nagsmile naman si Andie nun. Siguro ayaw niya din kay Bryan. Ugh. Tumawa naman bigla yung nasa likod ko. Mahina lang pero rinig mo, boses ba naman nun e. Hindi ko na lang pinansin, baka mamaya magkaroon ng World War dito e. 😬

After two hours, uwian na! Pero may hinihintay kaming marinig.

"Goodbye Class."

"Goodbye Sir! Thank you for teaching us today. See you tomorrow!" LALALALALA! Uwian naaaaaaaa!

"Saan tayo punta, Bes? Gala tayo?"

"**Masama pakiramdam ko e. Bukas na lang? 11AM pa rin naman labas natin bukas e.**" Inayos ko na yung backpack ko. Onti na lang pala kami sa classroom. LOL. Madaming excited umuwi ha. 😊

"**Aww. Osige. Ay, Bryan!**" Napatingin ako sa likod ko, andun pa pala yung mokong!

"**Bakit Andie?**"

"**Thanks kanina ha? Sorry sa abala.**" Whuut? Anong kanina? 😊

"**Wala yun. Sige, alis na ko. Bye Andie. Bye... Eya.**" Tumingin naman ako sa kanya at naalala ko na naman.

"*Maganda ka kaya.*"

"*Maganda ka kaya.*"

"*Maganda ka kaya.*"

"**Ugh! Epal ka talaga Bryan Lim@**" Tumawa lang siya nun at umalis na.

"**Asar ka dun?**"

"**Hindi ba obvious? Ugh. Lika na nga, Bes.**"

Naglakad na rin kami papalabas ni Andie. Sumabay nga kami kay Ella, Garlyn at Sharleen e, Friends rin namin. Kaso nasa kabilang section. 😞

"**Hoy, Ikaw ha.**" Sabi ni Garlyn.

"**Close pala kayo ni Bryan my labs!**" Sabi ni Ella.

"**Di mo man lang kami pinakilala!**" Sabi Sharleen.

"**Leshe! Magtigil nga kayo!**" Grabe `tong tatlong `to, tinadtad pa ako ng mga tanong tungkol sa ungas na yun. LOL. Tawa lang kami ng tawa ni Andie. HAHAHA.

Nung kumaliwa na yung tatlo, kasi dun street nila, kaming dalawa na lang ni Andie yung natirang naglalakad. Mas malayo pa rin yung street namin kaysa sa kanila. Medyo malapit lang yung sa kanila e. Ay basta, mauuna siyang umuwi. Yun na yun.

"**Bes. Bili muna tayo ng ice cream!**"

"**Sige.**" Pumunta muna kami sa **Iccreaman ni Author** at bumili ng aming favorite na chocolate ice cream. (Naks nasama si author haha). Tapos naglakad na uli kami.

"**Bes...**"

"Oh?" Tinignan ko si Andie at ayun, nakangiti ang bruha.

"Nangyari sayo?"

"Ang sweet niya pala noh?" Huh? 🤔

"Sino?"

"Sino pa, edi si Bryan."

"Whuut? Si Bryan? Sweet? HAHAHAHA. Nagjojoke ka? HAHAHAHA. Benta yun ha!" Binatukan naman niya ako. Huh? 🤔

"Tumigil ka nga dyan. Sweet niya kaya." Napatigil ako, don't tell me... nagkakacrush na si Andie kay Bryan? OHNOES.

"Paano naging sweet yun? Teka, ano pala yung nangyari kanina? I'm just curious." Ngumiti na naman siya.

"Sira ka Bes. Uhm, ganito kasi yun. Kanina, diba hinanap niya ako para sabihin na kailangan mo ng extra uniform? Nasa may school supplies station ako nun. Bumili kasi ako ng ballpen. Eh nakalimutan ko, kulang na pala pera ko. Siya na lang nagbayad nun." Tapos ngumiti na naman siya.

"Alam mo, mukha kang tanga kakangiti diyan. May icecream ka pa sa labi mo. LOL." Binatukan naman ako ni Andie. Hindi naman niya hilig mambatok noh? 😊

"Ang sweet kaya. Sabi niya, libre na lang daw niya yun sa akin. Hihi."

"Landi ha. Wala na palang pera. Pero nakabili ka ng ice cream?" Tumawa naman siya.

"HAHAHA. May pera pa pala ako, kaso nasa bag. Di ko napansin. Pero diba? Pinagtagpo kami ng tadhana." Ako naman bumatok sa kanya.

"Baliw. Oh ayan na, bahay mo. Malalagpasan mo pa."

"Ay oo nga! Haha. Gusto mo bang pumasok?"

"Wag na. Uwi na nga ako diba?" Nagpout naman siya.

"Sige, Bes. Bye! Mwa!" Nagbeso naman kami. Tapos ayun, pumasok na siya sa bahay niya. Ako na lang yung naglalakad mag-isa. Forever alone? HAHA. 😊 Loljk~

Pag-uwi ko, naglunch muna ako. Nagugutom na ako e. HAHAHA. Wala si Mama kaya ako na yung nagluto ng lunch ko. Wala rin si Desi. Baka gumala yun. At least ako lang mag-isa sa bahay. HAHAHA. 🤔

Nagfacebook ako sandali, may mga nakatag ngang status sa akin e, puro "**OMG. Ikaw Eya close pala kayo ni Bryan!**" chuchu e. Sows. Di ko na lang pinansin. May biglang nag-add sakin. **Prince B.** Sino naman `to?

Inaccept ko na lang. NagCityville na lang ako. Hehe. Maya-maya, biglang may nagchat sa akin. Yung Prince B.

Prince B: Hi.

Mareplyan na nga.

Prince B: Hi.

Eya Alvarez: Uh. Hello. 😊

Prince B: Sup? Ok ka na?

Eya Alvarez: Teka, You know me?

Prince B: Kaya nga kita in-add e. 😊

Eya Alvarez: Teka, sino ka ba?

bla bla kung ano man nakalagay `pag nagttype pa kachat mo sa fb

Tagal naman nito. Pasuspense pa. Tss. Nagcityville na lang ulit ako, tapos biglang nagpop-up yung convo namin ni Prince B.

Prince B: Maganda ka kaya.

Eya Alvarez: Whuut? Ikaw ba yan Bryan?!

Prince B: HAHAHAHA! 😊 Naniwala ka naman na maganda ka? 😊

Prince B is offline

WTF. Si Bryan yung Prince B! Tengene. Inaasar talaga ako nito. Ugh. :< Niloloko pala ako nito! Ugh. Alam ko naman hindi ako maganda e. Pero ganun ba talaga, makapangasar siya ha!? Ugh. Jirits! 😞 Teka, bat niya sasabihin na maganda ako kung babawiin niya rin! Tengene talaga oh. Sige na, affected na ako. 😞 Jirits! 😞

Tinignan ko yung facebook niya, WOW. Bat di ko napansin? Siya nga! Ugh. Parang private facebook niya e. Onti lang friends niya e. 235. LOL.

Nacurious ako at tinignan ko photo albums niya. Wow. Vain rin `to. Pero napansin ko, gwapo siya sa mga pictures niya ha. Pero di ibig sabihin nun pwede na siyang makapagyabang! Ugh. 😞

May napansin akong album. Nakalagay. "**Me and Bettina**" Ano `to? 😊

Pagbukas ko, puro pictures niya kasama yung Bettina, ang ganda nung Bettina. Syet. Pero sino ba `to? Girlfriend niya? 😊

bzzt

Nagulat ako biglang nagbuzz yung phone ko. Kinuha ko tapos ayun, One new text message.

Fr: Andie'bes.

Bes! Uy. May girlfriend ba si Bryan?

Nireplyan ko siya na di ko alam. Tapos ayun, nagbye na rin siya kasi iidlip siya. LOL. Di ko naman kasi alam yung sagot e. Hm. Sino ba `tong Bettina na `to? Girlfriend niya kaya? Ewan. Naglog-out na lang ako. Tapos umidlip na lang rin ako.

Hm. **Bryan and Bettina?** Mag-ano ba sila? 🤔 Ugh. Di ko alam kung bakit...

*Pero nacurious ako sa buhay ni **Bryan**.*

14.

Bryan's POV

Nauna na ako sa kanilang umuwi. Nakakatawa nga kasi e, Halatang affected si Eya sa sinabi ko kanina.

HAHAHAHA! 😏 Don't get me wrong, **HINDI AKO NAGAGANDAHAN SA KANYA HA**. I just told her that to shut up. Ingay kasi e. Akala mo nakalunok ng megaphone sa sobrang lakas magsalita. 😏 Tss. Buti na lang at may utang siya sa akin. 😏 Hm, ano kayang magandang iutos sa kanya? Maging alalay ko kaya yun for a week? That's a good idea! **evil smile**

Madaming nag'hi sa akin, nagsmile na lang ako sa kanila, yung isa nga, nahimatay e. Srsly? Ano ba `tong school na `to? Tss. 😏

Nasa parking lot na ako, ng biglang nakita ko si **Erick**, nakasandal sa kotse ko.

"Bryan, pwede ba tayong mag-usap?"

"For what?" Problema nito? Di naman kami close. 😏

"Magtthankyou lang sana ako sayo e." Tinignan ko lang siya.

"Bakit ka naman magtthankyou sa akin, Roderick?"

"Dahil sa pagdala mo kay Eya sa clinic. Thanks Dude." Nagpapatawa ba `to? Tinawag pa akong DUDE? Di kami close. 😏

Humarap ako sa kanya, tapos I smirked at him.

"Alam mo, pwede ko yun gawin kasi, unang-una, kaibigan niya ako, at pangalawa, hindi mo naman

kailangan magthankyou sa akin e, kasi, HINDI NAMAN SIYA SAYO."

Mukhang naasar ata si Erick kasi nakaclose-fists siya e. Pakielam ko? 😊

"Excuse me, DUDE. Wag ka na muna sumandal sa kotse ko, kung ayaw mong matamaan ka ng pintuan sa kotse." Umalis naman siya nun.

Anong akala nun? Kung makapagthankyou siya, akala niya sila pa ni Eya. Tengene, bakit ba ako affected? Ugh. E kasi kaibigan ko rin si Eya. Yun lang. 😊

Pag-uwi ko, may mga reporters, wala lang. Kinumusta lang nila ako sa new school experience. Sus. 😊 After ilang minutes, pumasok na ako.

Nagbihis na ako at nagcomputer muna. Ugh, Nakakainis lang. Andami kong poser. Lalo na sa **Facebook**. Tss. Pero onti lang talaga nakakaalam ng facebook ko. May **Twitter** rin ako, yun verified talaga. May 13 million followers lang naman ako dun. Sa **Tumblr**, 12 million.

Nag-update lang ako, tapos inadd ko rin si Eya. HAHAHA. Machat nga.

Prince B: Hi.

Maya-maya, nagreply na siya.

Prince B: Hi.

Eya Alvarez: Uh. Hello.

Prince B: Sup? Ok ka na?

Eya Alvarez: Teka, You know me?

Prince B: Kaya nga kita in-add e.

Eya Alvarez: Teka, sino ka ba?

HAHAHA. Maasar nga. 😊

Prince B: Maganda ka kaya.

Eya Alvarez: Whuut? Ikaw ba yan Bryan?!

Prince B: HAHAHAHA! Naniwala ka namang maganda ka? 😊

** you are offline**

Inoffline ko na baka mamaya magbunganga na naman yun. kahit sabihin nating sa internet lang. LOL. Nilog-out ko na rin yun. Siguro I'll take a nap na lang.

ring ring

Biglang tumunog phone ko. Pagcheck ko, Tumatawag si Mom. Ugh.

"Hello, Ma?"

"Bryan! I've been calling you kanina pa. Why are you not answering?"

"Sorry, Ma. Nagnet pa ako e."

"Shizz, Okay. So, how's your first 3 days there?"

"Okay lang."

"I hope you learned your lesson na. Buti at dyan ka na lang magstay."

"Ma!"

"Enough, Bryan. You'll stay there for the whole school year. Pwede kang magkaprojects, pero dyan lang sa Philippines. Mamaya maririnig ko na naman na you accepted some projects outside the country, lagot ka sa akin."

"Geez, Ma. I'm okay with it. Whatever."

"Tandaan mo na respeto mo na rin `to kay Bettina, pati sa tatay mo. Pati na rin dun sa firefighter, Kung hindi dahil sayo..."

"STOP IT. MOM. Pinamukha niyo na yan sa akin ilang beses na. Kaya quit it! Kaya nga andito na ako diba? I know it's my fault pero tama na!" Naiinis na naman ako kay Mommy. Sht.

"Okay, Bryan. Basta, visit her sometime, okay? Bye." Then the line went blank.

Humiga na lang ako sa bed ko at kinuha yung picture na nasa may side table ko. Picture yun namin ni Bettina, Bigla na lang tumulo yung luha ko.

"S-sorry, kung hindi dahil sa akin, hindi ka mamamatay, andito ka pa sana, B-bettina. I'm really sorry. I miss you... *my half-sister*." Di ko namalayan, nakatulog na pala ako, with guilt evidently found in my face. 😞

15.

Eya's Pov

One week. One week na nakakaraan, inaasar pa rin ako ni Bryan. Ugh. 😞 Friday ngayon at matatapos na yung Physics Class namin. Tapos, Club Time na. oo

"Eyaaaa~ Eyaaaa~" Sabi ni Bryan habang tinutusok ako gamit ballpen niya. Ugh. Kainis na ha. Di ko na lang pinansin, baka masapak ko yung ano niya ng hindi oras e. 😞

kriiiiiiiiiing

"Okay, Class dismissed." Nagtayaran na kami nun at ano pa ba gagawin namin? Mag-aayos ng gamit. 😞 Tapos lumabas na rin kami ng classroom. 😊

"Bes. Anong club mo?"

"Uhm, Sa Writer's Club. Ikaw? Home Economics pa rin ba?" Nagsmile naman siya.

"Magttry-out ako sa cheerleading team." WOW. 😊 Cheerleading team? Sabagay, magaling rin `to sumayaw. 😊 Ako? Wag na. Parehong kaliwa paa ko. 😊

"Well, Goodluck with that."

"Hindi rin ba kayo magttry-out?"

"Hindi. Syempre member nako ng Writer's Club since first year. Kaya di na kailangan. 😊 "

"Daya." Tapos nagpout siya. Ang cute. Pero naffeel kong kinakabahan rin `tong si Andie. 😊

"Si Bryan? Anong club kaya niya?"

"Malay ko. Sige mauna nako. Bye." Nagbeso na kami tapos pumunta sa club na gustong salihan. Minsan, naiirita na rin ako kay Andie. Obsessed siya kay Bryan e! Puro si Bryan bukambibig niya. Ugh. 😞

Ano ba kasing meron kay Bryan? Okay, gwapo siya, smart rin, hot, artista pa, talented, tapos rich pa. So? Hindi pa rin siya all-in-one. Ang hangin niya kaya. 😊

boogsh

"Ouch!" Napaupo ako sa sakit. Natamaan ako ni... Bryan?

"Uy. Eya. Sorry, nagmamadali kasi ako e." Kinuha naman niya yung ibang gamit ko tapos binigay sa akin. Pero napupuno na rin talaga ako e. Sinasadya niya rin! 😞

"Ano ba kasi problema mo? Alam mo, sinasadya mo rin naman kasi e! Lagi mo na lang akong inaasar! Ugh!" Bigla naman siyang tumawa.

"Oh, Bakit ka tumatawa? 😊 "

Linapitan niya ako at hinawakan yung mukha ko. Whuut? 😊 "Alam mo, I like your 'always pikon'style. It makes me notice you. Aminin mo na rin kasi na nagpapapansin ka saakin." Tapos kinindatan ba naman ako! Tinulak ko nga.

"Alam mo, Bryan Lim! Kung pwede lang sana ako lumipat ng planeta para lumayo sayo, gagawin ko yun! Hmp!" Nilagpasan ko na siya at naglakad papunta sa room ng club ko. May mga nakatingin nga sa akin e. Tinignan ko rin sila at umiwas sila ng tingin. Oh ano sila ngayon? BV ako ha. 😞

Onti palang yung nandun, buti na lang at andun na si Lars at Yoma. Mga friends ko rin. 😊

"Huy!" Napatingin naman sila sa akin at nagsmile.

"Naks. Eya, gumaganda ka ata?"

"Oo nga e. Blooming siya."

Sabi nila. Inaasar ata ako nitong mga `to e. Nga pala, si Lars at Yoma, magsyota. 😊

"Tumigil kayo. Oo na kayo na ang may lovelife." Umupo ako sa dulo ni Yoma. May vacant seat pa nga sa tabi

ko e. Oh well, nilapag ko na lang yung bag ko dun.

"Narinig ko yung nangyari ha? Okay ka na?"

"Hindi pa rin, Lars. Pero nakakamove-on na rin naman ako." Pinat lang ako ni Yoma. Ano kayang club ni Errick? Basketball kaya siya ulit? 😞

"Okay, Hi fellow Writers!" Buti na lang at si Mdm. Cheng yung moderator namin. Mabait kasi `to e. 😊

"So, natatandaan niyo ba `to?" Pinakita niya samin yung old newspaper namin.

"Opo."

"Tignan niyo `tong photos na `to. Ang pangit ng quality, right? May mga nagreklamo na rin kasi na maganda nga yung mga articles natin, yung pictures naman yung nakakasira." Oo nga, ampangit kasi e. Si Lars ata nagpicture nun. Tinignan ko si Lars at nagtatakip siya ng mukha. HAHA. 😊

"Wala naman kasi satin marunong kumuha ng good photos. Di naman tayo photographer." Um-oo naman kami.

"So, napagdesisyunan ng academic coordinator, na ipagsama na lang ang Writer's Club at Camera Club. Pasok na kayo, new members." May mga pumasok naman na taga-Camera Club. Pero nagulat ako kasi, **si Bryan?! Taga' Camera Club?!** 😊

"Omg. Si Bryan!"

"Camera Club rin siya!"

"I wanna faint!"

"Kaclub na natin siya!"

"AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!" Nagsigawan nga `tong ibang kaclub ko. Hanubayan. :|

"Okay, Let's welcome them. Meet Bangs, Zee, Eimee, Rachelle, Karina, Ely, Ishe, Feii, Jelou, Patrick, and Bryan." Naghi naman sila. Pero si Bryan, nakatingin lang sakin. Aasarin na naman ba ako nito? 😞

"Upo na lang kayo sa mga vacant seats." Umupo na rin yung iba. Si Bryan hindi pa. Kung kamalas-malasan ba, yung nasa tabi ko na lang yung walang nakaupo. Si Bryan tuloy umupo. Ugh. 😞

Lalo pa akong naasar sa sinabi niya.

"Oh ano? Handa na ba yung spaceship mo?" Tengene. :| Kill me now.

16.

Andie's POV

"Okay, sa mga mag-ttry-out, goodluck. We'll call you one by one." Kinakabahan talaga ako. Pero kailangan ko. Oh boy. 😓 Medyo madami kami dito e. I'm sweating like hell. Wala naman si Bes dito, siya pa naman nagchecheer sa akin. O kaya si Bryan. Hayy. 😞

"Kinakabahan ka ba?" Tanong ni Khye, friend ko na magtry-out rin.

"Oo e. Pero kaya natin yan."

"Sabagay. Goodluck satin!" Naghigh-five naman kami tapos umupo muna habang hinihintay namin yung name namin na matawag.

Alam niyo ba yung reason kung bakit ako sumali dito? Ganito kasi yun. Ehem, dahil crush ko si Bryan Lim. Syempre magtataka ako kung sino ba talaga siya, right? Nagresearch ako about sa kanya at ayun, nakita ko yung isang interview niya sa TeenStar Mag ng America. 😊

Name: Bryan Lim.

Age: 17 years old.

Hometown: Indiana, US.

School: Peyton High. Transferred to a school in Manila.

Talents: Singing, Dancing, Acting, Performing, Hosting. Photography too.

Favorites: Photography, Animals, Basketball, Dark Chocolate.

Ideal Girl(Specific): I like girls who could be themselves. Also, it's a bonus if that girl *loves to dance*.

Mahilig siya sa babaeng sumasayaw. Kaya, ayun, sasali ako dito. Good luck sa akin. **cross-fingers**

"Hernandez, Andrea." Pumunta na ako sa gitna. May 3 judges e. 2 girls at 1 boy. Namumukhaan ko yung 2 girl, yung isa, president ng club na `to at yung isa, si Mdm. Arias. Yung boy lang hindi ko marecognize. Whatever. This is it. I need to show Bryan na pwede ako sa kanya. <3

[*click here for example cheer-out video of Andie*](#)

Nagpalakpakan naman yung ibang nanunuod. Tinignan ko yung 3 judges at ayun, nakangiti lang sila sa akin.

"Thanks for trying out. Next! Mr. Hidalgo, Kevin." Huh? Wait? So pasok ba ako?

"Wait lang po! Pasok na po ba ako?"

"We'll post the list on Monday." Akala ko naman. Nagnod na lang ako, tapos umupo nako. Maya-maya, may pumasok na lalaki, taga-kabilang section `to ha? Halatang hingal na hingal.

"Sorry I'm late!"

"Mr. Hidalgo, better late than never." Nagsmile yung lalaki tapos sumayaw na siya.

[*click here for example video*](#)

May pagkahip-hop yung dating niya. Pero ang galing. Sobra. Hindi ko maalís sa kanya yung tingin ko. Nakakamesmerize kasi siya panuorin e. 😊

Maya-maya natapos na sumayaw yung lalaki. Tapos nagulat ako kasi tumabi siya sakín! 😬

"Ano, Miss? Okay ba sayaw ko? Kanina ka pa kasi nagddrool sakín e." Ay, makapal pala mukha nito. 😞

Eya's POV

Grabe, inis na inis na talaga ako. Pati ba naman sa club na sasalihan ko? Andito rin siya? Ugh. 😞 Habang nag-aassign si Mdm. ng mga articles for each one of us, kausap ko si Yoma.

"Bakit nakabusangot mukha mo dyan?" bulong sakín ni Yoma.

"Wala. Yung katabi ko kasi e."

"Anong meron kay Bryan? Swerte mo nga e."

"Ako, swerte? No way."

"Swerte mo gwapo katabi mo." Narinig kong bulong rin ni Bryan. Napatingin ako sa kanya at inirapan ko lang.

"Whatever. Sus. Photographer ka?"

"Oo. Bakit?"

"Weh? Di nga?"

"Oo nga."

"**Ang sabihin mo, NAKIKIUSO KA LANG.**" Pinitik naman ako sa noo ni Bryan. Ugh. Bakit ba!? 😞

"**Hindi noh. Eto ba ang nakikiuso?**" May nilabas siya sa bag niya, parang portfolio. Tapos binagsak niya sa table ko.

"**Oh yan. Sabihin mo kung nakikiuso ako ha.**" Binuksan ko yung portfolio niya, at wow. **Ang ganda ng mga pictures.** Parang, nacapture niya yung essence ng mga pictures na yan. WOW. 😊 Oo na, magaling na siya. Pero, maganda naman kasi talaga e. Kagaya nitong [picture](#) na `to, pati na rin `tong [picture](#) na `to. Dog niya ba `to? At [eto](#) pa! Ang gaganda! 😄

"Wow! Ang galing!"

"Syet. Ang awesome niya magpicture!"

"Galing! Sana picturan niya rin ako!"

"Siya na!"

Napatingin ako sa ibang kaclub ko at nakikiusyoso sila sa tinitignan ko. Tss.

"**Oh ano? Bilib ka na sakin?**"

"**Oo na.**" Inirapan ko na lang siya ulit.

"**Oh, ano yan? Patingin nga Mr Lim.**" Um-oo lang si Bryan. Inabot ko naman kay Mdm. Cheng yung portfolio ni Bryan at ayun, nabilib rin.

"**Bravo! Mr. Lim. Ang galing mo. This gives me an idea...**" Nagsmile naman si Mdm. samin? Particularly sa akin? Huh? 😊

"**Diba yung iba, naassign ko na sa ibang articles?**" Um-oo naman yung iba. Hindi pa rin nag-aassign si Mdm. sakin e. Baka yung RH Bill na naman ipagawa sakin nito. 😊

"**Why not make an article about Mr. Bryan Lim? I'm sure maraming magbabasa ng newspaper natin kapag ganun.**" Nag-agree naman yung iba. Nakasmile lang si Bryan. Tss. Kapal talaga ng mukha nito e. 😞

"**Uhm. So, Paano po yun? Sinong gagawa ng article?**" Tanong nung isang second year.

"Since si Ms. Alvarez ay close na rin kay Mr. Lim, siya na ang gagawa ng article. Ms. Alvarez. Kailangan mong alamin lahat about Bryan Lim. Okay? Next week yung deadline ng mga articles niyo, including yours, Eya." Ano daw? Ako?

WHAT?! AKO YUNG GAGAWA NG ARTICLE ABOUT SA KANYA?! NO WAY! 😞

"But Ma'am--"

"No buts. Okay, goodbye na. Nagbell na for your information. See you next week!" I can't believe this. Kailangan ko alamin ang lahat ng tungkol sa kanya?

Nagbbye na rin si Lars at Yoma. Ako na lang natitira dito pati si Bryan. Ugh. Napatingin ako sa kanya at ayun, nakangiti ng wagas.

"So, paano ba yan? Eya. You need to spend time with me pala. Hindi mo ako maiiwasan." 😊

"Feeling mo! Para lang yun sa article noh!"

Hinawakan niya yung dalawang kamay ko. **"Alam ko naman na gusto mo rin ako makasama e. Kaya bukas, 2PM, Lover's Lane. Don't be late."** Kinindatan pa ako bago siya umalis. Ugh! Nakakainis talaga siya. 😞

Bakit ba ganun? Do I need to go? Aasarin lang naman ako nun e. T.T Pero, para sa interview, why not? Diba? At? Sa Lover's Lane pa talaga? Eh alam ko, parang for couples lang yung place na yun e! Pero sabagay, malapit lang kasi yun sa place naming pareho e.

Umuwi na ako sa bahay na nag-aalinlangan. Ewan ko, pero interesado rin akong malaman yung history ni Bryan Lim. Whatever. For the article, magsasacrifice ako. Kahit makasama ko man si Bryan buong araw bukas. Hay nako. 😞

17.

Eya's POV

Before 30 minutes e andito na ako sa Lover's Lane. Mas mabuti ng maaga, baka sabihin nun kapag nauna siya, pinaghintay ko siya. Ugh. Atsaka gusto ko ng matapos yung interview para sa article, dahil manunuod pa ako ng My Girlfriend is a Gumih. Andun kaya si Lee Seung Gi. Crush ko yun e. 😊

Umupo muna ako sa isang bench at tinext si Bryan. OO. May number ako ni Bryan. Hiningi ko sa kanya kahapon kasi mamaya, indyanin ako nun. Edi may pang-blackmail ako, ikakalat ko yung number niya kapag di siya pumunta. HAHA. 😏

To: Bryan

hoy. sn k naaaaa?!

After 15 minutes, hindi pa rin nagrereply yung mokong! Ugh. 1:45 na ha?! Baka naman eksaktong 2PM pa siya pupunta dito. Ugh. :| Sabagay, 2PM yung usapan e.

Tumayo muna ako at naglakad-lakad. Wala pa naman siya e.

Ang daming couples naman na nandito. Grabe ha. Sabagay, for couples nga kasi `tong place na `to. Kaso, ang daming nag-PPDA. Hayy. Naalala ko na naman si Erick. 😬 **Erase erase erase!** Kailangan mawala na siya sa isip ko at sa puso ko. I need to move on! May Allison na siya.

Nagulat ako kasi may humawak sa paa ko. Si Sadako ba ito?

"Ate ate! Pwede mo ba kaming picturan?" Ay, bata lang pala. Dalawang bata. Isang babae, isang lalaki. Mukhang mga 8-9 years old ata `to. Ang cucute nila! 😊

"Uhm. Osige! Camera niyo?" Inabot naman sakín nung bata yung dalang digicam niya. Wow ha, bata pa lang may digicam na? Ugh. Ako nga e, sa cellphone lang ako nagpicture. 😏

"1,2,3, Smile!" Ang cute nung dalawang bata. Pero, wait, don't tell me...

"Uy. Mga bata! Kayo ha. Magbf-gf ba kayo?" Nagsmile naman yung batang babae.

"Bestfriend ko lang po ito. Thanks Ate!" Tapos umalis na sila.

Bakit ganun? Biglang pumasok sa isip ko si Erick. Magbestfriends kasi kami. Pero ngayon? Strangers na lang. 😞

Nilibot ko na lang yung place. WOW. Ang ganda! Pang-couple talaga. 😊 May playground rin dito, siguro kung gustong magpakabata nung mga couples. Haha. 😊

Bigla akong napatingin sa watch ko. **2:30 na!** Chineck ko yung phone ko kung nagtext-back man si Bryan, wala. Miniscall ko, hindi sumasagot. Anong nangyari dun? 😬

Wag niyong sabihin na inindyan ako nun?! Baka nalate lang. Ugh.

After 1 hour. YES! 1 hour. Napagdesisyonan ko na uuwi na lang ako. Kaysa naman maghintay ako sa wala diba! HINDI PA KASI SIYA DUMADATING E. 😬

Ng palabas na ako ng Lover's Lane, narinig ko yung usapan nung tatlong babae na malapit sa pwesto ko.

"Oo. Si Bryan Lim!"

"Nandun siya ngayon sa The Mall?!"

"Yup. Mall show!"

"!@#%! Let's go! Maabutan pa natin yun!"

"Oo nga!"

What? Kaya ako inindyan ni Bryan dahil may mall show siya?! Bakit hindi man lang niya sinabi? Maiintindihan ko naman e! 😞

Hindi ko namalayan, sumakay na pala ako ng jeep at papunta na ako sa The Mall. Lagot ka sakín Bryan! 😞

Bryan's POV

"Ready? Bryan? After 5 minutes, you'll perform on stage na."

"**Yup. I'm Ready.**" Iniwan naman ako nung show organizer. Sht. Bakit kasi ngayon pa ako nagkamall-tour e! I really don't know na ngayon. Nagulat na lang ako at sinabi ni Tita K, yung show organizer ko, na may mall show ako ngayon. Ready na ang lahat-lahat. Damn. Di ko tuloy nasipot si Eya sa interview namin ngayon. Ano ng ginagawa nun ngayon? Nalowbat pa cellphone ko kaya hindi ko siya natext. Panigurado, mainit na naman dugo nun sakín kapag nagkita kami. 😞 Oh well, okay lang. HAHA. Asar ko na rin yun sa kanya. Pero bakit nagugilty ako? 😞

Wag ko na lang muna isipin. Ang atupagin ko ngayon ay yung mall show. Pumunta na ako sa stage at ang daming nagsigawan! Ang daming tao. Marami rin pala akong filipino fans. 😊 Well, I'll make them happy today. 😊

"Uh. Hello! I'm Bryan Lim."

"AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!" Sabi sainyo, madaming nagsisigawan at nagtitilian e. Nagsmile na lang ako.

"Uhm, Okay, I'm gonna sing a song I originally made a year ago, and it's also included in my 6th album. So, yeah. I dedicate this song to the girls who had broken their hearts for a jerk. Well, if they can't love you, I'm here for you." Nagsigawan na naman yung mga tao, preferably girls. Tinono ko muna yung guitar then I started singing.

[*Fvcking Perfect - Travis Garland*](#)

**I know how you feel inside,
Your in love and so am I,
But your with some other guy,
I should be the one by your side.**

He cheated, made you feel all good,
I told you that he would,
I knew he'd make you cry.
Your broken, let me make it better,
Glue you back together just give me a try.
Ohh

Pretty, pretty, please don't you ever ever feel
Like your less than f'in perfect.
If you get with me, I wont ever make you feel
Any less than f'in perfect, you'll see.

At his house you found her clothes,
Tried to play you and say whose are those?
He's so stupid here's how I know:
What kind of genius would let perfection go?
Woahh ohh

He's conceded only 'bout himself, he
Loves nobody else and he ain't even fly.
Your broken, lemme make it better,
Glue you back together just give me a try.
Ohh

Pretty, pretty, please don't you ever ever feel
Like your less than f'in perfect.
If your here with me, I wont ever make you feel
Any less than f'in perfect, you'll see.

It's gonna take time girl to heal that hole, (he left)
Exactly how long I don't know,
But you got pain and I know a remedy,
You gotta start kickin' it with someone like me.
Now your over analyzing all of your thoughts,
Start to thinking it's all of your fault.
Baby girl don't you go and blame yourself,
Cause he's just a douche bag, he's just a douche bag.
Ohh yeahh

I was hoping you'd let me replace him,
I would straight erase him,
Right out of your life.

Pretty, pretty, please don't you ever ever feel
Like your less then f'in perfect.
If your here with me, I wont ever make you feel
Any less then f'in perfect, you'll see.

Pretty, pretty, please don't you ever ever feel
Like your less then f'in perfect.
If your here with me, I wont ever make you feel
Any less then f'in perfect, you'll see.

Nagpalakpakan naman yung mga tao. Nagwave lang ako at pumunta na ulit sa backstage. Sunod kasi nito, autograph signing na e. Oo nga pala, bagay yung kantang yun kay Eya noh? Teka!? Bakit si Eya na naman naiisip ko? 🤔 Oh well, guilty lang siguro ako.

"Bryan. Autograph signing na. Labas ka na ha? Pagkatapos mo magchange ng clothes." Nagnod lang ako kay Tita K. Maya-maya, lumabas na rin ako at wow, ang daming nakapila. Etong autograph signing kasi, para `to sa pagppromote ng 6th album ko. I'm surprised na ang dami talagang tao.

Umupo na ako at nagstart na magsign, nakipagshake-hands, nagpaprogram. May isang babae pa ngang nahimatay nung nashake-hands ko siya e. Buti na lang at naagapan. 🙄

After mga 30 minutes, ang dami pa ring tao. Ang sakit na ng hands ko e. Kainis. Pero walang magagawa e, ganyan yung sacrifice ng isang **superstar**. Geez, nakakapagod rin pala. Hindi ko na nga tinitignan yung mga nagpapasign e. Basta, sign na lang ako ng sign.

Nagulat ako sa susunod na nagpasign. Hindi CD yung nilapag sa table, Papel.

HOY BRYAN LIM. ADIK KA RIN NOH? TALKSHIT KA!

(At pinapatamaan mo ba ako sa kanta mo? 🙄)

Napatingin ako sa kanya, syet. Si Eya. Pumunta pa talaga siya dito para sa interview? Mukhang banas na banas na siya e. Asarin ko muna kaya? 🤔

"Magpapautograph ka rin ba? Miss? Asan yung cd?"

Sumimangot naman siya at tinignan ako ng masama. **"Hoy, Mr. Lim. May interview tayo ngayon. Hindi ka sumipot. Sana nagtext ka man lang diba?"**

"Sorry, Nalobot nga ako."

"Hindi ka man lang gumawa ng paraan?"

"May mall show nga kasi ako. I'm busy." Binatukan na naman ako! Oh my God. Nakakahiya yun, madaming

nakatingin kay Eya ngayon. Oh well, patay siya sa fans ko. 😏

"Lagot ka sa fans ko." Tumingin naman siya sa ibang nakapila, yung iba nagreklamo kasi daw bakit daw ang tagal niya ng kausap ako. HAHAHA.

"Ewan ko sayo! Bahala ka nga!" At umalis na siya. Ugh! Bakit ba pinapaguilty ako nitong babaeng `to?! 😞

Hindi pa naman siya nakakalayo e. Alanganamang habulin ko siya!?

Kinuha ko yung mic sa may side ko, at sinabing: **"Hoy! Eya! Bukas na lang. Text na lang kita! Okay? Tomorrow, I'm all yours."** Ang daming nagtilian. HAHAHA. Ano ka ngayon, Eya? 😏 Tumingin naman siya sa akin, kahit nasa malayo na siya.

Alam niyo yung ginawa niya?

Pinakyuhan ba naman ako?! Ugh! 😞

18.

Eya's POV

Sunday na. Ngayon yung interview. Nagtext si Bryan na magkita na lang kami sa Starbucks Morato ng 2pm. Hindi naman siya nananadya noh? 😞 Well, hindi naman niya alam na dun sa meeting place namin e yung place kung saan nagbreak kami ni Errick e. Partida, Sunday pa yun ha! Oh well, 11am pa lang. Naligo na ako, tas syempre, nagbihis, nag-ayos. Nagpaalam na rin ako kay Mama.

Nagsimba muna ako. Sa may dulo na ako umupo kasi wala ng bakanteng seats sa unahan e. Alam niyo ba, hindi ako masyadong makaconcentrate dahil yung katabi kong bata na babae, nanunuod ng video sa iPad niya! Like, hello? Simbahan `to. Respetuhin naman niya diba? Nakaearphones siya ha. Pero ang lakas pa rin ng music. LOL. Sinabihan ko naman pero nung nakita ko yung pinapanuod niya, lalo akong nainis.

Music Video ni Bryan yung pinapanuod niya! Ganun ba talaga kasikat si Bryan? Buti na lang at walang nagpicture sa akin kahapon nung pinakyuhan ko siya. Kapag nagkataon, hala. PATAY AKO SA FANGIRLS NIYA. T.T

Pagkatapos ko magsimba, nagpunta muna ako sa ATC. Wala, bumili lang ako ng ballers tapos bumili rin ng book sa National Book Store. Yung Mortal Instruments! Maganda daw `tong book na `to sabi ni Kei, pinsan ko. Pagkatapos nun, nagpunta na ako sa Starbucks. Mas mabuti ng mas maaga ako noh! Kaso indyanin na naman kaya ako nun? Tengene niya. Pumila na ako.

"Miss. What's your order?"

"I javachip po. Grande." Nung binigay na sakin yung order ko. Napansin ko na yung katabi ko habang umorder, e tingin ng tingin sakin. Nakacap siya tapos naka-nerd na glasses. Oh well, di ko na lang pansinin.

Umupo ako sa may bandang window. Para naman hindi ako magmukhang forever alone noh. Tinext ko na rin si Bryan na magmadali dahil kailangan kong umuwi ng maaga dahil hindi ko pa tapos yung My Girlfriend is a Gumiho e. Lee Seung Gi~ Habang nagdedaydream ako e bigla akong napatingin sa tabi ko.

"Ay palaka!" Sinong hindi magugulat e yung lalaking nakacap at nakanerd glasses yung katabi ko.

"Uhm, Bakit ka dito nakaupo?"

"Wala na kasing vacant table e." Napatingin naman ako sa ibang table, puro walang nakaupo! Niloloko ba ako nito? Oh baka naman stalker ko `to?! 😬 Eto ata yung sinasabi nilang nangkikidnap tapos binebenta yung laman loob e! Pero bakit sa loob ng Starbucks? Bagong modus operandi ba `to?! Tumayo na ako at nagmamadaling naglakad.

"Uy Eya sandali!" Napatigil ako at napatingin kay Mr. Nerd with cap. He knows my name?

"Kilala mo ako?" Tumawa lang siya at lumapit sa akin, may binulong pa.

"Ako si Bryan. Nagdidisguise lang ako. Anong akala mo sakin? Stalker mo? Yuck." Binatukan ko naman siya. Kinabahan kaya ako!

"Tara na nga! Para matapos na yung interview." Umupo na kami ulit sa table namin. Napatingin ako sa drink niya, Javachip rin?

"Gaya-gaya." Tinawanan lang niya ako.

"Ako? Gaya-gaya? Hindi ah. Tignan mo yun." Tinuro naman niya sakin yung parang poster na nakalagay sa wall ng Starbucks. Alam niyo yung nakalagay?

insert picture here

Mr. Bryan Lim

Official Endorser of Java Chip Frappuccino since 2009.

Inismidan ko lang siya at kinuha na yung notebook ko sa bag ko. Pati ballpen, syempre.

"Bakit ka nga pala nakadisguise?"

"Anong gusto mo? Pagkaguluhan na naman ako? No way. Baka mamaya makita pa nilang kasama kita. Baduy ka pa naman."

"Ang yabang mo! Eeeee! Tapusin na nga natin `to."

"Joke lang. Ano ka ba. Alam mo, ang sungit mo."

"Ang yabang mo kasi."

"Tss. Affected ka naman." Nagsmile lang siya. Hay nako. Bakit kasi ako pa mag-iinterview dito e.

"Name mo? Full name ha?"

"Bryan Lim na lang lagay mo."

"K. Uhm, Birthday mo? Kelan?"

"January 12. 1993."

"Parents mo? Buhay pa sila?"

"Oo naman. Para namang gusto mo silang mamatay."

"Sorry naman!" Tumawa lang siya.

"Teka, May kapatid ka?" Biglang lumungkot mukha niya.

"Meron. Dati."

"Bakit dati?" Oops. Bat ko natanong yun?

"You don't need to know." Tumahimik na lang ako.

"Uhm... So, artista ka diba? Kelan pa?"

"3 years old pa lang. Marunong na ako umarte."

"Wow. Ang aga ha. Ano yun, nasa blood niyo na talaga yung talent na yan?"

"Ewan." Wow. Ang tipid sumagot. Hay nako.

"Favorite color?"

"Green."

"Favorite Food?"

"Adobo. Tapos Apple Pie."

"Favorite Sport?"

"Football. Basketball rin."

"Favorite Movie?"

"Teka, ano ba `tong interview mo!? Slumbook?"

"Che! Makicooperate ka na lang."

"Invictus."

"Anong Invictus?"

"Yung favorite movie ko tinatanong mo diba?"

"Oo na." Inirapan ko lang siya. Malay ko bang movie yun!?

"Favorite hobby?"

"Songwriting. Playing guitar. Reading."

"Bookworm ka?"

"Medyo. Books ni Rick Riordan at Dan Brown binabasa ko."

"Nakakapagbasa ka pala." Pinitik ba naman ako sa noo!

"Anong akala mo sakin? Illiterate? Tss."

"Hm. Teka, ilan na yung movies mo?"

"12 movies. 3 tv series. 1 documentary."

"Song albums mo?"

"6."

"Sumasayaw ka rin diba?"

"Oo."

"Ah."

"Marami ka na bang naging scandals?"

"Oo. Meron. 2 lang."

"Di ka ba naiinis sa mga paparazzi's?"

"Hindi. Sanay na ako e."

"Ah. Pero masaya ka naman? Sa pagiging artista mo?"

"Ano ba yan, ang boring ng mga tanong mo! Wala na bang gaganda dyan?"

"Maghintay ka!" Buti at tumahimik naman siya.

"Wait, diba, hilig mo Photography?"

"Yes."

"Since when?"

"Since 8 years old ako."

"Wow! Ambata mo pa, mahilig ka na dun? Galing mo!"

"Thanks." Nagsmile naman siya.

"Hm. Sino inspiration mo sa photography?"

"Si Dad."

"So siya rin yung nagturo sayo sa photography?"

"Oo."

"So close ka sa tatay mo?" Sumimangot naman siya.

"May tatay bang close sa anak? Tapusin na nga yung interview." Nangyari sa kanya? May problema ba siya sa tatay niya?

"Uhm. Mom mo? Musta naman relationship mo sa kanya?"

"Maayos naman."

"Sorry sa pagtatanong."

Ngumiti naman siya. **"Okay lang. Sensitive lang talaga ako pagdating sa tatay ko."**

"Ganun? Sorry talaga."

"Galit na galit siya sakin." Parang naawa ako sa kanya. 😞

"Bakit naman?"

"Can you keep a secret? Please don't write this on the article."

"Oo naman."

"Ako daw kasi yung dahilan kung bakit namatay yung kapatid ko." WHUUT?! Grabe naman. 😞

"Sorry to hear that. Pero parang mali naman yung tatay mo. Intindihin mo na lang. Magkakaayos rin kayo."

"Sana. Salamat ha?" Nagngitian lang kami. Kahit papano, makakausap mo rin pala `tong si Bryan e.

Tumahimik muna kami ng ilang minutes. Walang nagsalita. Pero comfortable yung silence samin.

"Alam mo, friends tayo diba? Pero bakit asar na asar ka sakin? At ang sungit mo kapag nasa school tayo?"

"Hm. E ikaw rin may kasalanan e. Mayabang ka kasi. Conceited much?" Tumawa lang kami pareho.

"Maybe we got off the wrong foot. Sorry. So, friends ulit?" Inabot niya yung kamay niya.

"Sure. Friends." Nagshake-hands kami. Nagkatinginan lang kami. Di ko alam pero parang tumibok yung puso ko.

What the. Binitawan ko yung kamay niya at tumawa naman siya. Awkward.

"So! Uhm. Lovelife mo? May girlfriend ka ba?"

Ngumiti na naman siya at tumingin saakin. **"Wala. Mag-aapply ka ba?"**

Binatukan ko lang siya at tumawa naman siya. **"Eto! Joke lang naman yun e!"**

"Di magandang joke yun! Epal ka. Seryoso na kasi."

"Sige. I'm still searching for the girl e. Sana, she's worth it." Bigla naman tumibok puso ko. Anong nangyari? 😬

Tinuloy lang namin yung interview. Mga 4pm, natapos na. Hinatid niya rin ako sa bahay namin dahil friends na naman daw kami e. 😊

Pagpasok ko sa kwarto ko. Humiga muna ako at nag-isip. Hindi rin biro yung buhay ng mga artista noh? Ang daming kailangan isacrifice. At hindi sila perpekto. After ilang minutes ng pagnilay-nilay, tumayo na ako at nagbihis. *Tapos binuksan ko na yung laptop ko at nagsimulang magtype para sa article.*

19.

Eya's POV

Monday na. Pumasok ako ng maaga ngayon para maipasa ko na yung article. Ambilis noh? Sa Friday pa yung deadline pero ngayon ko ibibigay. Parang ako si Superwoman. HAHAHA.

"Eya!" Pagkatingin ko sa tumawag. Si Andie lang pa. Hingal na hingal siya ha? Problema nito? 😬

"Anong nangyari sayo? Atsaka bakit ka excited?" Ngumiti naman siya. Pero mukha siyang asong nasagasaan ng truck. I swear, ang laki ng eyebags niya.

"Titignan ko din kasi yung results. Sana makapasok ako!"

"Haha. Adik. Sige, punta lang ako sa moderator namin. Kita na lang tayo mamaya." Um-oo naman siya. Nagmadali akong pumunta sa Club Room at, woah. Si Bryan? 😬

"Uy. Ginagawa mo dito?"

"Ipapasa ko rin `tong pictures na pinaassign rin saakin."

"Ah. Si Mdm.?"

"Wala pa siya. Pero sabi ng president ng club, ibaba na lang daw dyan yung articles." Binaba ko na yung article sa table ni Mdm. pero siya? nakaupo pa rin.

"Hindi ka pa pupunta sa classroom?"

"Hindi. Ang aga pa kaya."

"Ah." Teka, ano namang pakielam ko kung magstay siya dun? LELS. Bahala siya. Aalis na nga lang ako.

"Bryan Lim. The lucky guy. He is popular, not just because of his good looks. He has talent and potential." !@#\$. Binabasa niya article ko? Napatingin ako sa kanya at, binabasa niya nga! 😞

"Akin na yan! Ano ba!"

"Tekla. Ako naman yung nasa article na `to ha!?"

"Eeeeh! Hindi pa naman yan ipublish ngayon e! Next week pa! Balik mo na!" Nag-aagawan lang naman kami. Napapahiya ako dito e! Baka mamaya asarin lang ako nito e!

"He loves reading books, He's also fond of animals--"

"Leche ka Bryan! Balik mo na sabi."

"Abutin mo muna." Ang tangkad naman kasi nito e. Badtrip. Di ko maabot yung article ko. 😞

Ayaw mong ibalik ha? Pwes. Gagamitin ko yung charms ko sayo. HAHAHA. 😎

Magpapatute ako. **"Dali na Bryan. Please?"** Yuck. Nakakasuka pinaggagagawa ko. 😞

"Pretty pretty please?" Ibibigay niya na. Ibibigay na~

"HAHAHAHAHAHAHA!" Nasapok ko tuloy ulo ko. Ugh. Tinawanan pa talaga ako? Ewan ko sa kanya. 😞

"Ewan ko sayo." Aalis na sana ako ng biglang hinawakan niya yung braso ko.

"Sorry na. Oh, eto na."

"Bahala ka."

"Eto na nga e. Ayaw mo pa?" Tinignan ko naman siya at mukha naman siyang sincere. Sige na nga. Yes! Galing ko talaga umarte. HAHAHA.

Kaso, nung kukunin ko na yung article ko, bigla na naman niyang tinaas yung kamay niya.

"Abutin mo muna." Tengene talaga.

"Akin na kasi!" Inabot-abot ko pa hanggang sa tumama yung paa ko sa may bag niya.

"A-aaray oomph!" Alam niyo yung nangyari? Nadulas at napahiga lang naman ako... !@#\$.

Sa taas ni Bryan.

OH. MY. GOD. Natulala kami pareho. Awkward! Umalis naman ako kaagad sa taas niya.

"Sorry."

"Clumsy mo naman."

boogsh. imagine niyo yung sound ng pagkaclose ng pinto

Syet. May tao?! May nakakita samin?! 🤔

Nagkatinginan na lang kami ni Bryan.

20.

Andie's POV

Eto na, papalapit na ako sa bulletin board na makakapagsabi kung nakapasa ba ako sa Dance Club o hindi. Naku po Lord! I really wanna be a part of it. Gusto ko rin sumayaw noh, hindi lang sa kadahilanang gusto ni Bryan my labs na sumayaw. Well, parte rin siya nun. 😞 Pero gusto ko lang talaga sumayaw.

Pagkatingin ko sa list na nakapost dun, wala yung name ko.

ANO BA YAN! Nakakainis. Nadidissapoint tuloy ako sa sarili ko. Bakit ganun? Ginalingan ko naman ha. Ajujuju. 🙄

Maghome-economics club na naman ba ako? NOOOOOOOOOO! Gusto ko sumayaw, hindi maglinis at magluto!
Ugh. 😞

Napabuntong-hininga na lang ako at napayuko. "*Nakakainis.*"

"**Anong nakakainis, Miss?**" Napatingin ako sa nagsalita, teka, eto yung medyo mayabang na magaling sumayaw sa audition ha?

"**Wala.**" Bigla naman niyang hinila yung ID ko.

"**A-ano ba?!**"

"**Hindi ka nakapasa sa audition, Miss Andrea Hernandez, kaya malungkot ka, tama ba?**" Napasimangot tuloy ako.

"**Ano ka? Manghuhula? Tss.**"

"**Ako, nakapasa oh. Kevin Hidalgo.**" Tinignan ko lang siya ng masama. Nagyayabang na naman ba `to? 😞

"**Anong paki ko? Dyan ka na nga!**" Tumalikod na ako at naglakad kaso nahila na naman niya ako. "**Ano ba!**"

"**Gusto mo ba talaga pumasa?**"

"**Hello!? Hindi na nga ako nakapasa diba? Nang-aasar ka ba?!**"

Ngumiti lang siya. "**I can give you another chance, tutulungan kita.**"

Tinawanan ko lang siya. "**Judge ka ba? Judge?!**"

"**Hindi. Pero yung kapatid ko? OO.**" Nashock naman ako nun. Ehem.

"**Sorry naman! Tekka, sino?**"

"Si Krista Hidalgo. Sister ko."

"Y-yung nanalo sa dance competition sa New York?! Yung alumni na dito pero bumalik para maging moderator ng club?"

"Yup." WOW. Si Krista, she's a LEGEND. Basta, nabalitaan ko, pupunta na yun sa States, may importanteng event dun.

"Eh bakit siya andito?"

"Gusto niya ako bantayan. Atsaka, sabay kaming pupunta sa States. Important event."

"Okay."

"So ano? Tutulungan ba kita? Ngayong Friday, mag-audition ka na lang ulit. Sasabihin ko sa sister ko na bigyan ka pa ng 2nd chance." Tinignan ko lang siya ng mabuti. Etong mahangin na `to, tuturuan ako? Hindi kaya mabara ko lang `to at masapak? 😊 Pero wala namang mawawala sakín diba?

"Sige. Game." Nagsmile naman siya nun at hinug ako. Huh?!

"U-uy! Teka. Bakit mo ako n-niyayakap!" Tumawa lang siya.

"Ang taba mo kasi. Mamaya, uwian ha? Front Gate. Ge, bye!" At umalis na siya. Ano daw?! Mataba ako!? Ang yabang talaga! 😞

Kanina lang, wala na akong pag-asang makapasok sa Dance Club, tapos biglang sumulpot si Kevin from nowhere, biglang nagkaroon ako ng 2nd chance? 😊

Hinanap ko na lang si Eya at si Kevin. Ang alam ko, pareho silang club e. Wala namang malisya yun, magkakaibigan kami. Atsaka, alam ni Eya na gusto ko si Bryan, diba?

Habang papunta na ako sa Writer's Club room, may nakita akong tumakbo papunta sa kabilang hagdanan ng school. Isang babae. Galing rin yun sa club room ng Writer's Club? Oh well, baka writer rin. Di ko namukhaan e. Kaso bakit nagmamadali?

Pagbukas ko ng pinto, nakita ko si Eya at Bryan, nakaupo sa floor. Parang tulala. Nangyari sa dalawang ito? 😬

"Pst."

"AAAAAAA! Ginulat mo ako bruha ka!"

"Tulala ka e." Nilapitan ko silang dalawa. **"Anong nangyari sainyo? Bat kayo nakaupo sa floor?"**

"Ikaw ba yung nakakakita samin? WALA YUN HA!"

Anong pinagsasabi nitong si Eya? **"Ano ba yun? Kakarating ko lang ha."**

"A-akala ko may tao. Hay! Salamat naman. Baka hangin lang yung nagsarado ng pinto. Hehehe." Pero halatang worried siya. Napatingin naman ako kay Bryan, nakangisi lang.

"Bakit ka nakangisi diyan?"

"HAHA. Wala, nakakatawa kasi mukha ni Eya e."

"Ewan ko sayo! Pasaway ka kasi e!"

"Gusto ko lang naman mabasa article mo ha? Ako naman yung sinulat mo dun!"

"Eh ayoko nga! Nakakahiya e!"

"Ang arte mo naman!"

Habang tinitignan ko sila, natatawa rin ako. Para silang aso't-pusa e. Bangayan ng bangayan. Kaso alam mo yung feeling na kumirod yung puso mo sa nakikita mo? Nararamdaman ko yun. Kaso, wala namang malisya yan, diba? 🙄

"Guys, mauna na ako sa classroom ha?"

"Teka, nangyari sa audition mo? Nakapasa ka?"

"Nope. Pero may 2nd chance ako."

"Talaga! That's good. Kwento ka Bes!"

"Sabay-sabay na tayo pumunta sa classroom." Napatingin ako kay Bryan na nakasmile sakín, ang sweet ng smile niya. Pero yung tumingin siya kay Eya na parang naiiinis? Sumasakit yung puso ko. Ako naman yung nginitian niya diba?

Nagseselos ba ako? Wala naman akong karapatan diba? Sapat na siguro na gusto ko siya. Hay nako.

"Lika na nga guys!" Naglakad na kami pabalik sa classroom, nagkwentuhan, pero hindi pa rin matanggal ang jealousy sa puso ko.

Kailangan ko na siguro sabihin kay Bryan yung nararamdaman ko.

21.

Eya's POV

Friday na. After ng school, umuwi ako kaagad dahil ayoko gumala. Nakakapagod kaya. Alam naman ni Andie at Bryan yun e. Oo, si Bryan, sumasama na siya sa amin. Kaibigan na rin namin siya kahit papaano. Miski epal yun. Lels. Okay, mabait naman siya at masarap kasama. Kaso, ewan ko ba, ang yabang pa rin e. Dagdag mo pa yung fact na kapag hinahabol siya ng fans niya sa Campus, pati kami, nadadamay. Lels. Si Andie, ewan ko ba dun, may practice daw siya para sa dance club niya. Mag-audition daw siya ulit e. Namimiss ko tuloy siya. Basta, may kasama daw siyang

classmate namin na magpractice. Kevin ba yun? Gwapo nga e. Bagay sila. =)

"Ate! Patulong naman dito sa assignment ko. Dali na! Magaling ka sa Chemistry diba?"

"Che! Ikaw na gumawa niyan. Gusto ko matulog. Mamaya na lang siguro." Binatuhan lang ako ni Desi ng libro. Binelatan ko na lang siya. HAHHAHA. Ang sama ko. K. 🤔

Pag-akyat ko. Biglang nawala antok ko. Hay. Nag-internet muna ako. Nagtumblr, tapos nagfacebook. Biglang tumunog yung cellphone ko.

Fr: Lars

Eya. Yung newspaper. naprint na lahat! Ang ganda ng article mo. Nabasa ko na e. (:

Nagthank-you naman ako sa kanya at bumalik sa pagenet. Sabi din ni Lars, mababasa ko daw yung newspaper namin sa website ng school. Naglog-in na ako at ayun, napindot ko na yung link para sa newspaper. Astig nga e. Pwede mo na siyang basahin kahit sa Monday pa yung release nun. 🤔📱

Magaganda naman yung article. Ang gaganda na nga nung mga pictures e. Nakatulong talaga yung Camera Club samin. Maganda rin naman yung pagkalabas ng article ko tungkol kay Bryan. Sa katunayan nga, halos 200 na yung nagcomment. Kakapost lang nito kanina diba? Sikat pala talaga yung mokong na yun kahit sa school. Binasa ko yung mga comments. Eto yung iba.

#1. posted by gandako.

OMG. Ang hot talaga ni Bryan dito sa picture niya na `to!

#17. posted by chubachuchu.

Ang nice pala ng life niya. =))

#36. posted by bryloverforever.

Favorite color, favorite food, favorite hobbies, alam ko na! Thank you for this!

#69. posted by hotdog.

Ang astig niya. Idol ko na siya.

#82. posted by rocketdream.

More movies pa sana! Can't wait for it!

#105. posted by yomayomayoma.

Swerte ni Eya! Siguro natutunaw siya habang iniinterview niya si Bryan!

Grabe naman. Matutunaw? Pwede pa sana kung maiintimidate yung term e. Pero matutunaw? Ano ako? Ice cream? At talagang si Yoma pa yung nagpost ha? Epal talaga yung babaeng yun. HAHA. Sumbong ko kaya siya kay Lars e. 😊

Binasa ko pa yung ibang comments. Hanggang sa mapukaw ng atensyon ko yung isang nagcomment.

#176. posted by anonymous21.

Siya yung girl na nakita ko kasama si Bryan sa lab. May proof ako.

Bigla akong kinabahan. Alam mo yung natuyo yung laway mo sa lalamunan mo dahil sa nabasa mo? Ganun nararamdaman ko ngayon. Anong picture? So may nakakita pala talaga samin ng naka-awkward position? Naku po. Baka kung ano isipin nila! 😊

Binasa ko pa yung ibang comments. Yung iba, tinatanong kung ano yung picture na yun. Hinihingi yung link. Naku po, sana naman hindi ibigay nung anonymous21 yung link! Atsaka sino ba `to?! Nakakaasar. Baka kung ano mangyari! Baka magkascandal pa kami! NAKU PO. LAGOT AKO SA FANS NI BRYAN KAPAG NANGYARI YUN! 😊

Kaso, hindi ata umaayon ang kapalaran sa akin e.

#201. posted by anonymous21.

ETO YUNG LINK NG PICTURE GUYS. IKALAT NIYO!

Clinick ko at nagulat ako sa nakita ko.

imagine niyo yung picture na nasa lab si Bryan at Eya, tapos nasa taas ni Bryan si Eya.

Syet. Syet. Syet! TANGINA! 😊😊😊

Paano na yan?! Nakita kong may higit sa 350 na yung pumindot na nung link. Kakalat `to! Paano na ako?! Paano na si Bryan?! Paano na kami?!

Nagulat ako dahil biglang tuloy-tuloy yung tunog ng cellphone ko. Ang daming nagtext. Kinakabahan tuloy ako. Ang lakas ng dibdib ko.

Yung mga nagtext. Galing sa ibang kaibigan ko. Tinatanong kung ano yung nangyayari samin ni Bryan. Kami na raw ba? Teng-ene. I'm freaking out here! 🤔

Pero may 4 na text lang ang nakagulat sakin.

Fr: Allison

Malandi ka pala talaga. Nice one. Patay ka sa Monday. Susugurin ka namin ng Bryanbelievers. Papasok na ako sa Monday, so, get ready. HAHAHA.

Anong problema nitong babaeng `to? Edi bumalik siya! Di ko nireplyan. Nakakainis e.

Fr: Errick

What the hell is that Eya? Ambilis mo naman makahanap ng pampalit sakin!

Bigla akong nalungkot na nainis. Grabe siya makajudge. Atsaka, siya nga, pinagpalit na ako nung kami pa e! Wala na talaga siyang kwenta. Nireplyan ko na lang na wag muna siyang magtext sakin kung hindi niya naman alam yung nangyari. Tss.

Pero, akalain mo yun? Ilang araw ko na siyang hindi napapansin at naiisip ha? Nakamove-on na kaya ako? Pero nasasaktan pa rin ako. Ewan. Bahala na. Binasa ko pa yung 2 text.

Fr: Yabang'Bry

Eya! Nakita mo na. Paano na yan? Masisira image ko kasi ikaw yung kasama ko sa picture! Huhuhu.

Para namang bata `to. Nireplyan ko nga na tumahimik muna siya dahil nasstress ako dahil sa kumalat na scandal na yun. Bakit? Siya lang ba mapapahamak? Ako rin diba?! UGH.

Pero yung last na text talaga ang nakasakit sa damdamin ko.

Fr: Bes'Andie

Traydor ka. Wag mo na akong kakausapin kahit kelan. Bahala ka na sa buhay mo.

Pati ba naman siya? Ganun ang isip samin? Bakit hindi niya muna intindihin yung nangyari?

Bakit ba kasi nangyari pa `to? Dahil lang sa maling akala, maraming nagalit sakin?

Bumalik ako sa pagnenet at halos 1000 na yung nagcomment. Malandi daw ako, tapos hindi daw kami bagay ni Bryan. Syet. At bakit daw ako nasa taas niya? Kami na raw ba or sineseduce ko ba siya? Naiiyak tuloy ako sa mga nababasa ko. Parang, ambilis naman nila magjudge. Dahil lang sa isang picture? Isa lang ang nasisigurado ko.

May scandal na ako kasama si Bryan Lim. At alam ko, sa buong mundo, kakalat yan. Ano nang mangyayari sakin? Naiiyak tuloy ako. 😞

22.1

Eya's POV

Ayokong pumasok sa school.

Nakakatrauma kaya. Nakakatrauma na pinag-uusapan ka sa internet forum ng school niyo. Nakakatrauma na pati sa ibang forums sa ibang countries, ikaw ang pinag-uusapan at pinagppiestahan. Sinasabihan ka ng !@#\$, malandi, tapos kung anu-ano pang nakakahurt na description. Teka, ano ba kasing mali na nagawa ko? Wala naman ha. Nagkataon lang na may nagpicture samin ng ganun. Mamatay na sana yung nagpakalat. 😞

Kung tutuusin, okay lang naman na machismis ako. Sanay na naman akong pinag-uusapan. Dati nung naging kami ni Erick, ganun rin. Pero mas grabe ngayon, pati ba naman buong mundo, pinag-uusapan ako! Take note, 2 days pa lang since kumalat ha.

Monday na ngayon at ayokong pumasok. Gusto kong matulog, baka mawala pa `tong nightmare na nangyayari sakin. 😞

Isa pa, galit sakin si Bes.

Hindi ko talaga maintindihan si Andie. Bakit siya ganun? Dapat nga siya makaintindi ng totoo e. Kaso, ayun, tanga, nagpapaniwala sa mga chismis. Bestfriend ko siya diba? Mas pipiliin niya pa yung pag-ibig sakin? :| Ewan ko sa kanya.

Tapos etong si Erick at Allison, umeepal pa. Nakakainis. Alam niyo bang, unti-unti na akong nakakamove-on? Tapos kung kelan may issue na naman ako, saka na naman sila magpaparamdam. Etong si Allison, akala mo walang boyfriend, tss. Bryanbelievers, whatever.

Pero natatakot rin ako ngayon. Mamaya matorture ako. Ng Bryanbelievers. :|

"Ate. Papasok ka na? Sabay na tayo." Buti pa `tong si Desi. Dinadamayan ako. Pero gaya ng iba, hindi siya naniniwala na hindi kami ni Bryan. Heck, inaasar nga ako e! Grabeng sister, supportive. NOT. 😏

"Sige, mauna ka na sa labas. Susunod na ko." Um-oo naman siya.

Dalawa lang pala kami ng kapatid ko sa bahay. Wala si Mama e. Nagulat ako, may business na gagawin siya kasama yung Tita ko. At ang chaka, sa Europe sila for 5 months. Buti nga hindi pa kumakalat yung chismis dun e.

Inayos ko na yung backpack ko at lumabas. Sabay na kami ng kapatid ko pumunta ng school. Grabe, pagdating ko sa front gate ng school, nagulat ako sa nakita ko.

Reporters, tapos maraming taga-Media. Mga press ata `to? Anong nangyayari? 😲

OHNOES. WAG MONG SABIHIN ANDITO SILA PARA INTERVIEWHIN AKO?!

Lakad. Lakad. Tatakas ako... Hindi ako papasok...

"Look! It's Miss Alvarez. Miss Eya!" Syet! Nakita nila ako. 😲 Napatakbo ako ng di oras. Sinusundan nila ako! OH MY GULAY NA LANTA! Takbo na parang kabayo! 😲😲😲

Takbo ako ng takbo papuntang back gate. Hingal na hingal na nga ako, di pa rin nila ako tinatantanan! Lagot ka sakin, Bryan. Hukluban ka. Dinamay mo ako! :|

"Aaaaaaaah Miss Eya chill!" Letse kayong mga reporters! Ugh.

Malapit na ako sa back gate ng school. YES! Ng biglang may humawak sa braso ko.

"Eya?! Why are you running?" WRONG TIMING NAMAN `TONG SI BRYAN! Naabutan tuloy kami ng reporters. 😞

"Tamo! Naabutan tuloy tayo." Nakakainis kasi e! Dumating pa kasi. Tae.

Pinalibutan na kami ng mga reporters. Puro flash ng mga camera nila, ang sakit sa mata! Wala akong maaninag. Kasalanan ni Bryan `to e! Tinry kong tumakbo pero nacorneran kami. Padami ng padami yung mga umuusisa. Nakakahiya. Naiiyak ako dahil sa sobrang hiya. 😞

Nagulat ako ng bigla akong niyakap ni Bryan. Why did he suddenly...?

"U-uh, Bryan bitawan--"

"Please. Let us enter the school in peace. My girlfriend is not really feeling well right now." Oo nga. Mga epal `tong mga reporters-- Wait, What? GIRLFRIEND?

SO TOTOTOHANIN NAMIN?! 😞

"B-bryan!"

"We'll have an interview soon. Please leave. Thank you. Let's go, Babe." Anong tawag niya sakin? BABE?! 😞

Nagkagulo yung reporters. Pero dahil distracted sila. Biglang hinawakan ni Bryan yung kamay ko at hinila, tumakbo kami papuntang back gate.

Dugdug. Dugdug.

Haaaaaaa? Nangyari sa heartbeat ko? Siguro dahil lang sa kaba kanina. Pero bakit yung rate nito, parang naabnormal? = _____ = Di kaya may sakit ako sa puso?

to be continued...

22.2

Eya's POV

Pagpasok namin sa loob ng school, dumiretso kami sa may mini garden ng school, di ko napansin na nakaholding-hands pa rin kami. Agad naman kaming nagbitaw nung napansin naming pareho. Ang awkward kaya.

Silence.

Di ako makapagsalita. Natameme ako e, kasalanan ko ba? Kung maexperience mo kaya yung nangyari sakin ngayon? Bigla ko tuloy naalala...

"HOY. Bakit mo sinabing girlfriend mo ako? Atsaka, ano yung babe-babe na yun?!" Bigla niya naman akong binatukan. Epal `to! 🙄

"Kapag hindi ko sinabing girlfriend kita, sasabihin nilang malandi ka, slut ka, flirt ka. Buti nga yun e, pinagtanggol pa kita. Kasi nga, may picture tayo na nasa taas kita." Siya naman nabatukan ko. Grabe kasi yung term niya e.

"So kelangan sabihin na nasa taas mo ako?"

"Alanganamang nasa ilalim kita? Bobo."

"Aba. Makabobo ka! Sabihan mo pa ako ng bobo mapapatay--"

"Bobo ka." Ugh. Help me please. Gusto kong saksakin si Bryan ng ice pick. O kaya kahit anong matalas na bagay. Right now. =__=

"Ewan ko sayo." Umupo na lang ako malapit sa mga roses. Ang astig rin ng school namin, mga 8 kinds of roses siguro nandito. Grabe, ang babango!

"Wow... May red roses, white roses... Pati yellow! Pati blue! Pati green!" (Isipin niyo manghang-mangha siya sa mga roses)

"Mahilig ka pala sa roses." Hindi ko lang siya pinansin. Ang ganda ng mga roses. Mamaya madistract ako sa kapangitan niya e. =____=

Naalala ko tuloy...

Flashback

3rd monthsary namin ni Erick. Uwian nun e. Kakatapos lang ng klase nun at pinahintay niya ako sa may front gate.

Lumipas ang 1 oras, hindi pa rin siya dumating. Saan kaya nagpunta yun? Baka inindyan na naman ako nun. Nakakairita.

Biglang nagvibrate yung cellphone ko, nagtext siya! Buti naman.

Fr: Babyko~

BABY. nauna na akong umuwi. sorry. onga pla, pnta kang clasrum, naiwan ko ung gitara ko e, pakuha na lang. thanks.

NAINIS AKO BIGLA. Grabe, di niya na nga ako pinuntahan dito, inindyan na ako, tapos uutusan pa ako!
NAKAKAASAR. 😞

Pero dahil monthsary namin, magiging mabait akong girlfriend. Sumusunod. Ugh. Ano ako aso? Whatever. Kukunin ko na lang yung gitara niya tapos idadaan ko sa bahay nila. Saka ko siya tatakutin. Kunwari makikpagbreak ako. E bakit ba?! Naiinis ako. 😞

Pagdating ko sa classroom, nagulat ako sa nakita ko.

Punong-puno siya ng mga roses. Yung iba, nasa bouquet, yung iba, nasa pot. Tapos, nakita ko pang may heart-shaped balloons na nakasabit sa dingding ng classroom namin, bawat balloon, may letter na nakalagay. Alam niyo yung message?

"HAPPY 3RD MONTHSARY BABY. I LOVE YOU."

Napaluha naman ako nun. Hinanap ko si Erick at pagkatingin ko sa likod ko, andun siya.

Nakangiti.

"Surprise!" Sabi niya pa. Saka niya ako niyakap ng mahigpit.

Nakakamiss yung nangyaring yun. Ang saya-saya lang. Ang saya-saya...

End of flashback

"Eya. Uy..." Ano ba naman `tong si Bryan. Nagmomoment ako dito e.

"Bakit na naman ba?!"

"Chill. Highblood ka masyado. Ayaw mo pang pumasok sa classroom?"

"Cutting muna tayo."

Grabe, ako ba yung nagsalita? E sa wala akong ganang pumasok e. Ggyerahin lang ako ng mga classmates at schoolmates ko na adik kay Bryan.

"Sige." Taray.

"Paano na tayo, Bryan? Magpapanggap ba talaga tayong magboyfriend-girlfriend? For how long? Ayoko..." Ngumiti naman siya.


"Ayaw mo nun? Magiging girlfriend ka ng pinakagwapo at pinakahot na tao sa buong mundo?" Grabe talaga. Ang hangin. =_ =

"E bakit, tao ka ba? Edi ba, monster ka? KISSING MONSTER PA NGA E!"

"OY OY. AKALA MO NAMAN ANG SARAP MONG HALIKAN! FAKE LIPS!"

"LETSE! MAS FAKE LIPS MO! ATSAKA, BAKLA KA! PUMAPATOL KA SA BABAE!"

"BAKIT BABAE KA BA?!"

Onti na lang, mapapatay ko na si Bryan. 

"Time-out. Let's be serious, Eya. Magiging girlfriend na kita sa gusto mo at sa gusto mo." Tss. Gusto at gusto talaga ha?

"Di kita gusto uy."

"Sus. Kunwari ka pa." T.T Mapapatay ko `to. I swear. **"Anyways, naisip ko na gawa na lang tayo ng contract."**

"Contract? Paanong contract? Hindi ba pwedeng i-deny na lang natin?"

"Ang kulit mo naman Eya! Lalo tayong mapapahamak niyan. Tae. Masasabihan ka ngang malandi e! Atsaka, isa pa, baka mamaya lalo akong guluhin ng press. Para matahimik rin buhay ko kahit papaano. Hindi naman tayo magpapakasal e!" Paano napunta sa usapan ang kasal? =_ =

"Wag mo akong sigawan! Hindi ako bingi. Hayy, explain mo nga!"

"Well, may rules tayo. Gagawin natin yung contract mamaya ng uwian. Okay? Kelangan natin

pumasok. Wag na tayo magcutting. Mamaya madetention pa tayo ni Sir Lopez."

"Mas trip ko pa ngang madetention e." >_<

"Wag ka nga. Alam ko na you're having a bad time. Sorry. Kung hindi lang sana tayo napicturan e, walang issue."

"At kung sana hindi ka artista, hindi lalaki yung issue..."

"Kasalanan ko?"

"Hindi hindi. Kasalanan nung pader. Tae, bobo ka? Kasalanan nung nagpicture, malamang."

"Taena. Oo nga pala, kung sino man yung may gawa nun, lagot yun sakin!"

"ITAPON NATIN SA ILOG RIVER YUNG TAONG YUN!"

"TAMA! TAPOS SABAY IPAKAIN SA CROCODILES!" Nag-apir pa kami nun.

Teka, crocodiles? Ang corny naman ng taong `to. T.T Pero hindi ko na lang sinabi kasi baka awayin na naman ako nito e. =_____ =

"Lika na, punta na tayo sa classroom."

"Sige." Tumayo na ako at tumayo na rin siya. Habang naglalakad kami, nagulat ako nung bigla niyang hawakan yung kamay ko.

Dugdug. Dugdug.

HALAAAAA. Anong nangyayari sa puso ko? Pangitain ba `to na may masamang mangyayari sakin? O.O Erase erase. Baka wala lang `to. Sobrang pagod.

Tae naman. T.T Nakahawak pa rin siya sa kamay ko. Ang dami na kayang nakakakita samin sa hallway.

"Oy bakit mo ba hinahawakan kamay ko?" Bumulong siya sakin ng...

"Kasi, girlfriend na kita."

Dugdug. Dugdug.

Ano ba naman `tong puso ko. Oa na masyado ha. Abnormal na yung heartbeat. Kailangan ko na ata magpacheck-up e. Tsk tsk.

23.1

Eya's POV

Pagkapasok namin ng classroom. Lahat sila, napatingin samin. Saka napatingin sa kamay namin.

OMG. NAKAHOLDING-HANDS PA PALA KAMI! T.T Automatic naman na nagbitaw kami. Nahihya ako. Tae. 😞

Mas malala, inasar pa nila kami. Eto lang naman ang iba sa inasar nila samin.

"Eya, Bryan! Ang sweet niyo. Tae kayo nilalanggam ako!"

"Di ko inexpect na magiging kayo. Pero grabe, bagay pala kayo!"

"May bago na namang love team sa classroom!"

"At sa buong campus!"

"At sa buong mundo!"

"KAYO NA. KAYO NAAAAAAAAA!"

"BREYA FAN NA AKO!"

"Ako rin!"

"Me too!"

ANG OA NILA. > _____ < Bigla akong napatingin kay Erick. na katabi si Allison. Nagbalik na pala si bruha.

Processing...

Processing...

Processing...

Weird. Bakit ganun? Parang hindi ako nasaktan nung nakita ko silang dalawa? Di ba dapat maiiyak na naman ako gaya sa dating chapters na ginawa ng OA na magandang author na si Ella? (TAE. HAHAHAHA. TRIP KO UMEXTRA E BAKIT BA? XD)

Well, whatever. Manhid na rin siguro ako. >_____<

Umupo na lang kami sa upuan namin. Nasa likod ko siya diba, ayun, buti na lang at tumahimik siya. Wait, katabi ko pala si Andie!

Pagkatingin ko sa mukha ni Andie, tae, galit pa rin ata siya e. Hindi niya ako nililingon e. Baka nagtampo na naman. T.T

Wala pa naman si Mdm. Reyes e, yung Music Teacher namin. Kaya mas mabuti na lang na kulitin ko ang matampuhin kong bestfriend.

Kilala ko `tong si Andie, onting kulit lang dyan, bibigay na yan. =))) NYAHAHAHA.

"Andieeee..." Tinusok-tusok ko siya ng ballpen. Di pa rin lumilingon. Partida, G-Tec na ginagamit ko ha. Mahal rin yun. 😊

"Uy Bes..." Hindi pa rin siya lumilingon. Tae naman.

lightbulb bigla sa utak

ALAM KO NA!

"Bes ko.... Wag ka ng magtampo. Lilibre kita carbonara mamaya!" Nagpout siya bigla pero hindi pa rin ako pinansin.

ANAK NG?! TINANGGIHAN NIYA ANG LIBRE? GULAT AKO DUN HA. 😊

"Bes ko... Wag ka ng magalit. Uy bes... Uy bes... Pansinin mo naman ako." Nagulat ako nung bigla siyang humarap saakin. Nginitian ko siya. Nako, makikipabati na yan si Andie!

Kaso, alam niyo ba yung sinabi niya?

"I don't want to talk to you, Eya. Please shut the hell up."

T_____T

Ang sakit nun. 😞 Tae siya. Tapos humarap na lang siya sa board nun. Habang ako, tameme lang.

Napatingin pa ako sa likod ko kung saan nakatingin lang si Allison samin, nakangiti pa. Tae talaga. T.T

So, ganun-ganun na lang? Yung 2 bestfriend ko, hindi ko na bestfriend ngayon?

Una, si Allison, trinaydor ako, ngayon naman, si Andie, mawawala sakín dahil sa isang maling akala?

"Tss. What a friend." Narinig ata ni Andie yun, pero wala na akong pakielam. Isipin niya na yung gusto niyang isipin.

Grabe, kung tutuusin, dahil kay Bryan lahat `to nangyari e! Kung hindi pa sana siya dumating sa buhay ko, hindi `to mangyayari.

Tae, ang bad ko naman sa kanya. Hindi rin naman niya kasalanan e. Naguilty tuloy ako.

Bigla tuloy nagflashback yung mga nasabi ko sa kanya dati. Grabe, inaapi ko pala siya? HAHAHAHA. 😞 Nyak, natawa pa ako.

All this time pala, ako yung may mali. Ako yung umaaway sa kanya. Sinisigawan siya. Tapos ayoko siyang nakakasama. Ang sama ko pala. Kaibigan ko pa naman siya. T.T

Pero, siya rin naman e! Pinapatulan rin ako. Dapat intindihin niya rin na madaling mairita ang mga babae! Oh well, pareho kaming may kasalanan. Magpapakabait na nga ako.

Total, kelangan na rin naming magpanggap diba? Mabuti pang maayos yung relationship namin ngayon.

K. Pinagsosorry ako ni Miss Author. Ajujuju~ Sige na nga. Magsosorry na ako sa kanya sa lahat ng kaepalan na nagawa ko sa kanya.

Tumalikod na ako at magsosorry na sana kaso pagkatalikod ko...

tsup 🙄🙄🙄

Bakit ba kasi pagkatalikod ko, saktong nakasandal pala siya sa armchair ko diba?

Napatulala lang kami. For the second time. Deja vu? 🤔

to be continued...

23.2

Eya's POV

"Nakita niyo yun classmates?"

"Ang sweet nila!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

"Waaaaaaaaa~! They kissed!"

OH. MY. GOD. Nahalican ko na naman siya. Nahalican na naman niya ako.

Pangalawa na `to ha? Nakakahiya. =_ =

Nagkatinginan lang kami...

At nag-iwasan ng tingin. Alam mo yung gustong-gusto mong bawiin yung naiisip mong pagsosorry sa isang tao?
Ganun nafefeel ko. TAE. NAHIHIYA AKO. T_____T

"Ang sweet niyo naman!"

"Bagay talaga kayo!"

"Ajie~!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

Isa pa. Isa pa talaga. Mapapatay ko `tong mga classmates ko. T.T Pero dahil natandaan kong kelangan pala namin magpanggap, nginitian ko na lang sila.

Pero deep inside nanggagalaiti ako sa inis. UGH.

"Ang sweet naman ng nagkiss!" Napatingin ako sa nagsalita, pati ba naman si Mdm. Linares, aasarin kami?!
HAYNAKOWZ. 😞

"Pero dahil Music Class `to, at hindi Kissing Class, tumayo na kayo at magdasal. Prayer leader in front..." Kainis ah. After ng prayer, umupo na kami. Nagdiscuss siya tungkol sa music of the 20th century. Blah blah...

Naramdaman kong may lumapit sakin at bumulong. **"Sorry. Nagulat rin ako e. Peace."**

Napatingin naman ako kay Bryan na nakapeace-sign ^_____^v

Dugdug. Dugdug.

"Ang cute mo."

Nasabi ko ba yun? O_____O

"A-ay ang ibig kong sabihin--"

"Na cute ako? Alam ko na yun." Tumawa lang siya at piningot yung pisngi ko. YABANG NAMAN NITO. 😏

"Hindi ikaw yung cute na sinasabihan ko!"

"Sus. Deny pa. Huli ka na e. Haha." Tae. Tinalikuran ko na lang siya. Kapikon e. T.T

"Pero mas cute ka."

Dugdug. Dugdug.

Ano ba naman `tong puso ko na `to! Kelangan ko na magpacheck-up. Nakakainis na e. Sobra na. Baka mamaya, magka-heart attack pa ako. Lagot na. T.T

Nagdidiscuss pa rin yung teacher namin, wala akong maintindihan.

"Pero mas cute ka."

"Pero mas cute ka."

"Pero mas cute ka."

"Pero mas cute ka."

HOMAAAAAAAAAY SIOMAAAAAAAAAAAI. Ano ba yan! Na-LSS ako sa sinabi niya. Erase erase! Nang-aasar lang talaga siya. 🙄

"Pero mas cute ka."

"UUUUUUUUGH!" Bigla naman akong napatayo. Tae. Bat nafeel kong parang deja vu na naman `to? (PAEPAL: read previous chapters, may part dun na napatayo rin siya dahil na-lss siya sa sinabi ng gwapong si Bryan Lim. AFFECTED KASI HAHA)

"Yes, Miss Alvarez? You want to say something?" Pakunot-noo na tanong ni Mdm. Hay. Ano ba yan.

"Wala po, Mdm. Sorry."

"You may take your seat." Buti na lang. Narinig ko na nagchuckle pa yung nasa likod ko. Tae siya. T.T

"OOOOOH. I have a great idea! Since we're studying about the Music of the 21st Century, or, in short, Modern Music, why don't we have a performance task?"

"Each one of you will be partnered with an opposite sex. Boy-Girl. And you and your partner should sing one song, by doing Duet." Ano na namang pakulo `to? Tss.

"So, I'll be choosing your partners right now, and of course, this performance task will be tomorrow. Better practice with your partners!" Hayy. Sana naman matino partner ko.

HALA PAANO YAN. KAKANTA? Eeeh. Marunong naman akong kumanta, pero, alam mo na, ayoko ishow e. Nakakahiya, baka mamaya sumabog mga eardrums ng mga makakarinig. Atsaka, bukas na? Hello! Paano kung hindi ko memorize yung kanta? 😬

"So, here's your partners....." Announce lang siya ng announce. Hindi pa naman tinatawag yung pangalan ko e. Kaya no care lang.

"Ms. Avelino and Mr. Yu." WOKAAY. Sige, partners sila. Lels lang. Wala nakong pake...

Nakamove-on na kaya ako? O naging manhid lang?

"Ms. Raymundo and Mr. Ramos." Partner ni Andie yung isang magaling kumanta sa school namin. Okay. Bahala na rin siya. - _____ -

"And, last but not the least, Mr. Lim and Ms. Alvarez."

Processing...

Processing...

Processing...

Syet, Di maprocess! T_T

"Uy. Tayo daw partners." Ngumiti pa siya. Narinig ko na nagpalakpakan pa yung ibang kaklase namin. Napa-oo na lang ako.

OKAY. PATI BA NAMAN SA PAGKANTA, SIYA PA KAPARTNER KO? TAE NAMAN. T.T HINDI NAMAN AKO MARUNONG KUMANTA E. = _____ =

"HAHAHAHA."

"Bakit ka natatawa?" Hindi kaya bipolar `tong taong `to?

"Eh kasi naman, naisip ko, we're really destined to be partners. Gusto mo bang maging partner ko rin in real life?"

wapaaaaaaaaaaaaaaaaak!

"ARAY KO! ANO BAAAAA! BAKIT KA NANAPAK? AT SA MUKHA KO PA!"

Pagpasensyahan niyo na ako. Di ko sinasadya. Kelangan ko lang siya masapak dahil sa kacornihan niya. Tae kasi e, destiny destiny? Tss.

MWAHAHAHAHA. Masaya pa rin ako na nasapak ko siya. NYAHAHAHA! =))

"Pag hindi ka marunong kumanta, patay ka sakin." Nagalit tuloy siya saakin. Naku po, baka machop-chop ako nito ng di oras. 😞

"Sorry. E kasi naman e, ang corny mo. Tae ka. Destiny? Di yun totoo."

"Bakit, dahil nasaktan ka lang ng isang beses, di ka na maniniwala? Baka mamaya, hindi lang talaga SIYA yung nakatadhana para sayo."

Siya ba talaga yung nagsalita? Di ako makapaniwala. Ang lalim niya. Di ko mareach. 😞

"Bakit ka natulala? Natamaan ka noh?"

"Di lang ako makapaniwala na ang isang coo coo brain na katulad mo, may alam na ganun." Bigla naman niya akong pinisil sa pisngi. HAYY NAINIS NA AKO. NAKAKADALAWA NA SIYA SA PISNGI KO HA.
= _____ =

"Whatever. Oh ano na? Anong kakantahin natin?"

"Kahit ano. Basta, ikaw kapartner ko, okay lang kahit ano. Kahit ang kantahin pa natin ay pang-burolo pang-kasal, kahit ano. Basta, ikaw kapartner ko." Sabay kindat. Tae naman. Narinig pa ng mga seatmates namin yung sinabi niya, natuwa na naman sila. >____<

Bakit ba ako magpapanggap na girlfriend ng isang artistang ubod ng corny at cheesy? T.T

24.1

Eya's POV

Bago mag-uwian, sinabi ko na hintayin na lang ako ni Bryan sa may cafeteria. Nagpapalibre siya ng ice cream sakin pero ayoko noh. Wala na kaya akong pera. Nainis nga siya sakin e. Sabi ko siya na lang manlibre sakin pero ayaw niya. Kuripot! 😞 Pero hihintayin na lang niya rin ako dun. Nagpaalam ako sa kanya na mag-ccr lang ako.

Magccr muna ako at mag-aayos noh. Ihahatid na rin niya ako at dun na lang kami sa bahay ko mag-aayos ng contract. And since, I know, marami na namang reporters na nag-aabang sa labas. Mas mabuti pang mag-ayos na lang ako. Para magmukha akong tao. >_<

Nung pumasok ako sa cr, may 2 sophomore at 3 freshmen na nandun. Napatingin sila sakin.

Alam mo yung parang nakakakita sila ng artista? Ganun tingin nila sakin.

"Uh... may dumi ba ako sa mukha?" Lahat naman sila ngumiti at nag-hi sakin.

"Mabait ka naman pala Ate Eya."

"Oo nga. Napatulala lang kasi kami dahil sa ganda mo." WOAHH.

"**Atsaka, girlfriend ka rin ni Bryan Lim diba?**" Bakit nafefeel kong binobola ako ng mga `to dahil kay Bryan.
= _____ =

"**Hahaha. Kayo naman, grabe makareact.**"

"**Is Bryan really a good kisser?**" Sabat nung sophomore.

OMG. Alam mo yung todo mula na siguro ako dito dahil sa tanong niya? E kasi naman e. >__<

"**So kailangan ganun yung tanong?**"

"**Wala lang Ate. Just curious. Sagutin niyo yung tanong please?** 😊"

Hm. Ngayon ko lang naisip, is he really a good kisser? Well, 2 beses kami nagkiss, diba? His lips are, red. Kissable. And, I must say, normal lang yung kiss namin, pero, parang, special yung moment na yun. Artista kasi siya e. Kaya siguro ganun yung feeling para saakin.

"**Oo.**" Nagtilian naman sila.

Wait, did I just say Yes to their question? O.O

Woaaaaah. T_____T

"**Bye Ate.**" Nagnod lang ako at naiwan sa loob ng cr. Oh well, naiihi na rin naman ako kaya nagpunta ako sa cubicle.

Habang feel na feel ko ang pag-ih(haha), narinig kong may pumasok ng cr. Tapos na kong umihi at lalabas na sana ako ng narinig kong nagsalita yung kakapasok lang.

"**No. Ayoko na. Please.**" Boses ni Allison! Napatingin naman ako sa may salamin at nakita kong may kausap nga si Allison sa phone. Buti na lang hindi niya ako nakita.

Gusto ko kasing marinig yung pinag-uusapan nila ng kausap niya.

"I'm too tired to pretend. And to lie. I know it's for the both of us, and so that we can't hurt her in the future, pero wala e. We both know it will hurt her more." Pretend? Anong pretend? Di ko gets. T.T And sino yung sinasabi nilang mahuhurt?

"Oh please, Errick. Alam ko na naman... Wait. Labas lang akong CR." So si Errick yung kausap niya sa phone? Bat di niya tinuloy yung conversation? Tss.

After mga 3 minutes, lumabas na rin ako ng CR. Gulong-gulo pa rin ang isip ko sa narinig ko kanina. Pagppretend? Sila ni Errick? Ang labo lang. Err. Baka kung ano lang yun.

Why am I minding others' business, anyway?

Paglabas ko ng CR. Tantananan!

Hinihintay ako ni Bryan. Nakasandal siya sa may pader malapit sa Guidance Office. Bakit ganun?

Naiimagine kong siya si **Adonis** dahil sa sobrang kagwapuhan niya sa pwesto niya ngayon? 🤔

Gulp. Erase you thoughts Eya! Gulp.

Nung nakita niya nako. Lumapit siya sakin...

at bigla akong niyakap.

24.2

Eya's POV

Nakayakap pa rin siya sakín. Ano bang problema nito?

"U-uy..." Binaon niya yung ulo niya sa may shoulder ko. Naramdaman kong parang namamasa na yung uniform ko.

Wait, is he crying?

"B-b-bryan... Uy." Nakayakap pa rin siya sakín. Ano bang nangyayari sa kanya? Bakit siya umiiyak? 🤔

Kalalaking tao, umiiyak? Buti kami lang nandito sa may gilid ng girls cr kasi magmumukha siyang tanga pag nagkataon.

"Bakit mo pala ako niyakap kanina? May problema ka ba?" Bigla siyang nagstop kumain. Tapos iniwasan ako ng tingin.

"O-oy. Ano ba kasi problema mo?" Di pa rin ako pinapansin.

"Oy Eyaaaaaa." Di pa rin kumikibo.

Bigla siyang tumingin sakín at nagsmile. **"Hehe. Wala lang yun."** Pero alam ko na she's lying. Alam ko kung paano malalaman kung nagsisinungaling siya eh.

Tumitingin siya sa left niya. Napansin ko lang nun last week. Basta, nabasa ko rin kasi na isa yun sa psychological

factors ng isang tao.

"Ano nga kasi yun? Don't lie to me. I'll understand." Tumingin siya sakin at biglang hinawakan yung kamay ko.

Dugdug. Dugdug.

Wha-whaaat? Anong nangyari? Bakit ganito yung heartbeat ko? 🤔

"Bryan..." Tapos nagsigh siya bigla. **"Sorry."**

"Bakit?"

Nilagay niya yung dalawang kamay niya sa pisngi niya.

"Nakwento kasi ni Tita Jeanie yung nangyari sayo... pati sa kapatid mo."

Bigla naman akong nainis nun. Daldal talaga ni Tita Jeanie. = ____ =

Pero naisip ko na kaya lang siguro sinabi ni Tita yun sa kanya dahil girlfriend ko siya diba?

Tinignan ko si Eya, nakatingin rin siya sakin, pity all over her face. Kaya ayoko malaman niya eh, may tendency kasi na kakaawaan niya ako. Nakakainis. :|

"So? Ano naman?" Nagulat siya sa tono ng pagsasalita ko pero di niya pa rin iniwas yung tingin niya sakin.

"If ever you need anything, a friend. Kahit ano kung gusto mo ng kausap. Just ask me, okay?"

"I don't need anyone, Eya. Tapos na naman yung nangyari. Di na naman mababalik yun e."

"Pero I know nahhirapan ka."

"DI MO NAMAN ALAM YUNG FEELING NA MAWALAN NG ISANG TAONG IMPORTANTE SAYO HA!"

"MALI KA! NAMATAY RIN TATAY KO! KAYA ALAM KO KUNG GAANO KASAKIT YUN!" Bigla akong natahimik. Sumobra ata yung inis ko, pati siya, naapektuhan ko.

"S-sorry." Napasobra talaga ako. 😞

"Nevermind. Let's just eat." We ate in silence. Naguiguilt talaga ako. Eh kasi naman, di ko intention na magsnap kanina. Ewan ko ba. The past really haunts me, kahit ngayon pa?! Amp. 😞

Nung tapos na kami kumain, tumayo na siya at palabas na ng restaurant. Ano ba yan, iinterviewhin kami pero magkaaway kami?

"Eya. Wait!" Nagstop naman siya at tumingin sakin.

Di ko napigilan, bigla ko siyang niyakap.

"Sorry. I'm a jerk for saying those stupid words, I'm sorry."

Naramdaman kong niyakap niya ako pabalik. Tapos naiyak siya bigla.

"Sorry rin. *sniff* Sorry kung nangi lam man ako--"

"No. It's my fault. Don't cry, Eya."

May mga taong nakatingin samin curiously sa loob at labas ng restaurant, mukha kaming baliw. Haha. Nagyayakapan sa door ng restaurant? Weird.

Biglang may pumasok sa isip ko.

"Eya, alam mo ba, this is our first fight ever?"

Tumingin siya sakin. **"Nagpapatawa ka ba? Lagi nga tayong nag-aaway eh."**

"I mean, as a couple."

Bumulong siya. **"Kahit fake lang `to?"**

Di ko alam kung bakit parang may ano sa puso ko, kumirod or something? Ewan. Di ko na lang pinansin.

"Oo." Ngumiti lang siya at nagnod.

"Lika na nga. Labas na tayo."

"Teka, aayusin ko make-up ko. Umiyak ako eh."

Tinignan ko siya pero maayos pa naman make-up niya eh, galing talaga ni Tita Jeanie.

"You are still beautiful. Lika na." Nagpahila na lang siya hanggang sa nakalabas na kami sa restaurant.

"Kapag nalaman kong may mascara streaks all over my face, I swear, Bryan. This is your last day na gwapo ka at intact pa ang facial features mo." Natawa lang ako nun.

"So inamin mo na rin na gwapo ako?" Nagsmirk lang ako at nagblush naman siya.

"Ewan ko sayo! Lika na nga!" At hinila niya nako papalabas ng restaurant.

Maganda naman kasi talaga siya eh.

Hinanap na namin si Tita K, yung manager ko. Nung nakita na namin siya, she smiled.

"Bagay talaga kayo. Buti na lang at hindi halata na you're faking it." Asides from the two of us, obvious naman na alam ni Tita K na nasa fake contract lang kami. Mas mabuti na yun at least, kapag nagkaproblema man, alam niya yung gagawin.

"So, magsstart na ba yung interview?"

"Yes. After 30 minutes, just wait here and I'll call you kung pupunta na kayo sa stage."

Nakaupo lang kami at nagkkwentuhan while we're waiting for the interview to start. I know she's nervous, it's pretty obvious.

"Kaya mo yan. Ikaw pa."

"Oo naman! Ako ata si Eya. Ang taong nananapak lang ng artista." Napatawa ako sa sinabi niya.

Wow, I don't know, pero nagiging komportable na talaga ako sa kanya. Hindi na naman siguro kami mag-aaway nito

ng madalas.

And, well, I don't wanna deny it,
but she's fun to be with.

Dugdug. Dugdug.

Geez, may problema pa pala `tong puso ko. Mapacheck-up nga kapag free ako. =_ =

Bakit ba kasi tumitibok rin `to? I'm not nervous naman, grabe, nababading na ata ako sa pinagsasabi ko. =_ =

32.

Eya's POV

"Hello Bryan and Daniella, I'm Grace Salvador, the one who'll assist you through the whole interview. So, you two will just sit there..." Tinuro niya yung parang loveseat sa gitna. **"...And then you'll just need to answer all of the press' question. It's only for 30 minutes so, yeah, goodluck!"**

Goodluck nga samin. Hayy. 😞

Napakamot ako ng ulo. Amp kasi eh. **"Hindi lang naman pala `to interview, Bry, Nakakainis."**

"I know, Eya. Pero mas madali `to. Trust me." Well, mas madali nga kung isang tao lang mag-iinterview samin at andun yung press e, kaso, wala e, they are free to ask whatever questions do they have in mind. Tapos kailangan naming sagutin in English. Tss. =_ =

Nakita naming sumenyas si Grace na umupo na kami sa... ugh... Loveseat. Color white siya with pink and blue ruffles and ang corny talaga. T_____T

Bago kami umupo ni Bryan, nandoon na pala yung buong press. Magpacticure muna daw kaming dalawa kaya ayun, nagpose dito, pose ng ganyan. Ang fake nga ng ngiti ko e. Natatawa lang ako dun sa ibang press ng ibang bansa kasi

they are like speaking different language. Nakakairita pakinggan. = _____ = Tapos hindi ko pa naiintindihan.
ALIEN SILA, ALIEN! 😬

Corny ko, swear. =_ =

Nung nakaupo na kami. Nagstart na silang magtanong. Eto lang naman yung ibang tanong nila. And I freakin' swear, they are so irritating.

"Mr. Bryan and Ms. Eya, what's your favorite food?"

"Did you kiss often?"

"Are you compatible with each other?"

At iba pang ka-ewanang tanong. = _____ = Out of this world ang drama nila.

"So, Miss Eya, when did you first started to fall for Mr. Bryan Lim?" What? Ugh. =_ = Pero hindi ko naman hahayaang mapahiya si Bryan kaya sasagot na lang ako ng tama.

"Well, at first, I really hate him." Narinig kong nag-gasp yung iba. **"But it changed when I truly understand him, I mean, he started being himself whenever he's with me, vice-versa, of course. And, I don't know when and how it happened, I just fell in love with him."** Narinig kong nag-aww yung mga press, and natuwa naman ako nun. At least, di nila alam na contract lang yung samin, diba?

Success! Party party! 😄

Nagtanong pa yung iba pero okay lang yung mga tanong nila. Hanggang sa inannounce ni Grace sa Press na sasagot na lang kami ng last 3 questions. Yes! Matatatapos na rin `tong interview na `to. Nakakapagod rin kasi e. =_ =

"Mr. Lim, what really happened during that picture? When Ms. Eya is on top of you? Are you having... that. You know?" Nagblush ako bigla. Sabi na eh tatanong talaga nila yun. For christ's sake, bata pa ako! 😬 O_O

Hinawakan ni Bryan yung kamay ko. At sinabi sa press na...

"Yes. We did it. And she's pregnant." Tapos nagulat yung press at natulak ako bigla at nalaglag yung baby na dinadala ko. Tapos yung baby ko maghihiganti sa press, mumultuhin niya lahat.

Syempre, hindi totoong nangyari yun. Iniimagine ko lang. Kayo naman. =_ =

"Well, It's just an accident. Really. We're fighting over something and she slipped, I just saved her, that's why we're on that awkward position." Tinignan niya lang ako at pinisil yung kamay ko. Nagsmile lang ako sa kanya.

"So, this question is for the both of you. What's your term of endearment?" Oh geez, not again. T.T

"I call her wifey. She calls me hubby." Sabay pisil sa kamay ko. Nag-aww na naman yung press at ibang tao.

"Oh wait, my Wifey is blushing." Pinalo ko ng mahina si Bryan at tumawa lang lahat ng press.

Sige na, siya na charming. = ____ =

"Last question is for Ms. Eya. We know that you recently broke up with a boy named Errick. Did you just used Bryan so that you can move on?" What the fvck is that? Paano nila nakilala si Errick. Ugh.

"No. I moved on before I even liked Bryan, Errick is a part of my past now." Nagulat ako, kasi ang totoo ng pagkasabi ko eh Nakamove-on na talaga ako.

Proud ako hehe. ^ ____ ^

Pumunta si Tita K sa may mic. **"Well, that's all. Thank you for coming everyone."** Tumayo na kami at nakipagshake-hands sa ibang press. Maraming nagsabi na ang ganda ko daw ngayon, hihi. Sige na ako na yung natutuwa. Flattered masyado. :">

Pagkatapos ng interview, niyakap ako ni Bryan. Ulit? Haha.

"Good job, Eya." 🙌😊

"Good job too, Bryan. Although ampangit ko mag-english." >_<

"Hindi ah. You did well." Nagsmile na lang ako.

Hinatid niya ako sa bahay ko pagkatapos namin umalis dun sa interview place, nakipagkwentuhan lang siya samin ni Desi tapos nung mag-9pm na, umalis na siya. Pero syempre dito na siya sa bahay kumain.

"Ate, bagay talaga kayo ni Bryan." Kinurot ko lang siya sa tagiliran.

"Sus. Matulog ka na nga."

"Pero ate, he makes you happy. Nakamove-on ka na naman talaga diba?"

Medyo matagal bago ako sumagot. Napabuntong-hininga na lang ako.

"Yup. Thanks to him. Sige na, tulog na."

"Ikaw rin. Matulog ka na. Magsisimba pa tayo bukas. Atsaka, makikipagchat daw satin si Mama bukas. 4 months na lang daw siya dun kela Tita sa Europe eh."

Um-oo na lang ako at pumunta na sa kwarto ko.

Nakita kong nagtext siya ng "goodnight." Biglang tumibok bigla yung puso ko.

Wag niyong sabihing nagugustuhan ko na si Bryan? O_____ O No, that's not it. Almost a month pa lang kaming magkakilala e. That's not possible.

Gusto ko lang talaga siyang kasama. He is really a good friend. Nababawasan rin ang stress ko dahil sa kanya.

Natulog akong may ngiti sa labi ko.

33.

Eya's POV

"What? Bakit? Iwan mo ko?" I can't believe Bryan talaga. = _____ = Kausap ko siya sa phone ngayon. Akala ko kasi susunduin niya ako kaya naghintay ako dito sa bahay.

"Eya. It's just two weeks. Besides, clear na naman tayo sa media. That's not a problem."

"Eeeeh. Kasi..." Iiwanan niya ako for two whole weeks? Kaya ko naman yun. Kaso, ewan ko ba. Naiinis lang ako. 😞

"May shooting nga ako for 1 music video. And sa Japan yung place."

sigh

"May magagawa ba ako?" Tumawa lang siya sa kabilang linya.

"You know, Eya. I'm starting to think na mamimiss mo ako kapag nawala ako. Kahit 2 weeks lang yun."

"HOY. HINDI HA. ASA!"

De joke lang. Mamimiss ko nga siya. >____< E kasi, siya yung lagi kong kasama diba? Atsaka, di pa rin naman kami bati ni Andie e. Wala akong kasama sa school.

Ayoko lang na walang kasama. Seriously. Feeling ko mababaliw ako. >_<

sigh

"Sige. Ingat ka ha? Wag kang lalandi dyan. Mamaya mascandal na naman, ako mapahamak." Tumawa na naman siya sa kabilang linya.

Nasabi ko ba yun? 😞

"Eya. Hindi ako mambababae. Alam mo, you seriously sounded like you're my wife. Wag kang mag-aalala. Sayo nga lang ako. Hanggang 3 months."

"Che! Hindi yun noh. Sa tingin mo, gusto kita? Ayoko lang na magkagulo noh!" Ugh.

"Wala naman akong sinabi na gusto mo ako ha?" Double ugh. = ____ = Bakit ba ganito ako maka-react? High ata ako e. Paano kasi, may Math quiz kami ngayon. Papaturo sana ako sa kanya e. :|

"Ingat ka. Call me kung babalik ka na. Ikaw sisisihin ko kapag bumagsak ako sa Math." Tumawa lang siya ulit.

"Yeah, yeah. I know. Ihahanda ko na sarili ko. So, bye! Sorry di kita nasundo."

"Okay lang yun. Ingat ka. Uhm. Bryan?"

"Yes?"

"Pwede favor?"

"Sure. Anything. Ano yun?"

Nakakahiya sabihin. Pero gusto ko kasi ng...

"Pasalubong ko ha? Sushi! California Maki! Okay?" Tumawa lang siya ulit at nagpaalam na.

"Bye."

"Bye, Eya. Take care."

Pagkatapos kong i-end yung call, lumabas na ko ng bahay. Papasok na nga ako. 6:30am na. Buti at maaga akong nagising. Wala na naman akong kasabay. Si Desi, pumasok ng maaga.

"Bye, Eya. Take care."

"Bye, Eya. Take care."

"Bye, Eya. Take care."

"Bye, Eya. Take care."

Haynako. Na-LSS naman ako sa take care niya. Nakakamiss kaagad siya. Wala akong mabatukan eh. 😞

Paglabas ko ng gate, nagulat ako sa nakita ko.

Si Andie, naghihintay. Sa akin?

"Andie, anong ginagawa mo dito?" Lumapit siya sakín at bigla akong niyakap.

"B-bes, *sniff* sorry! S-sorry for being a *sniff* biiiitch. H-hindi ko sinasadya na magalit sayo. *sniff* alam ko naman *sniff* na hindi mo kasalanan eh. *sniff* nagmahal ka lang. *sniff* s-sorry!" Naiyak na tuloy ako. Ano ba kasing nangyayari kay Andie?

"Okay lang yun. Ano ka ba? Pinaiyak mo tuloy ako." Yakap-yakap ko pa rin siya. Namiss ko talaga si Andie, namiss ko bestfriend ko.

"Ang drama natin *sniff* sorry ha?" Binitawan niya ako bigla. Pero ngumiti siya.

"Namiss kita. Namiss ko bestfriend ko."

"Drama mo talaga. Namiss kita, syempre."

"Para tayong tanga noh? Nag-away tayo dahil sa isang lalaki." Ngumiti lang ako ng sincere sa kanya saka siya binatukan.

"Ikaw naman kasi eh." Tumawa lang siya at binatukan rin ako.

"Oops! Ganti lang."

"Lika na nga. Pasok na tayo." Nagpunas na kami ng luha namin at sabay naglakad papuntang school.

"Bat di mo kasama si Bryan?"

"Wala siya in two weeks eh. May shooting daw ng music video. Sa Japan."

"Ah. Naks naman." Tumahimik naman kami after that. Pero yung, komportableng silence ah. Hindi awkward.

"Bes..."

"Oh?"

"Wag mong sasaktan si Bryan ha? Lagot ka sakin." Bigla naman akong natigilan nun. Di pala alam ni Andie na nagpapanggap lang kami. Di ko muna sa kanya sasabihin, baka magalit na naman siya.

"Bakit? Anong gagawin mo sakin kapag nasaktan ko siya?"

Tumawa naman siya bigla. **"Eto naman. Nagjojoke lang ako. Wag mo lang siya saktan. At sana hindi ka niya saktan. Kasi, looking at you two, bagay talaga kayo."**

Bagay kami? Tao kaya kami. T.T K. Corny ko lang.

"Nagjojoke ka ba?" Inakbayan lang ako ni Andie.

"Hindi. Siya nga kumausap saakin kahapon eh." What? Nag-usap sila? 🙄

"Anong pinag-usapan niyo?"

"Wala. Sinabi niya saakin na wala siyang nararamdaman saakin."

"Sinabi niya yun?!" Ang harsh naman ni Bryan. =_ =

"Yes. Pero in a nice way, umamin muna ako sa kanya."

"Umamin ka?!"

"Paulit-ulit? Oo nga. Pero nung pagkasabi ko nun sa kanya, binawi ko kaagad. Hindi ko na pala siya gusto. Naobsess lang ako sa kanya that time na close tayong lahat. Seriously, sinong hindi bibigay sa kanya? Sa *kagwapuhan* niya?" Okay, pwedeng sumukha? Eeerrr. =_ =

"Tapos? Anong sabi niya?"

"Yun nga, hindi niya ko gusto. Gusto niya lang na sana bumalik tayong dalawa - kahit tayong tatlo, sa pagiging magkaibigan. He is really a good person."

"So, anong nangyari pagkatapos?"

"Ayun. Naisip ko na sayang ang friendship natin. Atsaka, namimiss talaga kita. Of course, friends pa rin kami ni Bryan." Bigla akong nakadama ng saya sa puso ko.

Salamat at bati-bati na kaming tatlo! =)))))))))))))

"Buo na ulit ang The Golden Trio!" Kinurot ko lang si Andie. Golden Trio eh. HAHAHA. Abnoy. Ano kami? Sila Harry, Hermione at Ron? Eh diba dalawang lalaki yun at isang babae? Dalawang babae kami eh.

Si Bryan daw si Hermione. Nababading eh. HAHAHA. 🤔

Pero grabe, bati na kami ulit. I can't help but smile. 😊

34.

Eya's POV

Andito na kami sa school auditorium. Flag Ceremony daw muna tapos may iaannounce yung principal. Mga kaek-ekan lang daw tungkol sa Spiritual Services.

Well, aaminin ko, namimiss kong kasama si Bryan. Katunayan nga, yung iba naggossip na about sa pagkawala ni Bryan ng 2 weeks e, paano nila nalaman? Lels. 🤔

"Andie!" Napatingin ako sa tumawag at si Kevin pala yun. Kevin Hidalgo. Schoolmate namin `to. Alam ko eto yung magaling sumayaw e. Siya ata yung kasa-kasama ni Andie nung di kami bati.

"Bakit?" Iritang sabi ni Andie. Woah. Nang-irap pa si Andie! =)

"Taray mo. Gusto ko lang naman sabihin sayo na, Welcome to the Dance Club." Biglang lumaki yung mata ni Andie at niyakap si Kevin. Pero bigla namang bumitaw ulit si Andie. Halatang nagulat siya sa ginawa niya.

Ooh. I smell something fishy here. 😏

"Andie, mauna na ako sa classroom ha?" Binigyan niya ako ng "uy-wag-mo-ako-iiwanan-dito-kasama-si-kevin look". Nagsmile lang ako sa kanya.

Tumingin ako kay Kevin, sabay smirk. **"Kevin. Right? Hatid mo si Andie sa classroom namin ha?"**

"Sure. Eya right? No problem." Nagkakaintindihan ata kami ni Kevin. Kinurot ako ni Andie pero wala akong pakielam.

Kailangan rin ni Andie ng lovelife. At, bagay kaya sila ni Kevin! Kung makatingin kasi si Kevin kay Andie, parang, may something. 😊

"Maiwan ko na kayo!" Naglakad ako ng mabilis. Mukha ata akong weirdo. Haha.

Pagdating ko sa classroom, marami ng students pero napansin ko kaagad na bakante yung upuan ni Errick at Allison. Well, napansin ko lang naman.

Umupo na ko sa upuan ko. Maraming ngumiti sakin, nginitian ko rin sila.

Ang tagal naman ni Andie. Hayy. Makaidlip nga muna.

"Do you think she's asleep?" Huh?

"Oo ata. So, we can talk about it na." Double huh? I have a feeling na ako yung pinag-uusapan, nagpanggap pa rin akong natutulog.

"So, is it true?"

"Oo nga. Nakakagulat e."

"Naging sila lang, tapos magpapakasal na bigla?"

"Mahal siguro ata nila yung isa't-isa."

"Pero, ambilis naman. So, wala na talagang pag-asa na magkabalikan sila ni Eya?" What?

"Ano ka ba, masaya na si Eya kay Bryan. Nakakagulat lang talaga." Double what?

Tinutukoy ba nila si Errick at Allison? NO. WAY.

Inangat ko yung ulo ko at tinignan yung mga nag-uusap kong kaklaseng chismosa. Medyo nagulat sila.

"Narinig mo?" - Classmate 1.

"Oo. Now, tell me, sino tinutukoy niyo?"

"Si Errick at si Allison. Magpapakasal daw yung dalawang yun e." - Classmate 2.

Bigla akong nagulat. At natahimik. Srsly.

Anong pumasok sa utak nila at bakit sila magpapakasal ng ganito kaaga? I mean, wala na talaga akong pakielam. Pero, of course, naging kaibigan ko rin sila.

At kahit papaano, naging kami ni Errick. And I know, I know, mahirap pumasok sa pagpapakasal. Ganun ba talaga kadali para sa kanila yun?! =_ =

Ganun ba kamahal ni Errick si Allison?

God, I'm being hysterical.

"Paano niyo nalaman?"

"Kalat na kahapon pa." - Classmate 3.

Maya-maya, dumating na si Andie at kinwento ko yung nalaman ko.

"WHAAAT?!" Ganun rin reaction niya, peeps. Total nonsense kasi. =__ =

Napatingin naman kami sa pumasok sa may door ng classroom.

Si Allison at Errick. Magkaholding-hands.

Di pa rin ako makapaniwala. = _____ =

Nakita kong tumingin silang dalawa sakin. Almost sabay pa nga e. Iniwasan ko na lang sila.

"Bes..."

"Oh?" Lumapit siya sakin at may binulong.

"Hindi kaya buntis si Allison?"

"Ano ka ba. Ang absurd naman nun--"

Wait, kung ang pagpapakasal nga nila, absurd para sakin e. May possibility! O.O

"Wag naman sana."

"Bakit? Gusto mo pa ba si Errick?" Binatukan ko ng malakas si Andie. Napa-"ow" siya pero nagkamot lang ng ulo.

"Hindi noh. Nakamove-on nako. Ayoko lang na mahirapan silang dalawa."

"Trinaydor ka nila diba?"

"Nagmahal lang rin sila." Nagnod lang si Andie.

"Pero grabe, yang si Errick? Pinsan ko siya kaya alam kong hindi siya gagawa ng kagaguhan. Nakakapagtaka lang, papakasal siya kaagad? Grabe. I hope kung totoo man yung rumor, hindi sana sila magsisi." Nagnod ako sa kanya habang nakapangalumbaba. Iniisip pa rin yung nalaman ko.

Kailangan kong makausap si Allison. Dahil kahit magkaaway man kami, alam ko, kung, totoong, buntis siya, kaya magpapakasal siya, she can't face it alone.

Is she doing the same mistakes again? Ganun rin ginawa niya kay Kuya Prince. Kaya nakipagbreak yung girlfriend ni

Kuya Prince na si Ate Jaja kay Kuya, kasi, sinabi ni Allison na buntis siya. At ang ama ay si Kuya Prince.

Pero, wala naman talagang baby. Kaaway kasi ni Allison si Jaja. Basta, family thing. Gusto niya lang mang-asar. Pero grabe noh? Nakasira siya ng isang relationship. 13 lang siya nun. Kaya galit na galit si Kuya Prince sa kanya. Pero dahil naiintindihan ko siya nung time na yun. Kinaibigan ko pa rin siya.

Eventhough that's absurd na mabuntis siya. HAHAHA. Kasi naman, wala pa nga siyang menstruation that time eh. =_= Tanga rin si Jaja.

At ngayon, alam ko, kung totoo man na buntis siya, which sana hindi, *kailangan niya ng kaibigan*.

Uwian na. Hindi sumabay si Andie pauwi dahil may papaexplain siya kay Kevin tungkol sa dance club nila. Um-oo na lang ako.

Pumunta muna ako sa ladies room at sakto, andun si Allison. Nag-aayos ng buhok. Tahimik lang kaming dalawa habang nakaharap sa salamin. Gumaganda si Allison, kaso, para bang nagiging haggard? Ewan. =.=

Kakausapin ko ba siya o hindi? Ay. wala akong pakielam kung tarayan niya ako o ano. Sabunutan man niya ako, wala akong paki.

Humarap ako sa kanya at tumingin naman siya sakín.

Hinga lang Eya, Breathe.

"Buntis ka ba, Allison?" Nagulat siya sa tanong ko pero di niya inalis yung tingin niya sa mata ko. Ilang minuto bago niya ako sinagot.

"Ano naman kung buntis ako?"

Oh God. Don't tell me, buntis talaga siya?

At ang ama ay si Errick?

35.1

Allison's POV

Hindi ko alam kung bakit ako nagkaroon ng POV bigla. Siguro gusto lang ni Miss Author na makita niyo yung side ko.

Alam ko, tingin niyo, masama ako. Kasi syempre, inagaw ko si Errick kay Eya, diba?

Inaamin ko. Bi-a-tch talaga ako. And I'm proud of it. 😊

Pero hindi naman talaga ako ganun kasama. Di ko magagawa yung mga ganun kay Eya kung walang dahilan.

Kaibigan ko siya. At, kahit ang cheesy man sabihin. Namimiss ko rin siyang kasama. Gusto ko lang talaga siyang awayin, pero lahat yun di ko sinasadya.

Iniiwasan ko na nga siya e. Kaya di ko na siya inaaway dahil kay ... Bryan.

Si Bryan. Crush ko. Pogi h. Bwahaha. Basta, mahirap iexplain. And, the funny thing is, naging leader pa ako ng

Bryanbelievers. Weird noh?

Well, whatever. Nakakatamad na rin maging crush si Bryan kasi sila na rin ni Eya. And, the funny thing is, ayoko ng sirain rin yung relationship nila.

Kasi, alam ko, masaya si Eya sa kanya.

Kaya nga nagulat ako nung bigla akong kinausap ngayon ni Eya. Tinanong kung buntis ako. Of all the questions na pwede niyang itanong, yun pa! Haha. Pero dahil I need to maintain my act, which I'll explain later kung bakit, tatarayan ko muna siya.

"Ano naman kung buntis ako?" Nagulat siya sa sagot ko. Kilala ko `to e, haha. Weird thing is, ang absurd ng question niya. Tsk tsk. Eto talagang babaeng `to.

"So... si Errick ang ama?" Hindi ko napigilan. Bigla akong napahalakhak. Tinititigan lang ako ni Eya. Nakakatawa kasi e! (^_____^)

"Hindi. Ano ka ba, wag ka ngang mag-isip ng ganyan. Kilala mo rin ako kahit papano." Napabuntong-hininga siya, habang yung isang kamay niya, nasa puso niya.

"Akala ko. Buti na lang. Pero, tanong lang, magpapakasal ba talaga kayo ni Errick?"

"Bakit? Mahal mo pa ba si Errick?" That caught her attention.

Nagsmile siya sakin at pi-nat yung shoulder ko. **"He's all yours. And don't worry, I'm happy for you two. You are meant for each other. Kalimutan na lang natin yung past."** Saka siya tumalikod at lumabas ng Ladies Room.

Nagulat ako. Promise. Nakamove-on na talaga siya?

So, wala na palang problema. Wala ng iintindihin sa kasal. Ang problema na lang is, si Errick.

Alam ko, may feelings pa rin si Errick sa kanya. *Kahit di na pwede.*

Hahabulin ko muna si Eya. Gusto ko ng magsorry. Tatal, alam na naman niya na magpapakasal na kami ni Errick. At hindi na siya masyadong galit. Maiintindihan naman niya, diba?

Lumabas nako ng Ladies Room, buti na lang hindi pa kalayuan si Eya dahil ayokong tumatakbo. Seriously, masakit sa legs ko. Mamaya madapa ako, kawawa naman ang flawless legs ko. >_<

"Eya!" Lumingon siya sakin at kumunot yung noo niya.

"Bakit?" Paglapit ko sa kanya. Bigla akong naiyak.

"S-sorry *sniff*. Sorry for everyt-thing."

Nagulat ako, miski sa sarili ko. Hindi ako ganito ka-emotional. Pero, wala eh, yung stress sa kasal, pati sa ibang bagay, nagpapahirap sakin, kailangan ko ilabas.

Niyakap ako ni Eya. At naiyak na naman ako. Grabe, diba masama ako? Nakakarma na ba ako?

Kinarma na nga ako eh.

At ang karma ko, si Errick.

"Tahan na. Gusto mo ng kausap?" Um-oo ako kay Eya at lumabas na kami ng school. Hindi ko kasabay si Errick kasi may kailangan siyang asikasuhin sa kasal namin, alam ko, nahihirapan siya. Ako rin naman eh. Pero, ano bang magagawa namin?

Paglabas namin, may mga students pa dun pati na rin yung ibang classmates namin na nakatingin saming dalawa. Sus. Siguro curious sila kung bakit yung dalawang magkaaway e magkasama na muli.

Pumunta kami sa Mcdo. Gutom na rin kasi ako e. Natutuwa siya kasi kahit papano, ayos na kami. Umupo na ko sa

table kasi siya na lang daw yung oorder.

Sana lang hindi siya magalit at maintindihan niya kapag sinabi ko na sa kanya yung totoo.
Nung umupo na siya, medyo awkward. Kasi naman diba, isang buwan rin kaming di nakapag-usap. Atsaka, ginago ko siya. Trinaydor ko siya.

Kailangan ko lang naman kasing gawin yun.

"Let's eat!" Habang kumakain, nakita kong nagssmile siya saakin.

"Bakit?"

"Wala. Nagulat lang ako na nagsorry ang isang Allison Avelino." Natawa ako dun. Alam niya kasing ma-pride ako. 😊

"Sus. So, kamusta ka na?"

"Okay lang ako. buhay pa rin. Ang tanong, kamusta ka na?" Inemphasize pa talaga niya noh? =_ =

"Okay lang rin." Natahimik kami pagkatapos nun.

Eto na chance mo, Allison, sabihin mo na ang totoo!

"Actually, I have something to say, or, to confess." Medyo nagulat siya nun pero ngumiti lang siya.

"Pero, dapat, maintindihan mo ako. Okay? Don't judge." Um-oo naman siya. This is it.

"I'm getting married with Errick. But its... arranged."

Nabagsak niya yung plastic spoon and fork niya sa table.

Yes, arranged marriage kami ni Errick. Gets niyo na?

35.2.

Allison's POV

"Wha-whaaaaat?!" Halatang gulat siya. OA naman nito. =_ =

"Arranged marriage. Kami. ni. Errick. Gets?" Lumaki yung mata niya ng ganito --> O_____O

"Sabing wag ka masyadong OA eh."

"Oo na. Sorry. Nagulat lang. Pero, teka? Arranged? Di ko maintindihan--"

"Kailangan naming magpakasal dahil yun ang sabi ng parents namin. Di kami makatanggi. Para kasi yun sa future ng company namin at ng kay Errick. We're facing a crisis, at ang makakaayos lang nun ay kung magmemerge ang Avelino Corporation and Yu Corporation." Kaek-ekan lang yun samin.

Nakakainis nga eh, may ganun pa pala noh? Tss. Modern times na ngayon eh. Ampupu. =_ =

"Ang company kasi namin, networking company. Yung kela Errick, telecommunications company. Parehong nasa Australia ang business nila kaya ayun, mas ideal daw na kami na lang ang ipakasal." Halatang gulat siya sa nalaman niya. Nakanganga eh. 🤪

"Uh.. Okay. So... hindi niyo talaga mahal ang isa't-isa?"

"No. Of course not. Bat ko yun magugustuhan? Kaibigan ko lang si Errick." Wait, bakit nung pagkasabi ko ng "kaibigan ko lang si Errick"? Biglang tumibok yung puso ko. Ang weird. T_T

"So hindi talaga kayo? I mean, kayo pero hindi niyo talaga mahal ang isa't-isa." Um-oo ako at bigla siyang sumimangot.

"So, ibig sabihin, sinaktan niyo ako, nagpanggap kayo na nagmahalan para masaktan ako?"

"No. Hindi ganon!"

"Tapos, sa tingin niyo, dito sa paraan na `to na hindi ako masasaktan?"

"Oo. Teka, wag ka magalit--"

Bigla niya akong niyakap. **"I understand, Boo. Alam ko naman na ginawa mo lang yung tama. Kayo ni Errick."** Bumitaw siya sakín at nginitian ako.

Phew. I thought... Uhm. Si Eya ba `to? Di man lang siya nagalit? O_____O

At tinawag niya rin akong Boo? Aww. Namimiss ko talaga `tong si Eya. 😞

"Pero. Di ka nagalit dahil, alam mo na, nasira ko relationship niyo dahil sa pesteng arranged marriage namin?"

"No. Siguro kung mahal ko pa rin siya, kanina pa kita binigwasan. Totorturin ko kayo at chachop-chopin." Natawa naman ako bigla. Pero brutal naman nito. =_ =

"Pero, dahil, kaibigan ko kayo, at kahit papaano, naiintindihan ko kayo. Wala na yung problema sakin. Hindi ko na kayo kailangan itapon sa Pacific Ocean at ipalapa sa mga gutom na sharks." Natawa ako nun. HAHAHA. =))))))

"Thanks. Eya. Uhm... May kasalanan pa ako..."

"Ano?" Gulp.

"Ako kasi yung nagpakalat nung scandal eh. Sorry. I figured na mas madali kang makakamove-on kung madidistract ka. Pero di ko inexpect na kayo na pala talaga ni Bryan." Bigla naman siyang sumimangot nun.

"Nakakainis ka. Ayoko kaya ng press. >_<"

"Sorry."

"Haynako Boo. Wag mo na uulitin yun ha. Di mo alam kung paano ako tinatadtad ng mga tanong nung mga chismosang reporters na yun. Grabe, nakakairita."

"Sorry Boo." Naguilty tuloy ako. =_ =

"Matanong lang, wala ka talagang gusto kay Errick?"

I made a face. **"No way. Hindi ko siya type. Ano ka ba, atsaka, basta."** Bigla niya akong tinignan na para bang nababaliw ako.

"Defensive ka? Alam mo, I'm starting to think na you're falling for Errick." 😊

"NO. WAY. And, he doesn't even like me, alam kong ikaw pa rin mahal niya." Natahimik naman siya nun.

"Alam mo, you can help him move on. Pero, naalala ko. Hindi pa rin kami talaga nagkakaroon ng closure, haha." Alam kong malungkot siya dahil dun.

Bibigyan ko sila ng closure. Mag-iisip ako ng paraan. Kasi, malay mo diba? Maguilty pa rin si Bryan sa mga pinaggagawa niya kay Eya.

Ang sama ko talagang kaibigan. = ____ =

"So, crush mo rin ba si Bryan?" Tanong niya sakín. Oo nga pala, alam niya yung mga kabaliwan na nagawa ko dahil kay Bryan. Nasaktan ko pa siya. =_ =

"Oo. Gwapo eh. Pero hindi na ngayon. Sorry, tinotopak ako minsan ha. Kailangan ko lang gawin yung mga yun dahil alam mo na, para matago yung katotohanan." Binatukan niya naman ako.

"Pwede mo naman sabihin yung totoo."

"Oo nga. Pero, diba? Buti na lang dumating si Bryan sa buhay mo, mas madali mong natanggap pagsosorry ko."

"Haynako. Si Bryan pa nga pala." Naglabas siya ng phone at guess ko, tinatawagan niya si Bryan.

the number you dialled is not yet in service

"Hindi macontact! Ugh."

"Baka nambababae--" Di ko natuloy kasi binigyan niya ako ng galit na tingin. HAHAHA NATATAWA AKO AMPOTS! XD

"Mahal mo talaga si Bryan?"

Nagulat siya bigla sa tanong ko. As in, gulat. Anong nangyari? Para namang hindi sila.

"Ah--eh. Oo. Hehe." Bakit parang kinabahan siya bigla?

Well, whatever. Hindi ko na yun business noh. 😏

Napatingin ako sa watch ko, 6 na. May gagawin pa ako eh. =_ =

Kailangan rin nila magkaclosure ni Errick. And it's up to me kung paano ko gagawin yun.

"So, Eya. Friends?" Ngumiti siya.

"Sure. Friends. Sabay sabay ulit tayo bukas?"

"Paano si Andie? Galit siya sakin diba?" Yung Andrea na yun. Inisnob rin ako nung nag-away kami ni Eya. UNFAIR. =_= Namiss ko rin yung bruhildang yun! 😊

"I'm sure she'll understand." Sana nga. Gusto ko na rin makasama ang dalawang babaeng close sakin. Namimiss ko sila. 😞

Lumabas na kami ng Mcdo at ihahatid daw niya ako sa sakayan ng jeep. Nung sasakay na ako, sinabi ko sa kanya na hindi muna kami sasabay ni Errick sa kanila bukas.

"Bakit naman?" Halatang dissapointed siya.

"Nakakailang. Saka na kapag na-explain mo na kay Andie. At kay Bryan." Um-oo siya at nagbbye na kami.

Habang nakasakay ako sa jeep, isang plano lang ang tumatakbo sa isip ko ngayon.

Bigyan ng tamang closure si Errick at Eya. Para talagang, makamove-on na sila. At magkabati na rin sila.

Total, ako naman ang nanira, ako na lang ang mag-aayos.

36.1.

Bryan's POV

"Good work guys! That's a wrap everybody!" Wew. Salamat at tapos na ang shooting ng music video ko. It's been 12 days. Nakakapagod rin noh. :| Bakit 12 days? Eh kasi dito pa sila nagbrainstorm kung ano bang gagawin sa music video e. Pati yung arrangements.

"Bryan!" Tawag ako nung nagdirect ng MV ko. Si Tito John. Pure American siya pero mabait. Professional music video director siya.

"Yes Tito?"

"Congrats." Nagshake-hands kami. **"I hope this will earn good reviews from the people who love your music."**

Napangiti naman ako dun. **"So, I'm really glad I got to work with you."**

"No problem, Tito John. It's my pleasure to work with one of the best." Siya naman ang ngumiti nun at pinat yung shoulder ko.

"It will be released probably next week. Anyways, I'll better be going. Get a lot of sleep. You'll come home on Saturday?" I nodded.

"I just need to loosen up a bit before I go home. So I'm thinking to tour the streets of Japan tomorrow."

"That's good. You'll wear a disguise?"

"Yup."

"Well, I'll just give you a beep if your MV will be released already." Nagsmile na ako at nagpaalam.

Nagthank-you ako sa mga staff ni Tito John for a job well done. Syempre, hindi lang ako yung naghirap sa paggawa ng MV. Maraming tao rin.

Nakipagmeet rin ako kay Kuya Prince. Nasa Japan kasi siya, buti nga naalala ko e. Nagtext ako sa kanya and he was skeptical nung nagkita kami. Basta, yun na yun. Kinumusta niya rin si Eya. At nung sinabi ko na kami. Ang nakuha kong response.

"Well, good job! Bryan!"

Akala ko magagalit siya. O.O Oh well, nagpaalam na ako pagkatapos nun at umalis na. Pumunta sa hotel na pinagsstay-an ko.

Natulog ako ng maaga pagkatapos. I need sleep.

Around 9 am, nagising na ako. Nagbihis kaagad at nagdisguise para makatour naman ako. Dumaan ako sa streets ng Kawagoe, Tokyo Japan. Wow, ang daming cheap items. Para akong babae magdaldal dito. >_<

Bumili ako ng ilang accessories. Cheap watches tapos ties, tapos vests. Ang astig lang kasi mura na siya, maganda pa quality.

Dumaan na rin ako sa isang food store. Bumili ng Sushi at California Maki. Pasalubong ko kay Eya. Ang takaw talaga nung babaeng yun, hindi naman tumataba.

Nag-ikot ikot lang ako. Ang saya talaga mag-tour! Lalo na kung tahimik ang buhay mo. Don't get me wrong, gusto ko

maging artista. Pero syempre, kapag naging artista ka na, doon mo narerealize ang lack of privacy. At yun ang isa sa gusto ko makuha. =_ =

Habang naglalakad ako, biglang may tumulak saakin.

Natulak lang pala ako. May hinahabol kasi siyang aso. Shih tzu yung breed. Ang cute naman ng dog! Pero biglang lumapit yung dog saakin.

Binuhat ko yung dog. Dinilaan ako pero di ko pinansin. Nakita ko yung amo ng dog na nakatingin saakin.

"Uh.. Miss. I presume this is your dog." Buti at hindi natanggal yung disguise ko. Nako, lagot na. Nagnod naman yung babae at ngumiti. Binigay ko na sa kanya yung dog niya.

"Well, Arki seems to like you. Eventhough, you look... weird."

"Weird huh?" Nakasuot kasi ako ng cap, tapos shades, tapos naglagay ako ng fake mole. Anong weird dun?

"Nothing. It's just because you're familiar." I just shrugged. Well, di ko kilala `tong babaeng `to. Kaya I don't need to reveal myself to her.

Looking at her, maganda siya. She looks like an American. Or maybe half-american. May part kasi sa kanya na pang-asian. Black rin hair niya.

"Are you American?" She nodded. Teka, bakit ba ako nakikipag-usap dito sa babaeng `to? 🤔

"Actually, I'm half American half Filipino." Nagulat naman ako dun. Parehas lang pala kami.

"Well, we're the same." Ngumiti naman siya nun.

Napatingin ako sa watch ko at nakita kong 6:30 na. It's not that I don't want to be late. May gagawin pa kasi ako. I'll have a chat with my bestfriend, Aaron, later. Sa YM lang. Nangungumusta kasi yun.

"So, I better go! Nice bumping into you, fellow Fil-Am." Nung nakalayo na ako. Biglang sumigaw si babae.

"Hey! I'm Princess Gomez. You?"

Fake name bibigay ko of course.

Humarap ako sa kanya. At sumigaw rin ng... **"I'm Edward Cullen!"** Naging weird yung expresson nung babae. Which made me laugh. HAHAHA. Bakit ko sasabihin yung pangalan ko? Close ba kami? Atsaka, ewan ko ba. I'm feeling different about her attitude.

Bakit ba Edward Cullen nasabi kong name? Ampots. I don't sparkle like that. =_ =

Pagkauwi ko, nagchat na kami ni Aaron. Kaibigan ko yun since nasa US ako. Nakakamiss yun! 😊

Nung mga 9PM na. I decided to sleep dahil 8AM ang flight ko bukas. Err.

Biglang nagvibrate yung phone ko. Panira naman ng tulog. >_<

May nagtext. Unknown number.

Fr: 09XXXXXXXXXX

Hey. Allison `to. Got your number from Eya. I just want to ask a favor. When you go back here, bigyan natin ng tamang closure si Eya and Errick. Ok? Let's talk when you get back.

What? Bakit naging ganito bigla ang ugali ni Allison? I thought.. magkagalit sila ni Eya? Ang dami kong di nalalaman.

Malalaman ko yun kapag andun na ko. Natulog na lang ako para di ako puyat para sa flight ko bukas.

Ano kaya yun? Bakit kailangan nila ng closure? Tapos na naman sila, diba?

36.2

Bryan's POV

Andito na ako sa Philippines. Believe it or not, nagustuhan ko na rin dito. Dahil siguro andyan si Eya para asarin ko. HAHA. 😊

Speaking of Eya, di niya pa alam na bumalik nako. Namiss ako nun. Pustahan? 😊 Pero makikipagkita muna ako kay Allison.

Para pag-usapan yung gusto niyang mangyari.

Sabi niya, magkita raw kami sa ATC na lang. Natural magdidisguise ako noh, ayokong may makakitang kasama ko si Allison. =_ =

Alam ko, adik sakin yun eh? Lol. Yun ba plano niya? Magkaroon ng closure si Eya at Errick, which is may chance na magkabalikan sila, at maiwan kami pareho?

Tapos gusto niya siya na girlfriend ko? No way. 😏

Naisip ko lang naman yun kasi, alam mo na, lalaki ako. Alam ko yung mga tricks ng babae. Tss. Yung iba masyadong desperada eh. =_ =

Nang nandito nako sa Starbucks, umorder na ko ng Java Chip Frappe tapos umupo na. Maya-maya dumating na siya.

"Hey." Umupo siya sa tapat ko. Tapos ngumiti. Ang galing. May atraso siya kay Eya tapos makangiti siya saakin, close kami? =_ =

"Bakit ba?"

"Chill. Diba natekst ko na naman sayo?" I nodded.

"Oh ano naman? May pupuntahan pa ako kaya bilisan mo." She just rolled her eyes on me. Tch. 🙄

"Let me tell it to you straight to the point. Kung nagtataka ka kung bakit kita kinakausap ngayon. Kelangan nga natin bigyan ng closure sila Errick at Eya. Para di na sila maguilty." I smirked at her.

"Baka ikaw dapat mauna, ikaw naman `tong nanira ng relationship nila. Am I right?"

"For your information, bati na kami ni Eya."

"So? It doesn't change the fact that you betrayed her trust." Ang sama ko magsalita. Totoo naman kasi e. Bigla siyang sumimangot at parang nasaktan. Napasama yung pagkasabi ko. Tsk. I'm just being honest.

"Sorry."

"Okay lang. Totoo naman kasi. Pero ginawa ko lang naman yun para di siya masakitan sa katotohanan." Katotohanan? What is that?

"Anong katotohanan?"

"Wag kang maingay ha. Ikakasal kasi kami ni Errick. Arranged Marriage."

"Wait, what?!" Nagpapanggap lang pala sila?! O_____O

SO HINDI TALAGA NILA MAHAL ANG ISA'T-ISA?! 🙄

"W-why?"

"Long story. Basta, family business." Medyo nagets ko na. Pero nakakagulat pa rin.

"Usong pa pala yun ngayon?"

"Oo. Malas nga lang namin."

"So, you mean-- wait, alam na ba ni Eya?" Um-oo siya.

"Ah... so?"

"So, dahil alam naman nating, naging sila, although di ko alam kung mahal pa nila ang isa't-isa, at least, bigyan natin sila ng closure."

Maganda yun. Para matapos na talaga.

"Sure. Pag-usapan na natin kung paano?"

"Sige. So ganito yung plan....."

Daldal lang siya ng daldal. Di ako nakikinig masyado pero naiintindihan ko naman. May tanong kasi ako eh.

Paano kung hindi closure yung mangyari? Paano kung mahal pa ni Eya si Errick?! BAKA UMATRAS SIYA SA CONTRACT! HINDI PWEDE! 😞 =_ =

Nainis ako bigla. At nagworry. Ano yun, iiwan na lang ako ni Eya biglaan?

Sumama tuloy loob ko. Di ko alam kung bakit. Para bang nagdilim ng onti yung paningin ko.

"Allison, sa tingin mo mahal pa ba ni Errick si Eya? At sa tingin mo, ganun rin vice-versa?" Nagulat siya sa tanong ko. Ako nga, nagulat rin eh. Bakit ganun natanong ko?

"Si Errick? Siguro, oo? Ewan. Siguro naaawa lang siya kay Eya. Kasi they had a bad break-up. Pero si Eya, mahal pa niya si Errick? No, I don't think so."

Napaexhale naman ako dun. At ewan ko ba, napangiti ako. Umabot ata hanggang tenga dahil napansin ni Allison.

"Makangiti wagas?"

"Haha. Wala lang. Haha...."

"In-love ka na kasi masyado kay Eya. Bagay talaga kayo." Napakunot naman ang noo ko sa sinabi niya.

"Paano mo nasabi?"

"Kasi kanina, nung sinabi kong may chance na magkabalikan sila, sumimangot ka, pero nung sinabi kong nakamove-on na si Eya, ngumiti ka abot-langit." Natawa naman ako dun.

"Yan ba ang description mo ng love?"

"No. Vague description lang yun. Ang love, hindi naman nadedescribe. Ang love--"

"Nararamdaman?" Um-oo siya.

Nacurious tuloy ako.

"Mahal mo na si Errick?" Siya naman ang nagulat sa tanong ko.

"Uh... I think, I'm starting to fall for him."

BIG WOAHH.

"Ikaw? Haha. Alam ko di tayo close, pero, natatawa lang ako. Diba arranged lang naman kayo?"

"Bakit? Arranged na naman kami, tama ka. Kaya mas madaling mainlove!"

Di ko talaga gets ang arranged marriage. >____<

"Tanong lang, sa tingin mo, magagawa natin yung plano ko?" Um-oo ako.

"Syempre naman, Si Bryan Lim yung kapartner mo sa plan na `to." Tumawa siya.

"Natatawa talaga ako sa sarili ko. Nagustuhan kasi kita. Dati lang naman. Amputla mo kasing kano ka."

"ANO? MAPUTLANG KANO?" 🤔

"Joke lang. HAHA. Pero seryoso, nagustuhan kita dati."

Ang daming nagcoconfess sakin. T.T

"Buti at nawala na ngayon." Tumawa siya.

"Kasi naman eh, ugali mo Bryan! Ako na magsasabi sayo, bawasan mo pagiging mahangin mo, baka mamaya magsawa sayo si Eya. Maging sweet ka naman!"

Baka magsawa si Eya sakín? Paki ko. 3 months lang naman yung contract eh.

Pero bakít biglang may kung anong sumipa sa puso ko? No way. O.o

"Hindi mangyayari yun." Ngumiti naman siya nun.

"Wag mong sasaktan si Eya ha. Baka ikaw masabunutan ko."

"Papagyera kita sa fans ko! Bahala ka."

"Leader ako ng Bryanbelievers!" Ay oo nga pala. >____<

"Pero magququit nako. Ang labo naman kasi. HAHA. Di ako obsessed sayo katulad ng dati. Errick nako."

I felt relieved dahil mawawalan ako ng stalker. HAHAHA. Joke lang. Eh kasi, kung friend ni Eya `tong si Allison, bakít hindi ko rin pwedeng maging friend?

"Bryan! Friends na tayo ha?" She's thinking the same thing.

Ngayon ko lang napagtanto na parehas kaming mag-isip nitong babaeng `to. HAHAHA.

"Oh sure. Basta, invited ako sa kasal. Kami ni Eya. Kailan ba?"

"Wala. Di pa sure. Pero tuloy na tuloy na yun. Yung groom lang yung kulang." Nagpout siya bigla.

"Mahal ka rin nun."

"Tss. Si Eya pa rin naman ata eh." 😞

"Hindi yun! Gawin mo ang lahat mapunta siya sayo. Okay?" Ako ba ang nag-advice? T.T

"Haha. Sige. Basta yung plano ha? Sa friday ba natin gagawin?"

"Sure. Basta ayusin natin ha. Walang papalpak." Nag-iinarte ako. HAHA.

"I agree. So, paano ba yan. Bye na. Iikot-ikot muna kasi ako sa mall para bumili ng bag. Sama ka?"

"As much as I want to stroll around the mall, may jetlag pa ako. Sunday ngayon at ngayon lang ako dumating dito. Wala pa kong tulog."

"Sige sige. Bye!" Kinuha niya yung coffee niya at umalis na.

Maya-maya, umalis na rin ako at umuwi. Bago ako umidlip, naisip ko na naman yung kanina kong naisip.

Paano nga kung magkabalikan yung dalawang yun?! Ugh. Paano na arranged marriage ni Allison at Errick? Paano na yung contract?

At paano ako?

37.1

Eya's POV

"Class dismissed." Thank God. Na-syntax error yung utak ko dahil sa Physics. Tsk tsk. Hindi na gumana.

Nag-ayos muna ako ng gamit at sumabay na kay Andie palabas. Nagbbye rin naman kami kay Allison. Bati na naman kasi kami eh, nagulat nga si Andie. Pero nung nalaman niya yung totoo. Nagulat siya. Syempre, pinsan niya si Errick. Bakit di alam ng parents niya na magpapakasal na yung pinsan niya? Pero ayun, bati na naman sila. Pero di pa rin kami lahat nagbobonding, or what. Kahit sabay kumain. Okay lang naman kasi eh. Ayaw pa ni Allison. Ang weird lang nung babaeng yun. 😞

"Guys! Sandali lang!" Napatingin ako sa tumawag at ayun nga, papalapit si Kevin.

"Nako. Sasabay ka na naman?" Iritang sabi ni Andie. Pero nagpout lang si Kevin at pinisil yung pisngi niya.

"Ang arte mo. You know? Ako na nga naghahatid sayo everyday."

"Eh kasi naman--"

"Oy tama na nga yan lovebirds!"

"HINDI KAMI LOVEBIRDS!" K. Sabay pa sila nagsalita. Ang sarap kasi nila asarin. HAHA.

Sumasabay na rin kasi samin si Kevin this past two weeks. Nakakatuwa nga, nadagdagan kami ng isa. Mabait naman siya, pasaway nga lang. Kapag lunch, ang takaw! HAHAHA.

Alam ko rin na matagal na siyang may gusto kay Andie. Inamin niya yun sakín, yun yung sikreto namin kaya close kami. HAHA. Obviously, hindi alam ni Andie yun. Pero sasabihin naman niya sa tamang panahon.

Minsan nga gusto kong batukan `tong si Andie. Ang manhid sobra. Pero di niya naman kasalanan yun. Torpe naman kasi nitong si Kevin. 😊

Pero nasesense ko na magkakaroon na naman ng loveteam sa campus. Nakakatuwa lang. :">
Grabe, sila na may lovelife. Ako? Nevermind. =_ =

"Speaking of Bryan, diba two weeks na since umalis siya? At alam ko, dumating na siya sa Pinas. Bat di pa siya pumasok?"

Oo nga. Ugh. Di pa nagpapakita yun sakín. T.T

"Ewan ko dun." Nag-usap na lang sila. Di ako makarelate kasi puro steps ng dance topic nila. May pa-jerk, catdaddy at walang kamatayang dougie ang topic. 😊

Ng nakauwi na sila. Naglakad na lang ako mag-isa, nang biglang nagvibrate yung phone ko.

Fr: BryanEpal

HOY ENGOT. KITA TAYO SA PLAYGROUND MALAPIT SA SUBDIVISION NIYO MGA 6PM. WAG KANG MALELATE.

Kahit naiinis ako sa text niya, di ko alam pero napangiti ako bigla. Andito na ulit siya! HAHAHA. 😊) May kasama na naman ako.

Namiss ko rin kasi siya. Onti lang. 😊 De joke, namiss ko talaga siya.=)))))))))

Dahil mag-si-6 na naman, dumiretso na ko sa park. Nako, may pasalubong yun sakín! Yummy sushi at california maki! ^ _____ ^

Kaso, iba yung nandun eh. Hindi si Bryan.

"Errick? Anong ginagawa mo dito?" Napatayo siya bigla sa swing at tumingin sakín.

"Ano rin ginagawa mo dito Eya?" Kumunot yung noo ko.

"Pinapunta ka rin ba ni Bryan dito?" Malabo yun. Di sila close. Friends ba sila? Alam ko hindi.

"Huh? Hindi. Si Allison nagpapunta sakín dito... Wait."

Boom. Na-gets ko na. =_ =

"Sinnet-up nila tayo."

"Bakit naman?" Kaya pala ang weird ni Allison.

"Ewan? Baka kasi, gusto nila tayo mag-usap. Magkaroon ng closure."

Looking at him, biglang may kung anong kumurot sa puso ko.

"And I think, we really need to fix things." Fix things? Anong things?

Napabuntong-hininga na lang ako. **"Sure."** Umupo nako sa swing. Maya-maya, umupo na rin siya sa katabing swing ng swing ko. Tss. Swing swing lang rin.

Walang nagsasalita samin. Narealize ko...

Mahirap-hirap `tong pag-uusap na `to. Epal naman kasi ni Bryan at ni Andie! Set-up pa talaga ha? Kelan naman sila naging close aber? =_ =

37.2

Eya's POV

"Uh..."

"Ano..."

Napatingin kami sa isa't-isa bigla. Di ko alam kung bakit, pero parang ang ironic ng moment. Kasi, sabay kaming natawa.

"HAHAHAHA!"

Sabay kasi kaming nagsalita. K. Ang corny namin. 😊

Pero narealize ko, narealize ko sa sandaling `to...

Na parte pa rin siya ng buhay ko.

Iba nga lang ang part niya.

Tumigil ako sa pagtawa. At tinignan siya. Inaabsorb ko yung facial features niya, yung mata niya, yung ilong niya, yung lips niya.

Minahal ko rin pala `tong mga `to.

Pero ngayon? Ang narealize ko lang, namiss ko siya. Namiss ko ng sobra. Di ko alam, pero napaluha ako.

Para bang bumalik yung sakit? Alam mo yun... yung sakit na naramdaman ko nung naghiwalay kami. Ampupu. Cry-baby ako. 😞

"E-errick. Anong n-nangyari satin?" Kumuha siya ng panyo at inabot sakin.

"Baka mamaya kapag niyakap kita, maiyak rin ako. Magmumukha akong bakla niyan." Natawa naman ako sa sinabi niya at pinalo siya ng mahina sa braso niya.

"!@#\$. Haha. Pero seryoso, ano bang nangyari satin? I mean, dapat sinabi mo yung totoo. Maiintindihan ko naman eh. Maiintindahan ko naman na hindi na tayo pwede."

Napabuntong-hininga siya at hinawakan yung kamay ko. **"Ewan. Siguro kasi, mas mabuting magsinungaling na lang. Kasi, baka mamaya. Umasa ka pa na magiging tayo sa huli. Kahit arranged na kami. Alam mong di yun pwede, mahal kita. Kaso, mas masasaktan ka. Ayoko. Mas gusto kong masaktan ka pero matatangap mo."** Nagets ko na ang gusto niyang iparating. Pero, may gusto akong itanong sa kanya.

"Kung mahal mo talaga ako, bat di mo ako ginawang ipaglaban?" Natahimik siya nun. Halatang guilty. Eh gusto kong itanong, kasi naman! = _____ =

"Wag kang mag-alala. Di na naman kita mahal. Curious lang ako."

"Grabeng curiosity yan, Eya! Wag na. Mas mabuti pang--"

"Eeh. Ayoko. Gusto ko malaman yung reason kung bakit di mo man lang ako naipaglaban sa parents mo" >_<

"Believe me, pinaglaban kita sa magulang ko. Pero, hindi yun sapat." Umiwas siya ng tingin sakín.

Binatukan ko tuloy siya.

"Aray!"

"Wag ka ngang mag-inarte. Ako na nga `tong nasaktan, umaarte ka pa. At least, alam ko na ang totoo. At believe it or not, nakamove-on na ako sa past. Although nanghihinayang ako. Kasi, kahit papaano..."

"Nagmahalan tayo."

Natahimik kami bigla. Pero comfortable yung silence. Hawak-hawak niya pa rin yung kamay ko.

Pinisil ko yung kamay niya at napatingin sakin.

"Errick. Pwede ba nating ibalik yung dati? Yung friendship natin?" Ngumiti siya.

"Oo naman. Eya. Besides, parte ka ng buhay ko. Di ka mawawala dito." Tinuro niya yung puso niya. **"Atsaka, ang tahimik ng buhay ko kapag wala ka eh. Magbestfriend rin naman tayo."**

Niyakap ko siya. Pero walang malisya ha. Bumitaw naman kami pagkatapos at nagkwentuhan na lang.

Kinwentuhan niya ako tungkol sa post-break-up namin. Kung ano yung mga nangyari nung di na kami. Ang imba nga eh, kasi, parang walang nangyaring issue samin.

Parang, magbestfriends pa rin kami katulad ng dati bago naging kami at bago kami nagbreak.

^ _____ ^

"At least, ayos na tayo."

"Oo nga. Pero matanong lang, mahal mo na si Allison noh?" Nagmake-face siya.

"Alam mo naman na di kami talo, lagi nga kaming nag-aaway nun. I don't care about her." Natawa naman ako nun. HAHahaha! ^ _____ ^

Kumunot yung noo niya. Mas lalo akong natawa! HAHahaha! **"Anong nakakatawa?"** 🤔

"Yung reaction mo kasi, katulad nung kay Allison nung tinanong ko siya kung gusto ka niya!" Sumimangot naman siya nun.

"Anong sabi niya?! Sabihin mo!" Curious masyado. 🤔

"Akala ko ba wala kang care sa kanya?!" Naging defensive naman siya bigla. HAHahaha. Napaghahalataan `to oh.

"Sige na!"

"Ayaw!"

"Gusto ko lang malaman!"

"Bakit sakin mo tinatanong? Kay Allison mo itanong!" Tawa pa rin ako ng tawa dahil sa mukha niya. Halatang naiinis na siya eh. HAHAHA! (^_____^)

"Alam mo, gusto mo si Allison. Di mo lang narealize."

Errick's reaction:

=_____=
>_____<
(🙄_____???)
(O_____O)

"What?!" 🙄

"Ganyan ka rin naman nung naging tayo ah! Yung nililigawan mo ako. Defensive ka nung una. Nung inasar ka ni Andie sakin. Sabi mo di mo ako magugustuhan. Pero ano ka? Nagustuhan mo ako." Tae. Bakit ko yun bigla nasabi?! O.o

Seryoso yung tingin niya sakin. **"Sorry talaga. Eya. I know I hurted you a lot. Pasalamat na lang ako at dumating si Bryan sa buhay mo. Alam mo, may plano nga akong agawin kita sa kanya nung nalaman kong kayo na."** Nagulat naman ako dun.

"Pero nung narealize ko na mas bagay kayo, na mas maalagaan ka niya, at no offense, na hindi talaga tayo para sa isa't-isa, naggive-up nako. Pasalamat lang ako at nakamove-on nako."

Nginitian ko na lang siya. **"Pasalamat na rin ako na nakamove-on ako."**

Napatingin naman siya sa watch niya. **"Eya. I need to go na. 7 na kasi. Gabi na. Atsaka may balak akong mag-bar."** 1 hour na pala kaming nag-uusap. Dumidilim na pala. Di ko napansin. >_<

Wait. **"BAR NA NAMAN? MAGTIGIL KA NGA!"** Sabay hampas sa kanya ng bag ko. Napa-ow siya, tinigil ko naman nung feeling kong nasaktan na siya.

"Eya naman eh! Onti lang, promise!" Haynako. T_T

"Okay. Magpaalam ka nga kay Andie!" Nagnod siya pero nag-pffft. Tigas ng ulo neto. =_ =

"Hatid na kita." Um-oo ako kasi syempre, gabi na. Baka mamaya may mga manyakers na goons na nakapaligid sa subdivision. Wala pa naman akong alam sa self-defense.

Ang alam ko lang is mambatok. Special skill ko ata yun! Bwahahaha. 🤪

Nung nasa street na namin kami, napansin ko na may nakapark na kotse sa tapat ng bahay namin. Sina Mama umuwi na? Malabo. May 6 months pa yun sa Europe.

Hindi kaya?

"Sige Errick. Ako na bahala maglakad papuntang bahay ko."

"Sure ka? Hatid kita kahit sa gate niyo lang."

"Wag na. May nakapark kasi na kotse sa amin. Baka si Mama at Tita." Tinuro ko yung kotse.

"Hahatid kita sa may gate niyo. Mamaya kung sino yang nasa kotse nyan. Mapahamak ka pa." Bigla akong kinilabutan.

"Di naman! Makapanakot `to." >_<

"Basta." Wala akong nagawa kundi um-oo. Nung nasa tapat na kami ng gate ng bahay namin. Kinatok ni Errick yung car glass na tinted nung kotse na nakaparada sa bahay.

Maya-maya, bumukas yung pinto ng kotse...

At bumungad si Bryan Lim.

"Bryan!" Hindi ko alam kung bakit pero napayakap ako sa kanya.

I miss his smell. His hair, his arms, his..... Ay ano ba pinag-iisip ko! 😊

"Woah. Easy Eya, sabi na, mamimiss mo rin ako." Natawa naman ako dun.

"Ehem." Napatingin ako sa nag-ehem. Si Errick pala.

Nakalimutan kong andito pa siya.

"Uhm... Errick. Pwede ka ng umuwi." Natawa naman siya sa pagkasabi ko.

Lumapit siya sakin at ginulo yung buhok ko. **"Ingat ka ha?"** Napatingin naman siya kay Bryan.

"Safe siya sakin. Errick." May edge ng nanghahamon yung pagkasabi ni Bryan. Or I just imagined it? Oh well. Kinurot ko siya ng mahina. Napa-smile lang si Errick dun.

"No worries. Dre. Nag-usap lang kami."

"Sinnet-up niyo kasi kami ni Allison." Singit ko.

"Paano mo nalaman yun Eya? Tumatalino ka na ha."

Kinurot ko ng kinurot si Bryan. Epal! Ampupu naman. =_ =

"LETSE!"

"Well, closure ang kailangan niyo kasi. Nag-usap naman kayo?" Sabay taas ng kilay niya. Tsk tsk. Ang arte nitong si Bryan.

"Wag ka nga! Oo. Masaya ka na? Teka, may bago ka na namang kotse?" Tinuro ko yung kotse niya. Di ko narecognize.

"Ang gastos mo."

"Car geek ako. That's my passion, Eya."

"K. Ikaw na may hobby na magcollect ng kotse na mamahalin. Ang mura ng passion mo! Grabeeee." Natawa lang siya.

"Bryan, pwede ka bang makausap?" Tinaasan ko naman ng kilay si Errick. Bakit kailangan nilang mag-usap?! Bat di pa siya umaalis?! =_ =

"Sure. Ngayon ba?"

"Kung pwede ka."

"Saan?"

"Inuman? Sa Tunnel?"

"Sure. Wala na naman jet lag ko. Saturday naman bukas." MAG-IINUMAN SILA?! O.o

Seryoso silang nagtitigan. OMG. Baka magsuntukan `to pag wala ako?! 🙄

"BAKIT KAYO IINOM? WALA NAMANG PROBLEMA--oomph!" Tinakpan ni Bryan yung bibig ko.

"Mag-uusap lang kami. Usapang lalaki. Okay? Walang gulo." Binitawan niya naman yung bibig ko.

"Anong Tunnel?"

"Bar yun."

"Yup. Bar siya wifey. Daming alcoholic drinks."

"What?! Mapapahamak ka nyan Bryan! Artista ka!"

"May care ka saakin? WOW!" Binatukan ko naman siya.

"Girlfriend mo ako. Okay?" Natahimik naman siya nun.

Kahit nagpapanggap kami, girlfriend niya pa rin ako for the next two and a half months! >_____<

"Ano ka ba, Eya. Mag-uusap lang kami. We'll not get drunk." Si Errick naman yung tinitigan ko ng masama. Natawa lang siya sa expression ko.

Nagiging OA na ako magreact. = _____ =

"Sama niyo ako. Sige naaaaaaaaa~"

"BAWAL!" Talagang sabay pa sila magsalita. = _ =

"Sige. Pero ingat kayo ha. Goddamnit! Wag kayong gagawa ng kagaguhan." Niyakap ako ni Bryan. Sandali lang. Tapos binulong na... *"Ang protective naman ng girlfriend ko sakin."*

Dugdug. Dugdug.

Di pa pala ako nagpapacheck-up sa heart specialist. Napapadami `tong ganitong instances. T_T

Bumitaw na siya sa yakap niya sakin. **"Errick. Kotse ko na lang gamitin natin papuntang Tunnel. Is it okay?"**

"Sige. Hatid mo muna si Eya papasok. Magssmoke lang ako."

"Smoke ka ng smoke Errick. Itigil mo yan. O kaya, bawasan mo."

"Opo! Maam Alvarez!" Natawa lang ako sa sinabi niya. Taena lang haha. =)

Hinatid na ako ni Bryan sa loob. Sa may garden lang. Pero may binigay siya sakín.

"Ano `to?"

"Buksan mo."

Pagkabukas ko. Chocolates? At may sushi at california maki pa! ^_____^

Napayakap naman ako sa kanya bigla.

OMG. Bumitaw naman ako bigla. Tumawa lang siya.

"Nagiging sweet girlfriend ko ha." Pinalo ko siya ng mahina sa braso.

"Wag ka ngang mang-asar. Sige na, alis ka na. Wag kayong mag-aaway ha."

"Opo. Wifey." Medyo lumaki yung mata niya. Bakit? o.o

Tapos tinignan niya ako ng weird na look. As in... ang weird.

"May problema?"

"Uh... wala. Sige alis nako. Bye." Lumabas na siya ng gate. Hinintay ko munang makaalis sila bago ako pumasok.

Bakit ganun? Nagwoworry na ko sa kanya, tapos, tapos...

Hindi kaya?

No. Hindi pwede. Hindi pwedeng mainlove ako sa kanya. Or magkagusto ako sa kanya. Kahit di yun nakalagay sa rules ng contract, understood na yun. Artista siya. Normal na tao ako.

After 3 months, mawawala na naman yung magic ng contract diba?

Worried lang ako At namiss ko lang siya. Tama Eya! Yun lang yun. Wala ng iba.

Pero bakit ganito yung puso ko? Iba yung pinaparamdam at pinapahiwatig sakin? Tumitibok kapag andyan si Bryan, nalulungkot at nanghihina kapag wala si Bryan. Kulang na lang simigaw `tong puso ko na "BRYAN BRYAN BRYAN!"
Ang gulo lang. 🙄

38.

Eya's POV

Pagkagising ko, wala na si Desi. Nako talaga. Pala-gala na yung babaeng yun! Di porket saturday ngayon at wala si Mama dito, lagi siyang gagala. Di pwede yun! Di porket idol niya si Dora the Explorer, gagaya na siya sa negrang gala na yun! =_ =

ANG OA KONG ATE. HAHA. Minsan lang `to. Buti na lang at nag-iwan naman siya ng note, pupunta lang daw siya sa bahay ng bestfriend niya. Boring daw kasi dito. Tss.

Nagtext ako kela Bryan, Andie, Errick, Allison at kay Kevin kung gusto nilang gumala. Aba! Lahat busy. Tsk. 😞

Tumawag pala si Bryan. Wala, kinwento niya lang yung pinag-usapan nila sa Tunnel. Mabait naman daw pala si Errick. Tas yung ibang pinag-usapan nila, secret na daw. Tofu. >.<

So wala akong nagawa kundi manuod ng Phineas and Ferb habang kumakain ng chichirya.

Grabe, ganda ng week-end ko. =_____ =

Alam ko na! Pupunta na lang ako sa clinic hospital malapit samin! Papa-check ko `tong heartbeat ng puso ko. I swear, nagiging abnormal na yung pagtibok niya. Tae tae tae. Baka mamaya bigla pa akong atakihin ng puso nito! Paano na ang mga nagmamahal saakin? Paano na ang mga readers na patuloy na sumusubaybay sa buhay ko? Paano na si Miss Author na sobrang ganda? 😞

[EHEM. HAHAHA. ^_____^v]

Kumain na lang ako ng madalian saka naligo. Nagbihis ako ng simpleng t-shirt na color green at pedal maong pants. Mukha akong maangas. Naka-cap pa ako. Tapos ballers. Astig. Feel ko magpaka-boyish.

Nagjeep ako papuntang heart clinic. May pera naman akong dala kaya okay lang. Pumila na rin ako kasi hindi lang pala ako ang may abnormal na puso. = _____ =

Maya-maya, tinawag na ako nung secretary nung heart physician. Salamat naman. Nakakapagod rin umupo. = ____ =

"Miss Alvarez, you may enter now." Nagnod ako at pumasok sa clinic. Ang cute ng itsura, puro pink. Siguro mahilig sa pink `tong heart doctor. :">

"Hello Miss Eya. Upo ka na." Umupo na ko sa may fluffy na upuan katapat nung upuan ni Dr. Love. What?! Napatingin kasi ako sa parang nametag niya eh.

"Uh... Dr. Love po ba tawag ko sainyo?"

"Pwede rin."

"Surname niyo po yun?"

"Ha? Oo. Ang weird noh." Um-oo ako. Ang weird kaya. Mukhang mga 30's na `tong si Dr. Love. Pero ang ganda niya pa rin. Prominent yung cheekbones. Ay teka, bakit ko ba dinedescribe?

"Anong problema mo iha?" Tumingin siya sa hawak-hawak niyang record book. **"Wala ka pa namang record dito sa clinic ko, first time mo dito, diba?"**

"Opo."

"Bakit ka andito? May problema ba sa puso mo?"

"Opo. Sobrang bilis po ng tibok ng puso ko. Tapos minsan sumisikip. Naaabnormal po yung

heartbeat. Natatakot po ako. Baka kasi may heart attack ako or something."

"May history ba ng heart attack or failure sa family mo?"

Napaisip ako nun. **"Uhm... Wala naman po."**

"**Ganun ba?**" Binaba niya yung record book sa mesa, sabay kuha ng stethoscope sa ilalim ng drawer ng mesa niya.

"**Checheck ko heartbeat mo ha?**" Nagnod ako at lumapit siya sakín sabay tutok ng stethoscope sa puso ko.

Bigla siyang ngumiti.

"Bakit po Doc?"

"May nangyari bang maganda sayo?"

"Huh? Uhm... Wala naman po in particular."

Pero naisip ko si Bryan kagabi, nung nagpakita na siya after two weeks, yung mukha niya nung niyakap ako...

Biglang tumibok yung puso ko. **"Uhm. Masaya naman po ako."**

Ngiting-ngiti si Dr. Love. **"Lalaki ba yung inisip mo?"**

"Doc, paano niyo nalaman?" Natawa lang siya at binaba yung stethoscope sa mesa niya.

"Yung heartbeat mo kasi, mas mabilis siya sa normal heartbeat ng isang tao, pero I assure you na safe ka physically. Emotionally, well, medyo unstable. Pero not in a bad way. Take care of yourself most especially your feelings and emotions."

Uh.... **"Di ko po gets. Ano pong ibig niyong sabihin?"** >____<

Ngumiti ulit si Dr. Love, yung ngiting abot-tenga. **"Nainlove ka na ba, Miss Eya?"** 😊

O _____ O

"Uh... opo. Dati. Pero... nawala na po yun..."

"Ah. So nainlove ka na nga." Um-oo ako.

"Ibang tao ba yung iniisip mo ngayon kaysa sa past love mo? Or parehas na tao sila?" Si Bryan yung inisip ko kanina. Hindi si Errick. So...

"Opo. Magkaiba pong lalaki." Nagnod siya.

"Gets ko na problem mo, Miss Eya."

"Ano po Doc? May heart attack po ba ako or ano?" Tumawa si Dr. Love. K. Ang OA ko. 😊

"Relax. It's not a heart attack..."

"Eh ano po?" 😊

"Napapansin mo ba na kapag ninenerbyos, natatakot, kinakabahan o naexcite, bumibilis yung tibok ng puso mo?"

Hmm. **"Opo ata?"**

"Yang pagtibok ng puso mo, normal lang yan. At nafefeel ko, na kung naramdaman mo nga yung symptoms ng "inlove" gaya ng dati. Ibig sabihin, posibleng inlove ka rin ngayon, sa lalaking iniisip mo." Wait...

"Sige Miss Eya. Nasagot ko na yung tanong mo. Our time is up. May iba pa akong pasyente. Pero, it's really nice talking with you."

Nagnod na lang ako, gulong-gulo pa rin ako sa sinabi ni Dr. Love. Lumabas na ko ng clinic. Grabe, alam mo yung utak ko, it's a mess! Di ko pa rin magets yung sinabi ni Dr. Love. o.O

Ako? Inlove ulit? **DI KO TALAGA GETS.** = _____ = Occupied ang utak ko. Syet lang.

Kanino ako maiinlove? Sa iniisip kong lalaki? Si Bryan? Bakit sa kanya? Malabo yun! Hindi pwede dahil malabo nga atsaka--

"ARAY!" Dahil sa katangahan ko at occupied ang utak ko, di ko napansin na may nabangga na pala ako, grabe, ang lakas ng impact ng pagkatama namin, napaupo ako! 🤔 Nahulog yung cap ko. Pinulot ko naman. Ang sakit ng pwet ko. Ajujuju. >.<

Tinulungan naman ako nung tumama saakin. Buti na lang. Magpapasalamat na sana ako kaso pagkatingin ko sa nakatama saakin...

"Ikaw ba yan Bryan?!" Nakadisguise siya, pero dahil memorize ko na ang facial features niya, ayun, nahulaan kong siya nga. Tinanggal niya yung shades niya at bumungad saakin ang eyes niyang captivating. Syet, nasabi ko yun?! Erase erase! O_O

"Eya? What are you doing here?"

"Ah. A-ako? W-wala. Napadaan lang. Hehe. Ikaw?" Ayokong sabihing nagpacheck-up ako noh. >_<

"Oh? Bakit may sakit ka ba? Dumaan lang ako kasi sinamahan ko yung isa sa staff namin for check-up. May high fever kasi. Okay ka lang ba talaga?" Hinawakan niya yung noo ko pero tinanggal ko kaagad yung kamay niya sa forehead ko.

Nakakahiya na ewan. =_ =

Ako naman ang napatingin sa kanya. Grabe, bagay sa kanya yung soot niya! Simpleng polo na color grey tapos maong pants. Bagay sa kanya.

Dugdug. Dugdug.

Napahawak ako sa puso ko bigla Sabay tinignan siya.

Dugdug. Dugdug.

HUWAAAAA! Anong nangyayari sa puso ko? >_____<

"Yang pagtibok ng puso mo, normal lang yan. At nafefeel ko, na kung naramdaman mo nga yung symptoms ng "inlove" gaya ng dati. Ibig sabihin, posibleng inlove ka rin ngayon, sa lalaking iniisip mo."

Nooooooo. Hindi pwede yun. Hindi maaari...

"Eya? Uy. May problema ba? Hatid na kita sainyo. Namumutla ka." Hinawakan niya yung mukha ko gamit yung dalawa niyang palad. Grabe, nanlambot ako sa hawak niya. Tapos tinignan niya ako.

"Okay ka lang ba talaga?"

Dugdug. Dugdug.

"Uh... Bryan! Okay lang ako. Bye na!" Inalis ko yung kamay niya na nakahawak sa mukha ko at tumakbo papalabas ng clinic. Hindi ako lumingon kasi baka manghina na naman ako, o manlambot.

Grabe, hindi ko na kaya. Isa lang ang narealize ko...

Kung in-love man ako kay Bryan Lim. Masamang pangitain yun! Hindi pwede! 🙄 O.O

MAGHAHALO ANG BALAT SA TINALUPAN! MAGHAHALO ANG LAHI NG KISSING MONSTERS PATI
MAGAGANDANG EYA SA MUNDO! (Chos lang syempre yung ganda part. Pero maganda yung author haha).

Pero seryoso, paano yun?

In-love na nga ako kay Bryan Lim. Pakshet lang. I'm doomed. =_ =

39.

Eya's POV

Isang linggo kong di pinansin si Bryan. Di ko alam kung bakit nag-iinarte ako, pero wala eh. Ngayong alam ko na, in-love nga ako sa kanya, natatakot akong masaktan.

Lunes na ngayon, panibagong araw, pero ewan, ayoko pa rin siya kibuin.

Kaya syempre, ano pa bang gagawin ko? Ang iwasan siya.

Gasgas na method na, I know. = _____ =

Lunch time na pero nagpaiwan ako sa classroom, di muna ako sumabay kela Allison, Errick, Kevin at Andie, at si.. Bryan ngayon kasi awkward. Yup, sabay-sabay na kami kumain ngayon. Pero kahit ganun, iwas pa rin ako ng iwas. 🙄

Alam naman nung apat, maliban na lang kay Bryan, kung bakit di ko pinapansin yung lalaking yun, pero ang alam

nilang dahilan is may nagawang mali sakin si Bryan na ikinagalit ko kaya di ko muna siya pinansin.

"Eya!" Napatingin ako sa tumawag at oops, si Bryan. Retreating method! 🤔

Takbo ako papalabas ng classroom. Naglalakad ako ng mabilis. Siya rin. Pota. Ano ba. >_<

Para safe ako, pumunta na lang ako sa barkada at dun umupo, at least, pwede nilang barahin si Bryan, ayoko talaga siyang kausapin. =_____ =

"Uy Eya. Akala ko ba papaiwan ka lang sa classroom? Ahhhhh." Buti at nagets nila na nagtatampururut mode ako ngayon. Umupo si Bryan sa harap ko, hingal na hingal.

Pero kahit ganun, gwapo pa rin siya. Tae naman. @_____@

"Uy. Eya. Bakit di mo ba ako pinapansin? Did I do something wrong?" Nakita kong nagpout siya pero hindi ko pa rin siya pinapansin.

"Bryan. Nagtatampo `tong bestfriend ko sayo. Mas mabuting wag mo na muna siyang piliting makipag-usap sayo." Napatingin ako kay Andie at nagsilent-thank you.

"Di ko nga alam kung anong problema eh. I'm starting to think you're all just toying with me. Is this some kind of prank?" Nosebleed ako dun ha. Pero napasulyap ako sa kanya, well, he looks pissed.

Nakita kong tumayo si Errick at pinat yung shoulder ko. **"Alam mo Eya, di namin alam kung bakit ka ba nagtatampo or what, pero, I think you and Bryan need to talk."** Tinignan ko lang ng masama si Errick, pero nakangiti pa rin siya.

"Someday, you'll thank me too. Paano ba yan, mauna na kami. Lika na Ali. Uy Andie at Kev! Wag na tayo makisawsaw sa pag-uusap ng lovebirds." Tumayo na rin sila at nagbbye saakin. May binulong pa si Errick at Kev kay Bryan. Tsk. Naging close yung mga lalaking yun. >_<

Ilang segundo bago ko narealize na kami na lang pala ni Bryan yung natitira sa table namin.

Uh-oh. Ang awkward. =_____ =

Tatayo na sana ako para tumakas sa pag-uusap na `to kaso ginrab niya yung dalawa kong kamay at hinila papuntang di ko alam.

"Saan tayo--"

"Sa rooftop." Ayaw naman niyang manghila no? =_ =

Nung dumating na kami sa rooftop, binitawan niya yung kamay ko at tumingin saakin.

"Okay Eya, anong problema? Bakit bigla ka na namang nag-iinarte? May nagawa ba ako?" Grabe rin minsan bibig nito, parang armalite. >_<

Kung alam lang niya na nababaliw rin ako dahil di ko siya pinapansin! Nakakamiss siya. >_< Eh wala eh!
Kailangan.

"Wala wala. Trip ko lang mang-snob. Bakit ba?" Tumalikod na ako at tatakbo na sana pababa ng rooftop nung hinigit niya na naman yung kamay ko.

"Ano ba?!"

"One week Eya. One week kang di namansin! Sa tingin mo anong iisipin ko nun?" Di ako nakapagsalita kaagad sa sinabi niya.

"Wait... Are you trying to withdraw from our contract?"

"Hindi! It's just that.."

"Whaaat?!"

Sasabihin ko bang tinatry ko siyang iwasan? Kapag tinanong niya kung bakit? Ay bahala na. T.T

"Tinatry ko kasi kung kaya kong di pansinin ang isang katulad mo sa loob ng isang linggo." Natahimik siya nun.

Tapos yung mukha niya --> ^ _____ ^

Bigla siyang tumawa.

"HAHAHAHAHAHA! Yun lang pala. Di mo nakaya noh?" Pinalo ko siya ng mahina sa braso niya.

"Wag ka ngang mang-asar."

"Yun lang naman pala. Akala ko kung ano na. Wag kang aayaw sa contract ha? May 2 months pa tayo."

Two months. Two months na lang...

"Kaya kailangan nating gawin ng maayos yung part natin sa contract? Tama ba?"

"Oo." Nagnod na lang ako. Medyo disappointed.

"Bakit, may mga interviews pa ba na darating?"

"Oo eh. May mga nakaschedule. Kaya natin yan." Ngumiti siya ng may pag-eencourage. Pero halatang inis rin siya.

"Bryan, sa tingin mo, kapag nagbreak tayo after 3 months? Anong mangyayari satin?"

"Edi balik tayo sa dati." Sumikip yung puso ko pagkasabi niya nun.

Babalik kami sa dating Bryan at Eya?

"Friends." Dagdag pa niya. Ugh. = ____ =

"A-ahhh. Hehe. That's-- that's good!" Nagthumbs-up sign ako, plastic ko ever. Di niya naman siguro nahalata. Nagsstammer pa ako. 🤔

"Okay lang sayo na bumalik tayo sa dati?" Seryosong tanong niya. Huh? 🤔

"Well, wala naman tayong choice diba?" Lumapit ako sa farther part ng rooftop pa para makita ko yung view ng buong campus sa baba.

"Kung pwede pang maextend o kaya hindi matapos yung contract eeeeh..." Napalingon naman ako nun kay Bryan.

"Anong sabi mo?"

"Wala. Sabi ko, bumaba na tayo. Magbebell na rin kasi." I'm sure iba yung sinabi niya e! Hindi ako bingi. Pero di ko rin naintindihan masyado yung sinabi niya, kaya bingi pa rin ako. Labo. = _ =

Uwian. Sabay-sabay kaming umuwi ng barkada. Oo, nagulat rin ako. Close na naman kaming lahat. HAHAHA. At, masaya sila kasi bati na kami sa away namin ni Bryan. So yeah. Ayos na kaming lahat.

Yung puso ko na lang hindi.

Looking at Bryan, I realized na, hindi mawawala `tong feelings ko sa kanya, kasi, kapag iniwasan ko siya, dun lalong lumalalim yung level ng feelings ko. Ugh. Ang drama ko. Pero wala e, siguro hahayaan ko na lang `tong feelings ko. Go with the flow na lang. O di kaya, tatago ko na lang. Mas mabuti pang, kapag tapos na `tong contract, ttry kong pawalain `tong nararamdaman ko. Ttry kong patayin `tong butterflies na nararamdaman ko kapag andyan siya sa tabi ko. Kasi...

Baka mawala sakín si Bryan kapag nalaman niya pa ang totoo. Baka di ko kayanin. Baka magalit siya sakín. Or worst, baka kamuhian niya ako. >_____<

Tang'nang pag-ibig yan. Ang hirap pala magmahal. Lalo na kung patago. 🙄

40.

Eya's POV

September na. Grabe, one month nang nakalipas since, napagtanto kong, alam niyo na, may gusto ako kay Bryan. Pero grabe pinagdaanan ko sa isang buwan na yan! Nagbuwis-buhay para sa takteng Math Project na puro logic circuits, akala mo Engineer kami, Maraming exams, nag-iisip kung ano ba ang course na dapat para sakin. Tapos, dagdag mo pa yung interviews, statements, online chat etcetera etcetera. Lahat tungkol kay Bryan. Flattered ako at the same time, malungkot.

The clock is ticking. Isang buwan na lang, *isa na lang*.

"Uy engot! Pahiram English notebook. Please?" Ay kabayo! 😊

Nagulat ako kasi nag-dadrama ako dito tapos bigla na lang akong hinawakan ni Bryan sa braso tapos saka niya sinabi yun. = _____ =

Kinuha ko yung English notebook ko sa bag tapos pagkaharap ko kay Bryan, pinalo ko yun sa ulo niya. Nakakainis. >_<

"Bakit mo ko pinalo?! Amp." Hinimas niya yung ulo niya. Arte naman neto. Di naman malakas pagkapalo ko sa kanya eh. = _____ =

"Eh kasi amp ka! manghihiram ka na nga lang ng notebook, manggugulat ka pa!"

"Bibig mo nga! Ang lakas ng boses mo?! Hinaan mo. Para kang di babae. Tsk." Nilait pa ko ha. Ugh! >____<

"ANG KAPAL MO TALAGA! MAY BOSES KA NAMAN! WAG MONG PAKIELAMAN BOSES KO! MIND

YOUR OWN VOICE!"

"ANG OA MO MAGREACT! DI KA BABAE! PARA KANG LALAKI KUNG MAGSALITA! PANGET NG BOSES MO!"

"WALA KANG PAKIELAM! AT FYI! MAS PANGET YUNG SAYO!"

"MAS PANGET YUNG SAYO!"

"HINDI! MAS PANGET YUNG SAYO!"

"WAG KA NGA! ARTISTA AKO, MAGANDA BOSES KO!"

"AKALA MO LANG YUN! PANGET NG BOSES MONG TAE KA!"

"HINDI AKO TAE! TAO AKO!"

"MUKHA KANG TAE! HINDI KA TAO! DAPAT KANG I-FLUSH SA INIDORO!"

"HINDI NGA AKO TAE EH!"

"HINDI TAE KA! TAE KA TAE!"

"HINDI NGA SABI EH!"

"BEH BUTI NGA TAE KA! BEEELAAAAAT!" Hinahawakan ko pa yung tenga ko sabay irap sa kanya. Kairita!

"HALIKAN KITA DYAN EH!" O_O Anooooo?!

"SA TINGIN MO MATATAKOT AKO SAYO?!"

"EH KUNG GAWIN KO?!" Natahimik ako bigla.

Napansin kong napatayo na kami habang nagsisigawan. Tapos ang lapit na pala ng muha namin sa isa't-isa. Napatingin ako sa mga kaklase namin pati na rin sa barkada, lahat sila naka --> O.O LOOK.

Tapos bigla akong hinalikan ni Bryan. Smack lang.

Gulat na gulat ako. O.O Wag kang papaapekto Eya! Amp naman `tong puso ko na `to. Mang-aagaw kasi ng halik eh!
=____=

"LQ na naman sila?"

"Oo nga!"

"Pero ang cute pa rin nila!"

"And they even kissed! How sweet~!"

"WAG NGA KAYONG UMEPAL!" Sabay pa naming sabi ni Bryan. Nakakairita kasi. =____= Mga sumasawsaw

eh, mukha silang sauce! Sumimangot naman sila, ugh. 😞

"SORRY!" Sabay na naman kami? Napatingin kami sa isa't-isa. Magsasagutan na naman sana kami kaso dumating na yung panirang adviser namin. Ugh. :|

"No Love Quarreling here in this class. Sit down!" Galit rin si Sir Lopez? :| Tsk.

No choice, umupo kami, natahimik na rin ako. Nakakapagod magpatuduhan ng laway. T.T

"Okay class, malapit na retreat niyo." Nagsigawan yung ibang kklase ko, okay okay. >____< OA na. HAHA.
=_=

"Sir saan po?" Tanong ni Sharleen.

"Sa Tagaytay."

"Kelan po?" Tanong naman ni Rovic.

"Next week. Teka nga! Hayaan niyo muna ako mag-explain. Lend me your ears." Natahimik naman yung mga kklase kong excited masyado. Ako, excited rin. Hehe. Kaso, parang, ewan! >_< Diba kapag retreat iyakan yun?

"3 days yung retreat. So, next week, Friday, aalis mula sa school, pupunta tayo sa Sister's Village sa Tagaytay, magsstay tayong lahat dun hanggang sa Sunday ng hapon. Maraming activities syempre. Kailangan niyo ring humingi ng retreat letters sa mga gusto niyong hingan. Kailangan niyong sumama sa retreat, tandaan niyo, importante `to sa grades niyo, sayang rin naman ang experience kung isa sainyo ay di makakasama." Sasama ako. Papayag niyan si Mama.

"Sir, Magkakasama po ba yung tatlong section?" Tanong naman ni Schermae.

"Oo."

"Eh Sir may bayad ba?" Tanong naman ni Marian at Ekai. I swear para silang kambal, sabay rin magsalita eh.

"Wala. Kasama na naman yun sa tuition fee niyo. Pero baka kailanganin niyong magdala ng pocket money."

"Eh sir--" Magtatanong sana si Vanna kaso shinush siya bigla ni Sir.

"Wala ng magtatanong. May form naman na pinadistribute kanina diba? Pakilabas nga." Kinuha ko yung form na nakaipit sa AP Book ko. Eto nga yung retreat form, bakit di ko napansin? Slow ko. >_< **"Naka-explain na naman dyan kung ano ba dapat yung susuotin niyo, mga dadalhin niyo, at mga dapat na hindi niyo dalhin. Kung di kayo susunod, di kayo makakasama."** Pagkatingin ko sa form, bawal cellphone, bawal ipod, bawal gadgets? OH MY GULAY. O.O

"Sige, I'll leave you class. Hintayin niyo na lang next teacher niyo." Lumabas na si Sir Lopez ng classroom bago kami nakapag-bbye. Siya ba si Flash? O.O

"Bes, sasama tayo ha?" Nagnod na lang ako at napatingin kela Allison at Errick, nag-uusap sila pero napatingin sila saakin. Nagmouth-words ako ng "UY SASAMA KAYO?" Nagthumbs-up sila.

Off-topic lang ha, pero feel ko na nagkakamabutihan na yung dalawang yun. Grabe, sila na may lovelife.

=_____ =

"Eya.... Uyyyyy." Humarap ako sa kanya at tinaasan siya ng kilay.

"ANO NA NAMAN?!"

"Galit ka na naman? Tama na nga." Ako na OA. Hayy. Sige na nga. >.<

"Oo na. Sorry."

"Okay lang yun. Daldal mo rin eh. Ay, sorry rin kung nahalihan kita." Ay ampupu. Naalala ko tuloy.
Aaaaah namumula ata ako! >____<

"Ehhhh okay lang yun, nasa deal naman yun diba?" Kinurot niya na lang yung pisngi ko tapos pinakita yung form niya saakin.

"Sasama ka? Paano yan, ang daming bawal? How am I suppose to contact my manager?"

"May magagawa ka ba? Retreat yun. Retreat!"

"Tama na Eya, OA na." KFINE. =_____ =

"Haaaayy ewan ko! Well, siguro... sasama ako. Bakit?" Ngumiti siya bigla.

"Sasama na rin ako."

AMBILIS NAMAN MAGDECIDE NETO. DAHIL UM-OO AKO?

"Sasama ka dahil sasama ako?"

"Ang kapal naman neto. Hindi dahil sayo uy! Basta, I want to experience retreats like this. It seems... normal." >_< Sabi na e. Nang-aasar lang `to. Ay bakit kasi nag-eexpect pa ako?! Psh. =_=_

"KFINE. Sandali nga! Mamaya na tayo mag-usap." Baka mamaya lalo akong mainlove sayo eh. >____<

Dumating na naman yung last subject teacher namin, grabe, Physics na naman! Ugh. 😞

Nung natapos yung klase, sabay sabay na kami lumabas ng classroom at sinundo si Kevin. Kakain kaming lahat ng ice cream. Treat niya. Kaya namin siya susunduin, ngayon lang `to. NYAHAHAHA. =))))))

"Ang tagal mo naman!" Sabi pa ni Andie. Grabe, feeling ko nadedevelop na talaga `tong si Bes kay Kevin. NYAHAHAHA. (^_____^)

"Kayo na nga lilibre ko eh, lalo ka na."

"Oh wag na mag-away! Dali na! Ice cream na tayo~!"

"Sige sige. Ngayon lang `to kaya bilisan na natin. Mamaya makatakas ako sainyo bwahahaha." Binatukan ko nga si Kevin nun.

"Ayaw namin ng Talkshit dre!"

"Bakla ka kapag ganun!"

"Baklang talkshit!" Sumimangot naman si Kevin nun at sinapok sa ulo sila Errick at Bryan. HAHAHA.

Doon kami tumambay sa ice cream parlor malapit sa bahay nila Kevin. Ang layo ng bahay nila. Grabe, dalawang subdivision pa! Nagjeep kami papunta dun natural.

Nagkwentuhan kami about sa upcoming retreat, lahat kami excited. Bwahaha! Nanakot pa si Kevin na marami daw multo dun na pakalat-kalat. Kinilabutan ako dun bigla. >_< Oh well, baka mas matakot pa sila sakín eh. TROLOLOLOL. ^____^v Nanghingi na rin ako sa kanila ng mga retreat letters, magbibigay din ako sa kanila of course.

"Siguro `tong si Bryan, madaming matatangap na retreat letters."

"Puro pag-amin ng mga may gusto sa kanyang chicks!"

"Tama dre!"

"Wag nga kayo! Baka magselos `tong girlfriend ko." Sabay yakap sakín ni Bryan sa beywang. OMG. Namula siguro ako ng onti. >_<

"Namumula si Eya oh!"

"Che! Tigil na nga." Tumigil sila sa pang-aasar habang tawa pa rin sila ng tawa. Haynako. >_<

Maya-maya, hinatid na rin ako ni Bryan papauwi. Maaga siya umalis, di na siya tumambay sa bahay. Andun si Desi ah. No dirty thoughts please. * _____ *

AMP AMP AMP! Nagtumblr na lang ako at grabe, 1 million followers?

Siguro dahil na naman yun kay Bryan. Girlfriend ako eh. >_< Tinamad tuloy ako magblog. Baka mamaya pagmulan na naman ng chismis eh. Hm. Matry ngang magpost.

NAGUGUTOM AKO.

Gusto ko lang tignan kung may magbabasa ng ganun ka-short na status. After 5 minutes, grabe?! 90, 000 likes kaagad? ANG OA NA. 😏 = _____ =

Alam ko na! May diary pa ako last year na hindi ko pa napupuno! Chineck ko yung mga books at notebooks ko last year, andun pa yun sa old bag ko! Tama! Para malabas ko nararamdaman ko. >_<

Habang hinahanap ko yung diary ko, (di ko alam kung bakit di pa yun nagpapakita. >_< choosy yung diary ayaw ata sakin) bigla kong napansin yung isang folder.

Ay. Old folder pala namin `to ni Errick. Yung mga loveletters namin, pictures. Grabe, andito pa pala `to. Akala ko nasauli ko na sa kanya nung nagbreak kami. Oh well, dyan na lang siya. Nakakatamad magsunog. Di naman ako bitter. Lels.

Sa wakas at nagpakita na siya! HAHAHA. Ang cute cute neto, regalo `to sakin ni Papa nung bata pa ako, kaya talagang alagang-alaga ko `to. Green siya na may pagka-orange. Basta, puro flowers and swirls and may mga heart shapes. I suck at describing, I know.

Anyways, kumuha nako ng pen. G-tec kasi maarte ako. HOHO. Nakadapa ako sa bed habang nagsisimula nako magsulat.

Dear Diary,

HI DIARY! Grabe, di na kita nakausap since 2008! Nakakamiss magsulat dito. .*

Oo nga pala, in love nako kay Bryan Lim. Nakakatakot, na masaya. Masaya kasi syempre, he's really awesome. Malungot kasi, alam ko, di niya ako magugustuhan. Si Eya lang naman ako. Siya? Si Bryan Lim.

Masyado kong dinadown sarili ko noh? Di obvious? Haha. Kaya ikaw, diary ang makakaalam ng mga nararamdam ko.....

Hanggang sa mawala `to.

Mukha siguro akong baliw dito, kinakausap ko diary ko. Hehe. Inaantok nako. Bye!)))

- Daniella~

Natulog akong yakap-yakap ang diary ko.

Mapapanaginipan ko kaya ulit si Bryan? Hihi. Inaantok na talaga ako. Wag ko na nga muna siyang isipin.

Dapat masanay nako na hindi siya isipin. Baka ako lang ang masaktan sa huli. Ang drama ko, makatulog na nga.
=_____ =

41.

Eya's POV

"Hoy ate, iwan mo nga cellphone at iPod mo!"

"Susurrender ko naman siya eh!"

"Eh bawal nga! Kapag nawala yan, bahala ka." Grabe naman `tong si Desi, Sarap upakan. >_< Pero dahil tama siya, baka mamaya biglang mawala `to sa retreat, iiwanan ko na lang.

Kaso, paano yan? Gusto ko magsoundtrip ng mga kanta ng The Maine! Ng Nevershoutnever! Ng Paramore! Ng Mayday Parade! Ng We The Kings! Ng All Time Low! Ng 30 Seconds to Mars! Ng Justin Bieber!

Eww. Justin Bieber. Gaylord! 🤔

Hoy. Hoy. Hoy. Sinong gaylord?

Miss Author, alam ko, gusto niyo si JB, pero di ko siya trip. Shumoo-away na ikaw!

What?!

Please ganda? *winks*

*Yun lang pala eh! *flattered* shooooo~*

Nauto ko ang author. HAHAHA. =)))

Teng-ene. Backpack dala ko pero ambigat. Nagdala kasi ako ng mga pagkain kahit libre naman pagkain dun, wala lang. Para sa kakainin sa loob ng room. Dagdag pa yung mga retreat letters, dami ng sakin eh! Anyways, sino kaya roommate ko? Haynako. Mamaya ko na iintindihin. 7 na! 7:30 aalis yung bus. Ang tagal ni Bryan! =_ =

ding dong

"Pakibukas naman Desi!" Narinig kong pinagbuksan niya ng pinto yung nagdoor-bell, salamat at si Bryan na yan!

Grabe, ang hot niya sa PE namin. ^ _____ ^

"Eya. Lika na?" Nagnod ako at sumakay sa kotse niya.

After 5 minutes, andito na kami sa school. Salamat at di kami late. Mineet namin sila Errick, Ali, Andz at Kev sa Lobby. Dun kasi yung pila.

"Excited nako!"

"Me too. Nakakakaba!"

"Nakakabored kamo."

"Sus. Edi wag kang sumama!" Grabe naman `tong mag-fiancee na `to. =_ =

Nag-usap usap pa sila. Nakakatamad dumaldal kaya habang hinihintay namin yung bus, umupo muna ako sa upuan malamang. =_ = Sana dala ko yung iPod ko. Pakshet asdfghjkl. :|

Tumabi sakin si Kevin. Nawala bigla yung barkada, kami lang natira. Bumili sila sa canteen ng food. Mga PG. Harhar. Si Bryan, ewan. Umalis siya sandali, may kakausapin lang daw. Nakakatamad tuloy. **"Oy Eya? Nakapangalumbaba ka? Anong nangyari?"**

"Ang tagal ng bus eh. Magkaiba tayo ng bus diba?"

"Oo eh. Sayang."

"Bat ikaw naman ang nakapangalumbaba dyan?"

"Wala. Kasi naman eh!"

"Oh bakit?" Problema ng isang `to? 🤔

"Gusto ko ng umamin kay A-andie. Kaso, natotorpe ako."

waaapaak!

"Aray bakit mo ako binatukan?!" Sabay hawak sa parte ng ulo niyang nabatukan ko.

Ang torpe ng isang `to. = _____ =

"Bakit di ka pa umamin?"

Sumimangot naman siya at nagpout. **"Nakakahiya kasi. Baka mamaya, di niya ako payagang manligaw."**

"Papayag yun." Binigyan ko siya ng encouraging smile at nagthumbs-up.

"Eh, ikaw? Umamin ka na ba?"

"ALAM MOOOO?!"

"Oo. Diba si B--" tinakpan ko yung bibig niya bigla. Kakaasar! 😡 Paano niya nalaman na gusto ko si Bryan? Kinagat niya yung kamay ko kaya napabitaw ako.

"Aray naman!"

"Sorry. Ikaw naman kasi, OA MO! Natural umamin ka na kay Bryan na gusto mo siya, kayo na nga eh." Phew. That was close. Akala ko alam niyang fake bf/gf lang kami. >.<

"Sa tingin mo Eya? Papayagan akong manligaw nun?" Sabay hawak sa kamay ko.

Pinisil ko yung kamay niya, pang-eencourage. Nginitian ko siya ulit. **"Oo nga. Ang kulit."**

"AHAHAHA! I know right?" Bigla kaming napatingin sa tumawa.

Si Bryan at yung isang classmate ko, si Nikki. Nagtatawanan? Close sila? 🤔

Saktong pagtingin ko sa kanya, napatingin siya sakín.

At napatingin sa kamay ko - namin ni Kevin! 🤔

"Oops." Binitawan ko yung kamay ni Kevin.

"Ay andyan na pala si Bryan. Kasama si Nikki?" Nagshrug lang ako, tumayo siya at pi-nat ako sa shoulders ko.

"Eya, puntahan ko lang sila sa canteen."

"Sige." Naiwan ako dito habang tinitignan pa rin sila ni Nikki, nag-uusap pa rin sila, at sa malapit sa pwesto ko pa ha? Hindi ko alam pero nairita tuloy ako. :|
Maya-maya, natapos na sila mag-usap, pero nagulat ako at nag-apir sila ni Nikki! Hutaena, ano yun? O.O

Umupo na si Bryan sa tabi ko, pero di ko siya pinapansin. Ewan ko ba, naiinis ako bigla sa kanya. :|

"Oy. Close pala kayo ni Kevin?"

"Oo bakit? Kasama naman siya sa barkada ha?"

"Wala. May paholding-hands pa kayo eh." WHAT?!

Tumingin ako sa kanya at nagpout. **"Eh bat kayo ni Nikki? May tawa-tawa effect pa kayo. Close kayo?"**

Nagsmirk siya at ngumiti. **"Oo. Pero at least di kami naghoholding-hands, diba Eya?"**

UGH. NAKAKAASAR SIYA! Binabaligtad niya ako! = _____ =

"Friends lang kami ni Kevin, myGod! Nakakaasar ka!"

"Ok fine, pero dapat wag mong hahawakan ang kamay ng ibang lalaki, okay? Ako ang boyfriend mo. Nasa contract yun." That's it. UGH! 🤨

Napatayo ako nun at sinuntok siya sa braso niya. Mahina lang dapat pero asar na asar ako, napalakas ata. Napa-'ow' siya.

"That's for what, Eya?!"

"That's for making me look like I'm a flirt! Ikaw rin! Bawas-bawasan mo nga yang 'friendliness' mo! UGH!" I stormed out of the audi-gym at pumunta na lang sa canteen. Tae naman, retreat na retreat mag-aaway kami?! >.<

Di niya ba alam na nagseselos ako? Ugh.

"Uy Bes! Sumunod ka rin pala dito." Nagnod lang ako pero badtrip pa rin.

"Bakit mukha kang namatayan?"

"Eh kasi nag-away kami ni Bryan."

"Away na naman?" Di nako sumagot, naintindihan naman nilang ayaw kong pag-usapan kaya di na nila pinush yung issue.

After mga 15-20 minutes, dumating na yung bus at pinasakay na kami by section. Katabi ko si Andie kasi dapat by gender yung arrangement ng upuan sa bus. Basta yun, mabuti na yun at malayo sakín yung hinayupak na Bryan na yun! =_____ =

"Bes, bakít kayo nag-away?"

"Nakakapagselos kasi eh."

"Bakit?" Kinuwento ko kung ano nangyari, nung nasabi ko yung name ni Kevin, bigla siyang nagulat.

"Oy walang something something between us ha?" Nagbago naman yung mood niya at napangiti. Pero sumimangot ulit siya. Nako in-denial pa kasi `tong babae na `to eh. Attracted na kaya siya kay Kevin! LOL. Baka mamaya iniisip nito na aagawan ko siya or something.

"Magkakabati rin kayo ni Bryan." Tss. Whatever. =_ =

Nakatulog ako. Boring eh. Basta yun, ginising na lang ako ni Andie nung nakarating na kami sa retreat house. Wow, Paradise Retreat Pavilion yung name ng place, parang old na yung design pero siguro, maganda naman maintenance neto diba?

Sana walang multo. T.T

"Okay, come here all Seniors!" Pinaline-up kami by section tapos i-aannounce na ata yung room assignment. By partners, same gender syempre. Sana si Allison o si Andie makatabi ko diba? O kung hindi man sila, sana matino at walang you know, balakubak or kuto or lisa or kahit anong mega-uber kadiring particles at molecules sa buhok. Eww!
=_=

"Miss Avelino, you'll be roommates with Miss Hernandez." Sige sila na partners. AMP AMP. Ako nahiwalay. Okay lang. 😊 Napatingin sila sakín at nagshrug lang. Nagnod ako, okay lang talaga.

"Miss Gonzaga, roommates with Miss Fuentes." and so on and so forth. K. Ang tagal naman. :| Napatingin ako bigla kay Bryan, na nakatingin rin sakín.

O _____ O

Iniwasan ko siya ng tingin kahit di ko alam kung bakit. Ah! Tama! Inis kasi ako sa kanya. Kasi nagseselos ako sa kanila ni--

"Miss Felipe, roommates with Miss Alvarez."

Syet, nasabi ko naman na nagseselos ako sa kanila diba?

Bakit si Nikki pa roommate ko for 2 and a half days? = ____ =

42.

Eya's POV

"Anong bunk gusto mo, Eya?"

"Ikaw bahala." Wala ako sa mood eh. =_ =

"Uh... okay." Nilagay ni Nikki yung backpack niya sa upper bunk. Double-deck kasi yung bed namin. Okay, so dito ako sa lower bunk. Nilagay ko na rin yung bag ko dun. Tapos umupo dun sa parang sofa sa gitna ng room. Maya-maya na siguro ako maglalagay ng gamit sa cabinet.

Umikot yung tingin ko sa buong room. Fade na pink yung color ng room, tapos yun nga, may bed na double-deck, etong sofa na inuupuan ko, may maliit na table, electric fan, mirror, yung cabinet, tapos merong books na nakalagay sa isang sulok. Bible ata yun. Oh well, problema ko lang yung cr. Isang cr lang per floor. Nasa 5th floor kami. 5 rooms andito eh. Paano kung rush hour? Kailangan maligo or whatever? Ay bahala na. T.T

"Eya? May dala kang gadgets?" Bumalik yung attention ko kay Nikki, nag-aayos na siya ng gamit sa cabinet.

"Wala. Bawal diba?"

"Sabagay." Duh. >.< Bumalik na naman yung pagkainis ko.

"Bakit may dala ka?" Ngumiti siya.

"Wala. Mabait ako eh." Mabait ba talaga? Tss. =_ =

"Ah. Ganun ba?" Medyo nagulat siya sa tono ko. Ako rin naman nagulat eh.

Ang bad ko naman. =_ =

"Sorry. Medyo wala kasi ako sa mood." Nagsmile siya at nagshrug.

"Okay lang yun. I understand. Mag-aayos ka na rin ba ng gamit mo? Dito ko na lang nilagay yung damit ko sa upper part ng cabinet." Tumayo siya at tumabi saakin.

"Uh. Sige. Mag-aayos na ako ng gamit." Tumayo na ko at nag-unat, saka kinuha yung bag ko sa kama at paonti-onting inaayos sa cabinet. Tahimik lang kami. Di kami nag-uusap.

Ang awkward naman kasi eeeeeeeeeeh. =_ =

"Uhm, Eya?"

"Yeah?"

Mga ilang seconds muna bago siya nagsalita.

"Bryan Lim is really sweet, right? Ang swerte mo."

Natigilan ako dun, what did she just... said? Na swerte ako? Medyo napangiti ako dun. Pero, paano naman niya nalamang sweet si Bryan?

Napatingin ako sa kanya, she's obviously daydreaming, nakatingin kasi siya sa side niya, basta halata naman kasi.

Don't tell me, kaya nalaman niya na sweet si Bryan kasi... naging sweet si Bryan sa kanya?

Nakakapagselos bigla. >.< Shet lang. Inayos ko yung gamit ko ng padabog. Naiinis ako bigla.

Nacurious rin ako kung ano yung nangyari sa sweet moment nila. Kalma lang Eya. Kalma! =_ =

Nakatalikod pa rin ako sa kanya ng naisipan ko ng magtanong. **"Uhm, Nikki?"**

"Bakit?"

"Paano mo nalamang sweet si Bryan?"

Medyo tumawa siya ng onti. Halata bang nagseselos ako, sana hindi. T.T

"Kasi inapproach niya ako kanina, and, wala lang. Nagulat ako kasi he's very nice pala." Oh anong sweet dun? ~_____~

"Uhm, inapproach ka niya? Para sa--" nainterrupt yung tanong ko ng may kumatok.

"Ako na magbubukas." Tumayo ako at ng binuksan ko yung pinto, si Ate Ellaine pala. Yung parang retreat director. Parang she's 16+ pa lang pero she's very tall, at cute. She also looks nice. Well, nice yan of course. She looks like an angel.

Teka, kapangalan ni Miss Author 'to ha? Ikaw ba 'to Miss Author?

Sssh. Oo wag ka maingay.

Ay sige sige Miss Author.

Tae baliw nako. HAHAHA. Back to reality. ^_^

"Hi Ate Ellaine. Anong ginagawa niyo dito?" Lumapit na rin si Nikki sa may door.

Nagsmile siya. **"I just want to inform you two na bumaba na kayo after you change. As much as possible, comfy suotin niyo. Magkakaroon tayo ng activity sa activity grounds."**

"Sige po Ate, bababa na rin kami."

"And as much as possible, be with your partner often. Lalo na kapag babalik kayo sa floor niyo. The retreat pavilion is kinda huge, baka maligaw kayo."

"Oh okay po."

"See you there!" Nagnod kami pareho.

Tinapos ko na yung pag-aayos ng gamit ko saka nagbihis na. Di na kami nagkahiyaan, parehas naman kaming babae eh. Nagt-shirt na lang ako at nagjogging pants. Siya naman nakablouse at naka-jogging pants na hanggang tuhod lang.

Parehas lang naman naging sweet samin si Bryan eh. Pero tae, yung sa kanya, totoo of course. Malay ko bang nagiging sweet lang siya sakín dahil nagpapanggap lang kami? Malay mo, ayaw niya talaga sakín. =_ =

Bumaba na kami pagkatapos. Yung section lang namin yung andun sa activity grounds. Yung ibang section siguro nasa ibang planeta. Nyahaha. Pinaglunch muna kami, 12nn na pala kasi.

"Eya!" Lumapit sakín si Errick, kasunod na rin yung iba.

"Uh. Nikki..."

"Ayos lang. Andun rin sila Carmella at Gianne." Tinuro niya yung mga kaibigan niya. Okay.

"Sige. Sabay na lang tayo umakyat mamaya." Nagnod siya at nagbbye.

"Wow. Si Nikki?"

"Oo Kevin. Si Nikki." Nang-aasar na naman 'to. Hutaena. >.< Nagbelat lang ako sa kanya.

Sakto dumating si Bryan, grabe, naka white -v-neck siya tapos short pants, and, he looks gwapo. Okay. Sige na, siya na. =_ =

"Oo nga! OMG OMG!"

"Ampogi ni Bryan!"

"Sana bigyan niya ako ng retreat letter!"

"Oo nga!"

= _____ =

"Ang daming parasites."

"Syempre, si Bryan Lim eh." Napa-ouch naman si Andie at Ali nun, kinurot sila ni Errick at Kevin, sabay pa. HAHAHAHA.

Tumabi sakín bigla si Bryan. Awkward.

"Eya--"

"Okay fourth years! Kindly form 4 lines, two lines for girls and the same for boys. Faster!" Thank you Ate Ellaine for the distraction. Baka bumigay na naman ako kay Bryan pag nagkataong natuloy niya yung sasabihin niya sakín. >.....<

Pumila ako sa gitna nila Andie at Ali, basta. Bla bla. Nagdiscuss si Ate Ellaine ng spiritual guidance chu chu. Ang haba, ang hirap i-explain. =_ =

"So, your activity for this day are warm-up game activities." Inexplain niya yung gagawing games. Mukhang masaya naman. 😊

1. Circle of Friends
2. Long lost relative
3. Getting to know your group game
4. Famous people/cities
5. Charades

Halo-halo kami habang naggagame. Natatawa nga ako eh, ngayon ko lang nakausap yung ibang classmates ko, nakabonding ba. Nakakatuwa. HAHAHA. =D

Pagkatapos ng games, kumain na kami ng dinner. Oo, inabot ng gabi. Grabe, OA ha.

7 pa lang naman, may gumawa ng bonfire tapos gumawa kami ng bilog. Lahat ng sections kasama.

Nagkamay kami kumain. HAHAHA. Si Ali, Errick at ako lang andito. Malay ko kung nasan si Andie at Kevin, biglang nawala eh.

Umamin na kaya yun? HAHA. =D

"Eya. Si Bryan?" Oo nga. Asan na yun? Napapansin ko siya kaninang game pero iniawasan ko siya. Siguro nagtatampo na yun sakín o naweweirduhan. Eh ewan ko ba. = _____ = Banas pa rin ako, pero onti na lang. Siguro di na sila mag-uusap or what.

Paki ko ba? Nagpapanggap lang naman kami eh. It's not like gusto niya ako or ano.

One-sided love nga diba? Err err.

"Ewan ko eh."

"Oh ayun lang pala siya. Kasama si Nikki." Napatingin ako sa kanila. Papunta pa lang sila dito sa bonfire, pero ayun, tawa sila ng tawa.

"Close sila?" Sabay taas-kilay ni Allison.

"Obvious naman eh." Saka ko pinagpatuloy yung pagkain ko.

Napatingin sakín si Bryan, lumapit siya sakín at umupo sa tabi ko. Tumayo naman ako nun at lumipat ng ibang pwesto, medyo sa may gitna. Tumabi na naman siya sakín. Tae naman! Di ba niya magets na iniawasan ko siya?

"Oy." Nagpatuloy lang ako sa paglamon ko, di ko siya pinansin.

Close na ba talaga sila ni Nikki? Tae naman. :|

"Eyaaaaa. Pansinin mo naman ako. Sorry na."

Tumingin ako sa kanya at tinignan siya ng masama.

"Magsosorry ka? Pero uulitin mo pa rin. Akala ko ba dapat tayo lang magkasama? Bakit napapansin kong nagiging close na kayo ni--"

"Ni Nikki?" Iniwas ko sa kanya yung tingin ko at nagpatuloy sa paglamon.

"Wait." Tumawa siya ng mahina. Goddamnit, nadidistract ako sa enchanting niyang tawa! =_ =

"Are you... jealous of Nikki?"

"U-uy hindi ha! I'm just saying that if the two of us will continue this relation--"

"So you're jealous nga. Nagbb blush ka sa galit eh." Hinawakan niya yung pisngi ko.

Electricity na naman! Nakukuryente nako sa touch niya. :"">

Eya snap back to reality!

"Hindi nga sabi eh!" pagkukumbinsi ko sa kanya pero naka-maintain pa rin yung smile niya.

"Di ako makapaniwala. Nagseselos ka, Eya? Dahil may iba akong kausap na--"

"As if naman di ka rin nagselos kanina nung hinawakan ni Kev yung kamay ko?" Nag-iba yung expression niya. parang nahihiya. Busted.

"Nagseselos ka rin! HAHAHA!"

"Tama na! Hindi ah! Ikaw yun! Wag mo nga akong baligtarin."

"Eh ikaw nga yung nagseselos! Bwahahaha. Basted ka!" Nilapag ko yung pagkain ko sa floor saka patuloy siyang inaasar.

"Hindi nga kasi!"

"HAHAHA! Akalain mo yun? Si Bryan Lim? Nagseselos?" Naiinis na siya. Halata. Eh so?

Nakakamiss rin siya kakulitan eh. :>

HAHAHAHAHA 

"Ikaw ang nagseselos, hindi ako!"

"Ikaw nga!"

"Bahala ka. Ikaw nga."

"Basta ikaw! HAHA. Duwag ka kapag di mo pa inamin! Bakla!"

"Hindi ako bakla! Halikan kita dyan eh!"

Natahimik naman ako nun. Pero sandali lang syempre.

"You are so unfair. Basta ikaw pa rin yung nagseselos!" Tumayo ako at maglalakad na sana pabalik kela Ali at Errick which is ilang hakbang lang kaso biglang may humila na naman ng kamay ko.

Si Bryan.

?_____?

"Bakit?"

And he answered with a kiss.

Madaming nag-gasp. Pero ako, nanghihina ako. Nacoconsume ako sa halik ni Bryan. Unti-unti kong ni-wrap yung arms ko sa leeg niya, tapos siya nilagay niya yung kamay niya sa beywang ko.

We're just kissing torridly in front of our classmates.

At ako, nalulunod sa halik niya.

Maya-maya, napabitaw na kami sa isa't-isa. Gulat. Kaba. Gulat ulit.

What did just happened?! 😬

"Sorry. We shouldn't have done that." Yung alin? So ibig sabihin nagulat lang siya kaya niya ako hinalikan? Ayaw niya sakin? 😞

Gulong-gulo ang isip ko. Kaya ang tangi ko lang nagawa ay tumakbo.

We shouldn't have done that? He's the one who initiated the kiss! F.ck! 😡

Medyo napalayo nako ng takbo. Basta parang nasa may mga puno ako, ang creepy. Pero wala nakong paki. Napaupo ako sa may tree log, tumutulo na pala yung luha ko. Dahil sa magulong feelings ko.

Bakit niya ako hinalikan? Alam ko, nasa contract yun. Pero bakit parang wala lang sa kanya yun?

Mga ilang minuto pa akong umiyak, o ilang oras? Di ko alam. Iyak pa rin ako ng iyak ng biglang may nagsalita.

"Tapos ka ng umiyak?" Napatingin ako sa nagsalita.

Si Bryan. Nakaupo sa gilid ko. Kanina pa siya nandito? Sinundan niya ako?

Eya's POV

Nagpunas muna ako ng luha ko bago ako tumingin kay Bryan.

"Bat mo ba ako sinundan?!"

"Wala. Tss. Bakit ba bigla ka na lang tumakbo? Tapos ngayon, umiiyak ka?" Iniwas ko yung tingin ko sa kanya at nagpunas ulit ng luha.

Bad timing naman `tong luhang `to. =_____ =

"Wala `to. Hehe. Kasi naman, hinalikan mo ulit ako Di ako sanay."

Naglean ako sa kanya, at hinalikan siya. Smack lang syempre. Namula naman siya nun at pinalo ako sa braso.

"Bryan, magmemelt na yung ice cream. Sige ka." Natawa lang ako sa kanya. Kumain na kami ng ice cream, sinusubuan niya ako, vice versa lang.

Ang sweet talaga ng girlfriend ko. :">

50.2

Bryan's POV

Pagkatapos namin kumain ng ice-cream, ayun, tambay lang kami sa mga arcades. Syempre, di mawawala ang picture-taking. First time eh. Hehe. Tapos ayun, nagbump-car, nag-EKStreme Ride Tower(nakakatakot talaga) Nag-Xtreme Paintball pa nga kami eh. Pero syempre, iba yung suot naming t-shirt. Ayoko atang madumihan 'tong gift saakin ni

Eya.

Oo, eto yung gift sakin ni Eya. Couple shirt. Ang kulit ngae. Pero okay lang. Siya pa nga lang, gift na. Tss... halik lang niya okay na, yakap lang okay na.

Ang cheesy ko. Syet. Ako ba 'to? Ewan. Nagbabago ako kapag kasama ko si Eya eh. Para bang, nagiging mas mature ako at passionate sa lahat ng ginagawa ko. And it's all for her. I love my engot. Kahit tatanga yun minsan at masyadong selosa. - _____ -

It's 7PM and di pa rin kami napapagod ni Eya. Syempre, mahal ko eh. :">

Si Miss Author talaga oh. Gumagamit ng ganito --> :""> Nababakla tuloy ako. =_ =

"Bryan! Ano pa gagawin natin?"

"Oo nga. Naikot na ata natin 'tong buong EK eh."

Nagpalinga-linga ako, nagbabakasaling may pwede pang magawa.

buzzer!

Nagkaroon ng sound effects ang pagkakaroon ko ng idea. Hanep.

"Let's go there." Tas hinila ko na si Eya papunta dun sa may Dart Booth.

Kumunot ang noo niya at napatingin sakin. **"Magdadart ka?"**

"Hindi. Magsswimming. Sama ka? - _____ -"

"....."

"Tss... Oo nga engot. Para sayo." Tapos tumingin ako dun sa lalaking nagbantay ng booth.

He's looking at my girlfriend. More like... staring. Ugh. =_ =

"Ehem..." Napatingin siya sakin pero bumalik kay Eya yung tingin niya. Habang si Eya may kinukuha sa bag niya.

This guy is an a\$\$hole. She's cheking on my girlfriend! Hindi niya ba ako kilala? Amp. = ____ =

"**Ehem!**" Napatingin naman sakín yung lalaki. At last. 😞

"**One game, please. Diba makakakuha ka ng stuff toy, any of your choice?**" Tapos pinoint ko yung mga teddy bears na nakadisplay sa booth niya. Nagnod siya. "**So, yeah. I'm planning to win one for my girlfriend.**" Inemphasize ko talaga, sabay akbay kay Eya.

I smirked at him. Mukhang na-gets naman niya. Binigay niya sakín yung tatlong dart. Kailangan daw yung tatlong yun maipasok dun sa circle. At may stufftoy ka na. Kapag bulls-eye, kahit isa lang, mananalo ka na ng stufftoy, mananalo ka pa ng isang stufftoy!

Lumapit sakín si Eya at nagsimulang bumulong. "**Bryan. Sure ka ba? Bibigyan mo ako ng stufftoy?**"

"**Tss... oo nga! Hug muna. Goodluck charm kita eh.**" Natawa siya pero niyakap niya rin ako.

Di ko alam pero trip ko mang-asar. Tumingin ako dun sa guy, nakatingin din siya samin. Pero nakasmirk. Tae ah. Akala mo may sex appeal. Mukha mo bulok! =____=

Nagseselos ako eh.

"**Magsimula ka na Sir.**" Nagnod ako at eto na, magsisimula nako.

Unang shot, tae. Wala sa circle. Amp!

Pangalawang shot, tae. Wala pa rin sa circle. Amp amp! Wala na yung stufftoy. Uulit na naman ba ako?

Nakita kong tumawa ng mahina yung lalaki. Ganun pala ha? Kapag eto nabulls-eye ko. Peste, papalamon ko sa kanya yung kamao ko!" =_ =

tooooooooooring

"**Oh em! Bryan nabulls-eye mo!**" Tas niyakap ako ni Eya. Ako naman smile lang, sabay tingin dun sa lalaki.

"**Paano ba yan, I won. Yung prizes namin?**" Nagsmile lang siya at tumingin kay Eya. What the!

"**Anong gusto mong stuff toy?**" Akala ko. Buti na lang. =_ = Tinuro ni Eya yung color blue na stufftoy. "**Ano pa?**"

"Anong gusto mo Bry?" Ano ba yung marerepresent si Eya?

Tinuro ko yung color pink. Ewan ko ba. **"Sige."**

Pagkabigay samin. Hinila na ako ni Bryan para umupo dun sa isang bench.

"Bryan, bat ba ang sama ng tingin mo dun sa guy?" Seriously? =_ =

"Kasi naman, kung makatingin siya sayo. Amp. Type ka ata nun. Dun ka na lang." Bigla naman ako nagpout. Teka, nagpout ako? Amp. Nababakla ako.

Lumapit lang siya sakín at hinug ako. **"Bryan, ikaw lang naman ang gusto ko at mahal ko eh. Okay?"** Nagulat ako kasi hinalikan niya ako sa leeg ko.

O _____ O

"I'm just freaking you out." Kinurot ko lang ng mahina si Eya.

"Ang naughty mo. Paganti!" Tapos kiniss ko din siya sa leeg, sumigaw siya kaya napabitaw ako. Tae, ang sarap halikan ng leeg niya eh.

"PDA?"

"Ayaw mo?"

"Ehhhh. Wag dito. Mamaya machismis na naman--"

"Ano ka ba, Girlfriend kita. Pakielam ba nila? Tss... Who cares?" Inakbayan ko na lang siya at lalong nilapit sakín.

"So, paano na 'tong teddy bears na 'to? Basta etong blue, akin. Sayo yung pink. Bahala ka na kung ano ipapangalan mo."

"Syempre, EYA ang ipapangalan ko dito. Para kahit di kita kasama, at least, may mayayakap akong alam kong ikaw. Mas masarap lang yakapin 'to." Tapos tinaas ko si Teddy Eya.

"Tss! Ah ganon? Eh di yang teddybear na yan ang girlfriend mo! Tss..."

"Ikaw naman. Ikaw rin 'to eh! Engot ka talaga."

"Ewan... Bryan na rin papangalan ko dito. Teddy Bryan!" Natawa siya nun at kiniss yung cheeks ko.

"Nakakarami ka na ng chancing sakín ha. Mamaya, masanay ako. Mamaya marape kita dyan ng di-oras." Lumaki yung mata niya at pinalo ako ng pinalo.

"Joke lang naman yun eh!"

"Manyak ka!" Tumayo ako nun at nagsimulang tumakbo.

"Bumalik ka dito tae ka!" At ako, takbo pa rin. Kahit marami na akong natatamaan. Nakakatawa si Eya asarin eh.
^__^

(AUTHOR: Para silang bata. Naghahabulan. Napaka-cute. <3)

Ikot-ikot lang kami. Nakakapagod na rin eh. Pero etong si Wifey di napapagod. Daig pa yung tumakbo ng 1000 miles eh. Ay OA naman nun. =_= Basta di siya napapagod.

"Bryan! Let's go there!" Hinila ako ni Eya sa loob ng pictobooth. Special day ko naman 'to, okay lang kahit mapagod. Si Eya naman kasama ko. =)

"Sige na Bryan. Picture tayo." Nagnod ako sa kanya at magbabayad na sa babaeng nagbabantay ng booth. Nakatitig lang sakín yung babae. Amp. May dumi ba ako sa mukha?

"Okay lang. Libre na kayong dalawa." Ayos! Libre!

Ang gwapo mo talaga Bryan Lim. **smirks**

Pumasok na si Eya sa loob ng pictobooth. Tuwang-tuwa. Natatawa lang ako sa kanya. Ang cute cute talaga ng girlfriend ko! ^__^

"4 shots 'to Hubby. Ready?" Nagthumbs up ako at lumapit sa kanya.

Yung first shot, naka-lagay yung right hand niya sa cheek niya habang ako nakayakap sa kanya. Sa second shot, pa-cute kami ni Eya. Ang cute nga ni Eya eh. Di ko na nakayanan. Sa pang-third shot, inakbayan ko siya at nilapit sakín at hinalikan ko siya. Smack lang. Sa last shot, sa cheeks ko na lang siya hinalikan at nagpout lang siya.

Pagkatapos nun, I buried my forehead on hers and I whispered on her lips. **"I love you. Thank you for this**

day." Then kissed her again. I deepen the kiss and--

"Ehem." Amp. Nagulat ako sa nag-ehem at yung nagbabantay pala ng booth yung nang-istorbo samin. Bumitaw naman si Eya nun. Halatang nagbblush at nahihiya.

"Eto na yung pics oh. Bagay talaga kayo. Ang cute!" Sabay smile nung babae. Nginitian ko na lang siya at nagthank-you at hinila na si Eya papalabas ng booth.

Ella pala yung pangalan nung nagbabantay ng booth. She's cute. :>

Tawa lang kami ng tawa. Mahuhuli pa kaming nag-PPDA eh. =))))))

(AUTHOR: WAHAHAHA UMEXTRA PA AKO EH NOH? XD)

Kumain na kami ng dinner. Tapos pumunta sa parking lot, hawak-hawak yung kamay ni Eya.

"May fireworks pa. Bryan."

"Talaga? Gusto mo bang manuod?" Nagnod siya. So, dun na lang kami sa taas ng kotse ko umupo. Habang hinihintay yung fireworks, naglean siya sakin at hinawakan yung kamay ko.

"I love you, Bryan. Happy Birthday." Napangiti ako nun.

"I love you too. Eya."

boom boom boom

Nagulat ako sa sound at napatingin sa langit. Ang ganda ng fireworks. WOW.

Kaso, nagulat ako, para bang, may nabubuong word yung fireworks?

I gasped. Ang nakalagay kasi sa fireworks. **"Happy 18th Birthday Bryan. I love you! -Eya."**

This is the most surprising birthday gift ever.

Hinarap ko si Eya sakin at nakangiti siya. **"You did that?"** She nodded.

Medyo sumimangot siya. **"Hindi ka ba naimpress? Sorry ha. Aish... yan lang ang kaya kong surprise sayo--"** I kissed her.

Ang saya ko. She really amazed me. I broke the the kiss and smiled at her.

"I'm more than impressed, Eya. This is the best, birthday ever."

And I kissed her again. Passionately. Nakikisabay ang fireworks sa spark na nararamdaman ng puso ko ngayon, kasama siya.

Grabe, tama nga sila. Mas special ang birthday mo kapag cinecelebrate mo 'to with a very special and important person in your life. And I'm lucky, that Eya is here. Eya, I really love her so much.

Kahit engot talaga si Eya, kaya kong sabayan ang kaengotan niya. Isusugal ko pa six-pack abs ko sa kanya. **ehem**

51.

Eya's POV

"OMG Did you heard?"

"Oo nga. Grabe, I can't believe it!"

"If the rumor is true. May pag-asa ulit tayo!"

"Oo nga!"

"Sana totoo!"

"Kaso paano si Eya? She's a-- Oh andyan siya. Let's hurry."

Tinaasan ko naman ng kilay yung mga nagchichismisan. Umalis naman sila. Problema nung mga yun? Ang weird lang. Kakapasok ko lang, ganyan na yung mga schoolmates ko. Nagbubulungan.

Obvious naman na kami yung topic eh. Problema nila? Tss. I decided na wag na lang sila pansinin.

Nakakamiss si Bryan. =_ = Ampupu naman oh. Eh kasi yun, may basketball practice. Varsity na yun. Akalain mo? He's good even in basketball? Siya na...

Makapunta na nga lang sa classroom.

Pagpasok ko ng classroom. Ang tahimik. May mga classmates naman ako. What the?

What is wrong with them? Tinry kong lumabas, lumakas naman mga boses nila. Pero nung pumasok ako ulit, tahimik sila.

O _____ O

Anong problema nila? Amp. Wala naman akong makausap. Excused kasi lahat ng barkada. Si Allison at Andie kasi members ng Dance Club. Si Kevin at Errick, basketball na rin. Si Bryan rin sumali. Varsity silang lahat. Kaya ako lang mag-isa. Ampupu. - _____ -

Malapit na kasi yung Basketball Championship game dito sa school namin. Kalaban ng school namin ang all-time rivalry na Westford High. Kasalanan ko ba na hindi ako marunong sumayaw? 😞 Ayoko naman mag- "**Go Eastford High! Go go go! Awooo go fight rawrrrrr!!!**"

Tumuloy-tuloy ako sa arm-seat ko at umupo. Binaon ko yung ulo ko sa braso ko. Wala naman akong magawa, ewan ko. Di ko lang feel kausap mga classmates ko. =_ =

Makapagdaydream na nga lang kay Bryan.

wushiiiiing wushuuuu lalalala

*"Uy grabe no? Sino kaya nagkalat nung rumor na yun?"
"Oo nga. Kung may proof. Nako. Tiba-tiba tayo girls!"
"Grabe pare, fake lang pala! HAHAHA chicks pa naman si Eya."*

Ano? O.O Hindi ko gets. Pero inayos ko yung upo ko at napatingin sa kanila.

"Anong rumor? Anong tungkol samin?"

"Ay. Wala yun. Rumor lang. Adik nga nagpakalat nun eh. Hehehe." Tinignan ko si Shannen ng mabuti. Classmate kong maganda at mahinhin.

"Please say it to me?"

"Eh kasi..." Hinawakan niya ako sa braso. **"Wag kang mabibigla."** Nagnod ako.

"May nagsabi kasi na fake relationship lang daw kayo. Kasi di naman daw kayo sweet at showy katulad ng ibang couples. Atsaka, may possibility daw na fake contract lang kayo eh."

Feeling ko nabuhusan ako ng malamig na tubig sa narinig ko at nalaman ko. F.ck. May nakaalam?

"Uy Eya. O-okay ka lang? Namumutla ka." Sabi sakín ni Anya.

Nagnod ako. Di ko pinahalatang natatakot ako at kinakabahan. **"Wala 'to. I feel bad lang. Grabe naman yang rumor na yan. OA masyado."** I tried to fake a laugh.

"Ganun ba? Buti at nuclear na. Pero hindi naman yun totoo? Cute pa naman kayo together." Singit ng iba ko pang kaklase.

"Yup. Hindi yun totoo... hehe." Nagsinungaling pa ako. Eh past is past! Kung kailan kami na, saka pa 'to kakalat. Ampupu. =_=

Pero I feel bad na ewan. Napahawak ako sa puso ko. Ang lakas ng tibok. Haynako.

Dumating si Mdm. Cy. Nagpaalam ako at pumuntang clinic.

After magclinic. Umalis nako. Salamat gumaan pakiramdam ko. Nagthank-you ako kay Ate Nurse at pumunta na ng CR sandali.

Pagdating ko sa cr, may mga babaeng makakapal ang make-up at may kolorete sa mukha ang tinignan ako mula ulo hanggang paa. 3 sila. And by the looks of it, malalandi at maarteng spoiled brats sila.

"Ehmagawd! The rumor is sooo true! There's no way our Baby Bryan could fall in love with this ugly girl!" Tinaasan ko ng kilay 'tong babaeng mukhang clown.

"Excuse me?"

"You heard her! Well, you're pretty rin but we are the prettiest! And, I'm like, mas bagay kay Papa Bry!" Sabi nung isang mukhang clown rin.

- _____ -

Ang sakit-sakit ng ulo ko. Babadtripin pako nitong tatlong 'to! Nako. Kapag nagsalita pa 'tong isang clown na 'to. I swear, imumudmod ko mukha nila sa inidorong may tae! =_ =

"What the hell is your problem? Sluts?"

"What did you call us? SLUTS?" Badtrip nako. Nagsalita na etong isa eh. Lahat na sila. =_ =

"Oo. You have the nerve to call me ugly and not right for Bryan. Pero tignan niyo nga mga mukha niyo! Papasa kayong clown sa circus! Mag-apply na kayo!" Kumunot yung face nila, and I think anytime, baka masabunutan ako ng mga 'to. Problema kasi nila?

"Excuse moi?!!"

"You are the slut! We overheard Andie and Allison talking about a contract between Bryan and you!"

"That's right! We don't know what contract it is. But it seems you're in a fake relationship? Am I right?"

Lumapit silang tatlo saakin. Ampupu. Nadidistract ako sa mukha nilang makapal! - ___ -

"Or he is using you for fun?"

"Baka naman sex slave ka niya?"

"Mas bagay naman ako dun girls."

"No. Ako!"

"Ako!"

"SHUT UP YOU CLOWNS!" Tumahimik naman sila. Badtrip na talaga ako. Ang daldal naman netong sina Andie at Alli! Pahamak. >_<

I NEED TO FIX THIS!

"You." Tinuro ko yung clown #1.

"And you." Clown #2 naman.

"And you." Clown #3 na sobrang panget naman.

"Wala kayong karapatan na manghusga. Okay? You don't know anything. Stay out of it. Wag kayong desperada! Kung hindi ako bagay kay Bryan, sinong bagay? Kayo? Ha! Look at you!"Tinaasan lang ako ng kilay nung tatlo. Amp. - _____ -

"Nothing can ruin our relationship. Okay girls? And, boyfriend ko si Bryan. BOYFRIEND. Spell ko pa gusto niyo? Wala na kayong magagawa dun. Magmake-up na lang kayo at mag-apply kayo sa circus, bagay kayo dun. Okay? Sabihin niyo kung gusto niyo pang magparecommend sakin."Sabay walk-out.

Nakakabadtrip kasi eh. =_ =

kriiiiiiiiiing. kriiiiiiiiiing

Recess na pala. Buti naman. Makakausap ko na barkada. At kakausapin ko na sila Andie at Ali. Daldal kasi masyado eh. Narinig pa. =_ =

What the !@# \$!

52.

Eya's POV

"BAKIT KASI SA CR PA DIBA?!"

"Sorry talaga Eya! Eh kasi nagulat lang kami nung sinabi mo eh. Syempre, may aftershock pa kami." sabi ni Andie.

"Oo nga. Sorry talaga. Di naman namin alam na may makakarinig nun eh." sabi ni Allison. Argh nakakainis!

"CR YUN KAYA MAY MAKAKARINIG!"

"Sorry na talaga Eya!"

Argh! 🙄 Napabuntong-hininga na lang ako. Kung di ko lang mahal 'tong dalawang 'to eh. Inexcuse ko sila sa cheerdance practice nila para lang makausap. Bakit ba kasi topic pa nila yun? Aish. -_-

"Sige na nga... Bati na tayo. Bumawi kayo saakin ah!"

"Oo na Ganda. Sige na, lilibre ka na lang namin." Napasmile naman ako nun.

"Carbonara ahh? Tig-isa kayong bili sakin!."

"Oo na takaw mo!"

"Eh kasi kayo eh. Nagutom tuloy ako dahil na naman sa mga issue na yan. = _____ ="

"Oo na sige na bibili na kami. Dyan ka lang. Wag mo pansinin yung mga schoolmates natin. Lilipas din 'tong rumor na 'to. Okay?"

sigh

Sana nga. Nadidistract ako. Pinagtitinginan ako eh. Narinig ko nga kanina, **"Fake lovers lang sila!"** Tss!

Asan ba kasi si Bryan? Pagtanggol niya naman ako oh. =(

Bumili na sila habang ako andito. Nagmumukmok. Di pa rin nagpapakita yung mga ugok na yun. =_ =

Siguro nagbabasketball pa rin sila.

Ano kaya itsura niya kapag naka-varsity t-shirt? Pogi kaya? Hot kaya? Ahehe. Pogi siguro nun. Miss ko na si Bryan--

splat!

What. the. !@#\$.

Napahawak ako sa kaliwang mukha ko. May nagtapon ng pancake na may syrup sakin! Eeergh. =_ = Tumahimik yung buong tao sa canteen. Napatingin ako sa nagtapon. Babaeng mukhang clown rin.

Napatayo ako at lumapit sa kanila. Amp naiinis nako! -_____ -

"What's that for?! Huh?!"

Napatingin ako kela Andie at Ali na papalapit sakin.

"You girls! What the hell are you doing?!"

splat!

Ngayon naman itlog ang tinapon saakin. ITLOG!

"That's for ruining our chances with Bryan! At kapag napatunayan namin na fake lang kayo?! Huh. Patay ka samin!"

"Stop it! Mga desperada kayo! Stop meddling!"sabi nila Ali at Andie. Miski ako naiinis na eh.

"Ano bang gusto niyong mangyari ha?! Wala akong ginagawa sainyo! Problema niyo ba? Tumigil nga kayo!"

"No. We'll not stop Eya. Hindi ka nga pinagtatangol ng boyfriend mo eh. Baka totoo yung fake contract na yun?! Nako. Kung totoo man yun, cheers to us! Loser ka!"

"Anong sabi mo?! Loser si Eya?" gigil na sabi ni Allison.

"Oo. Bakit?!" Sabay sabunot saakin nung isang babae. Tinatry kong tanggalin yung kamay niya. Ayaw! Ang sakit!
- _____ -

"Oh no you didnt." Nagulat na lang ako nung sinabunutan nila Andie at Ali yung mga babae. I'm shocked. Gyera na 'to!

Sabunutan lang kami. Ang kakapal ng mga babaeng 'to! =_ =

"STOP IT!" Napabitaw ako nung narinig ko yung boses niya.

.....ni Bryan.

Napabitaw rin yung mga clowns. Tumayo ako at tumingin kay Bryan.

Sabi na eh. Ang gwapo niya kapag naka-jersey. At sinasadya niya bang "13" ang number ng jersey niya? Monthsary namin? 😊

Pero buhaghag pala yung buhok ko. Nakakahiya. I felt a lump on my throat pa. At feeling ko tutulo yung luha ko. Ang sakit ng ulo ko.

Lumapit sakin si Bryan at niyakap ako ng mahigpit.

"Baby ko... Anong nangyari?"

"Malamang sinabunutan. Hindi ba obvious?" napaluha na tuloy ako. Tinanong niya pa kasi eh. 😞

Bumulong ako ng sobrang hina dahil aware akong nakatingin pa sila sakin. **"Alam ata nilang nasa fake contract tayo... *sniff* P-paano na yan B-bryan? *sniff*"**

Sinuklay niya lang yung buhok ko gamit yung kamay niya at binaon yung ulo ko sa ulo niya. **"Okay lang yun baby. Aayusin natin. Wag ka na umiyak."** Bumitaw siya sakin at binigyan ako ng panyo.

"Gamitin mo muna. Di pa ako nagpupunas ng pawis." Oo nga pawis na pawis siya. 😞

"A-ano gagawin mo?"

"Leave it to me... and trust me." Hinawakan niya lang yung kamay ko habang nagpupunas ako. Kailangan ko sigurong umuwi. Ang messy ng uniform ko at ang lagkit ko eh.

Humarap siya sa mga clowns na umaway sakin. Pero nagthank-you muna siya kay Andie at Ali sa pagdefend sakin.

"Okay lang yun. Sakit sa ulo manabunot ng mga 'to!" Sabay turo doon sa mga clowns. Di ko mapigilang magsmile. Warfreak talaga 'tong si Andie.

"So... What the !@\$ is your problem huh?" Nagulat ako sa tono ni Bryan. Serious na rin yung mukha niya. Halatang nagulat yung mga mukhang clowns at almost lahat sa canteen. Tahimik kasi. T__T

"Uh..." utal-utal pa sila. Amp kasi sila eh! =_ =

"Oh bakit di kayo makasagot? I said, what the !@\$ is your problem with our relationship? And why do you throw this stuffs..." Kinuha ni Bryan yung plate na may pancake. **"...to my girlfriend?!"** Sabay tapon ni Bryan nung plate sa floor. I flinched. Hinigpitan ni Bryan yung hawak niya sa kamay ko.

"Tapos kayo. Nakuod lang kayo? What the !@\$!? Di niyo man lang pinigilan!" Naggagalaiti na sabi ni Bryan. I calmed him.

"**All of you!**" Sabay turo ni Bryan sa buong campus na nasa canteen. "**I just want to clear something! The fake contract or whatever the rumor is, it's not true! Apparently, mali yung information na dumating sainyo. That fake contract issue is just an idea.**" Huh? "**Napag-isipan namin ni Eya na gumawa ng story para sa upcoming MV ko. At yun ang fake contract lovers turned to real lovers. Syempre, that's just an IDEA. Kaya wag kayong mag-assume na fake lang kami! Hindi mangyayari yun.**" I sighed. Buti nakaisip siya ng dahilan! Kinabahan ako.

"**Patunayan niyo nga!**" May sumigaw sa bandang dulo. Tss.

"**Kapag napatunayan ko ba, you'll say sorry to Eya for judging her?**" Nag-yes lahat. Epal talaga. =_ =

"**Paano mo--**" Di ko natuloy kasi bigla na lang akong hinalikan ni Bryan sa lips.

Torridly.

In front of the whole campus.

Gulp.

We stayed like that, napahawak na nga ako sa neck niya at siya sa waist ko. Nakalimutan kong may mga tao pala.....

Bumitaw naman ako kaagad nun. Natawa lang si Bryan nung kinurot ko siya. Sana sabihin niya man lang diba! Sumusunggab na lang bigla.

Napatingin ako sa kanila. Bakit sila nakanganga? At tahimik? O.o

"**Anong nang--**" Di ko natuloy sasabihin ko kasi lahat sila naghiyawan at nagpalakpakan.

"That was soooo hot!"

"Breya na ako!"

"Goddamnit! Swerte ni Eya!"

"Hot ni Eya dre!"

"Sila na nagkiss!"

"So sila na nga talaga!"

Namula ako nun. "**Ikaw kasi eh!**" Kinurot lang ako sa pisngi ni Bryan.

"Oh yung deal natin guys?!"

"SOOOOOOOOOOOOOOOOOOORRY EYA!" Napasmile ako nun.

"Okay lang yun. Nako, mind your own business na lang okay guys?!" Nag-yes sila. HAHA. Parang controlled ni Bryan buong school ha. Siya na.

"AND LAST BUT NOT THE LEAST, RESPECT EYA. OKAY? SHE'S MY GIRL. UNLESS GUSTO NIYO MAPAHIYA O MABUGBOG. DON'T MESS WITH HER." Natawa ako nun. Para siyang bata. ^o^

Nag-yes naman sila. Sige na, ako na prinoteect niya. Kinikilig ako. <3

"Anong kaguluhan 'to?" O dumating pa si kalbong principal. Anebeee. =_ =

"Wala po Sir. It's already fixed."

"Oh okay. Wait what happened to you Eya? Why are you messed up?" WEH LANG. CONCERNED "TONG KALBONG 'TO? TSS.

"Uhm... Accident lang po. Hehe. Kailangan ko po umuwi. I don't feel good."

"Oh siya, sige. Basta daan ka munang P.O.D okay?"

"I'll take her home po." Nagnod yung principal. Aba, good mood? Palibhasa si Bryan eh.

Umalis na kami ni Bryan sa canteen at dumiretso sa parking. Holding hands lang naman kami. :>

"I don't want to get you hurt, Eya. Okay?" Nagnod ako at hinigpit yung hawak sa kamay niya.

"Opo. Wag ka na magalit. Pinagpapawisan ka pa."

"Oo nga." Pumasok na kami sa kotse niya pero di muna siya nagdrive. Pagod baby ko. :<

Kinuha ko yung hanky ko na hindi pa nadudumihan at pinunas sa pawis niya. Pawis na pawis baby ko. 😞

"Sweet naman ng girlfriend ko." And he gave me a peck on the cheek. Namula ako nun for a split-second pero kinurot ko lang siya.

"Wag kang magulo. Dami ng pawis mo! Baho mo na!" Pang-aasar ko. Nagmake-face siya pero nakatitig pa rin siya sakín.

"Oh, bakít ka nakatitig sakín ng ganyan? Matunaw ako nyan."

"Wala. Iniisip ko lang kung bakít ako binigyan ni God ng babaeng katulad mo."

"Is it a bad thing?" He ruffled my hair.

"Silly. Hindi syempre. I think it's really meant to be. Gift ka niya sakín... argh! Hindi ako sanay magsalita ng ganito." nagkamot siya ng ulo. Natawa lang ako! Hahaha naiilang siya mag-sweet talk? Di niya naman kailangan eh.

"You're really loveable Eya, you know that right?" Napasmile ako sa sinabi niya. Awts. :">

"Teka pupunasan ko lang pawis mo sa likod. Aaah... talikod ka?" Nahihiya kasi ako makita katawan niya. Sabihin may pagkamanyak ako. Kahit alam ko hot talaga siya.

Nagulat ako nung hindi siya tumalikod, nakaharap siya sakín habang tinanggal niya yung jersey niya.

Nalantad yung katawan niya sakín. Yung gorgeous, tanned hot body niya. With matching...

.....*six-pack abs*.

Oohlalaaaaaaa~ 😊

drools

Napalaki ata yung mata ko kasi hindi ko natakpan. Napatingin ako kay Bryan nun, nakatitig lang siya sakín.

"I love you ." Nagulat ako nun. Pero nakatingin pa rin siya sakín. At nakangiti siya.

Napasmile ako nun. **"I love you too. Bryan."** Sabay punas sa katawan niya. Hindi nako nailang, syempre, boyfriend ko eh. Kasalanan ko ba kung hot rin ang boyfriend ko? ^o^

Pinunasan ko yung **gulp** six-pack abs niya, sa may stomach, sa may ribcage. OMG. Puso ko syet. He's smiling wide.

"Babe, mabaho ba ako?" Natawa ako sa tanong niya. Pero nakaisip ako ng pang-asar. Dahil I loved My Amnesia Girl, try kong gayahin yung ginawa ni Toni kay John Lloyd. 😊

"Ano ka ba babe. Kahit amoy-pawis ka..." Sabay kiss sa may abs niya. I let my lips linger there for a minute saka ako bumitaw. **"Mabango ka pa rin."** Naramdaman kong natense siya. Natawa ako nun, pinunasan ko na lang siya.

"Talikod ka babe." Tumalikod siya at pinunasan ko likod niya. Buti di pa naka-aircon, kawawa naman siya baka malamigan.

Pinunasan ko na rin yung likod niya, sabay kiss sa neck niya.

"E-eya..." I hugged him from behind and moved my lips a little to his neck.

And I gave him a lovebite.

Medyo nagulat ako. Bakit ko nagawa yun? Naha-high ako sa kanya. Manyak na ako mygod! 🤔

Nagulat ako nung humarap siya saakin, at nakatingin saakin. Sobrang seryoso.

Gulp.

"Wifey naman eh... You're teasing me. Nilagyan mo pa ako ng hickey. I didn't know you're that naughty." I pinched him.

"That's a lovebite!"

"I don't care. Dapat lang na gumanti ako." Bago pa ako makatanggi, nilapit niya ako saakin gamit yung dalawa niyang kamay at hinalikan yung neck ko.

Oh my God. He's *marking* me.

Ang sarap sa pakiramdam. Para bang nakakakiliti na ewan.

Nung natapos na siya, nilagyan niya pako ulit sa may earlobe ko, tapos sa iba pang parte ng neck ko. Pati sa collarbone ko.

"B-bryan!" Tinigil naman niya yung ginagawa niya at tumingin saakin, with a hint of satisfaction on his face.

"I told you. I'll get revenge." Sabay wink saakin. Tinapon ko sa kanya yung panyo. Sakto sa mukha niya.

Bampira ba siya? Pumapapak ng leeg. =_ =

"Babe naman? Tampo ka kaagad?"

"Eh kasi. You're marking me with many lovebites, eh ako. Isa lang!" Nagpout ako at gumana siya.

"Para kang bata baby... sige na. Lagyan mo pa ko. Basta tandaan mo, you're mine. Okay? Akin ka lang." Napangiti naman ako nun.

"I'm all yours. And you're mine, okay?" Nagiging possessive ba ako? Di ba...

"I'm all yours." I smiled widely.

"Paganti ulit!" Nagnod siya at ayun, take-turns kami paglagay ng lovebite. Nakakakilig. :> Para lang kaming baliw dito. Pero ewan... eh kasi nakakakilig talaga!

Thankful ako sa uniform namin. Hindi halata yung lovebite! =)))) Teka... ang naughty na namin! PG-13 'tong storyang 'to miss author! 😊

53.1

Eya's POV

FR: Hubby

Hoy engot. Yung banner ko ha! Mwa! I love you. Pengeng kiss? :*

Maka-engot 'tong si Bryan. Psh. Kung di ko lang mahal eh. -_-

TO: Hubby

Ge. Galingan mo ah? Pag natalo kayo sa game niyo, walang kiss. 😊)

Nang-asar pako eh no? Nagvibrate kaagad phone ko. Aba ang bilis magtext?! 😊

FR: Hubby

Eeh.Papanalo ko para sayo. Bleh! Labyu! <3

Ang sweet talaga. Haynako. Hahayaan ko na lang na magpractice sila. Total 1 hour na lang before the game. Makapagreply nga.

TO: Hubby

Goodluck Baby ko na Hubby ko pa! :"> Labyumooooore! <3 TC thirteen ko 😊

Sana manalo sila! Ngayon kasi yung official annual basketball game ng school. Eastbridge High versus Xander High. I heard magagaling rin yung varsity ng kabilang school, tapos puro gwapo pa raw (pero hindi ko magets yung connection nun sa game). Oh well, nasa teritoryo namin sila ngayon kaya wapakels kung matalo sila, hahaha! Cheer lang kami syempre. Lalo na kay Bryan.

Again, mag-isa lang ako mamaya sa gym, manunuod. Eh kasi naman yung mga yun, lahat ng boys sa barkada, varsity. Si Andie at Allison, cheerleader. Tss. Ako taga-gawa ng banner. HAHAHA. Pero kay Bryan lang yung special. Sila puro white cartolina lang. Ano sila chicks? XD

So kasalukuyan akong gumagawa ng banner ni Bryan, since dapat maganda siya. :"> At colorful. Para makita kaagad.

boogsh

Napatingin ako sa classroom door bigla. Jusko akala ko kung sino, sila Ella, Dada at Garlyn lang pala. Classmates ko rin.

"Eya! Di ka pa ba pupunta sa gym?"

"Sabay ka na!"

"Oo nga... magsstart na yung game!"

Ngumiti lang ako sa kanila. Ang thoughtful naman nila! 😊

"Okay lang, sunod na lang ako. Ginagawa ko pa 'to." Sabay turo sa cartolina. Mukhang na-gets naman nila at umalis na sila ng classroom. Save na lang daw nila ako ng seat. 😊

Anyways, lettering dito lettering doon.

after 10 minutes

Wew. Tapos na at last! Satisfied ako sa banner ko, ang cute!

ANG NAKALAGAY: GO BRYAN! I LOVE YOU! GO GO GO FIGHT!

Tapos may hearts. Oo na ako na baduy. Eh inlove ako, bakit ba? 😊

bleeeeeeargh

Opo, tunog yun ng tyan ko. Gutom nako! Di pa kasi ako nagbebreakfast. Pupunta nga ako sa cafeteria. Nakakagutom. Bibili na rin ako ng bottled water para sakín at kay Bryan.

Inayos ko na yung mga banners atsaka binuhat yun papalabas ng classroom, habang nakasalukbot yung bag ko sa right shoulder ko. Grabe ambigat ah. =_= Kunin ko na wallet ko para pagdating ko sa cafeteria--

boogsh

"Araaay!" Nabitawan ko yung hawak kong banner at wallet, amp. Natamaan ako ng bola bigla! Ang lakas ng pagkabato sakín kaya napauupo ako. =_=

Ang sakit ah. Teka, sino ba yung nagbato ng bola?

"Miss okay ka lang ba?" Napatingin ako sa nagsalita. Worried yung face nung gwapong lalaki na naka-jersey.

Wait anong sabi ko? AMP. Gwapo nga pero di naman gentleman--

"Oops, sorry. Nahulog pa 'tong mga cartolina na 'to. At napaupo ka pa. Here... let me help you."Hinila niya ako dahan-dahan. Nung napatayo na ako, kinuha niya yung mga banners. Saka tumingin sakin.

"Okay ka na ba?"

"Aaah. A-ako? Uhm... Oo?" Teke bakit ba pautal-utal na naman ako? Wag mong sabihing nadidistract ako sa kagwapuhan--este kcarelessness niya? Tss. Eto na ata ang aftershock ng pagtama sakin ng bola ng basketball ah. =_ =

"Mabuti naman. Wew. Akala ko kung ano na... Eto yung mga nahulog sa floor oh... tss. Sorry talaga." Inabot niya sakin yung mga banners, chineck ko, buti na lang di nadumihan! Akala ko kung ano na.

Mga 10 seconds na siguro nakalipas pero di ko nagawang umalis. May something familiar sa lalaking 'to. Di ko lang magets. Ay ewan! Punta na nga akong canteen. Atsaka, wait...

"Taga-dito ka?"

Nagsmile siya. **"Nope. From Xander High ako. Team Captain. I'm Tyler."** Di ko siya narecognize. Ay teke...

"Kalaban pala kayo ng school. Teke, ano bang ginagawa mo dito sa hallway na 'to? At nagbabasketball ka pa? Nakatama ka pa tuloy." Sakit kaya. =_ =

"Practicing, konting dribbles, bago magstart yung game. Sorry ulit..."

"Okay lang... sige mauna nako ha..."

"Wait! Pasabay ako!" Ano sasabay siya? Nakakailang. Ayoko nga! Atsaka sino ba siya? May atraso na nga siya sakin eh. =_ =

"Uh... Girl's CR ako pupunta. Sabay ka?" Lumaki yung mata niya nun, pinipigilan ko tawa ko hahaha =))))))))))

"Ay sige. Wag na pala. Sige. Goodluck sa team niyo."

"Well, goodluck rin sainyo. Bye." Umalis nako nun at pumuntang cafeteria, bumili ng bottled water. Sana manalo varsity namin!

Pero mukhang magaling rin yung kabilang team. Team Captain pa si Tyler ba yun? Tss. Yabang lang ata yun eh. Bakit ba ako nagrereact ng ganito eh di ko naman talaga siya kilala? Nacurious lang ako. LOL.

Team Captain namin si Errick, eh sa alam ko sobrang galing nun sa basketball. Sarap sabihin na EX ko yan! HAHAHA JOKE. =))))))))))))))

SCHOOL AUDITORIUM

"Magsstart na ba yung game?" Tanong ko kela Ella ng paupo nako sa saved seat nila sakin. Nasa may front row kami kaya tanaw namin yung mga naglalaro.

"10 minutes pa. May assembly pa eh. Di ko nga alam kung bakit di pa nagsstart yung Lupang Hinirang eh. Nakapagpray na kaya sila."

"Alam ko si Nikki kakanta nun." sabi ni Dada.

"Kaso nagkalagnat ata. Dinala siya sa clinic kanina." sabi ni Garlyn.

"So naghahanap sila ng replacement?" Nagnod si Garlyn.

"Sana magstart na yung game!"

"Oo nga! Para makita ko na ang Fafa Tyler ko!"

"Maka-fafa ka dyan! Kalaban ng team natin ang team nila!"

"So? Yummy eh!"

Yummy ba yung Tyler na yun? Sows. Well, siguro mabait naman yun kahit careless. Ako rin kasi kanina tatanga-tanga. >_<

"Miss Alvarez?" Napatingin ako sa nagsalita, si Mdm. Gail Serocco. Principal namin. Uh...

"Bakit po?"

"You need to sing Lupang Hinirang for today's game. Wala kaming mahanap na replacement, since sabi naman ng music teacher mo na may talent ka naman for singing, ikaw na lang. Don't worry... may plus ka sa Extracurricular activities mo kapag kumanta ka. Para makapagstart na yung game."

WHAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAT?!

Nag-isip ako ng mga pwedeng idahilan, namamaos ako dahil kumain ako ng 8 gallon na chocolate ice cream, bumara yung lungs ko, hinihika ako, etc. Kaso baka mapahiya yung school dahil sakin. Tokwa naman... - _____ -

"S-sige po."

"Then let's go down." Paano ba yan? Tumayo ako at nakareceive ng smiles kela Ella, lalo tuloy akong kinabahan.

May stage fright kaya ako. Ay ampupu naman talaga oh. =_ =

Eya's POV

Bago ka makapunta sa stage ng gym, kailangan mong dumaan sa mga teams. Dumaan ako sa rival team ng school namin at expected, nag-"witwew" sila. - _____ -

Badtrip ah.

Tss. Mga presko. At least yung team captain nila, nakatingin lang sakin.

Pagdaan ko sa team ng school, tinap lang ako sa shoulder ni Errick, habang si Kevin, tumatawa. Ampupu siya. =_ =
Tinatawanan ata ako dahil alam na mapapahiya ako. At least si Bryan nginitian ako tas nagthumbs-up, sabay bulong.
"Kaya mo yan baby kong engot." Ang sweet lang. Except the engot part. -_-

Pagkatapak ko sa gym, bigla akong kinabahan. Para bang natuyuan ako ng lalamunan? Naalala ko bigla yung kumanta rin ako dati, grade 5 ako, kumanta ako tapos biglang pumiyok! Ampupu. Ayokong maulit yun.

Breathe Eya, breathe.

TInignan ko si Bryan saka kumanta ng Lupang Hinirang.

right side: kunwari si eya yung kumakanta readers

Nagpalakpakan lahat ng students sa gym. Di ako pumiyok! YAY! Akala ko kung anong mangyayaring kapalpakan sa performance ko. Bumaba ako ng nakasmile. Nakipag-high five sakin yung tatlong mokong at kinurot ako sa pisngi ni Bryan.

"Ang galing mo wifey! Kumanta ka na lang ng Lupang Hinirang palagi!"

"Takte nang-asar ka pa. Tss. Bye na. Punta nako sa taas. Goodluck sa game hubby!"

"Wala bang goodluck kiss dyan?" Pinalo ko siya ng mahina, tumawa lang siya.

"PDA much? Sige na bye na." Tumingin rin ako sa dalawang mokong. **"Hoy kayong dalawa. Galingan niyo ah."**

"Aye aye captain!" Nang-asar pa. -_- Napasmile lang ako nun at nagbbye na.

Habang palakad ako papunta sa taas, nakita ko sa peripheral vision ko na nakatingin rin sakín yung Tyler na yun.

Di ko siya tinitignan ah. Sadyang napatingin lang ako.

Dami kong satsat! Makaupo na nga. >.<

AFTER 5 MINUTES

Nagwhistle na yung referee and the two teams huddle, pinapakinggan yung coach nila. Lumabas yung referee, which is yung kklase namin na si Nathan, at pinatawag niya yung dalawang team captain.

Ayan na, magsstart na! ^ ____ ^

Parehong pumunta si Errick at Tyler sa gitna, feeling ko kinakabahan si Errick, but still he's confident. Kilala ko yan. Di yan papadaig sa kalaban!

"So, Team Captain of Eastbridge University, Errick! What can we expect from you this school year?"

"Well, our team really worked hard. Di kami papatalo. We are really determined to win and make our school proud!" Naghiyawan yung mga tao sa gym, pati ako napahiyaw. Marami ring fangirls na sumigaw, natawa ako. Napatingin ako kay Allison na nasa baba, nakacheerleading uniform sila ni Andie, at ang tingin niya dun sa mga babae? MURDEROUS. Hahaha!

"And we have here the Team Captain of Xander High, Tyler. Any message?"

"BOOOOOOOOO!"

"TALO NA KAYO XANDER HIGH!!!!"

"AMPAPANGET NIYO! MGA UGOK!"

Hindi pa nga nagsasalita 'tong Tyler na 'to, marami ng nag-boo. Ang sama ng school namin. HAHAHA! Pero nasa teritoryo kasi namin sila eh.

Teka, nakatingin ba siya sakín? Hindi naman sa nag-aassume ako ah. Pero hindi naman malabo mata ko! Err.... teka lang...

OO NAKATINGIN SIYA SAKIN! Bakit? O.o Hala... he smirked tapos kinuha yung microphone kay Nathan.

"Alam ko panalo kami ngayon." Lumakas yung mga nagboboo. **"Plus, I want to know the name of the girl who just sang."**

Whaaaaaat?!

Nakita kong lumapit si Bryan dun kay Tyler, **"Bakit gusto mong malaman pangalan niya huh?!"**

Nakita kong nagshrug si Tyler at nagsmirk. Tumahimik bigla yung court. Natameme ako sa sagot niya.

"None of your business. And besides, dude, girlfriend mo ba siya?"

"Oo. GIRLFRIEND ko siya. Kaya wag kang makielam!" Sabay tulak ni Bryan sa kanya. Tinulak rin siya ni Tyler at ngayon, magkakagulo na ata. Wala akong magawa. Paano ko sila mapipigilan?! Ang lakas pa ng boses nila.

Lumapit na kaagad yung coach ng team namin para matigil yung dalawa. Haaaays buti na lang!

Tumingin sakín si Bryan na nakasimangot, sabay tumingin rin sakín yung Tyler. Ay sino bang titignan ko?!

Iniwás ko yung tingin ko sa kanila, pero nagsmile ako kay Bryan, sa Tyler na yun? No way! Panira ampots.=_=_

54.

3rd Person's POV

[Narration lang po ito. Hehe.]

Dahil sa commotion kanina, nadelay ng 15 minutes yung game dahil pinagalitan pa sila ng mga coaches nila. Tinataas na ni Eya yung banner ng mga kaibigan niya, lalo na yung kay Bryan.

"WOOOT! GO BRYAN!" Sigaw ni Eya. Ngiting-ngiti si Eya. Habang si Bryan ay nakangiti na rin.

Napapaisip tuloy si Bryan kung bakít siya nainis dun sa Tyler na yun.

"Eya naman oh. Ang sweet talaga. Aish. Okay na eh. Kainis pa yung Tyler na yun." Napatingin siya kay Tyler.

Napatingin rin si Tyler sa kanya. At halatang tumataas ang tensyon sa pagitan nila at ng dalawang team.

Napaligon si Tyler dun sa babaeng kumanta kanina. Naisip niya... idaan na lang sa laro. Focus! Pero ano kayang pangalan niya? Ang ganda niya kasi.

pffffffffffffff

Tumunog na ang whistle galing sa referee, eto na ang start ng game.

Ang dalawang teams ng magkabilang school ay sobrang nagkakainitan na, kulang na lang magpatayan. Si Bryan, focused na focused. Pati na rin sila Errick at ibang teammates nila sa varsity. Sa kabilang team, ganun rin. Ngunit kapansin-pansin ang tensyon sa pagitan ni Tyler at ni Bryan.

"Akala netong ugok na 'to, makakaporma siya sa girlfriend ko? Huh. No way!" Sa isip-isip ni Bryan.

"Tss. Defensive naman ng lalaking 'to. Girlfriend niya pala yun? Teka. Artista na 'to ah?! Baka nasa internet pangalan nung kumanta nun. She's really... cute." Pag-isip naman ni Tyler.

Nung natapos na yung game, nanalo yung school namin versus yung team ng kabilang school. 81 to 74.

Masaya ang team. Ang ingay sa gym, lahat sobrang masaya sa victory ng school. Bumaba na rin si Eya para icongratulate sila lalo na si Bryan.

"Galing mo hubby ko! Congrats!" Sabay hug. Pagkatapos nila maghug. Kinuha ni Eya yung binili niyang bottled water at binigay kay Bryan.

"Syempre, para sayo yung game ko. Oo nga pala, thanks for the banner." Ngiting-ngiti sila pareho kaya di na napigilan ni Bryan, hinalikan niya si Eya sa cheeks.

Namula naman si Eya at pinalo ng mahina si Bryan. **"Ano ka ba! PDA?"** Natawa lang si Bryan.

"Engot. Mahal na mahal kita. Alam mo yun?"

"Oo naman. Kaya wag ka ng manuntok kung may gustong makaalam ng pangalan ko okay?" Napasmirk lang si Bryan.

"Eh !@\$ siya eh--"

"Ssssh! Lika na... date na lang tayo." Napangiti si Bryan sa sinabi niya, pero napatingin siya kay Tyler, na nakatingin rin sa kanilang dalawa.

Aba tangna rin neto ah. Di makaintindi?

"Uy lika na Bryan." Hinawakan ni Eya yung kamay niya, nawala yung pag-aalala at inis niya. Naisip niya, iba talaga ang epekto sa kanya ni Eya.

"Sige na nga. Hawakan mo kamay ko. Baka mamaya... may ibang umagaw sayo. Mahirap na wifey ko..." Natawa si Eya pero hinawakan niya yung kamay ni Bryan, at naglakad sila papalabas ng gym, rinig na rinig pa rin ang sigaw ng mga tao sa gym.

Samantala, pagod pero ayos lang kay Tyler na natalo sila. Ganun ang basketball, minsan nananalo, minsan hindi. Nakakunot ang noo niya, pero bakas sa mukha ang pang-aasar.

"So, siya pala yung girlfriend ni Bryan. Maganda nga. Galing talaga pumili ng kapatid ko. Bakit kasi ako, binasted pa... tss. Siya na swerte."

Oo, kapatid niya si Bryan. Half-brother actually dahil sila ni Bettina ang tunay na magkapatid. Kaya gusto niyang asarin si Bryan at badtripin dahil isa na rin yung paraan para makalimutan niya ang pagkamatay ni Bettina. Di sila close pero di naman sila alien sa isa't-isa. Natural yun para sa kanilang mga LIM. Sa katunayan, alam naman niya talaga yung pangalan nung girl. Daniella ata? Gusto lang niyang mang-asar. And besides...

"Hmm. Pero I'm curious about that Daniella Girl. I need to know more about her. Soon." Napangiti na lang si Tyler sa naiisip niya.

55.

Eya's POV

Eto na naman ako. Nagdadrama. Soundtrip lang habang nakatingin sa bintana. Umuulan. Tila nararamdaman ng langit ang hinagpis ng puso ko ngayon.

Syempre ang lalim ng tagalog ko. Pagpasensyahan na. Nacarried-away lang ako sa El Filibusterismo kahapon sa Filipino Class eh. Aba, kahit nakabagsak ako sa quiz, okay lang! Pero syempre di ako okay sa score kong 2/10. Di pwede yun! Pft. Tae, ang daldal ng isip ko ngayon. =_ =

Tinignan ko yung phone ko, walang new messages. Amp. Ewan. Back to soundtrip.

*"I thought that things like this get better with time
But I still need you, why is that?
You're the only image in my mind
So I still see you... around."*

Hubby...

*I miss you, like everyday
Wanna be with you, but you're away
Said I miss you, missing you insane
But if I got with you, could it feel the same?*

I...

*Words don't ever seem to come out right
But I still mean them, why is that?
It hurts my pride to tell you how I feel
But I still need to, why is that?*

Miss you...

*I miss you, like everyday
Wanna be with you, but you're away
I said I miss you, missing you insane
But if I got with you, could it feel the same?"*

Nakakamiss si Bryan. Nangungulila ako sa kanya. Chos. Ang drama ko! It's been 2 weeks kasi since umalis na naman si Bryan. May movie project kasi siya. Nakakainis. Namimiss ko siya.

Yung movie project niya? Well. Romantic movie siya. Di ko alam kung sino yung leading lady niya. Pero alam ko nagpapa-audition pa eh. Gusto ko nga mag-audition, joke. Di naman ako maaapektuhan kasi alam ko, mahal niya ako. I trust him.

Anyways, nasa Korea siya ngayon. Yung movie kasi, sa Philippines at Korea ishoshoot. So ishoshoot muna nila yung mga scenes ni Bryan sa Korea para di na hassle pagdating dito sa Philippines. Ang story kasi ng movie nila, si Bryan ay isang badboy na teenager sa Korea. Dahil sa inis ng magulang niya, pinastay siya dito sa Pilipinas during his summer. At dun niya makikilala yung leading lady niya, which is isang girl na sobrang bait, pero malapit na mamatay. Maiinlove sila sa isa't-isa, pero dahil nga mamamatay yung girl, anong mangyayari sa kanila? Alam niyo yung title? **"Rain in Summer"**.

Next week pa darating si Bryan sa Pinas at saka niya ishoshoot yung scenes niya kasama yung leading lady niya. Sino kaya yung leading lady niya noh? Maganda kaya? Sexy?

"Ate! Come down here! Si Kuya Bryan nasa TV!" Nagulat naman ako nun. Tae. =_= Bumaba na ako, double step sa hagdanan syempre, at tumabi kay Desi na kumakain ng popcorn.

"Penge." Sabay hablot ng popcorn sa bucket niya. Takaw ko.

"Anong nangyayari?"

"Iniinterview siya para sa movie niya. Tapos ipapakilala na yung leading lady niya!" Shoot. Makikilala

ko na rin yung babaeng magpapaibig sa kanya! Sa movie lang syempre. HAHAHA.

Ang gwapo-gwapo talaga ng asawa ko. HAHAHA. Eh bakit? Asawa gusto ko eh.

Daldal pa ng daldal yung nag-iinterview ng biglang sinabi niya na yung gusto kong marinig kanina pa. - ____ -

"Okay, so, for Bryan Lim's leading lady. Let's welcome... Ms. Princess Gomez!" At dumating na nga ang leading lady ni Bryan.

Nanliit ako bigla. Ang ganda eh! Long-legged, maputi, makinis, shocks, yung buhok niya! Ang ganda. Pero hindi ako maiinsecure sa kanya no. Kahit siya si Princess Gomez. Sikat siya sa Philippines. Maganda eh.

Pero alam ko, trabaho lang 'to. Trabaho lang nila. Napasmile ako nun. 😊

Napatingin ako sa mukha ni Bryan. At ang reaction niya? Mukhang gulat na gulat pero bumalik sa dati. Nginitian niya yung leading lady niya at tumayo at nakipagshake-hands. Tapos sabay silang umupo at nainterview na sila.

"Si Princess Gomez pala partner niya. Tss. I hate her." Natawa ako sa sinabi ni Desi.

Nabalik yung atensyon ko dun sa nag-iinterview nung narinig ko yung pangalan ko.

"So, is it okay for Miss Eya Alvarez that you'll be paired up with Miss Gomez? I mean, there's a kissing scene in this movie." WHAT?! May kissing scene? Amp.

Pero na-reassure naman ako sa sagot ni Bryan. **"It's only for work. And besides, she knows how much I love her."** Nagsigawan naman yung mga tao dun.

"Ang cheesy ng boyfriend mo, Ate." Natawa lang ako dun. :">

Siya na. Siya na talaga. :""> Di ko naman pala kailangan magselos sa leading lady niya eh.

Mas maganda ako dun. HAHAHA! =))))))

"Hoy Ate! Makangiti wagas? Daig mo pa nanalo sa lotto ha? Daydreaming na naman?" Binatuhan ko siya ng unan. Napa-"ouch" lang siya.

"Walang pakielamanan ng trip, sister. Penge nga popcorn!" At nag-agawan lang kami sa kawawang popcorn.

Masarap yung flavor eh. Cheese. Parang kami lang ni Bryan.

Cheesy.

Bryan's POV

Akalain mo yun? Yung kapartner ko sa movie na 'to, yun yung babaeng nakabangga ko while I'm in Japan? Yung may asong Arki ba yung pangalan? Yung feeling close. Tss.

Looking at her, maganda naman siya. Pero walang tatalo sa ganda ng asawa ko. Oo na, asawa ko siya eh. Bakit ba? =)

"Nice interview, guys. Break time!" Pumunta nako sa canteen ng TV2 at umorder.

Akala ko, pagdating sa Pinas, saka ko pa lang mamemeet yung leading lady ko. Di naman sila excited? Oh well.

"Mind if I join you?" Napatingin ako sa nagsalita. Si Princess pala. Tss.

"Ikaw bahala. *smirk*" Umupo siya sa tapat ko at nagsimula na ring kumain.

Maya-maya, nagsalita na siya.

"You do understand that we should be close, right?" Yeah right, mukha mo.

Ewan ko ba. Iritang-irita ako sa babaeng 'to. She's 16, pero she's acting mature, di naman bagay. Tsk. =_= And besides... I know one of her dirty secrets. And it's so... dirty.

"Whatever. Save it for the acting portion. Princess." Sabay tayo. Tapos na rin naman akong kumain. Ewan ko ba, di ko masikmurang makasama 'tong babaeng 'to eh.

Ang sama ko ba? Di ko talaga feel aura niya. Siguro I should be nice to her. Baka mabait naman pala 'to.

Bago ako maglakad papalayo, tumingin ako sa kanya at nag--> ^__^v

"Sorry kung natarayan kita." Ngumiti naman siya.

"Okay lang yun. And, by the way. We'll be close. VERY CLOSE. Mr. Edward Cullen." At nag--> ^__^v rin siya.

Nagsmirk lang ako at naglakad na papalayo. Hm. So alam niyang ako rin yung nakabangga niya dati sa Japan? Very clever girl. Very clever.

Pero hindi ko pa rin siya feel. Siguro, after ilang days. Makakagaan ko rin ng loob 'tong si Princess. Bakit ba kasi may kissing scene pa eh! =____= Ang weird lang. Oh well, ganun naman kasi ugali ko eh. I mean, friendly ako and such. Pero ewan ko ba, feeling ko, yung iba, let's say Princess, may gusto galing sakin. May gustong "makuha". Tss. I'll try my best, "try", not to be too judgemental about her.

Well, it's only for the work nonetheless. Nothing personal. Eya pa din ako. Speaking of Eya... how is she? May ibang lalaki ba yun?! Argh. Subukan niya lang... tss! Ano ba... wag ka ngang mag-alala Bryan. Walang ibang lalaki si Eya...

DIBA? !@#\$\$!!! KAPAG MERON I'LL KICK THAT PERSON'S ASS!

56.

Eya's POV

"The number you dialled is not yet in service." Amp naman. Bat di na naman sumasagot 'tong si Bryan?

"Uy Eya. Sasabay ka bang uuwi?" Napatingin ako sa barkada. Napakamot ako ng ulo.

"Uh. Hindi na siguro. Mauna na kayo. Ako na lang mag-isa. Dadaan pa naman ako sa bookstore eh."

"Sure ka ha?" Nagnod ako. Umalis na naman sila at naiwan ako dito sa canteen. I'm eating ice cream kasi, yung binili ko kay Bryan. Eh kasi naman, hindi siya nagpapakita. Almost 3 days na siya nandito sa Manila. Alam ko busy, pero, bat di man lang siya magtext diba? Okay. Ang drama ko. Pero wala eh.

Tinatry ko. Pero hindi ko kaya. Namimiss ko masyado boyfriend ko.

Tinry kong ulit tawagan si Bryan. Kaso, no luck.

"The number you dialled is not yet in service."

"The number you dialled is not yet in service."

"The number you dialled is not yet in service."

"The number you dialled is not yet in service."

"The number you dialled is not yet in service."

"AMP NAMAN!" Napatayo ako nun. Napatingin sa kinang yung janitor, ngumiti na lang ako. Baka sabihin neto weirdo ako. Ay ewan. =_ =

Umalis na rin ako. Nakakatamad na rin. Iniwan kong nagmemelt yung ice cream, ewan! Di ko alam kung bakit naiinis ako kay Bryan. It's just that, para bang, wala siyang time man lang para magtext or tumawag, diba? Tokwa naman oh. =_ =

Tinext ko si Bryan one last time, medyo harsh yung pagkatext ko. Pero sana magreply siya! Punyeta naman eh. Nagwowyorry rin ako sa kanya.

"Please... Bryan..." Still no luck. Amp. Bahala siya. Tinurn-off ko yung phone ko at padabog kong nilagay sa bag ko. Pupunta na nga lang akong bookstore.

Nagejep ako. Mas madali eh. Nainis lang ako kasi, alam niyo yung pinapatugtog sa jeep? "I'll Be."

Nananadya ba 'to? Upakan ko 'to eh. =_ =

BOOKSTORE

"Excuse me, Miss. Saan po yung Young Adult Section?"

"Dun po miss." Tinuro niya yung isang stack of books sa may left side. **"Basta naka-label naman sila eh. Enjoy!"** Nagsmile lang ako sa kanya at nagthank-you. At pumunta na dun sa Young Adult Section.

I miss the scent of books! Grabe, it's been a year. Hindi ako nakabasa ng mga books since nagbreak kami ni Errick,

tapos naging kami pa ni Bryan. Oh diba? Bookworm ako sa pagkakaalam ko. =_ =

May lalaki din na nakaray-ban na tumitingin din sa Young Adult Section, tinitigan ko siya, I mean, I'm not checking him out or anything, wala lang. He looks a lot like my age. Di ko malaman kung gwapo ba siya, nakaside-view kasi eh.

Bigla na lang siyang tumingin sa direksyon ko, at sa akin mismo! Ang gwapo niya pala. May kamukha siya eh. Something familiar...

I realized na nakatitig ako sa kanya ng mga 2 minutes na, kaya iniwas ko yung tingin ko at binalik sa shelves na puro books. Grabe, namumula siguro ako dito! Nakakahiya. Narinig kong nagechuckle ng mahina yung lalaki.

Di ko na lang pinansin. Okay, gwapo siya. So what? Nacurious lang ako. Not all boys love to read. Di ko nga alam kung bookworm rin si Bryan eh. Puro photography yun eh. =_ =

Balik sa pagbbrowse ng books, Eya!

Tinitignan ko yung title of books, pati na rin summary sa back page. Hindi ko tinitignan yung cover ng book. Syempre, sabi nga nila. **"Don't judge a book by its cover."** May mga books na maganda yung cover, tipong "apple" pa tapos may bite. I'm not pertaining to Twilight ah. Pero, yun nga. The substance of the book is more important than the cover itself. Tama si Miss Author. =) Charot.

Naghahanap ako ng books na may pagka-Hunger Games. Ang ganda kaya nun! In love na ko kay Peeta. Pero syempre mas in love ako sa boyfriend kong artista. Naalala ko na naman na di niya sinasagot tawag ko. =_ =

"Bahala siya." Napabulong na lang ako. Napatingin sakin yung lalaking nakaray-ban, saktong napatingin rin ako sa kanya. Amp. Sabay kaming nag-iwas ng tingin, pero, I swear. Tumawa siya habang hawak-hawak yung librong binabasa niya. Nakita ko sa peripheral vision ko. Tofu siya ha. =_ =

May napili nakong book, Waiting for you by Susane Colosanti yung title. Tae, para bang yung title, nakikiramdam sa nararamdaman ko ngayon ha? Wag mo nga munang isipin si Bryan, Eya! =_ =

I was still looking at the stack of books when one book title caught my attention.

It was **"She's Dating the Gangster"** by Bianca Bernardino aka SGWannabe, her pen-name. My jaw literally dropped. Here I am, standing here. Just staring at that book.

Bibilhin ko yun! Nabasa ko na yung story, tagal na. Sa Creative Corner site pa nga. Like others, naiyak ako, napatawa, nasaktan, at nainlove sa love story ni Kenji at Athena. At ngayon, happy ako. Napublish na rin ang story na pinaghirapan ni Ate Bianca!

I'll sure as hell support her. Bibili lang ako para pangcollection. Kaso, tofu naman. Nasa pinakataas ng shelf yung SDTG eh. Wala bang ladder dito or something? Amp.

Inabot-abot ko pa. Tae, ang taas naman neto. Suko na ko. Pero syempre, ttry ko pa. Kaya ko yan!

Ang tanga ko lang. Sana pala nagpatulong na lang ako.

Kasi nung yung kamay ko, nasa pwesto na ng SDTG. Kukunin ko na sana eh. Biglang umalog yung shelf, at yung mga libro na nasa harapan ng SDTG, bumagsak at narealize ko.

Matatapunan ako ng mga libro.
Malalaking libro.
Makakapal na libro.
Hanep, Harry Potter Saga ba naman eh.
Bigla akong napaupo at hinanda ang kamay kong pang-shield.

Napapikit ako. Pero, para bang, walang tumama sakin? Safe ako? Wait, bakit parang may nakayakap sakin at para bang may nagshishield ng ulo ko?

"o-OUCH..." Napadilat ako nun at napatingin sa taong nakayakap sakin, more like, a savior.

Tinulak ko yung tao. Uh. What?

Si lalaking gwapong naka-rayban nagsave sakin? Napatingin ako sa forehead niya...

"Oh my gosh... You're bleeding!" Nagchuckle lang siya pero binigyan ako ng masamang tingin pagkatapos. Nagbago ng mood?

"Ang clumsy mo, miss. You know that?" Tatarayan ko sana, sasabihin na hindi naman niya ako kailangan i-save kaso biglang dumating yung staff at tinulungan kami umalis sa pesteng books na nakakalat at nakadagan samin.

"We're very sorry for that incident. There must be a problem with the shelves..." Nagnod na lang ako at ayun, para daw makabawi. Bibigyan daw nila kami ng free book, any choice! Basta bumili kami at least one. Bargain na rin yun, syempre! Payag nako! (^__^)

Binayaran ko na yung book, tapos SDTG yung free book ko. Astig.

Lumabas na ako nun, ng biglang may kumalabit sakin. Napatingin ako at nasa tapat ko na naman si lalaking Naka-rayban.

Tinaasan ko lang siya ng kilay. **"Oh? Bakit?"**

"Di ka man lang ba magsosorry? Or, magtthank you? I saved you there. And look..." Pinoint niya yung forehead niya. !@#\$. Dumudugo pa rin. **"What are you going to do about this huh?!"**

Haynako. Bakit ba kasi ang clumsy ko masyado. =_ = Pero looking at the guy, sinave niya ako. Bakit ako pa nagtataray?

I sighed. **"Sige na. Thank you for saving me. At sumama ka saakin, gagamutin ko yang sugat mo. Maghintay ka lang sa Mcdo... okay lang ba yun? At pupunta lang akong drugstore."**

Ngumiti siya. **"Sure. Miss Eya."** Nagsimula na siyang maglakad papalayo. Wait lang!

"HEY!" Sumigaw ako, di masyadong malakas pero narinig niya, tumalikod siya at tumingin saakin. **"HOW DID YOU KNOW MY NAME?"**

Nagsmirk lang siya at nagpeace sign. Tapos tumalikod ulit.

AMP. What the fvck is that? =_ =

That's so... creepy! Matatanong ko na rin naman sa kanya yun mamaya. Kung di niya sasagutin, di ko siya gagamutin. Nakakuha siguro ako ng B+ sa First Aid nung third year kami. =))))))

Habang papunta ako sa drugstore. Narealize ko na kung bakit yung mukha nung lalaking yun, sobrang bumagabag saakin. Sobrang familiar niya talaga! Siguro kasi...

Siya yung lalaking team captain ng varsity ng rival school namin na nakaaway ni Bryan sa court! At yung nagsabi na maganda ako at gustong humingi ng number ko! Putek. Siya nga! Pero ang pinagtataka ko...

Kahawig niya si Bryan Lim. Hmm... ano ba yan! Bakit kasi lahat ng lalaking nakakahalubilo ko, kamukha niya. Argh... epekto lang siguro ng pagkamiss kay Bryan. Diba?

56.2

Eya's POV

"Wag kang malikot."

"Eh... ang sakit." Diniinan ko lalo yung bulak na may gamot sa forehead niya. Napa-wince siya. Ang kulit kasi eh. =_ =

"Sandali lang kasi. Wag ka muna gumalaw!" Nandito kasi kami sa may mall's lounge, ginagamot ko yung sugat neto sa forehead. Eh ang galawgaw. Hindi tuloy matapos. =_ =

"Oo na.... psh! A-aray!" Inapply ko na yung betadine, grabe, buti di masyado malaki yung hiwa sa forehead niya. May pagka-squeamish kasi ako. Ayoko ng dugo.

Pagkatapos nun, nilagyan ko ng band-aid yung forehead niya. Mukhang okay naman yung result. Tae di ko pinangarap maging nurse. =_ =

"Okay na. Sige na."

"Makakaalis nako?" Akmang tatayo siya pero pinaupo ko siya ulit.

"Now you answer my question, how did you know my name? Hindi ko naman binigay name ko dati sayo ah."

Nagsmirk siya tapos inabot yung kamay niya. **"I'm Tyler Lim. Bryan's brother."**

Nakipagshake-hands ako pero gulat pa rin. That's why may hawig siya ni Bryan!

"Uhh... Eya? Are you okay?" Binitawan ko yung kamay niya at nagsmile.

"Okay lang. I didn't know na may... na may kapatid pa pala siya. So... brother ka pala ni Bryan. Paano nangyari yun?"

"Kailangan mo bang malaman?"

"Nagtatanong lang naman. -_-"

"Tss... half-brother ko lang siya. Ang kapatid ko talaga ay si... Bettina."

Di ko naman kasi alam na may... kapatid pa pala siya...

"Pero paano mo nalaman name ko?"

"I know a lot about you. Sa news kita nakikita, and nung game, alam kong girlfriend ka na ni Bryan. Inasar ko lang siya nun. Alam kong mageselos yun. Pero we're not close." Naconscious naman ako nun. **"Pero don't worry. May nakwento naman siya sakín kahit di kami ganun ka-close."**

Huh? **"Like what?"**

"He said you're beautiful. Well, he's right." Feeling ko nagblush ako nun pero di ko pinahalata.

OO NA NAGBBLUSH NA AKO. TAKTENG CHARMS NG MGA LIM. ARGH!

"So... Tyler. Ano bang ginagawa mo dito? Are you really from here? And if I remember right, ikaw yung team captain ng Xander High diba?"

"Yup... and, ang lapit ng school ko sainyo. Grabe... nagkita pa tayo ngayon. Nice one!" nagnod na lang ako. Siya na ang hyper.

"You want to eat?"

"Sure."

"My treat. Since ginamot mo naman sugat ko."

"Ako dapat manlibre. Ako may dahilan kung--"

"Pumayag ka na. Please?" Sabay pout niya. Argh...

"S-sige na nga!" Kagaya rin pala 'to ni Bryan Lim eh. =_ =

KFC

Kumain kami dito sa KFC. Di ako pumayag sa mahal na restaurant. Awkward eh. =_ =

Nagkwentuhan lang kami. Masaya rin naman pala siyang kasama. Comfortable ako kaagad sa kanya, ganun siguro mga "aura" ng mga Lim.

Now that I'm curious...

"So Tyler... musta lovelife mo?" Nagsmile lang siya.

"Lovelife ko? Uhm. I have many girlfriends." Natawa ako nun.

"So... casanova ka pala." binigyan niya ako ng death glare pero nagsmirk naman kaagad. Ehhh?

"Bakit ka nagrereact ng ganyan?"

"Wala. So what if I'm a casanova? Huh. Ang gwapo ko naman kasi." tapos nagpose siya na parang naka-check. -_-

"Ang hangin dito..."

"Nagsasabi lang ao ng totoo-- Oh !@#\$. Wait!" nagulat ako ng bigla siyang nagtulug-tulugan at nagtakip ng mata.

"Uhm... Tyler? Oy... ano ba?" inaalog ko siya pero ayun. Letse... di ako kinibo.

Napatingin ako sa tinignan niya kanina at nakita ko ang isang babaeng... ubod ng kasexy-han. Edi siya na! Siya na maganda at sexy!

"Eya... wala... wala na yung girl?" so yun pala tinutukoy niya.

"Wala na... ano ba kasi yun?" tumayo siya at hinila ako papalabas ng KFC.

"Hoy ano ba kasi yun?"

"Babe #8."

"Ha? Babe #8? Ano yun pangalan niya?"

"Argh... stupid. Girlfriend #8 ko yun. Si Lana... o Lara? Lani? Tss ewan!"

Pinalo ko siya sa braso at pinagbabatukan.

"Hey! Ano ba?! Ouch wag dyan aray!"

"Para sayo yan! Playboy casanova! !@#\$...." napahawak ako sa ulo ko sa sobrang inis. Asar kasi eh. Napaka-playboy. -_- Ibang-iba kay Bryan! Oo si Bryan habulin ng babae pero di ba, ako lang naman para sa kanya? Buti na lang hindi siya kagaya nitong Tyler na 'to. -_-

"Ano ba kasing ginawa ko? Tss... crush mo na siguro ako no'? Joke lang!" binigyan ko kasi siya ng infamous death glare ko.

"Tyler! Argh... alam ko magkapatid kayo ni Bryan, kaya habulin kayo ng mga babae. Pero yung... manloko ka? At 8 pa talaga ang current girlfriends mo ha?"

bzzt bzzt

"Teka may nagtext." tinignan niya yung cellphone niya at ngumiti bigla.

"Oh? Anong nangyari sayo?"

"Wala... sinagot na ako ni Kim. Babe #9." sabay smirk.

> _____ <

"Geez, congratulations?" tumawa lang siya.

"Look... fling lang 'tong mga relationships ko with my babes. Nothing serious... besides, life is fun."

"Alam kong di naman tayo close. Pero pwede ko bang malaman kung bakit ka nagkaganyan? Trip mo lang ba o nasaktan ka na dati?"

"If I tell you, then I would've to kill you."

"Alam mo. Hindi mo yan magagawa kaya... 'fess up!"

"You seriously wanna know?" tinignan niya lang ako sa mata... pero... seriously... bigla akong kinilabutan. O.o

"Oo... kung okay lang. I'm a secret keeper. Kung ayaw mo okay lang naman. I just wanna know why. Syempre babae ako, I have the sympathy for those girls na pinagsabay-sabay mo."

Nagsigh siya at tinuro yung bench sa labas ng mall.

"Doon tayo..." hinila niya yung kamay ko papunta dun.

BENCH

"Ano bang nangyari?"

"Eya... I... got hurt by someone. I mean... I loved someone pero pinaasa niya lang ako."

Pinaasa?

"Uhm... is she worth it?"

Inayos niya yung suot niyang rayban bago siya nagkwentu. **"Actually, she's beautiful, smart, honest, lahat na. I courted her for almost a year. Pero di niya ako sinagot. Apparently, she likes someone else."**

Naweirduhan ako bigla. **"Akala ko ba siya ang nabasted mo? Eh bat parang ikaw pa ang nabasted?"**

"Kasi, nung sumuko na ako sa kanya. Siya naman yung lumalapit sakin. Believe me, gusto ko nang magpauto sa kanya ulit. Kaso, I don't want to be played again by her. Tama na yung isang beses na pagpapakatanga." nagnod na lang ako. Bat ba napakacomplicated ng lovelife neto?

Kumain na lang kami. Saka niya ako hinatid. Pero bago ako nagpaalam sa kanya. May sasabihin lang ako...

"Thank you ha?"

"For what?"

"For... being my new friend."

Ngumiti lang siya. **"Wala yun."**

"Hey. Nacontact mo ba si Bryan?"

"Uh... yup. Kaninang umaga. I called him. Alam ko nasa Pinas na siya eh." What?

That's it.

"Bakit?"

"Wala. Wala." Nagshrug lang siya at nagbbye. Sa may 8th Street pala siya nakatira ngayon.

Pero hindi yun yung importante.

Bakit hindi sinasagot ni Bryan yung tawag ko? Ampots. Sinagot niya yung tawag ng kapatid niya pero sa mismong girlfriend niya, hindi?! AMP AMP AMP! =_ =

Nagpapakasaya siguro yun dun sa babaeng makinis na maputlang albino na yun! Yung Princess? Amp. Dahil nasa Pinas na siya.

Why don't I give him a visit? Makita niya. He's messing with the wrong girl. =_ =

I called Tyler.

CALLING: TYLER

"Hello?"

"Uh... Tyler? Eya 'to."

"Oh... bakit?"

"P-pwede mo ba ako samahan sa shooting place nila Bryan? Sige na. Di ko alam kung saan yun eh. Please? Please? Pretty pretty please?"

"Uhm... sure! Kailan?"

"Next Thursday, free ako nun eh. Kapatid mo naman yun."

"Hmm... okay sige sabi mo eh. Sunduin na lang kita sa bahay niyo."

"Okay sige sige. Salamat."

"No problem, basta ikaw."

Nagbbye nako at ayun. Siguro magluluto na lang ako ng lunch para sa kanya sa thursday. Gutom na gutom na siguro yun. Baka nangayayat na yun!

Teka bat ba ako nag-aalala sa mokong na yun? Di nga siya namansin sakin eh. Haaaaarrrrr.

Eh mahal ko kasi eh. Hayy. Tell me... ano ba dapat gawin ko? At bakit out-of-reach siya?

57.

Bryan's POV

"Oh gosh, ang sweet sweet naman nila!"

"I know right?"

"Grabe! Sana magshoot na sila ng susunod na scene!"

"OMG! Kissing scene na daw yung susunod eh!"

"Kawawa lips ni Bryan!"

"Ang swerte ni Princess!"

Ang ingay ingay naman netong mga nakikinuod. Geez, can't we have some privacy? I mean. Not with Princess. With work. I'm pretending to listen in my iPod. Nakakabato. Daming fans. Pero syempre nakakatuwa rin yun. I smiled at them na lang and waved.

"Sir. Reretouch lang po namin kayo." I nodded and then umayos nako. Habang ginagawa nila yung trabaho nila. Naalala ko si Eya.

Namimiss ko na wifey ko. Nakakainis. I miss her so bad! Yung engot na yun. Tsk. Di ko siya nakakausap kasi I'm busy lately. Shooting scenes from the movie. Nakakairita. Tagal! Nagpapamiss ata yun eh. Nagtext o tumawag na kaya yun?

Malamang Bryan! Are you dumb? She'll call you. Miss na rin kaya ako nun?

"Be ready Sir for the next scene. Pinapasabi lang ni direkt."

"Now? Okay." Tapos na naman yung pagreretouch sakín kaya tumayo na ako at pumunta sa shooting place.

Lumapit sakín si Princess.

"Kissing scene, huh?"

"It's nothing Princess. Nothing personal. Just work."

"May sinasabi ba ako? Defensive much?"

"Wala. Pero ako, meron. Kakasabi ko lang malamang."

"Ano? Di ko gets. Boy pick-up ka na ngayon huh?"

What the hell?! **"Ang labo mo kausap. Tsk. Gawin na nga lang natin yung scene!"**

"Ang arte mo! Para kang babae. Alam ko miss mo na girlfriend mo pero wala siya dito! Ako muna okay?"

"Wala kang pakielam Princess. You can't be her. Atsaka, bat ka ba umaarte ng ganyan?!"

"Eh kasi naman! Nandito tayo kaya ako muna ang intindihin mo!"

"You're not even my girlfriend, so why are you acting like one huh?!"

She just smirked and smiled at me. "Well, I'm your loveteam. So paano ba yan?"

Ugh. I don't get this girl. =_ =

"Cast! Magsstart na yung scene! Ayos na!"

So yung scene ngayon na ishu-shoot, eto yung "kissing scene" ni Cloud (ako) at ni Sky (Princess) nung mag-aaminan na sila na mahal nila isa't-isa. Nasa may bench kami nun at hahawakan ko yung kamay niya at alam niyo na...

I'll kiss her.

"Okay take one!"

Acting muna.

"Sky. I. I want to tell you something." Hawak-hawak ko yung dalawang kamay ni Princess, kahit iritang-irita ako sa babaeng 'to, go lang.

"Yes? What's that... Cloud?"

"I... I... I like you. No, I love you."

Matutulala si Princess sandali, tapos maiiyak.

"B-but... why me? Cloud? Why not Alice?" Alice yung pangalan nung other girl.

"Because... you're the one I love. Please... Do you love me?" Hinarap ko siya sakin at tinitigan. Nag-iinternalize rin ako.

Umiyak si Sky at ngumiti. **"I-I love you too, Cloud. B-but..."**

Ngumiti ako at niyakap siya. **"Thank you. But what?"**

Umalis siya sa yakap ko at umiwas ng tingin.

"But I have leukemia. I have a month to live. I'm... I'm dying. Cloud." Tumingin siya sakín at naiyak na siya.

I shed tears, pero hinawakan ko yung kamay niya at nilapít sakín. Hinawakan ko yung mukha niya.

"I don't care. I'll live with you till forever. Till the day you'll die."

Then I kissed her, with tears in my eyes.

1, 2, 3...

"CUT!" Nagpalakpakan yung nanunuod samin. Bumitaw na syempre kami.

"Good job guys! That scene was so realistic. Ang galing niyo!" Napangiti kami nun. Napatingin ako kay Princess nun at nakangiti rin siya.

"I'm a good kisser, right?" Sabi ko sa kanya. Pang-asar lang. Tumawa lang siya.

"Ewan ko sayo. Nako, breaktime na daw. Pero, galing natin!" Nag-high five lang kami. Nagulat ako nung naglean-down sakín si Princess at kiniss ako sa lips.

O_____O

"What was that for?!"

"What Bry? That was a friendly peck on the lips. Makareact naman 'to, haven't we kissed passionately awhile ago?"

"That's on the script Princess!"

"Eh so? Wala naman ang girlfriend mo dito diba?"

Nagulat ako naghiyawan yung audience. Aish! Nakakabadtrip. Baka napicturan pa kami. !@#\$. 😞

Sakto pagtingin ko sa audience...

"E-eya?" Di ako pwedeng magkamali! Si Eya yun!

Bakit siya tumakbo?

Oh sht nakita niya yung kanina?

"EYAAAAAAAAAAAA!" Dapat mahabol ko siya!

Baka kung anong isipin niya! !@#\$! 😞

58.

Eya's POV

Alam mo yung kakarating ko lang sa shooting place nila kasama ko si Tyler, pinagluto ko na siya ng lunch, nag-ayos pa ako, tapos, makikita kong kissing scene pala yung shinu-shoot nila?

Spell awkwardness.

Habang naghahalikan sila, di ko mapigilang magselos. Ewan ko ba. Alam ko it's his field of work. Pero... wala eh. Ewan. Hindi naman ako insecure or what. He's a good kisser alam ko...

Pero ayokong may kahalikan siyang iba!

Possessive ba ako? Hindi naman ah. Normal lang yun! Pero ewan ko ba. Nababadtrip ako eh! Haynako.

"CUT! Good job guys! That scene was so realistic. Ang galing niyo!"

Hayy salamat. Tapos na. Mapupuntahan ko na ang asawa ko.

"Oh ano Eya okay ka lang ba?" Kasama ko nga pala si Tyler. Na marami ring nagpapapicture dahil model siya eh.

Natawa naman ako dun. HAHA!

Napatingin ako sa kanya at bakas rin sa mukha niya ang inis at lungkot. **"Oh bakit ikaw nagdadrama rin?"**

"Wala. Nevermind." Ang weird niya kumilos ha. 🤔 Ay ewan! Napatingin ako kela Bryan at yung Princess ba yun at wow...

What a scene.

Hinalikan nung Princess yung boyfriend ko sa lips!

"Fck." Napabuntong-hininga ako nun. Pwede bang matunaw? Ano yun? Tapos na yung scene diba? Diba?

Ano yun? Lantaran talaga? Si Bryan nagpakiss naman sa malanding yun?! Amp. Di ko na gusto yung Princess! Parang ano eh... Pakerrrr.

!@#\$. !@#\$. !@#\$!

Nakita kong nag-usap sila, tapos narinig ko pa yung sabi ni Princess.

"Eh so? Wala naman ang girlfriend mo dito diba?"

WHAT?!

"Eya..." Tinapik ako sa shoulders ni Tyler.

"Ano?!"

"Ayos ka lang ba? Ano iiyak ka na?"

"Tae ka. Hindi ah. Oo ayos lang ako. Teka. Na-ccr lang ako. Balik ako maya." Tumakbo nako nun papalayo, oo na duwag ako. Pero ano kasing ireact ko? Hamak na ordinaryong girlfriend lang naman ako diba?

Hindi ako iiyak. Never. Kahit naririnig ko yung ibang fans na pumunta dito na nagbubulungan.

"Ay diba girlfriend yun ni Bryan?"

"Oo nga! That eya girl?"

"Uh-huh! Mas bagay si Princess at Bryan kaya!"

"Hindi ah! Breyo pa din ako!"

*"I know. I'm sure nakita niya pa yung kiss nila on-cam."
"Don't forget the off-cam! Hahaha!"*

Sige naaaaaa. Pamukha niyo lang sakin yan!

Nang makalayo ako, feeling ko tutulo na luha ko...

"EYAAAAAAAAAAAA!"

Napatingin ako sa nagsalita, si Bryan lang pala. Nung nahabol niya na ako, hinawakan niya ako sa balikat ko at niyakap.

Di ko siya niyakap pabalik. Naramdaman niya siguro yun kaya bumitaw siya. Iniwas ko ang tingin ko sa kanya at tumingin sa malayo.

"Uy. May problema ka ba?" OO IKAW ANG PROBLEMA KO!

"Wala. Napadaan lang naman ako. Sige mauna na ako." Tumalikod nako pero hinila na naman niya ako paharap sa kanya.

"Ano na naman ba?!"

"Di mo sinabing pupunta ka pala. Sana nagsabi ka man lang."

"Eh paano ko nga masasabi sayo Bryan, patay cellphone mo, di ka man lang nagtetest o tumatawag. Ni e-mail wala! Ano?!"

Napasabunot siya sa ulo niya. Argh! I hate it when he does that! Para bang nafrustrate siya! --

"Sorry. Busy lang kasi."

"Ah, so kung di ka lang busy saka mo lang ako tatawagan?"

"Hindi sa ganun Eya! Ayoko ng distractions. Para nga mapabilis yung shooting ng movie, para matapos na, para makasama na ulit kita!"

"So distraction lang pala ako ganon?!" Napakamot siya ng ulo niya at hinawakan yung isang kamay ko.

"Hindi. Ano ka ba?! You're always on my mind! I just need to focus on this movie para matapos na. Please... understand."

"Understand? Sige. Paintindi mo nga sakin kung bakit tapos na yung shooting ng kissing scene niyo kanina, naghalikan pa kayo off-cam?! Ha?! Ano? Feel na feel niyo pa talaga sa harapan ng maraming tao!"

"That's bullshit! She kissed me. Friendly lang yung kiss na yun Eya!"

"Friendly? Friendly mo mukha mo! Tuwang-tuwa ka pa dyan eh!"

"Hindi nga sabi! May pagkaliberated yung babaeng yun kaya hayaan mo na! Nagrespond ba ako ha? Hindi naman diba?!"

"Aba bakit mo sakín yan tinatanong? Ako ba yung nakipaghalikan? Ha?"

"!@#%! Ano ba..." Napasabunot ulit ng ulo si Bryan. Ako? Napahawak sa ulo ko. Aish! Nababadtrip ako every minute.

"Bakit ba kasi... ang stubborn mo? Ayaw mong maniwalang wala lang yun?"

"EH KASI NGA NAGSESELOS AKO! MASAYA KA NA HA?! HINDI KA NA NGA NAGPARAMDAM NG ILANG WEEKS TAPOS PAGKAKITA KO NAGHAHALIKAN NA KAYO HA--"

tsup

O _____ O

"Ano makikinig ka na ba?" Ang sama! Hinalikan ba naman ako sa lips! Ergh. =_= Oo gusto ko pero eh kasi naman! 😞

Galit at asar na asar ako! Aiiiish! Papanindigan ko 'to malamang!

"Ano? Eya naman oh. Alam ko namiss mo mga hug ko, kiss ko, at syempre ako. Pero makinig ka muna okay? Ang stubborn mo kasi." Ano daw?! Haynako.

"Sige na nga. Wag kang magsisinungaling!"

"Tsk naman. Wag ka na kasi magselos, okay? Ikaw lang naman ang mahal ko! Wala ng iba. You know that. Princess naman kasi eh, ganun lang yun. At sa tingin mo, magugustuhan ko yun? Nasayo na nga puso ko eh." Ay shocks kinilig ako!

Lumapit siya sakín at niyakap ako sa waist ko, napalapit ako sa kanya. Ilang inches na lang magtatama na yung labi ko sa labi niya.

"Uhm..."

"Shhh..." Nilagay niya yung index finger niya sa labi ko. Sige na nga shattap na ko. -_-

"Pagpapalit ko ba ang magandang Eya..." sabay kiss niya sa forehead ko.

"Ang cute na Eya..." sabay kiss sa nose ko.

"Ang gorgeous na Eya..." Sabay halik sa left cheek ko.

"Ang mabait na Eya..." Sabay halik sa right cheek ko.

"Ang sexy na Eya..." Sabay halik sa neck ko.

"At ang pinakamamahal kong Eya sa ibang babae?" Sabay halik sa lips ko. Smack lang. Pero syempre, kinilig

ako. :">

HUWAAAAA! HE'S TEASING ME. TT_TT

"Pagpapalit mo ba ako ha kissing monster?"

"Hindi. Eh di wala na akong mahahalikan? Kaya wag ka ng magselos. Engot mo talaga."

"Ah ganon?! Ako pa yung engot? Gusto mong masapak?"

"Hahaha joke lang naman. Eto naman. Pero seryoso..." Linapit niya yung mukha niya sakin at niyakap ako ng mahigpit.

"Di kita pagpapalit sa kahit sino. Ikaw kasi eh, kinuha mo puso ko. Di mo na binalik."

"Ang corny mo alam mo yun?"

"Sus. Nabobola naman kita. Wag ka nang magselos? Deal?"

Niyakap ko lang siya ng sobrang mahigpit. **"Opo. Hindi na. I love you."**

"I love you more."

Tignan mo naman kung anong nangyari pagkatapos ng away namin? Bati kaagad. Kaya mahal na mahal ko 'to eh.

59.

Tyler's POV

"EYAAAAAAAAA!" sigaw ni Bryan. Tapos hinabol niya si Eya.

Parang drama lang ah? Yung mga pinapanuod ng mga babaeng sobrang dramatic. Dramatic katulad ng babaeng nakatitig sakin ngayon.

Lumapit siya sakin. Naramdaman ko na naman 'tong puso ko. !@#\$. Ano ba Tyler?! It's been 6 months! Nakamove-on ka na dapat Tyler. Nakamove-on na.

"So, Tyler. What are you doing here? Namiss mo ako no?" !@#\$. Ano ba! Get over her. This girl is nothing to you.

I gave her a hard smile. **"I'm not here for you. Sinamahan ko lang ang girlfriend ni Bryan dito. Don't assume, Princess."**

"Bakit hindi pwede? Malay ko ba..." lumapit siya sakin at naglean sa ear ko. **"Baka mamaya... gusto mo lang talaga ako makita. After all... you like me right?"**

"Enough of the games, Cess. Ayusin mo nga sarili mo." tapos nagsmirk ako at umalis dun sa shooting place. Pumunta na lang ako sa malapit na Starbucks tapos tinext si Eya na kapag ready na siyang umuwi, tawagan niya na lang ako. Kung ihahatid siya ni Bryan, edi ako na lang mag-isa.

bzzt bzzt

Inopen ko messages ko baka si Eya nagreply, pero hindi.

FROM: 09XXXXXXXXXX

Long time no see Ty. I miss you...

Kahit di naka-save ang number niya sakín, alam kong si Princess 'to.

Yeah right, she's the girl I can't get over with. The girl who broke my heart. The girl... who ignored me. Because of what I look like before.

FLASHBACK

One year ago

Nerd ako. I mean... hindi kasi ako yung tipong lalaking habulin ng babae, yung ganun. Kaya nga naiinis ako kapag kinocompare ako kay Bryan eh. Pero iba ang kwento nun.

Ang kwento, kung paano ko nagustuhan ang isang Princess Gomez.

Si Princess. Babaeng matatawag mong "chicks" sa isang tingin lang. Hanep! Ang ganda eh. Tapos sobrang talented. Pero ako? Wala. Lalaking nerd. Naka-eyeglasses na makapal. May braces. Baggy style ang laging suot ko. Basta, nerd nga eh. Nerd.

Nakilala ko siya nung nangailangan siya ng study partner sa Algebra. Eh alam mo na, sayang pagkakataon! Nagvolunteer ako. Pumayag naman siya. Ayun, eh nadevelop ako eh. Tinanong ko siya kung pwede ko ba siyang ligawan. Um-oo siya! Kahit nerd ako diba? Inabot ng isang taon ang panliligaw ko sa kanya. Nung una akala ko ang arte niya, yung tipong babaeng madapuan ng langgam, magiging hysterical na. Pero hindi...

Hindi siya ganun.

Hanggang naging artista siya...

Nag-iba siya. Ewan ko kung sinasadya niya. Lumayo siya sakín. Magkaibigan kami diba? I like her a lot! May mga nanliligaw na rin sa kanya nun pero she's the same Princess na nakilala ko. I don't know when, or how she changed. Basta nasaktan na lang ako ng nag-usap kami nun. Yung araw na sobrang nasaktan ako. Yung araw na ayokong maalala.

Yung araw na nagsimula na akong magbago.

Tinext niya ako nun na magkita kami, may assignment siya nun sa Algebra na ako na ang gumawa dahil busy siya sa taping ng bago niyang tv show sa isang network, alam niyo na, pandagdag pogi points na rin. Ibibigay ko yun sa kanya pag nagkita kami sa tapat ng bahay niya.

Nung nandoon na ko, nadurog ang puso ko sa nakita ko.

May kausap siyang lalaki, kasing-age siguro namin. Namumukhaan ko siya, siya yung kasama ni Cess sa tv show nila. Pero nagulat ako ng halikan nung lalaki si Princess...

...sa labi.

"Tangina!" First time kong magmura dahil sa sobrang galit ko. Napasugod ako sa kanila at kinwelyuhan yung lalaki.

"**ANONG PROBLEMA MO PARE?!**" pero hindi ko sinagot yung tanong niya dahil inambagan ko na kaagad ng suntok. Sinuntok rin ako at nagsuntukan na nga kami. Tumilapon pa yung salamin ko at naramdaman kong dumugo ang labi ko sa suntok ng gagong 'to! Binigyan ko rin siya ng suntok sa labi at dumugo na rin yung sa kanya. Aba, kahit nerd ako. Marunong ako makipag-basag ulo! Lalo na para sa mga lalaking bumabastos sa babaeng gusto ko!

Susuntukin ko pa dapat kaso--

"**STOP IT! STOP IT GUYS!**" napatigil kami nun at napatayo ako.

"**WHAT THE !@\$ IS THIS PRINCESS? WHO'S THIS NERD? BOYFRIEND MO?!**"

"**NO HE'S NOT! TEKA PATRICK--**"

"**!@\$ DUMUGO LABI KO! YOU!!!!**" sabay turo sakin. "**LAGOT KA SAKIN KAPAG NAGKITA PA TAYO. TANGINA, LAGOT AKO SA MANAGER KO!**"

"**SABIHIN MO LANG KUNG KAILANGAN MO NG PANGGAMOT NIYAN. AKO PA MAGBABAYAD.**"

"**ABA !@\$ KA PALA EH!**" akmang susuntok na naman yung lalaki pero napigilan na ni Princess.

"**STOP YOU TWO! ARGH! LET'S TALK TYLER!**" sabay hila sakin sa may garden nila. Magtthank-you ba siya sakin?

"**Princess okay ka lang ba?**"

paaaaaak!

"**Nakakainis ka Tyler! Argh! Stop... ruining my relationship. Stop... acting as if you're my boyfriend!**" Ano?!

"**Binabastos ka na nga nung lalaking yun eh! I just want to protect you!**"

"**I don't need your protection for Christ's sake!**"

"**Bakit? Manliligaw mo naman ako ah! You know I like you--**"

"**Oh no... I wish you didn't.**" tapos tumalikod siya.

"**Wait...**" lumingon naman siya sakin. Nakatitig lang ako sa kanya.

"**What do you mean? Ayaw mong magustuhan... kita?**"

"**Ayoko na ako yung nagustuhan mo. Dahil kahit nililigawan mo man ako, hinding-hindi kita sasagutin! Sa tingin mo bubuti sa image ko ang magkaroon ng boyfriend na katulad mo?! Ha? Na nerd, na mukhang hindi tao, na hindi bagay sakin! Look at you! Si Patrick... he's handsome, he's loveable, he's every girl's dream! And finally napansin niya na ako! Kaya please... just leave me alone. Tyler.**" tapos tumalikod na si Princess, pero naunahan ko siya at hinawakan yung dalawang braso niya at iniharap sakin.

"**Anong ginawa mo sa Princess na nakilala ko? Hindi ka na si Princess. Iba ka na...**" sabay takbo papalabas ng bahay niya.

Sakto, umulan.

Buti na lang, natago ang luha ko.

Dun ko narealize, kailangan ko ng magbago. Mag-iba. Hindi para sa kanya...

Kung di para sa sarili ko.

END OF FLASHBACK

Nagbago na nga ako, in just a month, I must say. Habulin na ako ng babae. Nagbasketball pa ako at naging team captain ng varsity team. Sumikat ang pangalan ko sa school. Marami ng gustong makipagkaibigan saakin. Marami ng nagkakagusto saakin.

Pero yung taong nagbago saakin, di ko na pinapansin. I don't know her anymore. Nawala siya sa school dahil busy nga sa pag-aartista. At after six months, I must say... I moved on already.

Pero bakit ganun? Nung nakita ko siya kanina... ano ba?! Ano ba talaga?!

"Tyler..." what the !@\$?! O.o

"Geez Cess, ginulat mo ako." paano ba naman, nasa harapan ko siya ngayon, nag-cocoffee rin. Nakadisguise pa. Tss.

"Hey. Why are you suddenly jumpy?"

"Wala... tss. Bat dito ka pa umupo? Ang daming vacant table. Oh sadyang bulag ka na talaga?" I smirked.

"Shut up. Well Tyler... I just want to talk to you."

"About what?"

"About... the past." anong gusto niyang pag-usapan about that?!

"Are you gonna insult me again? Like what you did before?! Aish. Ako na nga lilipat ng table. I'm getting pissed off again." tumayo na ako nun at palakad na pero hinawakan niya yung braso ko.

Aish! Walangya. Badtrip. = _____ =

"Please... I just wanna... talk to you talaga. Please?" aish. I don't know why this girl has this effect on me pa rin. Napaupo tuloy ako ng di-oras. - ____ -

"Talk."

"Hm... okay." she sighed. "I just want to say... sorry for being a !@\$ on... that night. You know? I just made a mistake... nawala ka... nawala ka saakin... you're there for me. Siguro... nag-iba na talaga ako. Pero diba. You like me? Sabi mo yun... pinanghahawakan ko yung promise mo na hindi mo ako iiwan. Kahit nag-away tayo nun, sana mapatawad mo pa ako." Alam ng puso ko kung gaano kita gustong yakapin, Princess. Pero hindi pwede. Hindi...

"Past is past, right? Well. Yes Princess, I liked you. LIKED. Now? Hindi. I forgive you... but I just want to thank you too, thanks sa advice ha? Nag-ayos na ako, Oh? Diba? Ang dami ng may gusto sakín. Ang dami... dahil sayo. Nagbago ako." I smirk. "Sana maging maayos ang image mo. Be yourself. Princess... and one advice? Stop kissing anyone who's not your boyfriend. Baka maraming mag-assume. Magka-issue ka na naman."

"What's with that? Yun ba yung sa Eya girl? Yung kiss kay Bryan? That meant nothing! It's for publicity that's all!"

"Exactly Cess. Don't expect everyone will understand your reasons. Like I did... yung katangahan ko dati."

"Please Ty? I-I miss you a lot! Gagawin ko ang lahat... bumalik lang yung tayo... dati. P-please?" hinawakan niya yung kamay ko. Argh... di pwede. Sinaktan ka niya! Sinaktan ka niya.

I smiled.

"Yung tayo... dati? Sure! As strangers. Dun naman nagsimula lahat diba?"

"No no no! You don't understand! I have my reasons... please... trust me?"

"Reasons?" napatayo ako nun. **"Anong reasons?"**

"Uhm... I just need to be close to my loveteam. For the movie... alam mo yun. That's how... that's how entertainment work. I can't be with someone... not known." napasmirk lang ako nun.

"So dahil gwapo na ako, habulin na ako ng babae, mayaman. Saka isang LIM. Ako naman ang gusto mong maging 'someone'? Princess. Just... just shut up. We can be friends. Ayusin mo lang sana ugali mo."

Patalikod na sana ako kaso hinawakan niya yung kamay ko... Princess naman...

"Pero... can you... please forgive me?" I sighed.

"Di ko alam Princess... di ko alam." Iniwan ko na siya sa loob ng Starbucks.

I took a glimpse at her sa window... She's crying?

Iniwas ko na lang yung tingin ko. Hindi Ty... hindi.

bzzt bzzt

From: Eya

oy, uwi na tyo? okay na nakausap q n si bry. teka... bat ka malungkot?

Nireplyan ko siya na sige. Pero wait... paano niya nalaman?

"Tyler!" si Eya papalapit sakín. Bigla akong napangiti.

"Oh ano? Lika na?"

"Oo. Teka... okay ka lang?"

"Oo ayos lang ako. Lika na." nagsimula na kaming maglakad papalabas ng shooting place.

Kakain muna kami sa Burger King. Nung okay na yung order namin at kakain na kami. Bigla niyang hinawakan yung kamay ko.

"Anong nangyari? Spill it. Tell me. You can trust me."

Inhale, exhale. Nyeta, nababakla ako. Pft. -_-

"I just met the girl I once liked awhile ago. Doon mismo sa shooting."

"Oh my... did... did you two talked?"

I nodded.

"Oh? Ano namang problema? Kamusta naman siya?"

"She's.. she's okay I guess? But... I don't know if I'm willing to... forgive her. Siya ang dahilan kung bakit naging ganito ako."

"Tyler..."

"Oh?" nagulat ako ng lumapit siya sakin at niyakap... ng mahigpit.

"E-eya... uy."

"Shh... don't think Tyler. I think you need a friend. Andito lang ako... okay? If you want to talk or anything. Talk to me." bumitaw naman siya at nagsmile sakin.

"Aish... kumain ka na nga." sinubo ko sa kanya yung fries at natawa lang siya. Ang cute niya pala.

I guess... alam ko na kung bakit siya nagustuhan ni Bryan. She's... different.

Ahh... !@#\$. Ano ba 'tong pinag-iisip ko? Damn it. Am I interested in my brother's girlfriend?

60.

Allison's POV

Inhale. Exhale. Inhale. Exhale.

"Haynako Allison. Ano bang meron at kinakabahan ka? Magdedate lang naman kayo ni Errick ah?"

"Oo nga girl. Ano ka ba? You're engaged na nga eh. Tapos malapit na kayo magpakasal. Oh anong problema?"

"Alam niyo nakakainis kayo... hayaan niyo na muna ako okay?" sabi ko kay Eya at Andie. Nandito ako sa kwarto ko dahil nag-aask ako ng fashion advices alam niyo na. Kasi nga...

Niyaya ako ni Errick... ng date! Oo date! Eh diba nga lagi kaming magkaaway, oo nga engaged kami... pero...

Date? As in real date? Is that for real?

"Girl, wag ka ngang kabahan. Natatawa na kami ni Andie oh. Ano ka ba ha? Just wear something casual pero wag ka namang magmukhang tambay." binigyan ko ng death glare si Eya at nag-hands up sign lang siya.

"Chillax nga. Ganito na lang... anong oras ba date niyo?" tanong ni Andie habang hawak-hawak yung make-up kit ko.

"Uhm... 7PM daw niya ako susunduin eh. He said we're going to his dad's restaurant."

"Whaaaat?! Restaurant? Dapat mag-formal ka! Mag-dress ka. Wag gown, OA eh. May mga dress ka ba na hindi mo pa nasusuot o yung mga di pa nakikita ni Errick na suot mo?"

"Ahh.. oo! Yup. Meron. Teka andito oh." sabay bukas ko ng closet ko. Nag-inspect naman sila at mamaya, nilabas nila yung empire-waist dress ko na medyo below the knee ng onti, color blue.

"Ahh... eto? Seryoso kayo?"

"Oo naman! Of course... bagay sayo ang blue ano ka ba!"

"Oh... okay sige. Wait lang. TIME CHECK GIRLS!" taranta kong tanong.

"4PM. 3 hours pa! Dali na girl... move! Go go go!" parang tanga lang kami dito. Nagmamadali. Oh well... thankful ako andito pa rin ang mga bestfriends ko.

Pero... ano kaya mangyayari sa first date namin?

AFTER 3 HOURS

"OMG. Allison... you're so pretty!" sabi ni Andie ng nakanganga.

"Wag ka ngang mambola... tss."

"No, Andie's right! You are so... pretty girl! I'm proud of you!" sabi naman ni Eya sabay yakap sakin. Yumakap na rin si Andie atsaka lahat kami sumigaw ng "aaaaah!"

Ehhhhhhhh?! 🤔

"Uy girls... ano ba... masisira outfit ko." binitawan naman nila ako at sabay na pinitik sa noo.

"Porket maganda ka ngayon... nag-iinarte ka na?"

"Oo nga... nako girl. Porket ba si Errick ang ka-date mo may pa-smile smile ka na lang dyan?"

Oh what the hell... nakalimutan kong mga !@#\$ din pala 'tong mga kaibigan ko. - _____ -

"Haynako girls... whatever! Inggit lang kayo sa beauty ko 'no..." sabay pamewang. Totoo naman kasi... I look pretty and beautiful tonight. Ehem... ang hangin ata no? XDDDDDD

"Whatever Ali. Ang tanong... magustuhan kaya ni Errick ang outfit mo ngayon?" si Andie.

"Oo nga girl.. oh baka mas maganda pa rin ako sa paningin niya? Joke lang! Hahaha." kinurot ko kasi si Eya eh. Nang-aasar na naman. -_-

"Pero seriously, bestfriends ko. Baka ang awkward mamaya... ehh. Naiilang na ako..."

Lumapit sakín si Eya at inakbayan ako. **"Just show him your charming personality okay?"** lumapit na din si Andie at pinisil ako sa cheeks.

"Just smile... maging mabait at conversational ka for once! Okay... and one more... be yourself."

Napangiti ako nun...

"Thanks girls!"

"No problem girl!"

DING DONG

"Oh my god!" sigaw ni Eya. **"Andito na ata ang pinakakahintay mong date!"**

Kinakabahan ako... okay lang yan Ali! Deep breaths deep breaths...

Eto na nga siya... lumakad siya papunta sakín. Naka-tuxedo siya with a big smile on his face. Okay... he's handsome and striking today. Walang halong joke. O _____ O

"Hey..." sabay lapit sakín at bigay nung bouquet of roses na dala niya.

"Uhm... hey... uhm. Thank you for this..." sabay pakita sa kanya ng roses. Ngumiti lang siya... napatingin lang ako Andie at Eya na kinikilig rin. Ang OA nila talaga. -_-

"So let's go?"

"Ahh... sige?" nagchuckle siya. Hahaha. Oo na kinakabahan na ako. -_- Anyways, umakbay na ako sa braso niya at lumabas na kami ng bahay ko.

PEREGRINO RISTORANTE

Andito na kami sa restaurant ni Dad-in-law. (oo feeler ako eh).

Nakaupo na kami. Tahimik pa din... ewan ko ba. Hindi lang dahil kami lang yung tao sa restaurant (weird nga eh). Hindi naman kasi ako sanay ng ganitong ka-formal, lalo na kaming dalawa lang ni Errick dito. Last na nagsama kami sa ganitong formal occasion... yun yung nalaman namin na engaged kami at kailangan naming ikasal sa takdang panahon, which is 6 months away! Natawa na lang ako sa flashback na yun. Almost 3 weeks na lang, ikakasal na kami eh.

"E-chem..." napatingin ako kay Errick na nagkamot ng ulo.

"Oh bakit?"

"W-wala lang... ano. Bakit ang tahimik mo?"

"H-hindi ah... ewan ko rin eh. Ikaw rin naman eh."

Ngumiti lang siya. "I guess we're weird like that."

Dugdug. Dugdug.

"Hey... nasabi ko na ba?"

"Ha? Yung alin?"

"You're very beautiful tonight."

W-whaaaa-? 🙄

Nagblush siguro ako for a minute pero naayos ko naman yung sarili ko.

"Ah... thanks. You look not so bad for yourself." sabay ngiti sa kanya.

Ngumiti lang siya, and just in time. Dumating na yung main course. Habang kumakain kami, nag-uusap kami about stuffs sa buhay namin, yung malapit na kasal namin, tapos ang sweet part. Meron pang tumutugtog ng violin.

Maya-maya, ng dessert na, tinawag niya yung waiter tapos sinabi na dalhin na yung dessert.

"Hello maam, sir. Here's your special ice cream. Enjoy!" sabay alis nung waiter.

Okay... ang laki naman ng ice cream na 'to. Tapos si Errick, wala namang kinakaing ice cream. - _____ -

"Grabe naman 'tong ice cream na 'to. Gusto mo ba akong tumaba?"

"Kahit naman tumaba ka, maganda ka pa rin naman ah?"

Napaubo ako sa sinabi niya at napatingin sa kanya. Seryoso siya sa sinabi niya? Kanina ko pa napapansin na... ang sweet niya. Seriously...

"Anong trip mo Errick?"

"Hey... di kita pinagtitripan ah. Tss... anong akala mo sa akin?"

"Ah... bolero?" sumimangot naman siya nun kaya ako natawa.

"Tss... may gusto lang naman akong sabihin eh."

"Oh ano yun?"

Nagulat ako nung titigan niya ako. Seriously... bakit ganyan siya makatitig?

"Allison... I think... I like you."

"What?!" okay seriously. Gusto niya ako? napasubo tuloy ako ng maraming ice cream dahil sa feeling ko... sasabog na yung puso ko sa sobrang tibok...

He likes me too?!

"Wag ka ngang ganyan... Andie naman eh. Seryoso ako..."

"Ehhhhh?"

"I know you like me too... alam ko na matagal na. Nasabi din kasi sakín ng mga kaibigan mo." ang daldal talaga! - _____ -

"Pero it opened up my heart for the possibility... the possibility that I could like you too... and. Look! Nalaman ko na lang... gusto na pala kita."

"Oo na. I like you too... pero. Ano pa at nagkaaminan na tayo? For what reason? I-aarrange marriage na naman tayo eh."

"Exactly my reason. Just... finish your ice cream. Okay?" sinunod ko yung sabi niya at ng maubos ko na nga yung ice cream... bigla akong napanganga.

Sa bowl ng ice cream, may nakaengrave na word na **"Will you marry me?"**

"E-errick?" kinabahan ako bigla. Naramdaman kong onti na lang... tutulo na luha ko. **"A-ano 'to?"**

Nagulat ako ng biglang namatay yung ilaw at may spotlight na nakatutok sa table namin. Lumapit siya sakín. Hinawakan yung kamay ko. He dropped on one knee. Oh my god... is he... proposing to me?

"Allison... I'll promise we'll try... we'll try to work this marriage. Sapat na siguro na magsimula tayo by liking each other. So... I'm using this opportunity... to finally propose to you. I promise... I'll be a good husband... kahit matigas ang ulo mo, kahit di tayo magkasundo, kahit lagi mo akong minumura, kahit lagi tayong nag-aasaran at naglalaitan, kahit sabihin nating arranged marriage lang tayo... still. I want you to be my wife, let's take this chance Ali. Will you marry me?"

Napaluha na talaga ako. Overwhelmed ako sa naramdaman ko... I really like him. Should I take this chance to be with him... for real? Hindi lang dahil arranged marriage kami?

"Uhm... teka lang. Curious lang ako... nasaan yung singsing? Akala ko nasa ice cream. Ganun yun diba?"

Natawa lang siya. **"Ano ka ba... ang bobo mo talaga minsan. Ayoko ngang gawin yun. Edi naging malagkit yung singsing? Tss..."** tama nga rin naman siya.

"Eh nasaan na yung singsing?"

"Eto..." kinuha niya sa pocket yung singsing at natouch ako. Ang ganda naman! My dream ring.

"So? Ano na Ali?"

"Suot mo na sakín yan." kumunot yung noo niya tapos bigla siyang nagsmile.

"So... payag ka nang totohanin natin 'tong marriage na 'to?! For... real?"

Tumayo ako at hinila siya pataas at niyakap siya ng mahigpit.

"Yup... I'm sure. Very sure!" sinuot niya na sakín yung singsing. And then...

...he leaned down to kiss me.

Saktong nagbukas yung ilaw at nagulat na lang ako ng biglang may naghiyawan.

Andito pamilya namin, pati ang barkada. Aba! Kahit si Bryan nandito ah... naks. Natouch ako. Nandito sila para sa special moment na 'to? :">

"WOOOOOOOOOOH!"

"FINALLY DUDE!"

"ANG SWERTE MO ALLISON!"

"CONGRATS ANAK!"

Ang cocorny talaga netong mga 'to. -_____ -

"Paano ba yan... Future Mrs. Yu? Entertain na natin sila?"

"Oo na Mr. Yu... let's go!" sabay yakap sa waist niya at ayun. Sinimulan na naming puntahan ang mga ehem... future family namin.

EYA'S POV

"Argh... swerte mo girl! Ikaw na engaged, tapos ready to marry na! Congrats!" sabay hug kay Allison.

"Thanks girl... sana sumunod ka na sakín. I'll make sure ikaw ang makaka-catch ng bouquet na itatapon ko sa wedding! Pagplanuhan natin!" sabay tawa.

"Wag ka nga Ali... ambata pa namin eh! Hahaha lol. Pero seriously, congrats. Be a good wife ha?"

"Oo naman... thanks rin girl. Dahil... alam mo na. May past kayo ni Errick... tapos nasira ko pa. Pero you understood. Sorry talaga."

"Ano ka ba?! Mabuti nga na nangyari yun eh. Kung hindi dahil dun, edi hindi ko makikilala si Bryan? At kung hindi dahil dun... edi hindi mo marerealize na gusto mo na si Errick at... magiging future hubby mo pa! Oh diba? Quits lang tayo. Oh siya. Ientertain mo na yung mga elders oh." sabay turo dun sa mga matatanda na pamilya din nila.

"Aish... yup. Sige... at mukhang kanina pa sila naeengganyong kausap yung boyfriend mo." kausap kasi ng mga elders si Bryan. **"Bye girl. Thanks ulit."** sabay kiss sa cheeks ko.

Lumabas na muna ako ng restaurant para magpahangin. Maya-maya, nagulat ako ng biglang may yumakap sa waist ko galing sa likuran ko. Napangiti na lang ako.

"Bakit mag-isa ka dito baby ko?"

"Hmm... wala lang." hinigipitan niya lang yung yakap niya sakín saka pinatong yung ulo niya sa braso ko.

"Baby ko..."

"Oh. Bakit Bry?"

"Sana... ikaw na talaga maging wifey ko. You know... for real."

Ehhhhh?! 😬

Umalis ako sa yakap niya at humarap sa kanya.

"Ulitin mo nga sinabi mo. Mr. Lim."

"Aish..." sabay kamot ng ulo niya. **"Nevermind."**

"Anong sabi mo Bryan? Dali na..."

"Ano... gusto mo magpakasal na tayo?"

pok!

"Aray ano ba!" sabay himas dun sa parte ng ulo niyang kinutusan ko. Eh kasi... ang... bata pa namin! Aish.

"Kasi naman... gusto mo nang magpakasal?"

"Oo... tapos. Magkakaroon na tayo ng mga babies... Bryan Jr. Bryan the II, Bryan the III..."

pok!

"Ano ba Bry! Wag ka ngang magbiro ng ganyan!"

"Eto naman... tss. Iniisip ko lang naman yung future natin eh." sabay hila sakín at yakap. Kiniss niya yung forehead ko. Hayy...

"Don't you wanna marry me someday... Eya? Kung sakaling tayo talaga sa huli... don't you want me as your husband?"

"Syempre gusto ko... pero--"

"Good. Kasi... ikaw lang ang babaeng gusto kong pakasalan."

Napangiti ako sa narinig ko. Niyakap ko na din siya ng mahigpit.

"Sure ka dyan Bryan ha?"

"Sure na sure."

Kami pa rin kaya sa huli?

61.

Eya's POV

It's been two weeks since di ko nakakasama man lang si Bryan... eh kasi naman. Busy na talaga siya. Nararamdaman ko naman eh. Pinipigilan ko na nga rin magselos dun sa kapartner niya. Professionalism lang...

"Hoy Eya. Ano? Lutang ka na naman?" sabi ni Errick. Argh... sinamahan ko kasi sila ni Allison para i-meet 'tong wedding organizer.

"Eya. Gusto mo... magmall muna sandali? Parang wala ka sa sarili. Lovesick ka na naman. Alis muna kayo ni Tyler? Tatal sabi mo mag-uusap pa kayo diba?"

"Okay lang ba? Aish kahit hindi na..."

"Baliw. Okay lang ano ka ba. Dali text mo na si Tyler. Baka nambababae na naman yun. Mas mabuting umalis na lang kayo."

Oo nga pala, pinakilala ko si Tyler sa kanila at wow, ilang minuto lang close na silang lahat. Diba? Weird...

"Sige na nga. Text ko na lang siya na pumunta dito o... kita na lang kami sa mall?"

"Ikaw bahala." nagnod na lang ako kay Ali.

Matext nga.

To: Tyler
hey. free kb? smahan mko magmall?

bzzt bzzt

Bilis magreply!

From: Tyler
mall? park na lang. nnd2 na nmn ako. may kadate kse ako knna eh nagtampo... umalis na. dali bilisan m.

Napaka-landi talaga ng lalaking 'to. Date na naman?

"Mauna nako guys. Kaya niyo na ba talaga?"

"Oo naman. Tss... ano kami bata?" inirapan ko lang si Errick at nagbbye na.

PARK

"Uy Eya!" napatingin ako sa tumawag. Ayos... si Tyler lang pala.

"Hello. Wow ice cream! Penge! *O*" may hawak-hawak kasi siyang 2 ice cream cones. Wow... aaaahck.

"Ayoko nga. Bumili ka ng sarili mo." sabay kain nung isang icecream... waaaa. Vanilla! 😞 (

"....."

"JOKE LANG! Oh eto na... ubusin mo yan."

"Thank you thank you!" sabay dila kaagad dun sa icecream na binigay niya.

"Bwahahaha. Ang takaw mo pala!" binigyan ko siya ng infamous death glare ko. Tumigil naman siya sa kakatawa. **"Eto inaasar ka lang eh."**

"Ewan ko sayo! Haynako. Pasalamat ka binigyan mo ako ng ice cream."

"At kung hindi?"

"Kanina ka pa nalulunod sa fountain na yan." sabay turo ko sa fountain sa gitna ng park.

"Gangster ka na pala Eya?"

"Weh? Pauso ka eh `no?"

"Brutal mo talagang babae ka. Lika na nga!" naglakad-lakad lang kami sa park. Kwentuhan... ganun. Naka-shades ako kaya wala namang nakarecognize sakin. Alam niyo na, girlfriend pa din ako ng mahal na mahal niyong superstar. >3<

Maya-maya ng napagod na kami, naupo kami sa isang bench. Biglang may dumaang nagtitinda ng newspaper. Makabili nga! Walang magawa eh. Di ko na rin alam ang balita. Hmm...

"Manong! Pabili po ng isa."

"2 copies na." sabi ni Tyler. Ehh? Gaya gaya. -_-

"Eto ho. Maganda po pala yung balita ngayon! Lalo na po yung sa entertainment section!" kwento lang ng kwento si manong. Nagbenta pa siya ng dyaryo noh?

Patuloy siya sa pagkkwento ng biglang nagulat ako sa huling nasabi niya.

"Ay nako mga bata. Kilala niyo ba si Bryan Lim? Yung artista? Aba! Nagustuhan na yata yung babaeng ka-love team niya dun sa... sa movie niyang bago? Princess ba ang pangalan? Basta mga bata, ang nakakatuwa. Pinakilala ni Bryan si Princess sa magulang niya! Maginoong bata. Naalala ko tuloy ang kabataan ko... aba'y maiwan ko na kayo at napasarap ang pagkwento ko. Ako'y magbebenta pa. Mag-ingat kayo."saka umalis si manong.

Processing...

"Pinakilala ni Bryan... si Princess... sa... magulang niyo, Tyler?" ang tangi kong nasabi pagkatapos kong marelize yung sinabi nung manong.

"Hindi natin alam kung totoo ba o hindi. Pero bakit? Teka... entertainment section diba?" binuklat ni Tyler yung newspaper. Binuklat ko na rin papuntang entertainment section.

CAUGHT IN THE ACT!

Bryan Lim and Princess Gomez, finally dating?

Rumors say that the two were dating after Bryan Lim lost communication with his non-showbiz girlfriend, Daniella Alvarez. It is not confirmed yet that the two broke up but some sources say that their relationship is not that strong as before. One of our newspaper photographer caught the two having dinner at a restaurant in Makati, getting cozy with Bryan's family! Are they really getting close and intimate? See for yourself!

* picture is attached here*

“T-tyler... tell me. This picture is fake, right?” nanginginig kong sabi. Shocked ako sobra... ano... ano 'to?

“I don't think this is fake. My dad and my stepmom is in this picture. So... possible na nagkaroon talaga sila ng dinner kagabi... I'm sorry Eya.”

“Haha... bakit ka naman nagsosorry saakin?” nagttremble na ako. **“A-actually, alam ko naman na... na ano eh! Na magkakaroon sila ng dinner kagabi.”** geez, siges Eya! Magsinungaling ka lang...

“Talaga?” tinignan ako ni Tyler sa mata. Aaaargh. Feeling ko kinakaawaan niya ako... amp. Naluluha na ako. Sa inis. Sa frustration. Sa confused feelings na nararamdaman ko! 😞

“Hindi. Hindi ko alam! Ano? Masaya ka na ba?” tumulo na yung luha ko. **“H-hindi ko nga alam kung mahal niya pa ako eh! A-anong article yun? Bakit ganun? Our relationship is not that strong? Letse kasi eh! Busy siya! Miss na miss ko na siya...”** lumapit saakin si Tyler at bigla akong niyakap ng mahigpit.

“Shhh... don't cry. I'm sure there's a reason kung bakit nasa dinner sila. Okay?”

“Pero kasi...” hinalikan ako ni Tyler sa forehead ko. Buti pa siya, nandito para saakin...

“Shhhhhh...” patuloy akong humagulgol sa dibdib ni Tyler. Bakit ganun?

Posible bang makikipag-break siya saakin dahil kay Princess?

62.

Bryan's POV

“!@# \$!”

“Bryan, calm down. It's just an article. Nakapag-explain na naman ako sa press at media na nagdidinner lang kayo ng family niyo kagabi, bigla lang dumating si Princess to say 'hi'. Pure coincidence lang. Okay? Now. Stay calm.”

“Tita K... salamat.” sabay yakap sa manager ko.

“Haha! No problem. Kasi naman, ayaw na ayaw mo naman pala na ma-misunderstand ng girlfriend mo ang nangyari kagabi, bakit hindi mo man lang tinawagan?”

“Tita K naman... masumpungin lang talaga yun at mahilig magtampo. Hindi ko siya natawagan kasi wala lang naman yung dinner na yun.”

“Alam niya bang nakauwi na yung parents mo?”

“Hindi... hindi ko pa nasasabi.”

“Bakit?”

I sighed. **“Is it really important?”**

Tumawa siya. **“Mahirap talaga kapag first time pa lang magka-girlfriend! Ikaw talagang bata ka... kailangan mo na rin maging open kay Eya about everything. In that way, you'll learn to trust each other. Right?”**

“Okay. !@#\$... mali nga ako.”

“Sundin mo ang advice ko. Not as a manager, but as a friend.” sabay smile niya.

“Okay okay. Thanks Tita K... mauna na ako ha? I need to explain to her in case nakita niya yung article sa mga newspapers. Mahirap na...”

“Haha! Sige goodluck Bryan!” umalis na ako ng office niya at nagdrive na papuntang bahay nila. Tinext ko siya, di nagereply. -_- Hays!

Tinext ko na lang si Errick. Tinanong ko kung nasaan si Eya. Sa park daw? I u-turned the car kahit bawal. Oo reckless driver ako. Sorry ah. Kailangan ko lang talaga makita ang babaeng yun. I miss her!

Ng nasa park na ako, pinark ko yung kotse at lumabas na. Pero syempre naka-ayos na yung disguise ko. Mahirap na... ayokong madumog ng fans.

Naglalakad-lakad ako ng biglang may nakita akong lalaking nagtitinda ng newspaper. !@#\$! 🙄

“Manong. Bibilhin ko na po lahat yan.” medyo nanlaki yung mata nung manong pero binigay naman sakín lahat ng newspaper na tinitinda niya.

“Nako iho! Salamat!” inabot ko sa kanya yung pera. **“Iho, matanong ko lang, bakít binili mo lahat ng tinitinda ko? Siguro ito ay dahil dun sa maginoong bata na balítang-balita na pinakilala ang kanyang babaeng ka-love team sa magulang niya? Tama ba ako iho? Pati yung babae kanina at ang kasama niya sobrang interesado sa balita eh. Naalala ko tuloy ang kabataan ko...”**

“Tekang lang manong! Anong sabi niyo? Babae?” hindi kaya...

“Ah? Oo! Yung babae na may kasamang lalaki kanina... hmm. Kamukha yun ng lalaking balítang-balita ah? Bryan Lim ba? Pasensya na iho matanda na ako...” pagkarinig ko nun. Tumakbo na ako kaagad dala-dala yung newspapers na nabili ko. Pinagpunit-punit ko muna yun at saka itina-pon sa garbage can. Tama lang yun. Some articles are rubbish.

Tumakbo ako ng tumakbo. Nasaan ba si Eya? Napatigil muna ako sandali... hingal na hingal ako. Fck. Pagtingin ko sa gilid... !@# \$!

Si Eya, umiiyak. Hawak-hawak yung newspaper. Nakita niya na? Fck!

Lalapitan ko na sana kaso lang... niyakap siya nung lalaking kasama niya saka... saka siya hinalikan sa forehead...

At ang lalaking yun, ang sinasabi ni manong kanina na kamukha ko... walang iba kung hindi ang kapatid ko.

DAMN IT! Sa inis ko... tumalikod ako at naglakad pabalik sa kotse. !@# \$ talaga!

Nagdrive ako ng mabilis. Inis na inis ako. Bakít ganun? Ginagago ba ako ni Tyler? Gumaganti ba siya sakín? Bakít? Dahil ka-love team ko yung nambasted sa kanya? Oo alam ko... yun ang dirty secret ni Princess. Alam ko niloko niya ang kapatid ko. Pero, wala akong pakielam! Labas kami ni Eya dito! Bakít ba sila nanggugulo? Dapat masaya lang kami ni Eya diba? Dapat--

screech!

“Oh my gosh! Help him!”

“Call 911! May car accident na naganap!”

“Duguan... !@# \$! Dali na tulungan niyo!”

“Dalhin na natin sa ospital!”

“Is he dead? He’s still breathing!”

“Oh my god help him! Call an ambulance!”

I’m sorry... Eya... I’m sorry...

63.

Eya's POV

It's just an ordinary morning sa bahay. Kami lang ng sister ko nandito, hays. Ni hindi man lang tumawag si Bryan para magpaliwanag! What an ass. Hindi ko tuloy maisip kung anong gagawin ko. Kung maniniwala ako dun sa news... may nafifeel akong mali. Hindi ako mapakali. Hindi talaga..

“Ate! Luto na yung food! Kuha ka naman ng mga plato.” sinunod ko yung sabi niya kaya pumunta akong dining room at naglabas ng plato. Kaso sa kamalas-malasan nga naman. Bigla ko na lang nabitawan yung platong hawak ko.

Tulala ako habang pinagmamasdan ko yung nabasag. Hindi ko alam kung bakit pero bigla na lang akong kinabahan... parang yung puso ko sasabog any minute. A-ano bang nangyayari?

“Ate! Ano? Bakit ka nakatulala? Oh my...” lumapit siya sakin. **“Ate umalis ka baka mabubog ka. Ako na maglilinis.”**

“Hindi ako na.” sinimulan ko ng linisin yung kalat. Hindi talaga ako mapakali.

Habang kumakain kami, hindi talaga ako mapakali. Ewan ko ba, napaparanoid na ba ako? Argh...

ring ring

CALLING: TYLER

Huh? Bakit naman siya tatawag?

“Hello Ty? Oh bakit?”

“Eya... go to St. Lukes Medical Center now. Bryan...”

“A-anong nangyari kay Bryan?!” biglang sumikip yung dibdib ko.

“He got into a car accident. Room 404 siya. Kahapon pa pala siya na-confine, may mga nagdala sa kanya dito.”

“Okay okay. Papunta na ako dyan.” pinatay ko na yung call at nagmadali ng lumabas ng bahay.

Habang nasa taxi ako... di ko mapigilang mag-alala! A-ano bang nangyari sa kanya? Bryan naman eh... he's not a reckless driver! What happened?

Bumaba na ako kaagad ng taxi pagkatapos kong magbayad at tumakbo papasok ng hospital. Marami pa akong nakita na mga taga-media nasa labas ng hospital. Sana hindi kritikal si Bryan... sana!

Sumakay na ako ng elevator at pinindot yung 4th floor button. Room 404... Room 404...

Paglabas ko, nakita ko kaagad si Tyler, yung manager ni Bryan, at si... Princess.

Lumapit ako kaagad sa kanila.

“Kamusta na po si Bryan?”

“Hinihintay lang namin yung doctor, Eya.” nagnod ako. Kinakabahan pa din.

“Ano bang nangyari Tyler?”

“He got into a car accident yesterday. Duguan daw na dinala rito.”

“Yung... yung parents niyo? Nakita na siya?”

“Nasa US na sila ulit kahapon pa, Eya. Pero nainform ko na naman sila. Uuwi sila kaagad para ma-check ang kalagayan ni Bryan.” nagnod ulit ako.

“Pero, saan daw siya naaksidente?”

“Sa park.” nanlaki yung mata ko sa sinabi niya.

“S-sa park? P-paano nangyari yun?”

“Pupuntahan ka dapat niya kahapon para magpaliwanag kaso di ko alam bakit nagkaroon siya bigla ng car accident.” sabi ni Tita K.

Magpaliwanag siya sakin? Ang tanga ko! Pero bakit hindi siya nagpakita sakin kahapon? I trust him... he knows I trust him...

“Maybe he saw you, Daniella. Pero siguro hindi na lang kayo inistorbo ni Tyler. Magkasama kayo kahapon sa park, diba?” sabi ni Princess ng naka-smirk. Anong pinapalabas niya?

“Princess. Shut up.” sabi ni Tyler sa kanya.

“Eh totoo naman diba?”

Hindi ko na lang pinansin. Ayoko makipag-away. Nag-aalala ako. I doubted him. Wala akong kwentang girlfriend. I should trust him. And what did he say? Wag akong sasama sa ibang lalaki? Pero anong ginawa ko? Hindi ko man lang inisip yung mararamdaman niya kapag nakita niya kami ni Tyler na magkasama. Kung nakita niya nga kami... alam ko wala kaming ginagawang masama. Pero nung nakita ko nga sila ni Princess na magkasama, nahurt ako diba? Paano pa kaya kung siya?

Biglang bumukas yung pinto at lumabas yung doctor. Salamat naman!

“Are you the relatives of Mr. Bryan Lim?”

“Yes doc!”

“Well, he is healing now. Nagkaroon lang siya ng cuts broken bones and he has a fracture on his right arm. He bumped his head on his car window but the impact is not that hard. Kailangan niya lang magkaroon ng examination. But otherwise he is fine, kailangan niya lang magpahinga.” nakahinga ako ng maluwag dun.

“Doc, gising na po ba siya?” pag-aalalang tanong ko.

“Yes. He is awake. You could talk to him pero as much as possible, bawal mapagod yung pasyente. Magsstay pa siya for a week in case may maramdaman pa siyang sakit sa katawan.”

“Salamat doc.”

“No problem.” at umalis na yung doctor.

Pumasok na kami sa loob ng room niya at nakita ko si Bryan, maraming benda. Naiiyak ako. Ang sakit siguro ng naranasan niya. Sana hindi siya magkaroon ng traumatic disorder.

“Bryan, okay ka na?” tanong ni Tyler sa kanya. Hindi pa ako makapagsalita, feeling ko kasi magbbreak-down ako any minute...

“Yes. I think I am. What happened?”

“You got into a car accident, Bryan.” umupo si Princess sa tabi ng boyfriend ko. Nakakainis ah!

“Really? Teka... paano yung movie premiere?”

“Movie premiere is two weeks from now, Bryan. One day ka pa lang na-confine dito.” sabi naman ni Tita K. I wonder... bakit yung movie premiere kaagad yung tinatanong niya?

“Ganun ba? Okay. I thought matagal na akong na-confine.”

Eya... magsalita ka naman! Sige na nga...

“Bryan...” lumapit ako sa kanya at hinaplos yung mukha niya. **“Hubby... maayos ka na ba talaga? Wala ka bang nararamdamang masakit? Ha? Sabihin mo lang hubby tatawag tayo ng nurse.”** nakatitig lang siya sakín.

“I'm fine... but...”

“But? Ano may masakit ba sayo? Sabihin mo lang!”

“Who are you?”

64.

Eya's POV

“Who are you?”

A-ano daw?

“Huh?!”

“I said... who are you?” sabi niya habang nakatitig pa din sakín.

Oh no... wag mong sabihing...

“Huh?! Wag ka namang magjoke ng ganito! Bryan naman eh...”

“Sorry miss pero... are you one of my fans?” tumingin siya bigla kay Tita K. **“Bakit nagpapapasok kayo ng hindi ko kilala?”**

Nanlamig ako bigla sa sinabi niya. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko... h-hindi niya ako... kilala? Hindi niya ako maalala?

“Bryan naman eh... hindi mo ako maalala?” nakatingin pa din ako sa kanya nun. Nakatingin din siya sakín with curious eyes... huwaaaaa!

“Miss, sino ka ba kasi?”

“Hindi mo na ako maalala? Teka lang... Tyler! Ano bang nangyayari?” tanong ko sa kanya. Nag-shrug lang siya.

“Baka kasi nakalimutan ka na niya dahil... hmm... hindi ka importante sa kanya?” sabay smirk ni Princess. Grabe, ang kapal!

“Hoy. Kung makapagsalita ka akala mo kung sino. Loveteam ka niya! Ako, girlfriend! Umayos ka nga kundi papatulan talaga kita!” nanlaki naman yung mata niya at nagsmirk.

“Akala mo natatakot ako sayo?”

“Princess wag ka na ngang dumagdag sa problema!” tumahimik naman si Princess nun. Ehhhh?

Bakit ganun. Parang may something sa kanila ni Tyler... hmm... ay ewan!

“Tyler, Princess, labas muna tayo at magtanong sa doctor ni Bryan. Hayaan na muna natin silang dalawa dito.”

“Salamat Tita K...” nasabi ko na lang. Lumabas na din sila at naiwan kami ng boyfriend kong hindi ako maalala.

Tumingin ako sa kanya. **“Hindi mo ba talaga ako naaalala?”**

“Huh? Hindi...” !@#\$. Wag mong sabihing may amnesia na siya?!

“Bryan naman eh!” lumapit ako sa kanya at binaon ko yung ulo ko sa braso niya.

“Aray ano ba?! What the?!”

“Bryan bakit mo ako nakalimutan! Hindi mo na ba talaga ako maalala?! Huwaaaa! Bakit ako pa kinalimutan ng isip mo? Huhuhuhu! Ang sakit-sakit naman nun!” hindi ko na tuloy mapigilan yung tears ko from flowing. Nakakainis kasi eh. TT_TT

“Miss... I really don't know you.” bumitaw na ako sa yakap niya at tumayo. Siguro nga nagka-amnesia siya. Siguro nakalimutan na niya ako...

“Sino ka ba?” nakatitig pa din ako sa kanya. Hindi ba niya talaga ako maalala? Ang sakit talaga sa puso.

Tumalikod na ako nun at lalabas ng room niya ng biglang nagsalita siya ulit.

“Sino ka ba...” napalingson ako sa kanya. Ehhh? Bakit ba siya nakangiti?

“Ikaw ba ang babaeng nagpapatibok nito?” sabay turo niya sa... sa puso niya...

HUWAAAAAAAAAAAAA! 😞

Lumapit ako sa kanya at pinagpapalo siya. **“Ang sama-sama mo! Ang sama sama! Nakakainis ka!”**

“Aray! Ano ba?! Nasasaktan ako aray!” napatigil ako sa pagpalo sa kanya at napakagat ng labi.

“Nakakainis ka! Akala ko kinalimutan mo na ako... akala ko... grabe ka tinakot mo ako!” napaupo ako sa edge ng bed niya at nagtakip ng mukha.

Naramdaman kong umupo siya at niyakap ako kahit may benda yung right arm niya. **“Tss... ikaw? Makakalimutan ko? Hindi ah. Wag ka ng umiyak...”** inangat niya yung mukha ko at pinunasan ang luha ko.

“Kasi naman eh... bakit ka nagbibiro ng ganun? Hindi ka nakakatawa...”

“Gusto ko lang naman malaman kung ano ang reaksyon mo... kung sasaya ka ba kasi hindi na kita naaalala...”

“Huh? Bakit naman ako sasaya dun?”

“Edi pwede na kayo ng kapatid ko.” binatukan ko nga siya.

“Para kang tanga. Hindi ah! Si Tyler? Oh c'mon!”

“Nakita ko nga kayong magkayakap sa park...” tapos nagpout siya. Aish...

“Baliw. Kinocomfort lang naman ako nun dahil sayo...”

“Huh?” turn ko naman mag-pout.

“Eh kasi naman... siraulo ka! Si Princess kaagad yung una mong pinakilala sa parents mo... nakakainis ka!”

“About that... it's just pure coincidence! Nagulat na lang ako nandun siya. Bastos naman yung dating kung hindi ko siya ieentertain kasi ka-loveteam ko siya. Sorry na...”

Napaisip ako... hmm... sige na nga!

“Oo na. Bati na tayo.” niyakap niya ako ng sobrang higpit. Binaon ko lang yung ulo ko sa dibdib niya.

“Hubby... may sumasakit ba? Huh? Sabihin mo lang.”

“Oo... ang sakit dito oh...” sabay turo niya sa... sa lips niya. -_-

“Pinaglolo ko mo ba ako ha?”

“Eto naman... naglalambing lang. Masakit kasi eh. kiss mo naman?” tapos ngumiti siya ng nakakaloko. Sira-ulo talaga 'to.

“Oo na...” dinampi ko yung labi ko sa labi niya. Aalis na sana ako sa pagdikit ng labi namin ng bigla niyang hinawakan yung leeg ko at hinila papalapit sa kanya.

He kissed me passionately, and I am totally giving in. Namiss ko rin 'tong artistang 'to. Sobrang namimiss ko...

boogsh

“Yun nga po doc baka pwede niyo siyang... i-check kasi may hindi siya naalala... OH MY GOD!” napatigil kami sa paghahalikan nung narinig namin na bumukas yung pinto. Nanlaki yung mata ko nun at napakagat na lang sa labi.

Sobrang nakakahiya! TT_TT

“Mukhang nakakaalala na naman yung pasyente. Kaya siguro there's no case of selective amnesia here.” sabay wink samin nung doctor. Shet... nakakahiya talaga! TT_TT

“Mukha nga doc. Sorry po sa abala.” of all people, si Tita K pa yung nakakita samin pati yung doctor. I wanna die. TT_TT

“Oh kayong dalawa... sige mag-usap muna kayo dyan at... gawin ang dapat niyong gawin. Sa labas lang kami if you need anything.” sabay smile ni Tita K at labas ng room.

Huwaaaaaaaa. Feeling ko namumula na ako ng sobra-sobra. TT_TT

“Bryan...”

“Hmm?” nakayakap pa din siya sakín ng mahigpit.

“Nakakahiya naman...”

“Don't mind them. Isa pang round gusto mo?” binatukan ko nga!

“Grabe ang manyak mo ha! May pa-round round ka pang nalalaman dyan!”

“Eto naman, joke lang! Tss... okay na sakín na mayakap ka ng ganito.” napangiti na lang ako nun.

“I love you hubby...”

“I love you too wifey... and, may sasabihin pala ako sayo...”

“Ano yun?”

“I want to introduce you formally to my parents... is it okay? Pagkalabas ko sa hospital, yun ang una nating gagawin.” sabay kiss sa forehead ko.

Ipapakilala na niya ako sa parents niya? Huwaaaaaa.

“Hubby naman... ehhhh! Nakakahiya! Baka mamaya hindi ako magustuhan nung parents mo... baka mamaya--” hindi ko natuloy yung sasabihin ko kasi bigla niya akong hinalikan sa lips. Smack lang... alam na alam niya kung paano ako papatahimikin. 😞

“Be yourself, okay? Atsaka... anong akala mo sa parents ko? Tss... magugustuhan ka nila.” I sighed.

“Are you sure?”

“Yes. I'm very sure.”

Huwaaaaa. Kinakabahan na tuloy ako... pero syempre masaya din ako. Kasi ipapakilala na niya ako sa parents niya. Mabait naman siguro yung parents niya diba? Wala namang mangyayaring masama diba?

65.

Eya's POV

“Eya... are you ready?” humigpit yung hawak ko sa braso niya. Sa totoo lang... kinakabahan na talaga ako. I mean, yes! Formal naman yung suot namin. Ang kinakatakot ko lang... paano na kung nakaharap ko na yung parents ni Bryan? I mean... hindi naman sa wala akong tiwala sa sarili ko...

Magustuhan kaya nila ako?

Huminga ako ng malalim at binigyan ng ngiti si Bryan.

“Yes. I think I'm ready.” binigyan niya ako ng assuring smile.

“Then let's go!” nagnod ako.

Dahan-dahan kaming pumasok ng restaurant. Ang higpit ng hawak ko sa braso ni Bryan. Marami ng nakatingin samin. Anong aasahan ko eh artista 'tong kasama ko? Ay basta... I'll just be myself pagdating ko dun.

At ayun na nga. Nakita ko na ang parents niya for the first time.

Tumayo yung mom ni Bryan na napaka-ganda at nginitian si Bryan. **“Hello son.”** nagbeso sila saka tumingin saakin...

“Hello. You must be Daniella. I'm Elise Lim.”

“Hello tita Elise...” tapos napa-kagat ako sa labi. Huwaaaa! Pero lumapit siya sakin at nakipagbeso.

“Don't be shy. So, shall we sit?” umupo na kami.

“Wifey, mom. I need to go to the rest room. I'll be back.” nagkiss siya sa cheeks namin saka umalis...

“Tita?”

“Call me Mom, Daniella. Alam mo feeling ko magkakasundo tayo. You know you're really beautiful. Bagay na bagay kayo ng anak ko.” saka ako nginitian.

Huwaaaaa. Namumula na siguro ako. TT_TT

“Thank you po... mom.”

“That's good to hear!” parang si Bryan pala 'to. **“Anyways, if you're wondering if I'm the only one present here to join you in dinner, don't worry. My husband is over there.”**

May tinuro siya sa may right side. Napatingin ako bigla dun sa dad ni Bryan na nasa may veranda ng restaurant, nakaupo, mukhang busy siya kasi hawak-hawak niya yung cellphone niya at may kausap.

Mukhang napansin ni tita yung napansin ko kaya hinawakan niya ako sa braso.

“He's Bart. And he is Bryan's dad. Workaholic lang talaga yan.”

“Ganun po ba?”

“Yes.” napatingin ako kay Bryan na tapos na siguro pumunta sa rest-room dahil nandun siya sa gilid, nakatayo pa din at nakatingin din sa dad niya. Hindi man lang ba i-approach ni Bryan yung dad niya? Surely, alam naman ni dad niya na andito na kami diba?

“Okay lang naman po yun. Kaso... hindi po ba hassle sa schedule niyo yung dinner na 'to? Sorry po. Hindi ko po alam kay Bryan...”

“Oh no! No need to worry. Kami yung gustong magdinner kasama kayo. Mabuti nga at safe na si Bryan dun sa accident niya. And I'm glad that you took care of him.”

“Wala po yun. That's my role.” tumawa siya.

“Parehas na parehas tayo nung ka-age pa kita dati! Naku! All-around girlfriend ako pagdating kay Bart.” ngumiti ako nun.

Nagkwentuhan pa kami nun nung biglang umupo na si Bryan sa tabi ko. Round kaso yung table kaya ang magiging kaharap ko mamaya ay yung dad niya... na meron pa ring kausap sa phone.

“Wow. Nagiging close na kayo mom?” sabay kiss sa cheeks ko. Huwaaa nakakahiya naman 'to.

“Yes anak. And do you know that I'm sharing to her your embarrassing secrets when you we're young?” biglang nanlaki yung mata ni Bryan.

“Ma naman eh!”

“Hahaha! Just kidding anak! Ang cute cute mo talaga.” sabay pingot sa cheeks ni Bryan.

HAHAHAHA! Para siyang bata! Hahahaha!

Napansin ata ni Bryan na tinatawanan ko siya kaya bigla ba naman akong kinurot.

“Tinatawa mo dyan?” sabay smirk sakin.

Bumulong ako ng 'pikon' tapos ngumiti. **“Joke lang.”**

Nag-usap usap na lang kami ng biglang umupo yung dad ni Bryan sa table.

Hindi ko alam kung bakit... pero... biglang tumahimik?

Maya-maya napuno na yung table ng food.

“Let's eat?” yaya ni mom.

Di kami nagsalita. Nakatingin kasi samin yung dad ni Bryan... ang creepy...

“So...” boses pa lang niya! Parang may power and authority siya... TT_TT

Napalunok na lang ako nung nakatingin pa rin siya sakin.

“You must be Daniella. My son's girlfriend?”

“Uhm... yes po.”

“Okay. Let's eat. Hello son.” sabay nod kay Bryan.

“Hello... dad.”

Hawak-hawak ni Bryan yung kamay ko sa ilalim ng table. Ang higpit ng hawak niya. Ehhh... ganun ba siya katakot sa dad niya?

“Let's talk later. Let's eat.” sabi ni mom. Kaya...

We ate in silence.

Nagulat ako nung biglang nagsalita yung dad niya.

“So, kailan pa naging kayo ng anak ko?” muntik ko ng mabuga yung kinakain ko.

Eto na ba yun? Yung... yung pressure interview? Huhuhu. Mas sanay pa ako kung yung media at press people yung mag-iinterview sakin eh...

I just smiled. **“Last August 13 lang po.”**

“Oh... so are you happy with my son?”

“Dad.” sabi ni Bryan na mukhang... naiinis?

“What?”

“Kasi naman Bart. You're scaring Daniella. Mga tanong mo talaga.” sabay ngiti ni mom kay tito.

“It's not my intention.” tumingin sakin si tito. **“Am I scaring you?”**

Gusto ko sanang matawa at gusto ko sana sumagot ng 'OO'. Kaso bastos naman yung dating ko nun. Pero diba, sabi ni

Bryan, just be yourself?

“Medyo po...” oh no. Nasabi ko yun?! Hala lagot na...

“Hahaha! This girl is funny! Hahaha!” aba tumawa yung... yung dad ni Bryan?

What the?! O_O

Nagkatinginan kami ni Bryan. Nakangiti siya sakín na para bang sinasabi na 'I told you. Just be yourself'. I'm so glad sinunod ko yung sinabi niya. Mukha namang makakasundo ko ang dad niya.

“You seem to like her for Bryan too. I like her for our son.” sabay smile sakín ni mom.

“Yes. I do think na bagay sila ng anak natin. You picked a very, honest girl, son.” sabay tapik sa braso ni Bryan.

Napangiti ako nung nakita kong nag-loosen up sila pareho. Nagsimula na silang mag-usap. I think maaayos naman nila ang relationship nila as father-son.

“How I miss this.”

“Uhm... ano po?” sabi ko kay mom.

“I just... missed this bonding between our family. Sayang lang at wala si Tyler ngayon dito... at si Bettina.” mahina niyang sabi.

“My deepest condolence po mom...” ngumiti siya.

“Thank you. Do you know that you're like Bettina? She's honest and care-free too.” naalala ko tuloy yung sinabi ni Bryan dati na parang ako daw yung kapatid niya.

“So... I see na close na kayo ni Elise.” nagulat naman ako sa dad ni Bryan.

“Yes po tito.”

“Oh, you can call me dad.” sabay ngiti sakín ni... ni dad...

HUWAAAAA! Tanggap na nila ako? Huwaaaaa kinikilig ako!

“S-sige po... dad.”

“You know, we should meet your parents too. Pag-usapan yung wedding...” muntik na akong mabilaukan sa sinabi niya.

“A-ano po?!”

“Well, syempre bawal pa kayong i-kasal hanggang sa di pa kayo gumagraduate... pero kasi 'tong si Bryan, na-suggest niya lang. Well, we could talk to your parents for the arrangements after four years...”

Oh my god. Bakit ganun? Huwaaaa! Kinurot ko kaagad si Bryan

“Uhm... dad? I appreciate the effort po... pero masyado pa pong maaga I think?”

“Hahaha! Hahaha!” hala... anyare? 🙄

“Bakit po kayo tumatawa?”

“You're really brutally honest. And I like it. Now I know kung bakit ka nagustuhan ng anak ko.”sus akala ko naman. (_ _)

“Akala ko po kasi seryoso po kayo dun sa wedding thingey...”

“Well, seryoso kami dun. Right Elise? Right son?”

“I agree.” sabay ngiti ni mom sakin.

“Yeah. Me too.” sabay wink sakin ni Bryan.

HUWAAAAAA BAKIT GANUN ANG PAMILYA NILA?! HUWAAAAAA! TT_TT

Hindi na lang ako nagsalita. Huwaaaa. Na-corner ako. Gusto ko syempre ikasal kay Bryan. Kaso... nakakailang lang at pinag-uusapan na kaagad yung future...

Hindi sa nag-iinarte ako ah. Ayoko lang pangunahan ang destiny. Oo, naniniwala ako dun.

“So, Daniella. About your parents. Sa tingin mo papayag sila?”

“Di lang po ako sure...”

“We need to talk to them Bart. We need to thank them for giving Eya, our future 'daughter-in-law' to our son, Bryan.”

OH NO... NAKAKAHIYA... HUWAAAAA. AKO NA NAMUMULA AT NA-FFLATTER... (_ _)

“Mom, dad, I already met Eya's mother and her brother. Mababait po sila.” sabi ni Bryan.

“Ganun ba? Then I can't wait to meet them. Nasaan ba sila?”

“Yung mom ko po, nasa Europe. May business po sila ng tita ko.”

“Oh, that's good! How about your dad?”

Biglang nanikip yung dibdib ko.

“He's already dead.”

“I'm so sorry to hear that.” medyo tumahimik. Nailang siguro. Hays...

“Nako. Wala naman po yun.” sabi ko na lang.

“Do you miss him? Your dad?”

“Opo. Everyday. Minsan nga po naisip ko, paano po kaya kung buhay pa siya ngayon? Paano po kaya kung... kung hindi na-delay yung pag-uwi niya? Paano po kaya kung hindi siya namatay dun sa fire accident? I just keep wishing... everyday... na sana hindi na lang siya sumugod dun sa fire accident na yun. Hindi naman po kasi siya on-duty nun... gusto lang niya tumulong nun kasi... my dad loves to help in every possible way. He sacrificed himself for them.”

“We're really... really sorry to hear that, Daniella.” sabi ni dad. Nagnod lang ako.

“Okay lang po... hindi naman po ako selfish. I understand that situation. Pero naisip ko lang po talaga... parang nabalewala lang po yung dad ko kasi he died without even saving the victim. Nakwento lang po samín nung ka-trabaho ng dad ko dun.”

“Wait... hindi naligtas?”

“Opo. Namatay din po kasi yung girl... supposedly daw po, pinuntahan ng dad ko yung victim sa kwarto dahil naka-lock yung room nung girl. Gusto pong maligtas ng dad ko kaso... kaso lang po, wala eh. Na-suffocate.” hindi ko alam kung bakit bigla na lang akong nagkwento. Pero gumaan ng konti yung pakiramdam ko. Ang daldal ko siguro. (_ _)

Pero bakit ganun yung expressions nila mom and dad? Para bang... ang lalim ng iniisip nila? Tapos nagtama yung paningin nila. Para bang they're having a conversation between them? Ano ba yan, ang dami kong napapansin.

“Uhm... Daniella?”

“Yes mom?”

“Your dad... saan siya nagtrabaho before? Sa ibang bansa ba?”

“Uhm... opo.” eh? Bakit nila tinatanong. Baka na-curious lang sila. Oh well.

“Saan? Sa U.S?”

“Yes po. Sa Peyton, Indiana yung exact place.” biglang nanlaki yung mata nila. Napatingin ako kay Bryan, nanlaki din yung mata niya. Anong nangyayari?

“What's your dad's name. Daniella?” seryosong tanong ni dad. Aish... ano ba yan. Nakakatakot siya ngayon. Seriously.

“Danny. Danny Alvarez.”

“If, by any chance, is your dad a member of the Indiana Local Firefighter's association?” napaisip ako dun. Alam ko, na-mention yun ni dad samin nila mom at kuya nun. Pero teka!

“Opo! Member nga po siya nun. Pero paano niyo po nalaman yun? Do you know my dad?”

Hindi nila ako sinagot. Bigla lang silang nagtamaan ng tingin at parang nag-uusap sa titig nila. Napatingin ako kay Bryan. Si Bryan, parang ako din, naguguluhan.

“Mom, dad, why are you suddenly curious about Eya's dad? Did you know him?” hindi siya pinansin nila mom and dad. Imbes, sa akin lang sila nakatingin.

“When did your dad died?”

“September 13, 2009. Bakit po?”

Nagulat ako nung bigla nilang hinawakan yung dalawang kamay ko at nag-bow saakin.

“We're very sorry Daniella...” huh? Bigla akong kinabahan sa sinabi nila.

“Bakit po? Did you know my dad before?”

“No...”

“Bakit po kayo nagso-sorry? May nagawa po ba kayong atraso sa dad ko?”

Napabuntong-hininga silang dalawa.

“Yes. Your dad is the firefighter who died because of the fire accident in our house two years ago.” biglang nanlamig yung pakiramdam ko. Para akong nabuhusan ng malamig na tubig sa narinig ko.

“You mean... you mean... si Bettina... at yung dad ko... parehas ng dahilan kung bakit sila namatay?”

Hindi sila nagsalita nun. Hindi ko din alam ang nararamdaman ko nun. Grabe lang... hindi ko talaga alam. Ano ba ang totoo? Ano ba talaga?

“Answer me, please!”

“We're very sorry...” so... confirmed nga.

Yung dad ko yung nag-try mag-save kay Bettina dati... dati... dun sa sunog dahil sa party ni Bryan... sa party niya... sa party niya kung saan nawalan ako ng ama.

“Eya. I swear hindi ko alam...” sabay yakap saakin ni Bryan. Hindi ko talaga alam ang iisipin ko... para bang na-freeze ang utak ko... nag-replay lang sa utak ko yung sinabi nila saakin ngayon...

“Yes. Your dad is the firefighter who died because of the fire accident in our house two years ago.”

Namatay ang tatay ko nun... accidentally... just because of that fire accident...

Diba tanggap ko na dapat? Diba dapat, masaya ako kasi alam ko na pamilya naman nila Bryan yung pinilit na iligtas

ng dad ko?

Bakit ganun? I feel... betrayed...

Tumayo na ako nun at pinilit ngumiti. **“I have to go na po. Thank you po sa dinner.”** at tumalikod na ako para umalis na sa restaurant na yun.

“Eya! Wait!” nagulat ako, sinundan pala ako ni Bryan.

“What?!”

“Hatid na kita. Mukhang hindi ka okay...” nagpunas lang ako ng luha.

“I want to be alone. I need time... to think... Sorry.” saka ako tumakbo papalayo sa kanya at sumakay na ng tricycle.

Mukha na siguro akong baliw dito sa tricycle driver na 'to... ang lakas ng iyak ko, yung mascara ko, kalat na sa mukha ko, ang gulo ng buhok ko, tapos kanina tumakbo pa ako eh naka-heels ako... pero wala na akong pakielam. Basta... ang gulo ng utak ko... hindi ko na alam...

“Saan po miss?”

“Sa... south cemetery po...” I need to think. I need to talk to my dad...

Kasalanan ko ba kung magalit ako kahit konti man lang sa pamilya nila? Yung pamilya nila na dahilan ng pagkawala ng bestfriend ko, ng kuya ko, ng daddy ko?

66.

Bryan's POV

!@\$...!@\$...!@\$!

blaaaaaaaaaaaaag!

“Anak ano ba?! Calm down!” !@\$!@\$!@\$!

Umupo na lang ako dahil ayokong gumawa ng eksena dito.

“Dad, mom...what is that?! Totoo ba yun? May proof ba kayo?”

“Anak, based on what she knows and what we know, tatay talaga ni Daniella yung firefighter.”sabi ni mom.

“We're sorry. Coincidence lang lahat 'to. It seems na may utang na loob pa tayo sa kanya.” sabi ni dad.

Napasinghap ako. **“Utang na loob? Naligtas ba niya yung kapatid ko? Hindi naman diba?”**

“Anak, kahit nabigo yung tatay ni Eya na sagipin yung kapatid mo, namatay pa rin siya. Atsaka, ano ba? Hindi ka makapag-isip dahil sa galit mo!” tss... tama nga naman si mom.

Argh! Bakit ba parang sinisisi ko pa yung tatay ni Eya sa nangyari sa kapatid ko? Eh samantalang... ako nga yung may kasalanan. Diba?

“Oo nga pala. Ako nga pala yung may kasalanan. Diba dad?” sabi ko kay Papa bigla.

“Anong ibig mong sabihin?!”

“You hate me dad for having that party? Right?!” naiinis na talaga ako kaya bigla ko na lang sinabi ang mga salitang yun.

Tumayo naman bigla si dad. **“I never blamed you for Bettina's death. Sorry kung hindi kita nabibigyan ng pansin. Pero alam mo namang anak kita. Hinding-hindi kita sasaktan. Itatak mo yan sa isip mo Bryan.”** saka lumabas si dad...

“Anak, bakit mo sinabi yun sa dad mo? Kaya lang siya nagiging busy sa trabaho niya dahil yun ang way niya para makalimutan niya ang nangyari sa kapatid mo. Intindihin mo na lang.”

I sighed. **“Sorry ma...”**

“Ako na lang ang mag-sosorry sa dad mo para sayo. Alam ko namang hindi mo sinasadya yun.”

“Thanks ma... sorry din for blaming Eya's dad. I mean... those accidents happen right? Para tuloy na kasalanan ko pa yung pagkawala ng dad niya. Naguilty ako...”

“Just say sorry to her and talk to her. Okay? I know magkakaayos rin kayo. Kung tutuusin, blessing in

disguise na rin yung nangyari.”

“Why ma?”

“Nakilala niyo ang isa't-isa. At alam naman ni Bettina at ng dad niya na masaya kayo. Kaya go to her, son. Find your own happiness.” napangiti ako nun.

“Thanks ma.” tumayo ako nun at hinalikan sa pisngi si mom.

Tumakbo na ako paalis sa restaurant at pinuntahan siya sa lugar na alam kong pupuntahan niya.

I know her a lot. And I know that she wants to talk to her dad...

And I hope she will talk to me too.

Umiiyak ka ba, Eya? Nalulungkot ka ba?

Hindi ko talaga alam yung nangyari... pero aayusin natin 'to. Aayusin natin.

Eya's POV

“Dad. Alam mo ba? Namimiss na kita... namimiss na namimiss na kita...” nagpunas ako ng luha. **“Siguro masaya ka na diyan? Ilang taon na rin pa... alam mo ba, may nalaman ako. Ikaw pala yung firefighter na gustong iligtas yung kapatid ni Bryan... alam mo ba pa, nalulungkot ako. Bakit ba ganun? Ang unfair mo? Hindi ka naman on-duty nun eh... pero pinilit mo pa ring sagipin si Bettina.”** nagpunas ulit ako ng luha at umupo ng maayos, hawak-hawak ko yung lapida ni papa. Hinihimas ko... kasi alam ko nakikinig siya sakín. **“Pa? Tell me... tama bang magalit ako sa pamilya ni Bryan? Kasi, kung hindi lang dahil sa party na yun... hindi ka mawawala samin... hindi mawawala yung taong alam ko mahal ako...”** nagpunas ulit ako ng luha. **“Ang drama naman ng buhay ko pa... may boyfriend akong artista, tapos yung kapatid pala nun yung dahilan kung bakit ka namatay... magkasama ba kayo diyan? Sa tingin mo ba, pa... dapat hindi ko isisi sa kanila yung nangyari sayo?”** napatigil ako sa pag-iyak nung napansin kong umuulan na ng malakas. Nababasa na rin yung puntod ni papa. Pero bakit ako, hindi nababasa?

Napatingala ako. May payong... may payong kaya hindi ako nababasa.

“Walang may gusto ng nangyari, Eya.” napatingin ako sa nagsalita. Si Bryan...

Tumayo ako nun at tinignan siya. **“Oo nga, walang may gusto na mangyari yun... pero... wala eh. Dahil sa**

nangyari, nawala yung tatay ko. Dahil sa kapatid mo.” alam ko maling sisihin ang taong patay na, pero hindi eh... ang sama talaga ng loob ko.

“Eya naman! Di mo ba naisip na kasalanan din ng tatay mo kung bakit nawala yung kapatid ko?!” nanlaki yung mata ko sa sinabi niya kaya tinulak ko papalayo yung payong at tumilapon siya sa may gilid ng puntod ni papa. Grabe siya... grabe...

“So, sinisisi mo yung tatay ko ha?! Diba dapat ikaw yung sisihin ko dahil sa punyetang party na yan, nawala yung tatay ko?!”

“Teka nga! Naisip ko lang yun! Eh ikaw nga sinisisi mo pa kapatid ko eh! Bakit ba tayo nagisisihan? Nangyari na yun!”

“Hindi mo ako masisisi... mabuti sigurong magbreak na tayo.” tumalikod na ako nun at nararamdaman ko na naman ang pagsikip ng dibdib ko.

“Alam mo Eya, ang stubborn mo!” napatingin ako sa kanya. Basang-basa na rin siya ng ulan. Baka magkasakit pa siya... aish ano ba!

“Ako? Stubborn? Baka ikaw!”

“Eya... makinig ka nga muna sakin!” sabay hatak niya sakin para mayakap niya ako.

Nagpupumiglas ako sa yakap niya pero hindi niya ako binibitawan. Ayoko na kasi... ayoko na...

“Bryan ano ba!”

“Eya! Kahit naisip ko yun, alam ko na matagal ng nangyari yun kaya kailangan na nating tanggapin ang nangyari! Okay? Alam ko mahirap... alam ko hindi madali. Kahit naman sakin, pero hindi naman pwede na dahil lang sa nangyari dati, maghihiwalay na tayo...”

“Pero tatay ko yung namatay!”

“At kapatid ko rin yung namatay! Ano ba Eya... sa tingin mo, matutuwa sila kung dahil lang sa nangyari dati, masisira na tayo? Gusto mo bang mawala lahat ng pinagsamahan natin dahil sa nangyari? Walang may gusto nun, wag mong sarilinin yang sakit na nararamdaman mo... hindi naman kita iiwan eh.” iyak lang ako ng iyak sa dibdib niya. Siguro tama siya... wala namang may control ng buhay namin. Siguro... mali na makipagbreak ako sa kanya dahil dun... ang drama ko naman... ang dami pa niyang sinasabi na nakakadugo ng ilong... atsaka alam ko ang buhay namin, romance-comedy... hindi tragedy.

Atsaka naisip ko... hindi na naman maibabalik yung papa ko pati yung... yung kapatid niya na si Bettina... ang importante na lang... yung ngayon.

Ako at si Bryan.

Pinunasan niya yung luha ko kaya napatingin ako sa kanya... umiiyak ba siya?

“Umiiyak ka din?”

“Hindi... ulan lang... nababasa lang ako.” natawa ako nun. Alam ko naman yung totoo. Natatakpan ng ulan yung mga luha niya. Alam ko naman na ang artistang yan, may feelings din.

“Sorry... for judging your sister...”

“Sorry rin dun sa dad mo... I didn't mean it...”

“I know...” dinikit niya yung noo niya sa noo ko at nagtitigan lang kami.

“So... tayo ulit? Hindi ka nakipagbreak sakín ngayong araw ha... tayo pa din... hinding-hindi na tayo maghihiwalay. Pangako ko yun sayo...”

Napangiti ako bigla nun.

“Oo... hindi na tayo magkakahiwalay... pangako ko din yun sayo... I love you, Bryan Lim.”

“I love you, Daniella Alvarez. Remember that.” and then he leaned down, cupped my face and kissed me...

... under the rain.

67.

Eya's POV

“Hubby kasi! Ayoko ng larong yan!”

“Tss... ang KJ naman ng wifey ko... dali na!” nagpout pa ang loko. -_-

“Ehhh... ayoko! Hindi ako marunong niyan!”

“Try lang naman. Dali! Para masaya date natin ngayon!” argh...

Hindi kasi ako marunong mag-basketball! I mean, hindi naman kami magbabasketball. Yung game na 'to, kailangan mo lang ma-shoot yung ball sa ring. Kaso itong si Bryan, gusto may twist!

“Bryan naman! Alam ko kasi, nagtetake-advantage ka na naman eh.”

“It's not my fault kung hindi ka marunong! Naninisi pa.” para naman 'tong bata!

“Yun nga eh! Hindi nga ako marunong tapos gusto mo pa... gusto mo pa na...” huwaaa!

“Parang isang kiss lang sa lips kapag hindi ka naka-shoot ah!”

“Yun nga! Hindi nga kasi ako marunong mag-shoot! Edi kapag hindi ako naka-shoot, lagi kitang ikikiss?”

Ngumiti ba naman siya ng nakakaloko! Argh. Buti na lang walang tao dito sa basketball court sa may park namin, sarap pagbabatukan 'tong damuhong ito. -_-

“Ano ba Bryan Lim! Umayos ka!”

“That's our rule! And since um-oo ka na, hindi ka na pwedeng umatras.” ang daya. >//<

“Oo na! Kaso diba sabi mo tuturuan mo ako?”

“Oo. Pero isang beses lang. Afterwards...” ngumiti na naman siya ng nakakaloko.

“Sira! Dali na! Ikaw muna!”

“Sure!” nagstart na siyang mag-dribble at ayun, malamang na-shoot.

“Your turn.” tumingin siya sakin. Hays. Binigay niya sakin yung bola.

“Anong gagawin ko dito?”

“Malamang i-shshoot.” ay oo nga pala. Ano ba namang tanong yan. -_-

“Pero paano?” lumapit siya sakin at pumwesto sa may likuran ko. Hinawakan niya rin yung bola na hawak ko.

Parang naka-hug siya sakin.

“Dumadamoves ka sakin ha.”

“Hindi ah! Tss!” lumayo tuloy siya ng onti. Natawa naman ako.

“Oh paano ba?” dinemonstrate niya kung paano ko siya ma-shshoot ng direktso sa ring. Inayos niya pa yung pagkahawak ko sa bola.

“Tapos?”

“Shoot mo na Eya.” shinoot ko na siya. at. ASDFGHJKL!

“Huwaaaaaa....” nakakainis. TT_TT Di ko na-shoot yung bola. Tumalikod ako at nakita ko siyang nakangiti.

“Alam mo na Eya...” sabay lip-bite! Sira-ulo.

“Ehhhhhh... ayoko! Bahala ka!” tumalikod ako nun pero nagulat ako nung hinila na lang niya ako bigla at...

... hinalikan sa lips.

Huwaaaa! Kahit smack lang yun... nakakahiya! TT_TT

“You're blushing, wifey.” sabay wink sakin.

“Ayoko na...”

“Eto! Fair game naman eh. Talo ka kasi.” tapos tumawa pa siya ng nakakaloko.

“Ah ganon?!” taas-kilay kong sabi. Hinahamon niya ba ako?

“Bakit? May binatang ka ba?”

“Oo! Alis nga!” tinulak ko siya papalayo at kinuha yung bola saka tinignan ng masama yung ring.

Subukan mong hindi ma-shshoot. Ang yabang yabang nitong Bryan na 'to. Hinahamon niya ako ha? Pwes...

“YEHEY!” sabay talon ko at nagsisigaw. Na-shoot ko yung bola! Bwahahaha!

“Oh ano Bryan Lim? Papalag ka?”

“Hinahamon mo ba ako ha?” sabay smirk niya.

“Akala mo uurong ako sayo! Mag-shoot ka na! Nawala na ata yung galing mo eh!”

“Huh. Nawawala? Baka nakakalimutan mong magaling sa lahat ng bagay 'tong boyfriend mo?”

“Kailangang ipakita yung biceps? Pati muscles?” abnormal! -_-

“Oo. Eto pa oh!” sabay pakita nung...

“HUWAAAA ISA!” ipakita ba naman sakín yung perfectly-sculpted six-pack abs niya! Namumula tuloy ako sa hiya! Buti naman at tinakpan niya na ulit yung nakaka-violate sa mata. Gulp.

“Kunwari ka pa.”

“Sira! Dali na mag-shoot ka na! Napaghahalataang takot ka sa galing ko eh.” sabay ngiti ko sa kanya.

“Tss... eto na!” at parang simbilis ng kidlat, na-shoot niya na nga. Hayy!

“Ako naman!” inagaw ko yung bola sa kanya at naka-shoot ulit ako!

Ayun, tuloy-tuloy lang kami sa pag-shoot ng ball. Nakakatuwa, wala ni isa samin ang namamali sa pagshu-shoot, lahat sakto sa ring.

Pagkatapos kong mag-shoot, binigay ko sa kanya yung bola.

“Oh. Pagkatapos niyan, pwede time-out muna?”

“Pagod ka na ba?”

“Hmm... medyo nauuhaw na ako eh. At medyo masakit na yung paa ko.”

“Sige.” pinanuod ko lang siya, hmm... bakit siya nakangiti?

OH MY GULAY!

Tumingin siya sakin ng nakakaloko. **“Kiss ko?”**

HINDI NIYA KASI NA-SHOOT YUNG BOLA! AMP!

“Ayoko nga! Madaya ka! Sinadya mo na hindi ma-shoot yung bola eh!”

Lumapit siya sakin at hinawakan ako sa braso. **“A deal's a deal.”**

Bago pa ako magsalita, he kissed me full on the lips.

1...
2..
3...
4...
5...
6...
7...
8...
9!!!

Bumitaw na ako ng naramdaman kong malapit na kong malunod sa halik niya. Napakagat ako sa labi ko. Nakakahiya...

“Eya...”

“A-ano?” nags-stutter na naman ako.

“Isa pa ulit?”

boink!

“ARAAAAAY! ANO BA?!” sinuntok ko kasi siya ng malakas sa tyan niya. Hahahaha!

“Isa pang sabi ng ganyan! Lagot ka sakin!”

“Ang brutal mo namang girlfriend...” sabay hawak pa rin sa tyan niya. Aish...

“Sorry na hubby!” ang bad ko. Namimilipit pa siya sa sakit.

“Hindi mo na ata ako mahal eh. Kaya mo na akong saktan ng ganyan...”

“Hindi ah! Sorry na! Saan ba masakit? Dito?” sabay hawak sa may tyan niya.

“O-oo... dyan masakit... pati dito... pati pa dito...” sa may waist niya at braso masakit rin?

“Yayakapin na lang kita.” niyakap ko siya ng super higpit! Alam ko namang nanlalambing lang siya eh... kunwari pa siya. Niyakap niya rin ako.

“Joke lang naman wifey... sorry na. Syempre nilalambing lang kita...”

Medyo bumitaw ako sa yakap niya para matignan siya ng malapitan. **“Hmm... lambing?”**

“Oo...” aish. Hindi na ata ako nagiging malambing na girlfriend sa kanya.

“Sige na nga, lalambingin na rin kita.”

Ngumiti siya. **“Paano?”**

“Ewan.”

“Eya, may masakit pa pala.” sabay turo niya sa lips niya. Sira-ulo talaga.

“Sige na nga, ikikiss ko na yan para gumaling na!” ngumiti siya, napangiti na rin ako.

Palapit na palapit na yung mukha namin ng biglang...

ring ring ring ring!

“Ay pusa!” bigla ba naman kasing tumunog yung cellphone niya. Nagvibrate kaya naramdaman ko rin. -_-

“Aish... panira naman.” bumitaw siya sa akin at nilabas niya yung cellphone niya. Tinignan niya yung caller id at bigla na lang kumunot yung noo niya,

“Sino yan? Sagutin mo na...”

“Si Dad...” huh? Dad niya? Sinagot naman niya at lumayo muna siya sakin. Private yun syempre.

2 days have passed since... you know... that conversation. Okay na naman kami eh. We all agreed to forget the past. Wala na naman kaming magagawa eh. Sinabi ko na rin kay kuya Prince, Desi, at sa mama ko, nung una, nagulat sila. Pero na-accept na rin nila yung katotohanan.

Pero syempre hindi maiiwasan yung pangingibabaw ng lungkot at pangungulila sa dad ko. Syempre, dad ko pa rin yun. Pero iniisip ko na blessing in disguise na rin yung nangyari.

Besides... I have Bryan now.

Maya-maya, lumapit na rin siya sakin, nagkakamot ng ulo.

“Oh? Bakit daw?”

“Dad wants us to go to their house. NOW.” ehhhh?

“Hala? Bakit?”

“May i-aannounce daw. Tss... what's the problem with that old man again?”

Binatukan ko nga siya.

“Ano ba Eya?!”

“Old man ka dyan. He's your dad! Wag mong bastusin!”

“Tss... oo na. Sorry. Pero bakit kasi gusto niya pang pumunta tayo dun? Panira ng date eh... tapos yung kiss...”

“Eto puro ka kiss! Kissing monster! Dali na at baka mamaya importante talaga yung announcement ng dad mo! Let's go!” at hinila ko na siya papunta sa may kotse niya.

Pagpasok pa lang namin sa gate sa Lim Residences (yes, residences) ay naramdaman ko na ang malakas na pagtibok ng puso ko. Huwaaaaaa. Bakiiiiiiit?!

“Hello young master. Hello young lady. Naghihintay na po sa loob yung family niyo.” ang gara naman ng tawag nila sakín at kay Bryan. Ang yaman kasi nila talaga. Kaloka.

Hinila lang ako ni Bryan papasok ng bahay nila at na-amaze na naman ako sa structure ng mansion ng parents niya. Modern, yet classy.

As expected, nasa dining room ang dad and mom niya. At andun rin... si Tyler? Malamang family siya Eya!

“Hello po mom, dad, Tyler.” nag-bow ako.

“Hello din iha, maupo ka na. You too Bryan.” umupo na kami ng maayos.

“Bakit niyo ba kami pinapunta dad? Nagdedate kami eh...” kinurot ko siya ng mahina sa waist niya. Abnormal ba naman yung tanong!

“We have something to announce.” tapos biglang tumingin sakín yung dad and mom niya.

“Uhm...” nasabi ko na lang. Ano ba yun?

“Eya, I know may utang na loob kami sayo at sa family mo. And as much as possible, we want to repay you.”

“Repay?”

“Yes. We want to repay you. So we decided...” nagkatamaan muna yung tingin nila. Bigla akong kinabahan. Ano ba... anong repay?

“Decided on what?” tanong ni Bryan na nagtataka na rin kagaya ko.

“We decided to let you marry our son...”

Marry? Anak nila? Edi si--

“...Tyler Lim.”

68.

Eya's POV

"Eya... sasamahan na kita..."

"Tyler wag na. Okay lang talaga... mag-CCR lang ako. Hindi naman ako tatakas."

"Baka anong mangyari sayo." hays...

"Ano ka ba? Sa rest room lang naman punta ko eh. Dyan ka lang..."

"Let me wait for you kahit sa labas lang..."

"Bahala ka." tumayo na ako nun at nagmadaling pumunta sa rest room. Masama bang mag-isa? Nakakainis. Sumama na nga siya sakin dito sa movie premiere nila Bryan. Akala mo mawawala ako.

Parang may magagawa ako?

Napatingin ako sa salamin. Ano ba 'tong nangyayari sakin? Naalala ko na naman tuloy...

FLASHBACK

"Eya, I know may utang na loob kami sayo at sa family mo. And as much as possible, we want to repay you."

"Repay?"

"Yes. We want to repay you. So we decided..." nagkatamaan muna yung tingin nila. Bigla akong kinabahan. Ano ba... anong repay?

"Decided on what?" tanong ni Bryan na nagtataka na rin kagaya ko.

"We decided to let you marry our son..."

Marry? Anak nila? Edi si--

"Tyler Lim."

"WHAT?!" napatayo ako nun, gulat na gulat.

"I'm sorry Eya pero napagkasunduan na namin yun ng mama mo, wala namang tumutol kahit kuya mo. We just want to repay our debt to you."

"REPAY? BY MARRYING HIM?" tinuro ko si Tyler na halatang gulat rin.

"Yes... sit down Eya."

"Ayoko! Ayokong makasal sa kanya! Ano ba 'to? Is this some kind of prank?"

"I'm sorry pero whether you like it or not, ikakasal ka kay Tyler."

"Huh?! Bakit, anong gagawin niyo kung ayoko?!"

"Pwede naming i-block yung business ng tita mo at mama mo sa Europe. Malulugi sila. I'm sorry pero ayaw namin ng may utang na loob, kaya namin napagdesisyunan ang bagay na ito."

"Alam niyo namang boyfriend ko si Bryan, diba? Bakit hindi na lang sa kanya?!"

"As much as we want you to marry our son, Bryan. Hindi pwede dahil artista siya, at wala pa siya sa tamang edad para magpakasal. Mahihirapan siya sa situation, and besides, naka-arranged marriage na siya matagal na. Alam mo naman siguro na siya yung tagapagmana ng business namin." nagulat ako nung tumayo si Bryan nun at kinwelyuhan bigla yung dad niya.

"THAT'S BULLSHIT DAD! BAKIT NIYO BA 'TO GINAGAWA?! AT ANONG ARRANGED MARRIAGE PINAGSASABI MO DYAN?! SINO?! AYOKONG MAGPAKASAL! AT WAG NA WAG MONG IDADAMAY SI EYA!"

"I'm sorry Bryan. Pero we're just paying our debt."

Sinuntok bigla ni Bryan yung dad niya. Nagkagulo pero umawat si Tyler. Bakit ganun, wala man lang sinasabi si Tyler tungkol sa nangyari? Okay lang sa kanya? Badtrip!

Umalis kaagad si Bryan nun. Tumakbo pa nga. At dahil di ko na kaya, aalis na rin ako sa bahay na 'to. I hate them all!

"Daniella!" tumingin ako sa dad ni Bryan.

"What?!"

"Kung pwede lang, hayaan mo na lang si Bryan. May babae na para sa kanya."

"Pero kung ganun man yung nangyari, hindi naman ata tama na ipakasal niyo ako kay Tyler!"

"I'm sorry pero ayoko talagang may utang kami sa kahit sino..."

"Ganun?" I laughed. A bitter laugh. **"Napaka-pathetic niyo. No wonder hindi kayo magkasundo ng anak niyo. Napaka-selfish niyo."** at tumakbo na ako palabas nun.

Mula noon, hindi ko na na-contact si Bryan. Iniiwasan niya na siguro ako... payag na siya? Pianghihiwalay na kasi kami. Ni hindi man lang niya sinasagot yung mga tawag ko. Hindi ko alam kung bakit... tapos si Tyler na yung laging nandito para sakin. Kahit ayoko... galit na galit ako sa lahat. Kahit kay mama... Sabi ba naman niya...

"Pambayad nila yan sa pagkawala ng tatay mo! Kaya wag ka ng umangal!"

Naka-schedule na rin yung kasal namin... the day after tomorrow. Kumalat na rin yung balita na i-arranged marriage si Bryan. At grabe, alam niyo kung kanino?

Kay Princess! Matagal na palang alam nung bruhan yun. Last month pa! Magka-sosyo pala kasi yung pamilya niya at ang pamilya nila Bryan sa manufacturing company nila. Ang unfair, lalo na kay Tyler. May past sila diba? Tss. At kami pa ni Bryan. Ano yun, nagkapalit kaming dalawa?

Badtrip. Badtrip talaga!

End of Flashback

Naghugas na lang ako ng kamay saka lumabas. Tss... andito pa pala si Tyler. Naaawa din ako sa lalaking 'to, di siya makatanggi kasi, pambayad daw niya 'tong nangyari sa kapatid niya.

Hindi ko na talaga maintindihan yung mga nangyayari ngayon...

Iniwat ko yung tingin ko sa kanya. **"Tyler, pwede ba, kapag manunuod na, magkaiba tayo ng pwesto? Hindi naman ako mawawala... hahatid mo pa rin naman ako diba?"**

"Pero Eya, magkatabi yung ticket natin. And besides, di kita pwedeng iwan. Malaman pa ni dad yun. Lagot ako." napabuntong-hininga na lang ako nun. Hays... wala talaga akong takas.

"Okay." pumasok na kami sa movie theater. Ang daming tao, lalo na celebrities. Hindi namin naabutan yung pag-iintroduce ng mga characters sa movie, ang nakita ko lang si Princess. Asan si Bryan?

Nagsimula na yung movie. Nakakainis. Ang sweet sweet nila on-screen. Badtrip lang... ang sama ng loob ko. Ang unfair... kahit di alam ng buong mundo na si Princess yung babaeng papakasalan niya, yung 'fact' na alam ko tapos

nakikita ko pa silang masaya sa pesteng movie na 'to, nagpapatunay na may chance na magka-developan talaga kapag Lim na talaga ang surname ni Princess. Nakakainis!

"Eya... punta lang akong rest room." sabi ni Tyler.

"Sige..." umalis na siya. Aish...

Naiwan pa ako kung kelan yung kissing scene na ni Princess at ni Bryan yung nasa screen! Badtrip. -_-

Magkikiss na sila nung biglang naramdaman kong may nagtakip ng mata ko. Huh?

"T-tyler?"

"Ang sakit naman. Siya na yung hinahanap mo, hindi ako." nanlaki yung mata ko sa narinig ko... yung boses niya... tinanggal ko yung kamay niya sa mata ko at napatingin sa kanya.

"B-bryan..." naka-disguise siya... ngumiti siya ng malungkot.

"Akala ko nakalimutan mo na ako..."

"Baliw... bakit naman kita kakalimutan?" bulong ko. Baka makaistorbo kasi kami. Mahirap na. Baka mamaya may mga nagbabantay pala samin.

"Wala... laging si Tyler na kasi yung kasama mo. Huh. Gusto mo na ata siyang mapangasawa eh. Hindi na ako yung gusto mo..."

"Hindi. Ayoko sa kanya... bakit ba kasi di ka nagpaparamdam ha? Alam mo bang namiss kita?" nagulat ako nung naramdaman kong dumampi yung labi niya sa labi ko. Buti na lang yung seat namin ni Tyler, nandito sa dulo. Si Bryan kasi nakaupo pansamantala sa upuan ni Tyler. Sana wag muna siyang bumalik...

"Blinock nila yung cellphone ko at cellphone mo. Tinatawagan rin kita... ayaw talaga nila na magkita tayo... I'm sorry kung nahihirapan ka..." niyakap niya ako nun. Sobrang higpit.

He showered kisses all over my face. At hinalikan niya paulit-ulit yung labi ko. Naramdaman kong tumulo yung luha ko...

"Bryan... ikaw lang talaga ang mahal ko... ayokong makasal sa kahit sino... Bryan... ikaw lang talaga..."

Dinikit niya yung noo niya sakin at tinitigan ako ng mabuti. **"Ikaw lang naman ang mahal ko, Eya. May naisip akong paraan para hindi nila tayo mapaghiwalay..."**

"Ano?"

"Runaway with me..."

"Runaway with you? Saan tayo pupunta?"

"Hindi ko alam... basta, aalis tayo dito. Iiwan ko lahat para sayo. Ayokong mahiwalay sayo, Eya..." napangiti ako nun.

"Sure I'll runaway with you... basta kasama kita. Tayong dalawa lang... I love you Bryan..." tumayo ako nun at dahan-dahan kaming umalis ni Bryan sa movie theater, pagkatapos, sumakay na kami kaagad sa kotse niya. Mahal na mahal ko talaga siya.

Magkahawak ang mga kamay namin habang nagddrive siya, hinahalikan niya bawat knuckles ko... kahit anong mangyari samin, mahal ko talaga siya, hindi ko siya iiwan.

Hindi namin kayang magkahiwalay.

Napa-stop siya sa isang beach resort. Maliit lang siya kaya siguro wala namang makakakita samin. Pinark niya yung kotse niya sa loob para hindi mapansin.

Hawak-hawak pa rin niya yung kamay ko papasok ng kwarto, isang kwarto lang muna kami kasi wala na daw available na iba. Kaya ayun. Buti di nila napansin na si Bryan Lim 'tong customer nila.

Sa loob ng kwarto, nagpalit ako ng daster, yung daster na libre sa beach resort na 'to. Syempre may underwear rin malamang. Si Bryan rin, nakahiga na sa kama. Naka-sando at shorts lang. Pero grabe... ang gwapo niya talaga.

"Lika nga dito..." hinila niya ako papalapit sa kanya. Niyakap niya ako ng mahigpit.

"Namiss kita Eya. Kung alam mo lang... halos mamatay na ako kakaisip sayo..." napatingin naman ako kay Bryan na nakatingin rin saakin.

"Namiss din naman kita... akala ko, ayaw mo na saakin. Akala ko, okay na sayo na kayo ni Princess ang ikakasal..."

"Tss... hindi ah. Yung babaeng yun? No way. Ikaw lang..." nakatingin lang kami sa isa't-isa. Hindi ko alam kung bakit, bigla ko na lang dinikit yung labi ko sa kanya.

"Mahal na mahal kita Bryan... ayokong mahiwalay sayo... hindi ko kakayanin..."

"Mahal na mahal din kita, Eya. Wag tayong maghihiwalay... hindi ko rin kakayanin..." at dahan-dahan niyang nilapit yung mukha niya sakín at hinalikan ako ng matagal... punong-puno ng pagmamahal... I really love him so much...

Pagkatapos nun, humiwalay ako kaagad nung hindi na ako makahinga. Nakangiti lang siya sakín. Pero naging seryoso ulit pagkatapos ng ilang segundo.

"Eya..."

"What?"

"Let's make a baby..." bago pa ako makapag-react sa sinabi niya...

... he pushed me on the bed and kissed me... harder, more powerful than before...

69.

Eya's POV

"Eya..."

"What?"

"Let's make a baby..." bago pa ako makapag-react sa sinabi niya...

... he pushed me on the bed and kissed me... harder, more powerful than before...

Hindi ko alam kung bakít hinahalikan ko siya pabalik. At ginagantihan ko ang mga halik niya... alam ko mali 'to. Pero... my god...

Nalulunod na ako sa halik niya...

He circled his arms around my waist. At pumaibabaw siya sakín... I circled my arms around his neck too, and we continued kissing...

Hindi ko namalayan na tinanggal na niya yung sando niya. His abs... bago ko pa mapagmasdan yun, he continued kissing me... he slipped his tongue and he deepened the kiss.

I'm lost... lost with him...

I love him so much I think I would die not being with him... kung ang pagkakaroon ng baby ang solusyon para di kami magkahiwalay...

I think I'll agree to the plan...

Nilapit ko pa siya sakin... I intertwined my legs around his. Wala na... lunod na lunod na ako...

Hinalikan niya na rin yung leeg ko... nagulat ako nung nakahawak na siya sa strap ng daster na suot ko... dahan-dahan niyang ibinababa hanggang sa may gitna ng braso ko...

I felt something twitched between his legs... ano yun?! O.O

Bumalik ako sa realidad at mukhang siya, bumalik na rin.

Nagkatinginan lang kami. At, totoo ba 'tong nakikita ko ngayon?!

He's... he's blushing? I made the superstar blush?!

Hinalikan niya ako sa noo at tumayo. Napagmasdan ko pa ng sandali yung katawan niya bago niya i-suot yung sandong niya... pervy mode~! Eh kasi ang hot niya talaga!

Huwaaaaa... pero anong nangyari kani-kanina lang?

Tumingin siya sakin at binigyan ako ng apologetic smile. **"Sorry wifey... ikaw kasi... CR lang ako."**

Hinayaan ko na lang siya, Umayos ako ng upo. Itinaas ko na yung strap ng daster ko. Shet... nakakahiya talaga kanina! To think na pumayag yung isip ko... eh ang bata pa namin...

Lumabas siya maya-maya at umupo sa kama. Hinila lang niya ako papalapit sa kanya at niyakap ako ng mahigpit.

"Yayakapin muna kita ha? Sa sahig na lang ako matutulog mamaya..."

"Huh?! Wag na... malaki naman 'tong kama oh. Tabi na tayo..."

"Aish... Eya, lalaki ako. Babae ka... bawal pa..."

"Wala naman tayong gagawing masama ah?"

"Tss... kanina nga eh. Muntik-muntikan na." iniwas niya yung tingin niya sa kin. Problema nito?

"Di naman natuloy. Kasi, alam natin limitations natin. Kaya wag ka na mahiya... tabihan mo na lang ako. Okay?"

"Tss... okay."

"Pero Bryan... may kasalanan ka pala sa kin!"

"Ano yun?"

"Ano yung 'let's make a baby' na sinasabi mo kanina?! Nakakainis ka! Bigla ka na lang bumabanat ng ganun! Yan tuloy!"

"Yun lang naman naisip kong plano eh! Para hindi tayo mapaghiwalay!"

"Alam ko yun! Na-figure out ko yun kanina! Kaso Bryan naman! Mga bata pa tayo! Gagraduate pa lang tayo ng high school!"

"Tss! Sorry ah?! Naisip ko lang naman na kung may baby na tayo, hindi na kayo ipapakasal ni Tyler!"

"Paano career mo? Hindi mo naisip yun?"

"Tss... ikaw priority ko! Pati magiging anak natin!" binatukan ko nga ng malakas.

"Baliw ka talaga kahit kelan!"

"Mahal mo naman." sabay ngiti niya ng nakakaloko.

Hays... kapag tinititigan ko pa lang siya. Iniisip ko pa lang na hindi siya yung mapapangasawa ko... sumasakit na kaagad puso ko...

"Hubby..."

"Bakit wifey?"

"Ayos lang ba sayo na iwanan lahat? Ikaw na nagsabi... let's runaway. Pero, saan tayo pupunta? Makikita at malalaman nila kung nasaan tayo. Malamang, ipapahanap nila tayo. Yung kasal pa namin ni Tyler. The day after tomorrow pa..."

"Alam ko wifey... alam ko..."

"Ano na ngang mangyayari satin?" hinalikan niya ako sa noo.

"Eya... makinig ka sakín, wag mo ng problemahin yung mga bagay na yun. Basta magkasama tayo. Wag kang hihiwalay sakín."

"Oo naman... ayokong mahiwalay sayo..."

"Now, let's sleep. Wag ka na munang mag-isip. Tayong dalawa lang nandito. Tayong dalawa lang..." niyakap niya lang ako ng mahigpit.

"Goodnight hubby... I love you..."

"Goodnight din... I love you, sweet dreams..."

THE NEXT DAY

"Bryan naman! Ano ba?! Wag na wag kang lalapit sakín!" nginitian niya lang ako ng nakakaloko.

"Lika dito Eya..." porket naka-swimming trunks lang siya ngayon, lalapit na ako? Ayoko nga!

"Huwaaaaaa ayoko! Wag na wag kang lalapit!" paatras ako ng paatras... yung suot kong malong, nilipad na! Nakakainis! Pampatong ko pa naman yun sa two-piece suit ko!

Tumakbo siya papunta sakín at ako rin, tumakbo papalayo sa kanya. Ayoko pang mabasa!

"Bryan tumigil ka nga! Ayoko pang mag-swimming!"

"Wag ka ngang killjoy! Lika na dito!"

Takbo Eya... takbo--

"HUWAAAAAAA!" sigaw ako ng sigaw nung binuhat niya ako at nilagay ako sa may braso niya. Ayoko. Pang. Mag. Swimming! Nagsusulat ako kanina habang nakaupo sa buhangin eh!

"BRYAN ANO BA! PUT ME DOWN!" tawa lang siya ng tawa. Pinalo pa yung pwet ko! Badtrip!

Anong nakakatawa? Nakakatawa na ayokong mag-swimming sa beach kasi hindi ako marunong lumangoy?!

Nung napansin kong nasa may dagat na kami. At malapit ng umabot sa may likod niya. Nagpupumilit na akong umalis sa buhat niya. Malamang aabutan na rin ako ng tubig!

"Bryan... put me down! Makakainom na ako ng tubig oh!" hindi niya ako binaba, sa halip, iniba niya lang yung pwesto ko. parang pang-kasal na naman!

Nakatingin lang siya sakín, halatang nagpipigil ng tawa. Baliw talaga 'tong lalaking 'to!

"Bryan naman... alam mo namang hindi ako marunong lumangoy diba?! May plano ka bang lunurin ako ha?!"

"Sadista ka talaga, ang ingay mo. Di naman kita lulunurin..." nagsmirk siya. **"Makakalutang ka naman kasi siopao yang pisngi mo..."**

"Ano?! Siopao?! Ang kapal mo naman! Hmp!" tumawa lang siya. Napansin ko na nasa may malalim na talaga. Nababasa na yung likod ko eh...

Nung nasa may leeg niya na... nagulat ako nung binagsak niya ako sa tubig...

"Aaaaaahck!" sigaw ko kaso nakalulon ako ng tubig... naghahanap ako makakapitan... hinila naman ako papataas kaagad ni Bryan at ipinaikot niya yung kamay niya sa waist ko. Kumapit ako sa leeg niya.

"B-bryan... nakakainis ka... *cough* I... I hate you!" sabay palo sa dibdib niya. Tumawa lang siya ng mahina.

"I love you too."

"Baliw!" natawa na lang ako sa kabaliwan niya. Baliw na rin ako? Hahaha! Ako budoy!

"Eya..." tumingin ako sa kanya.

"O?"

"Sana lagi na lang tayong ganito... magkasama. Walang problema..."

"Oo nga eh..." ngumiti ako... **"I love you Bryan..."** and I leaned down and kissed him.

That kiss was sweet. No. Bittersweet is the right term. Alam naman namin na temporary lang 'tong kasiyahan na nararamdaman namin. Kasi, kahit sabihin na magkasama kami ngayon...

Alam na alam ko na hahanapin pa rin nila kami at paghihiwalayin pa din pa din kaming dalawa.

Pero ayoko munang isipin yun... ayoko... ayoko...

"Eya..."

"Bakit?"

"Kung sakaling... ako yung ipapakasal sayo, papayag ka?"

"Ikaw?"

"Oo... hindi si Tyler..." napaisip ako nun.

"Oo... payag ako. Payag talaga ako... ikaw naman yun eh. Hubby na kita... kasal na lang kulang..." niyakap niya lang ako ng mahigpit.

"Ako rin naman... gusto ko ikaw yung babaeng papakasalan ko. Wala ng iba."

Nag-stay kami sa tubig ng matagal. Kwentuhan lang... mga isang oras rin inabot. Pagkatapos nun, umahon na kami. Sabi niya magluluto daw siya ng pagkain namin. May maliit na barbecue-han na pwedeng arkilahan dito sa beach resort.

"Pumunta ka muna sa kwarto... manuod ka muna ng tv. Okay? Magluluto lang ako."

"Tamang-tama... gutom na rin ako eh. Hehehe..." tumawa lang siya.

"Takaw mo! Dali na. Ako na bahala dito."

"Sige..." tumalikod na ako nun kaso tinawag niya ulit ako.

"Bakit?" kunot-noo kong tanong sa kanya.

"Kiss ko?" ay baliw. Hahaha.

Lumapit ako sa kanya at hinalikan siya sa pisngi. Nagpout naman siya bigla. Ang gwapo niya!

"Bakit sa pisngi lang?"

"Gusto ko eh. Saan mo ba gusto?" humaba yung nguso niya.

"Dito oh..." sabay turo sa lips niya.

"Sira... mamaya na pagkatapos mong magluto. Kung masarap yan..."

"Sabi mo yan ah. 3 kisses! Para I love you..."

"Gusto mo lang ng maraming kisses eh! Dinahilan mo pa yung meaning..." sabay tawa ko.

"Tss... basta mamaya, oh sige iwan mo muna ako dito. Baka mamaya mainlove ka lalo sakin." nagbelat lang ako sa kanya.

Mahal na mahal ko talaga siya... yung artistang yun...

Habang papanhik ako sa kwarto, nagulat ako nung may nagtakip ng bibig ko gamit ang panyo. Nagpupumiglas ako pero hindi na ako nakawala dahil nakalanghap ako ng masangsang na amoy na nanggagaling sa panyo... bago ko pa maintindihan kung anong nangyayari...

Nawalan na ako ng malay.

Pagkamulat ko ng mga mata ko. Bumalik sakin yung nangyari...

Nasaan ako?

"Miss Eya? Gising na po ba kayo? Malapit na po kayo mag-grand entrance." napatingin ako sa nagsalita. Huh?

"Sino ka?" ngumiti lang sakín yung babae.

"I'm Ella. I'm your wedding organizer. Tayo ka na..." inalalayan niya ako at nung tumayo na ako. Bigla niyang iniharap sakín ang isang full-sized mirror.

Nakita ko ang reflection ko...

I'm wearing a wedding gown. Below the knee and it's overflowing. My hair is tied up to a small bun at kulot sa dulo. May maliit na crown with white diamonds na nakakabit sa hair ko to hold up the fabric. I'm wearing make-up and I know I'm beautiful...

Pero imbes na matuwa ako... tumulo yung luha ko.

Napakadaya nila... napakadaya... kailangan pa nila akong kidnapin para lang ipakasal talaga? Ang sakit... ang sakit sakit...

"Ma'am? Wag na po kayo umiyak... masisira po make-up niyo."

Tumingin ako sa kanya. At ngumiti. A bitter smile.

"Alam mo, maswerte ka... hindi mangyayari sayo yung nangyayari sakín. Wala na rin akong pakielam sa make-up ko. Bahala na... saan na ba yung ceremony? Para matapos na 'to." pagod na pagod na ako... ayoko na...

"I'm sure ma'am na may reason naman siguro kung bakít ganito ang nangyayari sayo. Anyways, this way po ma'am..." she guided me palabas ng room... at ayun nga, nakita ko na...

Ang ganda ng wedding hall. Parang yung wedding hall nila Edward at Bella sa Breaking Dawn. Yun nga lang...

Mahal nila ang isa't-isa. Hindi sila ikakasal dahil lang sa simpleng kabayaran ng utang na loob sa iba. Sila... sila talaga hanggang sa dulo...

Pinunasan ko yung luha ko. Wala akong ibang naiisip ngayon kung hindi si Bryan...

Bryan, nandito ka ba ngayon? Sana wala ka dito... ayokong masaktan ka... ayoko...

Umayos na ako ng tingin. Hindi ako ngumingiti habang nagsisimula na akong maglakad sa white carpet papunta sa

altar.

Kaso... halos malaglag yung panga ko sa nakita kong naghihintay sakin... hindi si Tyler kundi...

70.

Eya's POV

Aaminin ko. Bitter ako.

Bitter ako kasi ipapakasal ako sa lalaking ayoko na makasama sa habang-buhay. Si Tyler, kaibigan ko lang siya. Pero more than that? No.

Alam ng lahat na iniyakan ko yung nangyari. Iniyakan ko talaga. Sino ba naman kasing may gustong mangyari yun?

Ikakasal ka dahil sa isang pathetic reason? Maiinis ka diba? Oo, ako nainis. Kasi akala ko sa kanya na talaga ako ikakasal.

Pero bakit ngayon iba na ang groom ko?

Napako ako sa kinakatayuan ko. Alam ko na ang lahat ng tao sa ceremony hall, nakatingin sakin. Tinitignan ang reaksiyon ko. Ngayon ko lang napansin na marami pala kaming bisita.

Eya naman, sa tingin mo kaunti lang ang aattend ng kasal niyo?

Lalo na kung yung pinakasikat na artista pa ang groom mo?

Napatingin ako sa lumapit sakin. Yung dad ni Bryan...

"Daniella, I know naguguluhan ka. Pero trust me, there's a reason why you're marrying my son." ngumiti siya saakin. **"And now I know, I'm agreeing to that reason, Bryan's reason on why he wants to marry you. And her mom and I know, Bettina and Tyler agreed too."**

Napasinghap ako. **"P-pero, a-anong reason yun dad? Akala ko ba... si... si Tyler?"**

"Oh, Daniella. I'm sorry kung naguguluhan ka. Pero the real way of repaying you is by this marriage." kumunot ang noo ko.

"W-what?"

Ngumiti ulit siya. **"I'm happy that you're the one he'd chosen to marry, Daniella. You'll understand soon."**

"Soon?" ngumiti lang siya sakin. Bakit ba ngiting-ngiti silang mga Lim?

"Oh... okay..."

"Wag kang mag-alala, alam ng mommy at ng kuya mo yung kasal na 'to. And they all agreed to that. I see that your friends are also here to witness your marriage." napatingin ako sa mga guests na nakatingin sakin, at oo nga!

Nasa right side sila Mama, Desi, Andie, Allison, Princess at ang lahat ng classmates and schoolmates ko! At iba pang female visitors. Nasa left side naman sila Kuya Prince, Errick, Kevin, Tyler at ang iba pang classmates and schoolmates ko rin. At may mga iba pang male visitors sa wedding hall.

Pero... my god.

Ako lang ba ang hindi nakakaalam na kasal ko ngayon? Kay Bryan?

Napatingin ako kay Bryan. He's wearing a three-piece black suit. He's smiling widely.

"Daniella. Let me walk you down the aisle. Alam ko na masaya rin ang dad mo sa event ngayon. And he's witnessing it too." ngumiti ako sa dad ni Bryan.

Sa totoo lang, relieved ako. Kasi, kahit di matutuloy ang kasal namin ni Tyler...

Kay Bryan naman ako ikakasal.

Si Bryan... let me tell you, mahal na mahal ko siya. At sa tingin ko, siya na talaga yung para sakin. Ewan ko ba, mababaw ba ako? Magpapakasal ako kaagad sa kanya ng ganito kaaga? Ewan, basta, Papayag ako sa reason niya, kung ano man yun.

Dahil mahal ko siya.

Kumapit ako sa braso ng dad ni Bryan.

"Thank you po, dad. Naguguluhan pa rin po ako pero hindi naman ako aatras. Kasi, sa totoo lang po, si Bryan na po yung nakikita kong makakasama ko. Okay lang po ba na makasama ko ang anak ninyo habang-buhay?"

"Oo, Daniella. Let's not make the priest wait." ngumiti ulit siya. "Let's go. And enjoy your wedding. Si Bryan ang nagplano niyan."

Huminga ako ng malalim at nagsimula na kaming maglakad. Ang higpit ng kapit ko kay dad. Siguro OA na ako, sorry naman. Gulat lang talaga ako. Ang haba pa ng aisle. Bonggang kasalan talaga 'to. Pinagplanuhan siguro 'to.

Si Bryan talaga. He always surpassed my expectations.

***The strands in your eyes that color them wonderful
Stop me and steal my breath
And emeralds from mountains thrust toward the sky
Never revealing their depth***

[I'LL BE - EDWIN MC'CAIN]

Halos kumabog ang dibdib ko nung narinig ko yung kanta. Kanta namin ni Bryan... at pagkatingin ko, mismong si Edwin Mc'cain ang kumakanta. Ang original na kumanta ng theme song namin. Grabe, pinsan nga pala niya yun. Nag-effort talaga siya.

***And tell me that we belong together
And dress it up with the trappings of love
I'll be captivated, I'll hang from your lips
Instead of the gallows of heartache that hang from above***

Nakatingin lang ako kay Bryan habang naglalakad ako. Grabe. Bigla na lang tumulo yung luha ko. Hindi ko alam kung bakit. Happiness? Sadness?

Happiness ang sagot ko. Kasi masaya ako na siya na talaga ang hubby ko, forever.

***And I'll be your cryin' shoulder
I'll be love's suicide
And I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your life***

Pagkakarap namin kay Bryan, nakangiti lang siya sakin. Pinunasan niya yung luha ko.

"Umiiyak ka ba dahil malungkot ka, o masaya ka?"

"Dahil masaya ako." ngumiti rin siya. Binigay na ng dad niya ang kamay ko kay Bryan.

*And rain falls angry on the tin roof
As we lie awake in my bed
And you're my survival, you're my livin' proof
My love is alive and not dead*

"I now entrust you to Bryan, Daniella. In behalf of your father and I, take care of each other. Alam ko ang bata niyo pa, but I trust you both. Alam niyo ang limitations niyo. No..."

"Ehem ehem. Alam ko na yun dad. You don't need to say it." pa-ubong sabi ni Bryan. Pakiramdam ko namula ako nun ah. Am I a blushing bride?

"Ayokong masira ang kinabukasan niyong dalawa. After graduation ng college at kapag nagkaroon kayo ng permanent and stable job, pwede na. We're very excited to have a grandson. Pero kailangan niyo munang tapusin ang pag-aaral niyo." tumawa ang lahat. Turn ko naman na maubo.

"Uhm, dad?" panimula ko. "I think, gets na po namin yun. Hehehe..."

Tinapik niya lang ako sa balikat, sabay yakap sakin. Maya-maya kay Bryan.

"Mahalin niyo ang isa't-isa, at ang magiging pamilya niyo."

"Opo." pareho naming sabi.

Iniwan na kami ni Bryan sa aisle. Nagkatinginan lang kaming dalawa. Para bang nag-uusap ang mga titig namin. Eto na. Pagkatapos nito, magkasama na kami habang buhay. Wala ng hahadlang sa pagmamahalan namin. Tae, ang corny ko. Ganito ba talaga kapag bride-to-be ng isang corny rin na lalaki? Nahawa na ako sa kanya...

"Let's go?"

"Okay." hinawakan niya ang kamay ko at pinisil ito bago kami naglakad papunta sa altar.

*I'll be your cryin' shoulder
I'll be love's suicide
And I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your life*

Nang nakaharap na kami sa priest na magkakasal samin, bigla akong kinabahan.

"May tututol ba sa kasalang ito?" sabi nung pari. Meron ba?

"ITIGIL ANG KASAL!" nanlaki ang mata ko sa nagsalita. Ay mali, mga nagsalita ng mga salitang yun. Hindi lang isa... kundi...

"KAMI ANG BRYANBELIEVERS! ANG MGA SUPPORTERS NI BRYAN LIM UNTIL THE END!" what the. Ngayon pa talaga. -_-

Marami silang babae. Ang fans-club ni Bryan talaga, kahit kelan, eksena palagi.

"Girls, calm down." sabi ni Bryan. **"If you are really my fans, you'll support my decision. You see, this girl..."** sabay hila sakin. **"I know she's the one. And I know makakahanap rin kayo ng bagay sainyo. Hindi naman ako mawawala. I'm always here girls, to inspire you all."** sabay wink ni Bryan. Aba!

Nakatulala lang yung mga babae. Maya-maya, nagsalita silang lahat ng sabay-sabay.

"HUWAAAAAA! CONGRATULATIONS IDOL! WE LOVE YOUUUUUUU!" grabe, natatawa lang ako sa kanila. Pumwesto na din sila sa mga vacant seats sa loob ng church. Wow, parang concert lang 'tong kasal namin ah.

"Sorry about that. Alam mo namang habulin 'tong magiging asawa mo." hinampas ko siya ng mahina sa braso. Pero nakatulala pa din ako. Hayy... ewan ko ba.

"Eya?" kunot-noong tanong ni Bryan. **"Is there a problem?"**

Tumingin ako kay Father. **"Pwede po wait lang?"**

Ngumiti si Father. **"Take your time in making your decision. A wedding is sacred. Remember that it is a way of binding your hearts and souls to one another."** na-nosebleed naman ako sa sinabi niya. Nagtanong lang ako kung pwede ba na wait lang eh. Hehe joke... sorry, lutang na naman ako. Ikakasal eh.

"Gusto ko lang malaman yung buong pangyayari. Bago ako ikasal sayo. Para malinawan ako."

Nagkamot siya ng ulo. **"Hindi ba pwedeng mamaya na lang--"**

"Ehhhhh! Ayoko! Gusto ko ngayon. Sabihin mo sakin. Bakit ikaw, hindi si Tyler?"

"Aba't... gusto mo si Tyler ang groom mo?!" nanlaki mata niya. Narinig kong sumigaw si Tyler ng 'Bakit nasama pangalan ko?' tumawa ang lahat eh. Baliw talaga 'tong si Bryan.

"Sira... gusto ko lang naman malaman. Bakit, ako pa? At bakit ngayon? Gagraduate pa lang tayo ng high school, Bryan. Bata pa tayo. May mga pangarap pa tayo."

"Bubuuin natin yun ng magkasama. Alam mo naman na mahal na mahal kita diba?" namula ako sa sinabi niya. Lumapit siya sakin at hinawakan ako sa mukha gamit ang dalawa niyang kamay.

"Kaya nawala ako ng almost two weeks sa pagpprepare ng kasal natin. Sorry, excited lang talaga ako na maging Mrs. Daniella Lim ka na." hinampas ko siya ng mahina sa braso.

"Wag ka ngang mang-asar..."

"Hindi ako nang-aasar. Ikaw rin naman, alam ko na masaya ka. Masaya rin ako. Sorry kung nagsayang ka ng iyak ha?"

"Kailan mo pa ba kasi plinano ang kasal natin?"

"One month ago. And I also talked to your mom, sister and brother about it. Pumayag naman sila." napatingin ako sa mama ko, at sa kuya ko, at sa little sister ko. Nakangiti sila sakin. Aba, binebenta ako? Pahirap na ba ako sa kanila? Haha joke lang.

"Tapos?"

"Nung sinabi ko na sa family ko yung plan ko, sinabi nila na dapat makita ka muna nila. At alam mong gustong-gusto ka nila. Pero may isa silang request."

"Ano yun?"

"They tested your faithfulness in our relationship. They used Tyler as bait. Kunwari lang na ipapakasal ka sa kanya, Eya. Ang totoo niyan, it was all an act. Wag ka ng magtampo." sinabi niya siguro yun kasi nakita niya akong nakasimangot.

Pero hindi naman ako ganun kababaw. Hindi ko naman naramdaman na pinaglaruan ako at ang feelings ko. Tama lang. Naiintindihan ko naman ang desisyon nila. I know, deep inside, na wala ng rason para ikasal ako sa lalaking 'to.

"Pero, wait lang Bryan. Nakapasa ba ako sa test nila?" tumawa siya.

"Oo. Pasadong-pasado." dinikit niya ang noo niya sakin. Medyo hindi na ako nadidistract sa mga nakakasilaw na flash galing sa mga cameras and media people. Grabe, dinumog na talaga kami.

"Eya, makinig ka sakin. I love you. You love me. And that's what matters right now. Ayokong pakawalan ka, ayokong mapunta ka sa iba. Akin ka lang. Possessive na kung possessive. You're mine. And I'm yours in return. I know it's too late to say but..."

"But what?"

"Will you marry me?" tumulo ang luha ko sa sinabi niya.

I smiled at him. And I wholeheartedly said...

"Yes. Yes I will marry you." niyakap niya ako ng mahigpit.

"Mamaya na yung ring. I promise, after this. Tayo na talaga. Forever."

Ngumiti ako sa kanya. **"Oo. Tayo na talaga. Forever."** at hinila na ako pabalik kay Father.

"Okay na ba ang lahat?" nagnod kami parehas.

Nagmisa muna si Father at ginuide kami all through out the wedding ceremony. Sa wakas, time na ng exchange of vows.

"Will you, Bryan Lim, accept Daniella Alvarez, as your lawfully wedded wife, for better for worse, for richer for poorer, in sickness and in health, till death do you part?"

"I do." sabay halik niya sa kamay ko.

"Will you, Daniella Alvarez, accept Bryan Lim, as your lawfully wedded husband, for better for worse, for richer for poorer, in sickness and in health, till death do you part?"

Tumingin muna ako kay Bryan. Nakatingin rin siya saakin. Worth it ba na makasama ang lalaking 'to? Siya na ba talaga ang para saakin? At karapat-dapat ba ako sa kanya?

"Bryan... may tanong muna ako."

"Ano yun?"

"Kapag kinasal na tayo, paano na ang pag-aartista mo?" he laughed like it's the most ridiculous thing he ever heard in his entire life.

"Eya, I'm not gonna be a superstar forever. My parents are entrusting their company to me and to Tyler. And besides, magiging businessman yata 'tong groom mo. Hinding-hindi kita bibiguin."

"Okay..."

"So, ano na? Papakasalan mo na ba ako?" tumawa ako sa pagiging impatient niya.

"Oo na oo na..." tumingin ulit ako kay Father. **"Ano po ulit sabi niyo? Pwede po pakiulit?"** natawa si Father sa sinabi ko.

"Will you, Daniella Alvarez, accept Bryan Lim, as your lawfully wedded husband, for better for worse, for richer for poorer, in sickness and in health, till death do you part?"

"I do." hinigpitan ko lang ang hawak ko sa kamay ni Bryan.

"Congratulations, new wedded couple. Groom... you may kiss the bride." nagulat ako nung bigla akong binuhat ni Bryan sa waist ko at nakaangat ako. Naka-gown ako for Christ's sake!

"Bryan ano ba?!" ngumiti lang siya.

"I love you Eya..."

"Hmp. I love you too Bryan. Now, put me down!" nagsmirk lang siya pero binaba ako. Niyakap niya naman ako ng mahigpit.

"May nakalimutan kaya ako..."

"Ano yun?"

And he leaned down to kiss the bride. Me, the one and only...

Mrs. Daniella Alvarez - Lim.

Grabe, hindi ko na boyfriend ang artistang si Bryan Lim. Asawa ko na siya. Asawa ko na. 😊

Epilogue.

Eya's POV

**6 YEARS LATER
BOOK SIGNING**

"Thank you miss!" sabi ko sa babaeng nagpapirma sakin. Ngumiti lang siya saakin at nagthumbs-up.

"Idol na idol ko po kayo when it comes to writing, Ms. Daniella Alvarez - Lim. Kayo po ang inspiration ko. Paano po ba kayo nakapagsulat ng mga ganitong novels? Romance novels pa and Young Adult novels? Nakakainspire po talaga kayo!" nangiti naman ako sa sinabi niya.

"Well, I studied AB Journalism sa isang tanyag na University, pero hindi ako nakalimot. I tried to write by my experiences."

"Experiences? Oo nga 'no. May novel po kayo about 'Finding the Real Superstar' diba? And we all know na ikaw ang maswerteng babae sa buhay ni Mr. Bryan Lim." natawa naman ako sa babaeng 'to, usisain ba naman ang personal life ko? Pero she seems a college student kaya okay lang.

"Let me tell you, miss. Kapag nagsulat ka, make sure you associate it with your daily experiences. Kapag masaya ka, write about it. Kapag malungkot ka, do the same! Just write and inspire people."

"Thank you po sa tips. Sige po, thank you po ulit sa pag-sign sa books ko." she smiled and walked away. Grabe, ngayon ko lang napansin. Lahat ng novels ko, binili niya.

I smiled at that thought.

Marami ngang tao sa Book Signing ko. Nakakatuwa dahil maraming nagbabasa ng novels ko. I'm really flattered. And I have written 6 novels already.

Pirma lang ako ng pirma, pero teka... Nasaan na ba yung lalaking yun?

"Hi Eya!" napatingin ako sa nagsalita.

Tumayo ako kaagad para yakapin ang bestfriends ko. **"Andie! Allison!"** tumawa lang sila.

"Mukhang busy ka dyan ha. We will wait na lang sa couch." sabay turo sa right side ng venue ng Book Signing.

"Pero, nasaan na mga lalaki niyo?"

"Hoy Niella. Sikat ka na ah." pagkatingin ko sa kanan ko.

"Errick! Kevin!" sabay yakap ko din sa kanila. Binigyan nila ako ng flowers.

"Ang daming nagpapasign sayo. Iba ka na talaga." hinampas ko ng mahina sa braso si Errick.

"Oo nga. Nakalimutan mo na kami." isa pa 'tong si Kevin!

"Dun nga muna kayo sa mga babae niyo! Nakakahiya sa mga nagpapasign sa kin." tumawa lang sila at ginulo yung buhok ko. Di pa rin talaga sila nagbabago.

Ako rin, kapag kasama ko sila? Pakiramdam ko, teenager ulit ako. 22 years old na ako!

Bumalik ako sa upuan at nagcontinue na mag-sign.

Sa anim na taon, maraming nagbago. As in, nag-college, nagkatrabaho, nagkapamilya. Alam ko curious kayo kung anong nangyari. Kaya ikkwento ko sa inyo.

Si Allison at Errick. Kinasal after ng kasal namin ni Bryan. Grabe silang mag-away, pero wala eh. Love conquers all. Pareho silang Business Ad Major sa isang tanyag rin na University, at nagkaroon ng business na sumisikat na ngayon. Fashion meets Architecture ang tema ng business nila. At alam niyo ba, may 2 na silang anak! Twins!

Si Andie at Kevin. Magboyfriend-girlfriend pa rin ngayon. Ewan ko ba sa dalawang yun kung kelan ba nila balak magpakasal. Nag-aral rin silang dalawa sa isang tanyag na University. Si Andie, isa na siyang News Reporter sa isang sikat na news company sa TV. Si Kevin, nagtayo ng Dance Studio at kalaunan, nagkaroon na ng sariling Dance School for the Kids. Sana lang talaga at magpakasal na ang dalawang yun.

Si Tyler at Princess. Nagkabalikan sila. Mahal pa talaga nila ang isa't-isa. Si Princess, artista pa din. Pero hindi na siya plastic sa harap at sa likod ng camera. Si Tyler naman, nakapagtayo ng Restaurant, na sumisikat na rin ngayon sa lahat ng parte ng Asia. Minamanage rin niya ang company nila ng mga Lim.

Speaking of the devil, andito na ang dalawa.

"Hi Eya. Sorry ngayon lang kami nakadating." nagnod ako kay Princess.

"Okay lang yun. Ano ka ba, buti nga at nakapunta kayo eh." Marami ng nagpipicture sa kanya, artista kasi siya. A very good one, I must say.

"Eya, dadating daw si Bryan mamaya. Hintayin mo na lang." nagnod ako kay Tyler at tinuro yung couch na kinauupuan ng apat na gunggong.

Sa totoo lang, kahit may nangyaring conflict between me and Tyler and also Princess, kinalimutan ko na yun. We all remain very good friends.

Back to Book Signing na nga.

Sign lang ako ng sign ng biglang may naglatag ng book sa table ko, at may papel na nakaipit.

Pagkatingin ko, halos kiligin ako ng sobra-sobra.

SORRY I'M LATE, HI WIFEY. CONGRATS. I LOVE YOU.

Pagkatingin ko sa harapan ko. Saktong pagsigaw ng mga tao sa loob ng venue.

"AAAAAAH BRYAN LIM!"

"ANDITO SIYA! OH MY OH MY!"

"PA-AUTOGRAPH TAYO! BILIS!"

"TEKA NASAAN NA BALLPEN KO?!"

"MAY BALLPEN AKO!"

"NINAKAW MO YAN SAKIN! BALIK MO!"

Natawa lang ako sa mga reaction ng mga nagpapapirma sakin. Iba talaga karisma nitong si Bryan Lim.

Nakatingin lang siya sakin at nagwink. **"Flowers for you."** sabay abot sakin ng flowers na sobrang bango.

Tumayo ako at lumapit sa kanya. **"Thank you hubby."** hinalikan lang niya ako sa labi. Ang dami namang sumigaw! Nakakabingi.

Nagpatuloy ako sa pag-sign ng books, yun nga lang. Nakatabi na sakin si Bryan at hawak-hawak yung isang kamay ko. Nakatitig pa sakin.

"Matutunaw ako Bryan. Ano ba..."

"Eto naman, masanay ka na. Ang ganda mo kaya..." okay, namula na naman ako.

Kami naman ni Bryan. Pagkatapos naming ikasal, tumira kami sa iisang bahay. Pero syempre, walang... ganun. Tapos nag-aral, nakagraduate. Ako, journalist. Siya? Nag-aral rin ng Business Ad tapos siya na ang nagmamanage ng company nila ng mga Lim, bukod doon, producer na siya ng movie at artista pa rin siya. Superstar pa din talaga ang asawa ko.

Pagkatapos ng Book Signing, pumunta na kami kung saan nandun ang mga kaibigan namin. Kaso, bigla akong nakaramdam ng hilo.

Napahawak ako kay Bryan. **"A-ang sakit..."** hindi ko na napigilan, tumakbo ako kaagad papuntang rest room ng venue. Nagsuka ako. Nagsuka na naman ako.

"Eya, okay ka na ba?" naramdaman kong hinihimas ni Bryan ang likod ko. Naghugas ako ng bibig saka pinunasan ito ng panyo. Tapos nagkatinginan kami.

At nagngitian.

"Bryan. nakakahiya naman yung nangyari!" niyakap niya lang ako ng mahigpit.

"Wag ka ngang mahiya dyan. Malalaman din naman nila. Ngayon na yung tamang oras para sabihin natin sa kanila ang totoo." hinila niya na ako papalabas, kung saan naghihintay ang mga kaibigan namin na nakakunot pa din ang noo hanggang ngayon.

"Anong nangyari sayo, Eya? May nakain ka ba?" nag-no sign ako. Nagholding-hands lang kami ni Bryan.

"I'm pregnant, guys! 6 weeks!" sabay sabay na naglakihan ang mga mata nila.

"MGA NINONG AT NINANG NA KAMI KAAGAD?! LOKO KA BRYAN EXCITED KA MASYADO!" at nagtakbuhan sila para mahabol si Bryan.

Graduate na naman kami. At two years rin bago may... mabuo. Hahaha.

AFTER 9 MONTHS

"Mrs. Lim. Eto na po ang anak ninyo..." binigay na sakín ang pinakaiingatan ko.

Tumabi si Bryan sakín sa hospital bed ko at hinalikan ako sa noo. **"Kamukhang-kamukha natin Eya... anong gusto mong ipangalan?"**

"I want to name him... Bryan Dace Lim. Jr." ngumiti siya sakín at hinalikan ako sa labi.

We have now a baby boy, our angel. our everything... and I'll surely treasure it. With my husband... Bryan Lim. Forever.

END